

**AKLAT
PARA SA
DISIPULO NI HESUS**

Maliban kung iba ang ipinahiwatig, ang lahat ng mgasipisa banal
nakasulatan ay kinuhamulasa Bagong Tipan ng Bibliya.
Ibinahagini: TheBibleForYou.com

MGA NILALAMAN

PAUNANG SALITA

PANIMULA 2

SINO KA? 12

KATUMBAS NA KABAYARAN

NG KASALANANG-LIKAS 20

ISANG PANALANGIN NG KALIGTASAN 22

I. ANO ANG BAGONG TIPAN 23

Biyaya ang Ipinalit sa Lumang Kautusan 23

Walang Hanggang Naligtas sa Pamamagitan
ng ISANG Sakripisyo:Jesus 26

Ang Mabuhay ng Muli 28

Ang Ating Bagong Pagkakakilanlan kay Kristo 31

Ang Kapangyarihan ng mga Deklarasyon 33

Ang Katapangan ng Katuwiran 35

II. KALOOB NG DIYOS SA MGA

BAGONG MANANAMPALATAYA:

ANG ESPIRITU SANTO 42

Ang Espiritu ng Katotohanan at ang
Kapangyarihan ng Diyos 43

Ang Kaloob ng mga Wika 46

Pagdinig mula sa Diyos 47

III. ANG BUHAY NA SALITA NG DIYOS 51

Si Hesus ang Salita ng Diyos~Ang Lumikha 56

Hindi Mabibigo ang Salita ng Diyos 58

Ang mga Benepisyo ng pag-alam sa Salita ng Diyos 59

Mag-aral at Magnilay sa Salita ng Diyos 61

Ang pagsunod ay ang Susi~Patay ang 62

Pananampalataya na walang mga Gawa 62

Pagsasaulo ng Salita 64

IV. ANG PAMUMUHAY NANG MAY

MABUTING UGNAYAN SA DIYOS ANG

DIWA NG BAGONG TIPAN 66

Ang Relasyon ng Mananampalataya sa Panginoon	66
Kung gaano tayo kamahal ng Diyos	68
Pananampalataya ~ ang Tanging Daan para Masiyahan ang Diyos	70
Matibay na Pananampalataya~Oras ng Paghihintay sa Diyos	74
Ang mga Nananampalataya ay Binibigyan ng Buong Awtoridad ni Kristo	79
Pagpaparangal sa Diyos sa Lahat ng Ating Makakaya	81
Pagpapahinga sa Panginoon~Ang Tunay Sabbath	82

V. PANALANGIN: ANG DIREKTANG

LINYA NG MGA NANINIWALA SA DIYOS 85

Nakikinig at Sumasagot ang Diyos sa Bawat Panalangin	87
Manalangin nang may Pananampalataya, Ganap na Sumasampalataya	90
Pagpupuri at Pagsamba sa Diyos	92

VI. ANG PAGIGING ALAGAD AY

NANGANGAHULUGANG “PAGSASABUHAY”

NG IYONG PANANAMPALATAYA 97

Ano ang Kahulugan ng pagiging Kristiyanong Disipulo	97
Ang mga Kristiyano ay dapat Magbunga	102
Ang Relasyon ng Kristiyano sa Mundo	105
Ang Isinukong Buhay (Hindi Aking Kalooban)	110
Pagpapalaki ng mga Bata ay “Pagdidisipulo”	112

VII. ANG PAGWAWAGI SA ESPIRITUWAL

NA DIGMAAN 117

Ang Digmaan ay Nasa Isip ~ Pagbabago ng Isip	118
Paano maging “Higit pa sa mga Mananakop”	125
Maging “Mapagmatyag”	128

VIII. MALAYA KANG NAKATANGGAP,

MALAYA KANG MAGBIGAY 132

Pinagaling ni Hesus ang LAHAT ng may sakit	134
Kakayahang mapagaling ang may sakit, sugpuin ang Demonyo, Buhayin ang Patay, Linisin	

ang mga Ketongin	136
Maaari Ka ring Gumaling!	138

IX. ANG PAGIGING RELIHIYOSO

KUMPARA SA PAGIGING KRISTIYANO	141
Ang “Banal na Baka” ng Relihiyon	145
Mag-ingat sa Pagiging Makasarili	148
Pag-uusig Para kay Kristo	150

X. ANG PAGPAPAHAYAG NG

ATING PANANAMPALATAYA	155
Ang Dakilang Komisyon	155
Hindi Kinakahiyang Katapangan at Paninindigan	160
Pagpapakita ng Tunay na Kristiyanong Buhay	162
Ang Pagmamahal ng Kritiyano sa Mundo	163
Panatiliing Simple ang Ating Pagpapahayag	167
Pagkakaisa ng mga Nananampalataya	169
Pamumuhay na May Kababaang-loob	172

XI. PANANALAPI NG KAHARIAN

Mga Biyayang Pinangako ng Diyos	178
Pangangasiwa at Integridad	185
Pagbibigay	189

XII. ANG KAPANGYARIHAN NG ATING

MGA SALITA	193
Awtoridad Sa Pamamagitan ng mga Salita	193
Ang Bibig na Walang Preno	195
Kapangyarihan ng Salita ng Diyos	196
Galit At Alitan	196
Pagsitsismis at Pagsisinungaling	199
Paghusga at Pagpuna	200
Kapaitan at Pagpapatawad	201
Mabait na Salita at Pampalakas-loob	204

XIII. MGA MAKAPANGYARIHANG

PANGAKO NG DIYOS SA PANAHON	
NG KAHIRAPAN	206
Kapayapaan na Lumalampas sa Ating Pag-unawa	209
Huwag Matakot	211

Angkinin ang Proteksyon ng Diyos	215
Dumepende sa Kanyang Lakas at Kapangyarihan	221
Ang Pangako ng Diyos na Kaginhawahan sa Oras ng Kapighatian	225
Sundin ang Kanyang Karunungan at Kaalaman	227
XIV. PAGLIKHA LABAN SA EBOLUSYON	229
XV. ANG PANAHOON NG KATAPUSAN	235
Ang mga Tanda ng Katapusan ng Panahon	236
XVI. Mga talata sa bibliya na dapat Sauluhin	244
Ano ang Bagong Tipan?	244
Kaloob ng Diyos sa mga Bagong Mananampalataya:	
Ang Espiritu Santo	244
Ang Buhay na Salita ng Diyos	245
Ang Pamumuhay na may Masiglang Relasyon sa Diyos ay ang Diwa ng Bagong Tipan	245
PANALANGIN: Ang Direktang Linya ng mga Mananampalataya Tungo sa Diyos	246
Ang Pagdidisipulo ay Nangangahulugan sa “Pagsasabuhay” sa Iyong Pananampalataya	247
Pagwawagi sa Digmaang Espirituwal	248
Malaya Kang Nakatanggap,	
Malayang Kang Magbibigay	249
Pagiging Relihiyoso Kumpara sa Pagiging Kristiyano	249
Pagpapahayag Sa Iyong Pananampalataya	250
Pananalapi ng Kaharian	251
Ang Kapangyarihan ng Ating mga Salita	252
Ang mga Makapangyarihang Pangako ng Diyos sa Mga Panahon ng Kahirapan	252
Iba pang mga Espesyal na Talata	253
Mga Talata sa Katapusan ng Panahon sa mga Huling Araw	253
Mga Kabanata at Sipi	254
Halimbawa ng Sistema ng Pagsusuri	255

PAUNANG SALITA

Ang layunin ng Aklat para sa Alagad ni Hesus ay mabalangkas ng malinaw ang mga pangunahing paniniwala na bumubuo sa pundasyon ng tunay na biblikal na Kristiyanismo. Pumili kami ng maraming mga banal na kasulatan na dapat pagtibayin ng isang disipulo ni Hesus sa kanyang buhay, at ikinategorya ang mga ito bilang sanggunian. Sinabi ni Hesus, “Ang espiritu ang nagbibigay ng buhay, ang laman ay walang pakinabang; ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay. (Juan 6:63).

Ang ating paninindigan kay Kristo ay hindi maaaring maging “ganon ganon lang”, at maging isang pananampalataya na walang malasakit. Ang tunay na Kristiyanismo ay masigasig, nakatuon, at dedikado. Ang puso ng alagad ni Hesus ay walang lugar para sa pagiging mahina. Hindi kailanman magkakasama ng mapayapa ang mabuti at masama. Sinabi ni Jesus, “Ang wala sa panig ko ay kalaban ko, at ang hindi ko kasamang nagtitipon ay magkakawatak-watak.” (Lucas 11:23). Ito ang posisyon na dapat gawin ng isang alagad sa simula. Kapag nakita na natin ang liwanag at nabigyan na tayo ng pagkakataong maging liwanag sa mundo, bakit muli nating pipiliin ang kadiliman o “nasa bakod” ang pagsunod sa Kanya?

Bagamat mayroong maraming mga guro sa katawan ni Kristo, ang pinakamahasag na guro ay si Jesus mismo at ang aktwal na Salita ng Diyos, ang Bibliya. Ang layunin natin bilang mga Kristiyano ay sundin ang pamantayan ng pagkadisipulo na ibinigay ni Jesus sa mga “susunod sa Kanya”.

Maaari mong isaalang-alang ang aklat na ito bilang isang pinaikling kurso para sa pagiging alagad. Kapag nabasa mo na ang buong libro at naunawaan ang mga turo at tagubilin nito, matututunan mo ang mga pangunahing kaalaman na kailangan mong malaman upang maunawaan ang Bibliya pati na rin ang paghahandog ng mga tao kay Hesus, pagpapagaling ng mga may sakit, pagpapalayas ng mga demonyo, maparami ang mga disipulo at magtatag

ng mga grupo na nagaaral sa Bibliya. Ang lahat ng ito ay mangyayari, hanggat ikaw ay taga gawa ng Salita, hindi isang tagapakinig lamang.

Ang aklat na ito ay dapat gamitin bilang isang munting katuwang para sa lahat ng mga disipulo ni Hesus na gustong mamuhay sa Salita at magtatag ng paninindigan sa pananalig. Dalhin mo ito palagi para ang mga banal na kasulatan ay lagging na sa iyo tuwing ikaw ay sumasaksi, o nangangailangan ng ilang kapangyarihan sa iyong sarili. Habang binabasa at binubulay-bulay mo ang mga kasulatang ito, sila ay pagmumulan ng lakas at direksyon para sa iyong sariling buhay, at isang mahusay na kasangkapan upang mag turo at maturuan ang iba.

Kung ikaw ay tagapagturo ng Salita, ang bawat isa sa mga seksyong ito ay maaaring gawing isang klase para sa Bibliya sa pamamagitan lamang ng paghihimay at pagtuturo ng bawat isa sa mga bersikulo sa iba't ibang mga seksyon. Gayunpaman, habang binabasa mo ang mga banal na kasulatang ito, tuturuan ka ng Kanyang Espiritu, at “Kapag dumating siya, ang Espiritu ng katotohanan, gagabayan niya kayo sa lahat ng katotohanan; sapagkat hindi mula sa sarili ang kanyang sasabihin, kundi kung ano ang naririnig niya at ipapahayag niya sa inyo ang mga bagay na darating.” (Juan 16:13).

Tandaan: Sa dulo ng librong ito ,ang seksyong “Pagsasaulo” ay isang listahan ng maraming mahahalagang bersikulo na dapat alamin at kilalanin ng bawat Kristiyano. Maaari mong isaulo ang mga ito at regular na suriin. Lahat ng mga bersikulong ito ay kaibuturan ng kasulatan ng bawat pangunahing paniniwala ng pananampalatayang Kristiyano. Madali mong mahahanap ang iba't ibang seksyon ng handbook na ito dahil lahat sila ay may marka ng asterisk (*) sa margin.

Gayundin, mayroong isang “sistema ng pagsusuri” sa dulo, na makakatulong sa regular na pagbisita muli sa mga talata upang ito ay hindi mo makakalimutan. Tandaan, kung

mas maraming talata ang nalalaman natin sa kaibuturan ng ating mga puso, mas magiging makapangyarihan ang ating buhay panalangin at ang ating patotoo.

PANIMULA

Mangarap ng Malaki – Manalig Rito

Bago natin simulan ang talakayan, nais bigyang-pansin ng aklat na ito ang kasabihan na ang buhay ng isang Kristiyano ay dapat muna maging buhay na walang pigil na pananampalataya.—Ibig sabihin, hindi lamang tayo dapat maniwala, datapwa't ilagay natin ang ating buong pagtitiwala sa bagay na mas malaki kaysa sa ating sarili—sa Diyos

Ang mga Kristiyano ay dapat mangarap! -at mangarap ng malaki! Ganyan dapat ang pananampalataya. Nais ng Diyos na tayo ay maging, at gawin ang lahat ng mayroon Siya para sa ating buhay! Nais Niyang mabuhay tayo nang ganap at mamuhay nang may buong tapang. Sinabi Niya kay Joshua, “Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang matatakot o mawawalan ng pag-asa sapagkat akong si Yahweh, na iyong Diyos, ay kasama mo saan ka man magpunta.” (Josue 1:9). Ang takot sa kabiguan ay ang simula ng pagkabigo, ngunit ang lakas ng loob ay pag sulong sa kabila ng takot. Sabi ng iba imposible daw, ngunit “ “Mangyari sa inyo ang inyong pinaniniwalaan.”” (Mat 9:29). Si Jesus ay may ibang paraan sa mga imposible. Sabi niya, “Hindi ito kayang gawin ng tao; ngunit kaya ng Diyos. Sapagkat lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos.” (Marcos 10:27).

May mga batas na itinatag ang Diyos sa ating mundo, at gumagana ang mga ito sa lahat ng pagkakataon, para sa sinuman, sa lahat, kahit saan, saan ka man naroroon sa mundong ito. Ang mga ito ay madalas na tinutukoy bilang mga “unibersal na batas”. Ang batas ng grabidad ay isa sa mga iyon, ngunit marami pang iba.

Ang agham ng quantum physics ay nakakatuklas ng marami pang batas kagaya roon, at napapatunayan nito ang katotohanan na tayong lahat ay naapektuhan sa mga batas na ito. Ang isa pang mahalagang batas ay “Sapagkat

iyon ay maninikit sa iyong lalamunan. Aanyayahan ka nga niyang kumain at uminom, ngunit hindi bukal sa kalooban.” (Kawikaan 23:7). Hindi ba ninyo alam na kapag nagpasakop kayo sa sinumang inyong sinusunod, kayo’y nagiging alipin nito, maging ito’y kasalanang hahantong sa kamatayan, o ang pagsunod sa Diyos na hahantong sa pagiging matuwid? (Roma 6:16).

Marami sa mga batas na iyon ay nakabalangkas sa Mga Kawikaan ni Solomon, at siyempre ipinaliwanag ni Hesus ang marami sa mga ito sa Kanyang mga turo. Halimbawa, ang parabula ng manghahasik ay nagpapaliwanag kung paano pinapatakbo ng isang binhi ang buong mundo gamit ang kapangyarihan at pagkamayabong ng ating puso. Inihambing ni Hesus ang binhi sa Salita ng Diyos, kung paano ito makakalikha ng isang kahanga-hangang ani sa ating buhay. Maraming mga parabula kung saan nagsimula si Jesus sa pagsasabing, “Ang Kaharian ng Diyos ay tulad ng...” at nagpatuloy sa pagpapaliwanag sa isa pang unibersal na batas. Kaya ang Bibliya ay napakamakapangyarihan; higit pa sa alinmang aklat; Sapagkat, nakabaloob doon ang lahat ng mga batas at prinsipyo kung paano patakbuhan ang ating mundo at kung paano dapat tayo mamuhay, upang tayo ay mamuhay ng masaya, produktibo, at makabuluhan na buhay.

Isa pa sa mga batas kagaya roon ay ang batas kung saan ang ating mga salita ay mga binhi rin. Ang mga ito ay nagdadala ng buhay o kamatayan, May dala silang BIYAYA o sumpa. Kaya’t anuman ang ating sasabihin, tayo ay naapektuhan maging ang landas ng ating buhay. Ang mga taong laging may masamang sinasabi tungkol sa kanilang trabaho, personal na sitwasyon, atbp., ay nauuwi sa mismong pag-aani ng mga itinanim na mga salita. Muli, ito ang batas ng sansinukob. Ito ay gumagana para sa makatarungan, hindi makatarungan; mabuti, at masama.

Gumagana rin ito sa ating mga iniisip. Ang mga taong patuloy na nag-aalala ay na-aanyaya ng mga problema sa kanilang buhay. Ang mga taong natatakot sa sakit ay nagkakasakit dahil binibigyan ito ng labis na pansin ng

kanilang mga katawan sa pamamagitan lamang ng pag-aalala rito. Ang kapangyarihan ng pananampalataya ay gumagana sa parehong paraan. Maaari kang maniwala para sa magagandang bagay na darating sa iyong buhay at ang iyong mga inaasahan at imahinasyon ay mag-aanyaya ng biyaya sa iyo.

Sinusubukan kang hubugin ng sistema ng munod; Sa katunayan, ang mga hamon at pagsubok sa buhay ang huhubog sa iyo. Sa pangkalahatan, tayo ay binabago ng buhay sa maraming paraan. Ngunit, maari nating piliin kung saan natin gustong magpahulma. Maari nating piliting magpahulma sa mapagmahal na kamay ng Diyos, kamay ng magpapalayok, upang hubugin ang sisidlan ng ating buhay. Sinasabi ng Salita ng Diyos, “Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako’y nakikiusap sa inyo na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos.” (Ro12:1). Dadalhin ka ng Diyos sa abot ng iyong makakaya sa pagtupad sa tadhana na Kanyang idinisenyo para lamang sa iyo.

Marahil ay totoo na tayo ay naka-program para sa kabiguan ng mundo, ngunit tayo nakaangkla para sa tagumpay ng Diyos kung susundin natin Siya. Sinasabi sa Efeso 3:20, “Sa kanya na makakagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang kumikilos sa atin”. Ang pangangarap ay katulad ng pananampalataya; laging maniwala sa itaas sa kabila ng mga pangyayari sa buhay. Ang pangangarap na malaki ay magbibigay ng hagdan patungo sa iyong mga layunin at pangitain. Hindi dapat tayo titigil kahit na ang ating mga pangarap ay nabasag, dahil ang ating mga pangarap ay patuloy na sulyap sa ating kapalaran. Sinasabi ng Salita, “Kaya’t huwag kayong mawawalan ng pananampalataya sa Diyos, sapagkat dakila ang naghihintay na gantimpala para sa inyo. Kinakailangang kayo’y magtiis upang masunod ninyo

ang kalooban ng Diyos at matanggap ninyo ang kanyang ipinangako.” (Hebreo 10:35,36).

Si Jose noong unang panahon ay isang nangangarap at siya ay kinukutya at pinag-usig ng kanyang mga kapatid dahil dito, ngunit handa niyang tiisin ang kontrobersya upang manatiling tapat sa kanyang pangarap. Sa buong buhay niya, kahit na dumaan siya sa napakaraming pagsubok, napanatili niya ang mahusay na espiritu dahil siya ay nanatiling tapat-puso sa Diyos.

Binigyang-kahulugan ni Jesus ang kadakilaan sa Mateo 23:11. “ Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo.” Ang isang dakila, ayon sa Bibliya, ay isang taong may mapagpakumbaba na espiritu at isang lingkod para sa lahat. Ito ang nagpapagaling sa iyo; ang iyong pagpayag na maglingkod sa iba. Sa ganitong paraan pinagpala ng Diyos si Jose. Siya ay isang lingkod na may napakagandang espiritu sa bahay ni Potiphar, sa bilangguan, at maging sa pagiging kanang kamay ng pharaoh.

Para pagpalain ng Diyos ang ating mga pangarap, dapat nating maunawaan ang pangangailangang magmahal, magbahagi at magbigay. Ang pinakamalaking katuparan sa buhay ay ang magbahagi at mag-ambag sa pagtulong sa iba. Hindi tayo nabubuhay para sa ating sarili. Ang paghahangad ng labis na kayamanan para sa ating sariling kapakinabangan ay humahantong lamang sa higit na stress, higit na takot, at higit na kawalang-kasiyahan. Ngunit ang Diyos ay sabik na pagpalain ang lahat ng nagbabahagi at nagbibigay. “Ang lahat ng mabuti at ganap na kaloob ay buhat sa Diyos, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nagbabago, o nagdudulot ng bahagya mang dilim dahil sa pagbabago.” (Santiago 1:17) Ito ay kapag sa wakas ay napagtanto natin na ang lahat ng natatanggap natin ay mula sa Kanya, na tayo ay malaya na magbahagi at magbigay ng sagana. Sa ganitong paraan tayo ay makakalakad ng may pagpapakumbaba at paglilingkod sa iba; hindi para isentro ang buong buhay natin sa ating

sarili. Hindi ito gumagana sa ganitong paraan. Ito ay dapat kung ano ang ibig sabihin ni Hesus noong sinabi Niya, “ Ang nagsisikap magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito.” (Mateo 10:39).

Sinasabi ng Bibliya na tayo ay nagiging alipin ng ating aroganteng kaisipan (Rom 6:16) Tayo ay nagiging bunga ng ating mga pinagtutuunan ng pansin at mga pinaniniwalaan. Kung ano ang iyong pinagkakahumaling ikaw ay nagiging ganoon din. Kung kaya, nangangahulugan ito na dapat nating bantayan ang ating mga iniisip at manatiling tapat sa ating pananampalataya at mga pangarap. Dahil, kung hindi tayo mangako sa anumang bagay, tayo ay magiging wala. Ang pangarap na walang layunin ay pagpapantasya lamang. Ang mga dakilang tao ng Diyos, mga tao kagaya mo at ako ay may pananagutan sa buhay na higit pa sa ating mga sarili. Sinabi ni Apostol Pablo, “Mga kapatid, hindi ko ipinapalagay na nakamit ko na ito. Ngunit isang bagay ang ginagawa ko: habang nililimot ko ang nakaraan at sinisikap na marating ang layuning nais kong makamtan, nagpupunyagi ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na nasa langit.” (Fil 3:13-14).

Ang pagkakaroon ng pangarap ay hindi isang simpleng hiling. Ito ay isang malalim na pananabik. Ang pangangarap ay kagalakaan sa loob ng isang tao. Ito ay isang matinding pagnanais na nagbibigay buhay. Ito ay hindi malumbay at nag-aantay, subalit, ito ay puno ng pagsinta at katiyaka. May dalawang bagay na hindi matitiis ng Diyos: kawalan ng katapatan (Mt23:28) at walang pakialam (Apoc 3:16); kawalan ng puso at kawalan ng pagnanasa.

Ang mga taong ayaw sumuko ang siyang makakarating sa dulo. Ilalaban ng iyong isip ang iyong mga pangarap, ngunit kailangan din nating pakinggan ang ating mga puso. May plano ang Diyos para sa ating lahat- isang destino ng integridad at kahusayan. “Sapagkat batid kong lubos

ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito’y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. Kung maganap na ito, kayo’y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. Kapag hinanap ninyo ako, ako’y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo akong hahanapin.” (Jer29:11-13). Nililimitahan natin ang Diyos sa ating mga iniisip dahil sa mga imposibleng bagay na ating nakikita. Ngunit ang Diyos ay Diyos ng mga posibilidad. Ipingkaloob ng Diyos sa atin ang ating makapangyarihang isip, at sa ganoon, “Ang lahat ng ito’y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo.” (Filipos 4:13).

Ngunit may katumbas na kabayaran. Dapat “Ituon natin kay Jesus ang ating paningin, sa kanya na nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, ipinagwalang-bahala niya ang kahihayan nito, at ngayo’y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.” (Hebreo 12:2) Kailangan nating matutunang bitawan ang mga bagay na hindi naman mahalaga. Sa huli, tingnan natin higit pa sa mga paghihirap na naramdaman upang ito ay magbunga. “Kay Yahweh mo hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo’y iyong makakamtan. (Awit 37:4). Iyan ang kapangyarihan na taglay ng pananampalataya. Maaari tayong maniwala nang higit sa ating nararamdaman dahil binigyan ng Diyos ang tao ng kakayahang mailarawan ang mga bagay na wala pa (sa ngayon).

Ang ating imahinasyon ay isa sa pinakamalakas na sandata na mayroon tayo dahil ito ay tagapaggawa ng imahe. Dapat nating matutunang gamitin ang ating imahinasyon upang pagnilayan ang mga bagay ng Diyos. Sa madaling salita, sa pagtutuo ng pansin sa mga pangako ng Diyos, pinapasunod natin ang ating damdamin sa tadhana ng Diyos para sa atin sa Kanyang Salita. Ang pagninilay-nilay ay isang pagnanais na makatamasa at

makatanggap hanggang sa ikaw ay mahuhubog; hindi it hamak na obserbasyon lamang, ito ay isang disiplina sa pagbabago. Kailangan nating ilarawan sa ating mga isip ang tagumpay upang ito ay maisasalamain sa ating diwa. Mauunawaan nating ang ating mga malalalim na kaisipan kung tayo ay magninilay-nilay at kung ito ay ating isasapuso. Sa katunayan, hindi tayo makakagalaw sa buhay kung hindi natin ito isasaisip. Hindi magbubunga ang kung ano man ang nasa ating mga isip kung hindi pa ito nailarawan ng ating isipan; kailangan mong makitang gumaling ang iyong sarili bago ka gagaling, kailangan mong makita ang iyong sarili na umunlad bago mo maabot ang iyong tagumpay. At kapag binibigkas natin ng malakas ang Salita sa ating sarili, naipapamalas natin ang kung ano ang realidad ng ating kalooban sa ating panglabas na gawa.

Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang naririnig ay sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ni Cristo. (Roma 10:17)

Ang kakayahang mailarawan ang isang banal na kasulatan sa isang larawan isip ay nagmumula sa espirituwal hanggang sa pisikal. Sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa Salita ng Diyos, maaari mong maipamalas ang bawat pag-iisip sa katotohanan na sinasabi ni Kristo tungkol sa iyo at sa iyong potensyal. Ang pagmumuni-muni ay matuturing isang positibong ‘pag-aalala’. Ang parehong bahagi ng iyong katawan na nag-aalala ay ang bahagi rin na nagmumuni-muni. Panatilihin ang iyong isip sa mga Salita ng Diyos at makita mo ang iyong sarili na magtatagumpay.

Basahin at basahin muli ang Awit 1 nang regular. Hayaang pigtain ng iyong imahinasyon ang salita ng Diyos hangga’t mailalarawan mo ang pagbabago sa iyong sarili; at magagawa mong tangihan ang mga masasamang imahinasyon na nabubuo sa iyong isipan. Kung kaya, sinasabi sa Bibliya na “Ngunit hindi nasiyahan ang Diyos sa karamihan sa kanila, at sila’y pinuksa sa ilang.” (1Cor10:5) Ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan ay hindi naging tapat sa inyo. (Jonah2:8).

Nais ng Diyos na mabuhay tayo nang buong tapang at tagumpay. Kung tayo ay nabubuhay sa takot, hindi natin mararanasan ng buo ang buhay dahil sa takot na ating nararamdaman; kung sasanayin natin ang ating mga problema mas lalago ito. Ang takot ay mag-uudyok ng pagkaantala ng ating pag-unlad, Natatakot tayo sa pagpuna, pagkalantad, at sa kawalan ng alam. Kaya dapat dalhin mo ang iyong pananampalataya kung ang mga ito ay nakaabang sa iyong pintuan. Sanayain ang mga pangako at mga posibilidad ng Diyos sa buhay mo.

Ang ating utak ay hindi ginawa para sa negatibidad. Sabi ng salitang Diyos “Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na totoo, anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kanais-nais, anumang bagay na kahanga-hanga, kung may anumang kahusayan, at kung may karapat-dapat parangalan, ang mga bagay na ito ang isipin ninyo. (Filipos 4:8) at idisiplina ang inyong mga isipan.

Kung nais mong malaman ang itinakda ng Diyos para sa iyong buhay, idikit mo ang iyong sarili sa kanyang mga salita araw-araw. Gawin mong prioridad ang paggugol ng oras para sa Diyos. Nais ng Diyos ang maging sentro ng iyong buhay at hindi lamang maging bahagi rito. “Sa lahat ng iyong gawain siya nga’y alalahanin, upang ika’y patnubayan sa iyong mga tatahakin.” (Kawikaan 3:6).

Tandaan, itutuon mo ang iyong buhay sa isang bagay. Kung hindi ito ang Diyos, ito ay isang idolo na magliligaw sa iyo sa landas na makakatulong sa pagbunga ng isang masaganang buhay. Walang iba kundi ang Salita ng Diyos ang may sapat na kakayahan na pagsamahin ka at ang iyong mga pangarap. “Ipagkatiwala mo kay Yahweh ang iyong mga gagawin, at magtatagumpay ka sa lahat ng iyong mga layunin.”(Kawikaan 16:3).

Mapapatalino ka ng salita ng Diyos, talinong higit pa sa iyong guro. “Sa lahat kong mga guro, ang unawa ko ay higit, pagkat ang aral mo’t turo ang laman ng aking

isip.” (Awit 119:99) Ang salita ng Diyos ay buhay at makapangyarihan, at dadalhin ka nito sa isang tadhana na maging ikaw ay hindi magaakala. Basahin ang Psalm 119 ng regular upang maintindihan ng buo ang kapangyarihan ng salita ng Diyo sa iyong buhay.

Ang Diyos ay makapangyarihan para sa iyo. Walang bagay na imposible sa iyo. Manatili sa Kanya at pagkatapos “ninyo anumang ibig ninyo, at ito’y ipagkakaloob sa inyo.” (Juan15:7). Disiplinahin ang iyong buhay na pag-aaralan ang Salita, ibigay ang lahat ng iyong makakaya. Ibigay mo ang lahat at magtiyaga. Ang pagtitiyaga ay pananampalataya sa ilalim ng pagtitiis. Sinabi ni Hesus kay Pedro, “Subalit idinalangin kita upang huwag manghina ang iyong pananampalataya. At kapag nagbalik-loob ka na, patatagin mo ang iyong mga kapatid.” (Lucas 22:32).

Tandaan na hindi ka nag-iisa sa buhay, kundi kasama mo rin si Hesus. Pinuno ng Kanyang Espiritu. gamit ang Kanyang kapangyarihan at awtowridad, ang lahat ay may kapangyarihan sa kanyang ngalan. Malalampasan mo ang anomang hamon sa gamit ng kanyang kapangyarihan, gamit ang kanyang lakas at awtowridad. Ang lahat ng itto ay nasa bagong kontrata na nilikha sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Krus.

Kaya’t huwag nating limitahan ang Diyos sa ating maliit na pag-iisip (Awit 78:41). Basahin ang Kanyang Salita at alamin ang mga batas sa uniberso na nilikha para sa iyo. Ginawa ang handbook na ito upang tulungan kang matuklasan ang mga batas na gagana para sa iyo. Alalahanin na sila ay mga batas ng Diyos at sila ay palaging gumagana, sa lahat ng paraan

Maglakas-loob lamang na magtiwala sa Diyos at hindi sa iyong sariling lakas, ngunit “magtiwala sa Panginoon” (Pro 3:5). Huwag magtiwala sa iyong kabayong pandigma (sa iyong sariling mga kakayahan) upang bigyan ka ng tagumpay (Aw 33:17, 18). Hindi alintana kung gaano ka kahina o gaano katanda, magagawa mo pa rin ang natitirang bahagi ng iyong buhay na pinakamaganda sa iyong buhay.

Ang Kristiyanismo ay hindi isang komportableng buhay, ito ay isang silid-aralan tungo sa higit na layunin ng buhay; upang matuto ng pagiging di-makasarili. Ang buong Bibliya ay maaaring paikliin sa dalawang pangungusap: “Ibigin ang Panginoong Diyos nang buong puso” at “ibigin ang iyong kapwa sa iyong sarili” (Mk12:30,31). at maging higit na katulad ni Jesus (Ro 8:28).Buhay ng pagbibigay at pagmamahal.

Tayo ay ginawa mula sa pagmamahal ng isang Diyos na mapagmamahal at tayo ay nakatak dang mamuhay na puno ng pagmamahal, para sa pagmamahal, at sa pamamagitan ng pag-ibig upang tayo ay makakapagbigay ng pagmamahal sa iba. Wala nang iba ang magiging kasiya-siya. Kaya’t huawag pumayag sa mas mababa. Manatili bilang isang estudyante, isang mag-aaral na nag-aaral sa pagkakadisipulo para kay Kristo sa kanyang buong buhay

Huwag itong dayain, Ipanampalataya ito, at
MANGARAP NG MALAKI.

SINO KA?

Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang wangis (Gen1:26-28). At ang unang utos na ibinigay ng Diyos kay Adan ay magkaroon ng kapangyarihan sa buong mundo, at supilin ito at pamahalaan ito. Kinokoronahan ng Diyos ang tao bilang prinsipeng ng mundong ito at sa pamamagitan lamang ng pagsuway ni Adan na ninakaw ni Satanas ang titulo, at kinuha ang kanyang awtoridad at naging prinsipeng ng mundo, at dahil doon, nagkasala at ang kamatayan ay pumasok sa mundo (2Cor4:4). “Sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, at ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan. Dahil dito’y naranasan ng lahat ng tao ang kamatayan, sapagkat ang lahat ay nagkasala”. (Roma 5:12)

Ito ay hindi permanenteng pisikal na kamatayan, ngunit ito ay isang espiritwal na kamatayan. Espirituwal na kamatayan na aktwal na nangangahulugan ng paghihiwalay sa Diyos. Sinasabi ng Bibliya na ang diyablo ay sinungaling mula pa sa simula. “Kayo ay mula sa inyong amang diyablo, at ang hangarin ninyo ay gawin ang mga gusto ng ama ninyo. Siya ay mamamatay-tao mula pa sa simula, at hindi naninindigan sa katotohanan sapagkat walang katotohanan sa kanya. Kapag siya ay nagsisinungaling, nangungusap siya ayon sa kanyang kalikasan, dahil siya ay sinungaling at ama ng kasinungalingan.” (Juan 8:44) Samakatuwid, pagkatapos ng pagbagsak ni Adan, ang lahat ng tao ay ipinanganak ng may kasalanan. “Ang patuloy na gumagawa ng kasalanan ay kakampi ng diyablo, sapagkat sa simula pa ay nagkakasala na ang diyablo. Ito ang dahilan na nahayag ang Anak ng Diyos: upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.” (1 Juan 3:8). Ipinapaliwanag ng bersikulong ito kung bakit tinubos ni Jesus ang tao mula sa kanyang likas na kasalanan.

Sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo, nakuhang muli ni Hesus ang kapangyarihan mula sa diyablo. “Sa kanyang pagkamatay sa krus,[a] pinasan niya ang bigat ng ating mga

kasalanan upang tayo'y mamatay sa kasalanan at mamuhay sa katuwiran. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo ay gumaling" (1 Pedro 2:24). "aglapit ni Jesus ay sinabi niya sa kanila, "Naibigay na sa akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa" (mateo 28:18). Ang diyablo ay hindi nawasak, ngunit ang kanyang kapangyarihan at pamamahala sa tao at sa ibabaw ng lupa ay nawasak. Para sa mga Kristiyano ito ang pinakamahalagang katotohanan na dapat kilalanin sa Bagong Tipan, kung hindi ay iisipin natin na tayo ay nasa ilalim pa rin ng pang-aapi at kapangyarihan ng kaaway.

Pinutol ni Jesus ang agwat sa pagitan ng Diyos at ng tao sa pamamagitan ng paglupig sa kasalanan. "Itinuring niyang nagkasala siya na hindi nakaranas ng kasalanan, upang sa pamamagitan niya, tayo'y ituring na matuwid sa harapan ng Diyos "(2 Corinto 5:21). Tandaan, ang espirituwal na kamatayan ni Adan ay nangangahulugang paghihiwalay sa Diyos. Ngunit ipinagkasundo ni Jesus ang tao sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa krus (Ro 5:10).

Ito ay isang napakahalagang kaisipan na dapat nating maunawaan. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa sakripisyo ni Hesus, ang tao ay maaari na ngayong makabalik sa buong relasyon sa kanyang Ama. "Isinagawa niya ito kay Cristo, nang siya'y kanyang muling buhayin mula sa kamatayan, at iluklok sa kanyang kanan sa kalangitan, na mas mataas kaysa lahat ng mga pamunuan, mga awtoridad, kapangyarihan, at pamamahala, at mas dakila sa bawat pangalan na maaaring ibigay kaninuman, hindi lamang sa panahong ito, kundi maging sa darating. At ipinasakop ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat para sa iglesia."(Efeso 1:20-22). Inilagay ng Diyos si Hesus sa ibabaw ng LAHAT. Siya ang ulo at tayo ang Kanyang katawan; hindi tayo hiwalay. IISA tayo at samakatuwid tayo ay nasa parehong posisyon ng awtoridad. Ang kaaway ay walang armas mula sa lahat ng ating awtoridad at kapangyarihan.

Nangako ang Diyos ng PAGPAPALA kay Abraham sa Deuteronomio 28. At na ang pangako ay ipinasa na sa atin sa pamamagitan ng pagsakripisyo ni Jesu-Kristo. “Tinubos tayo ni Cristo upang ang pagpapalang ipinangako ng Diyos kay Abraham ay ipagkaloob din sa mga Hentil sa pamamagitan ni Cristo Jesus, at upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanggapin natin ang Espiritu na siyang ipinangako.” (Galacia 3:14). Si Hesus ang unang nakikibahagi sa Espiritu! At sa lahat ng sumasampalataya sa Kanya pagkatapos ng araw ng Pentecostes; at para saan ang Espiritu Santo? Ito ay ibinigay para sa mahimalang kapangyarihan upang sumaksi, at upang dalhin sa langit ang kaharian ng Diyos sa ating mundo. “Sapagkat kayong lahat ay anak ng Diyos dahil sa inyong pananampalataya kay Cristo Jesus. Nang kayo’y mabautismuhan kay Cristo, mismong siya ay parang damit na isinuot sa inyo. At kung kayo’y nakipag-isa kay Cristo, kayo’y kabilang na sa lahi ni Abraham at mga tagapagmana ayon sa pangako ng Diyos.” (Galacia 3:26,27,29).

Dahil tayo ay mga tagapagmana ng ginawa ni Hesus para sa atin, tayo ay nakakakuha ng parehong mana gaya ni Jesus! “Ngunit nang sumapit ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak. Isinilang siya ng isang babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan, upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa gayo’y matanggap natin ang karapatang maging mga anak ng Diyos. Sapagkat kayo ngayon ay mga anak na ng Diyos, isinugo niya ang Espiritu ng kanyang Anak, ang Espiritung sumisigaw sa ating mga puso, “Ama, aking Ama!” Kaya’t hindi ka na alipin kundi anak. At dahil ikaw ay anak, ikaw ay ginawa na ring tagapagmana sa pamamagitan ng Diyos.”(Galacia4-7).

Muli, ito ay napakahalagang maintindihan. Na tayo ay mga tagapagmana kasama ni Kristo. Nangangahulugan iyon na mayroon tayong parehong kapangyarihan upang palayain ang mga bihag mula sa lahat ng pang-aapi ng diyablo. Ang mga pinagsamang tagapagmana ay nangangahulugan na

makukuha natin ang buong mana, isang daang porsyento ng anumang mayroon Siya. Hindi lang bahagi nito.

Gayunpaman, dapat tayong maging katulad ni Kristo sa mundong ito. DITO at ngayon kapag natanggap ang KAPANGYARIHAN, hindi ang mundong darating. “Sa ganitong paraan naging ganap sa atin ang pag-ibig, upang tayo’y magkaroon ng katiyakan sa araw ng paghuhukom, sapagkat kung ano siya ay gayon din tayo sa sanlibutang ito.” (1 Juan 4:17). “Sapagkat sa kanya ay naninirahan ang kabuuan ng kalikasan ng pagka-Diyos sa anyong katawan. At kayo’y ginawang buong-buo dahil sa pakikipag-isa ninyo na siyang ulo ng lahat ng pamunuan at pamamahala.” (Colosas 2:9,10).

Kaya’t ang pagkaunawa kung sino tayo kay Kristo at ang kapangyarihang ibinigay sa atin ay ang susi upang maunawaan natin ang buhay na itinakda ni Hesus at upang tayo ay mamuhay bilang Kanyang mga tagasunod. Hindi lamang tayo kumpleto sa Kanya, ngunit binigyan din tayo ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu upang gawin ang Kanyang ginawa.

Paul, ang apostol ay nangangaral sa lahat ng kanyang mga sulat tungkol sa paghahayag na Kanyang natanggap mula kay Hesus tungkol sa “hiwaga” ng ebanghelyo.” Ninais ng Diyos na ipaunawa sa kanila ang napakaluwalhating kayamanan ng hiwagang ito sa gitna ng mga bansa, na ito’y si Cristo na nasa inyo, ang pag-asa tungo sa kaluwalhatian” (Colosas 1:27).

Sinabi niya: “at gaya ng nabanggit ko sa aking maikling liham, ay ipinaalam sa akin ang hiwaga sa pamamagitan ng pahayag. Sa inyong pagbasa nito ay mababatid ninyo ang aking pagkaunawa sa hiwaga ni Cristo. Hindi ito ipinaalam sa sangkatauhan noong mga nakaraang salinlahi, ngunit ngayon ay ipinahayag sa pamamagitan ng Espiritu sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta. Ito ang hiwaga: na ang mga Hentil ay magiging kapwa tagapagmana, mga kaanib ng iisang katawan, at mga

kabahagi sa pangakong nakay Cristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo” (Efeso 3:3-6)

Si Paul, ang apostol ay nangangaral sa lahat ng kanyang mga sulat tungkol sa paghahayag na Kanyang natanggap mula kay Hesus tungkol sa “hiwaga” ng ebanghelyo.” “Ninais ng Diyos na ipaunawa sa kanila ang napakaluwalhating kayamanan ng hiwagang ito sa gitna ng mga bansa, na ito’y si Cristo na nasa inyo, ang pag-asa tungo sa kaluwalhatian.” (Colosas 1:27). Sinabi niya: “ at gaya ng nabanggit ko sa aking maikling liham, ay ipinaalam sa akin ang hiwaga sa pamamagitan ng pahayag. Sa inyong pagbasa nito ay mababatid ninyo ang aking pagkaunawa sa hiwaga ni Cristo. Hindi ito ipinaalam sa sangkatauhan noong mga nakaraang salinlahi, ngunit ngayon ay ipinahayag sa pamamagitan ng Espiritu sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta. Ito ang hiwaga: na ang mga Hentil ay magiging kapwa tagapagmana, mga kaanib ng iisang katawan, at mga kabahagi sa pangakong nakay Cristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo.” (Efeso 3:3-6)

Karamihan sa mga Kristiyano ay nakakaunawa na sa bagong kapanganakan, si Hesus ay dumating upang manirahan sa kanilang puso, at dahil dito mayroon silang buhay na walang hanggan. Gayunpaman, ang maunawaan ang tunay na lalim ng ginawa sa bagong kapanganakan, ay hindi isang bagay na lubos na nauunawaan ng karamihan sa mga Kristiyano. Tayo ang Kanyang katawan at Siya ang ulo. Tayo ay iisa gaya ng kung paanong Siya ay iisa sa Ama.

Ito ang eksaktong ipinaliwanag ni Jesus sa mga mananampalataya na sumunod sa Kanya. “Sinabi niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa lahat ng tao. Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking pangalan at magsasalita sila ng mga bagong wika; walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o

makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito.”“ Pagkatapos magsalita sa kanila ng Panginoong Jesus, iniakyat siya sa langit at umupo sa kanan ng Diyos. Humayo ang kanyang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Sinamahan sila ng Panginoon sa gawaing ito at pinatunayan ang kanyang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip nito.” (Mc16:15-20). Kaya nangangahulugan ito na ang sinumang mananampalataya ay maaari akitin ang mga tanda at himala na ito! Pansinin na hindi sinabi ni Jesus sa kanila na MAGDASAL para sa may sakit. Sinabi niya, “Pagalingin ang mga maysakit, linisin ang mga ketongin, at buhayin ang mga patay, mga pinalayas na demonyo.” Ang lahat ng ito ay mga makapangyarihang utos.

Sinabi ni Jesus: “Ibinigay na sa Akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa. Kaya’t humayo kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo” (Mateo 28:18, 19). Kaya kung si Hesus ay may LAHAT ng kapangyarihan, ibig sabihin, ang diyablo ay WALA. At kung inutusan tayo ni Jesus na lumakad gaya ng Kanyang paglakad (1 Jn 2:6), kung gayon tiyak na posible para sa atin na gawin ang parehong mga bagay na Kanyang ginawa.” Tinitiyak ko sa inyo, ang sumasampalataya sa akin ay makagagawa rin ng mga bagay na ginagawa ko, at higit pa sa mga ito ang magagawa niya sapagkat ako’y pupunta sa Ama” (Juan 14:12).

Binawi ni Jesus ang kapangyarihan sa lupa at ibinalik ito sa mga mananampalataya kasama ng awtoridad na pasakop sa diyablo, at nangako Siya na ipapadala sa atin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang tulungan tayo. “Sa halip, tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, hanggang sa dulo ng daigdig.” (Mga Gawa 1:8). Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay mahimalang kapangyarihan. “Kaya’t ang sinumang nakipag-isa na kay Cristo ay isa nang bagong

nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas. Masdan ninyo, ang lahat ay naging bago. Lahat ng ito ay mula sa Diyos, at sa pamamagitan ni Cristo ay pinagkasundo tayo ng Diyos sa kanyang sarili, at siyang nagbigay sa amin ng paglilingkod tungo sa pakikipagkasundo.” (2 Corinto 5:17,18). Nangangahulugan ito na ang parehong ministeryo ng pakikipagkasundo sa lahat ng bagay sa Diyos ay ibinigay sa atin. Kasama ng awtoridad, kapangyarihan at pangalan ni Hesus upang gawin ito. Ngunit ang mahalagang salita dito ay ang pariralang GAWIN ITO. Hindi sapat na malaman ang tungkol dito, o marinig ang tungkol dito. Ito ang dahilan kung bakit patuloy na iginiit ni Hesus na maging MGA GUMAGAWA ng Kanyang Salita at hindi mga tagapakinig lamang, kaya nililinlang ang ating sarili. Si Hesus ay nagpapamalas ng napakalinaw na pagkakaiba sa pagitan ng PAGDINIG at PAGGAWA. Sinabi niya, “Kaya’t ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at isinasagawa ang mga ito ay maitutulad ng isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato. Bumuhos ang ulan at bumaha. Lumakas ang hangin at hinampas ang bahay na iyon, ngunit hindi iyon bumagsak, sapagkat nakatayo sa ibabaw ng bato. At ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito, ngunit hindi isinasagawa ang mga ito ay maitutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Bumuhos ang ulan at bumaha. Lumakas ang hangin at hinampas ang bahay na iyon. Nagiba nga ang bahay na iyon at nagkawasak-wasak.” (Mateo 7:24-27).

Sa madaling salita, ang PAGGAWA ay ang pinakamahalagang bahagi ng buhay Kristiyano. Katulad ng kung gaano bulagin ng diyablo ang mga Kristiyano sa paniniwalang kung ang mga Salita ay kanilang pinapakinggan lamang. Ngunit hindi ganoon! Tayo ay itinalaga ng Diyos, bago pa itatag ang mundo, upang mamahala sa mundong ito, pangalagaan ang mga gawa ng Kanyang mga kamay, punan ang lupa ng Kanyang larawan (gumawa ng mga alagad ng lahat ng mga bansa), supilin ang

lupa (sa pamamagitan ng pagsira sa mga gawa ng diyablo) at magkaroon ng kapangyarihan sa lahat ng bagay.

Ito ang binayaran ni Hesus ng napakalaking halaga. Upang maibalik hindi lamang ang tao, kundi ang lupa sa ganap na pagkakasundo sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit naging matigas si Paul sa pagtuturo. “ Idinadalangin ko sa Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian, na bigyan kayo ng Espiritu ng karunungan at ng pahayag upang lubos ninyo siyang makilala. Nang sa gayon ay maliwanagan ang inyong puso, upang maunawaan ninyo ang pag-asa ng kanyang pagtawag sa inyo, ang kayamanan ng kanyang maluwalhating pamana sa mga banal, at ang walang kapantay na kadakilaan ng kanyang kapangyarihan para sa ating mga sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kanyang makapangyarihang lakas. Isinagawa niya ito kay Cristo, nang siya’y kanyang muling buhayin mula sa kamatayan, at iluklok sa kanyang kanan sa kalangitan, na mas mataas kaysa lahat ng mga pamunuan, mga awtoridad, kapangyarihan, at pamamahala, at mas dakila sa bawat pangalan na maaaring ibigay kaninuman, hindi lamang sa panahong ito, kundi maging sa darating. At ipinasakop ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat para sa iglesia. Ang iglesia ang katawan at kapuspusan ni Cristo, na siya namang pumupuspos ng lahat sa lahat. (Efeso 1:17-23). Kaya’t para sa lahat ng nagnanais na maging mga alagad ni Jesus, hayaan niyo itong maging pangunahing prinsipyo bago basahin ang Kanyang Salita. Dapat nating maunawaan kung sino tayo kay Cristo at ang kapangyarihang ibinigay Niya sa atin sa kanyang pagtubos sa ating mga kasalanan sa krus. Binigyan niya tayo ng mga susi sa kaharian. Nasa atin ang buong kapangyarihan at awtoridad sa pamamagitan ng Kanyang pangalan, KUNG gagawin natin ito.

KATUMBAS NA KABAYARAN NG KASALANANG-LIKAS

Nagbayad si Jesus ng malaki sa krus upang tubusin tayo mula sa kasalanan kaakibat ng ating pagkasilang. Ang kalikasan ng kasalanan ang naghiwalay sa atin sa Diyos. Dahil sa kasalanan nina Adan at Eva, o tinatawag na ‘pagkabigo ng tao’, lahat tayo ay ipinanganak ng may kasalanan; hiwalay sa ating Ama.

Ang makasalanang kalikasan na ito ay hindi lubos na nauunawaan ng karamihan sa mga tao bago sila “ipinanganak muli”. Sa katunayan, marami ang naniniwala na ang makasalanang pamumuhay ay normal. Tingnan lamang ang karamihan sa mga palabas sa TV, mga meme sa social media, at mga pelikula. Gumagamit sila ng “makasalanang” mga kilos at pamumuhay para sa katatawanan o katatakutan. Bihira sa media na makikita mo ang kahihinatnan ng kasalanan. Binabalatkayo ni Satanas ang kasalanan upang magmukhang kaakit-akit, kanais-nais, normal at kailangan ito

Gayunpaman, ang kasalanan ay may iba’t ibang uri ng negatibong kahihinatnan sa ating buhay: pagkakasala, kahihiyan, stress, takot, pagkalito, pag-aalala, kawalan ng kapanatagan at maraming pisikal at emosyonal na mga sakit at problema, na lahat ay maaaring humantong sa pagkondena sa sarili, paghihiwalay, depresyon at maging kamatayan. Sinabi ni Haring David, “Ako’y nalulunod sa taglay kong sala, sa dinami-rami ay para nang baha; mabigat na lubha itong aking dala.” (Mga Awit 38:4). Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. (Juan10:10), ngunit si Hesus ay dumating upang bigyan tayo ng buhay. “Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, buhay na masaganang lubos.” Juan 10:10).

Ang tao ay orihinal na nilikha upang mamuhay na naaayon sa kanyang manlilikha. Nilikha tayo ng Diyos at mahal Niya tayo! At binayaran Niya ang pinakamataas na halaga ng pag-aalay ng Kanyang sariling Anak upang mamatay para sa atin, upang tayo ay makabalik sa Kanya at mamuhay nang naaayon sa Kanya!

Ang sabi ng Bibliya, Dahil sa biyaya kayo'y iniligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; ito'y kaloob ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang walang sinumang makapagmalaki. (Efeso 2:8-9 Hindi maliligtas ng tao ang kanyang sarili, hindi sa pamamagitan ng mabuting gawa at pagbabago. Sa pamamagitan lamang ng pagtanggap ng sakripisyo ni Hesus magkakaisa tayong lahat kasama ang Diyos. Ito ang pinakamahalagang biyaya na ipinagkaloob ng Diyos sa atin.

Kung ikaw ay handing mabuhay na muli, sambitin ang panalangin na ito.

ISANG PANALANGIN NG KALIGTASAN

“Mahal na Hesus, hindi ko nais na ang aking makasalanang likas ay mahiwalay pa sa Iyo. Nangako ka na kung ipagtatapat ko ang aking mga kasalanan, magsisi at humingi ng kapatawaran, na ako ay patatawarin sa lahat ng aking nagawang mali. Sumasampalataya ako sa Iyo, at sa sakripisyong ginawa Mo para tubusin ako, sa pamamagitan ng pagkamatay bilang kahalili ko. At naniniwala ako na muli kang bumangon upang ako ay muling pagsamahin sa Ama.

“Nagtitiwala ako sa Iyo kapag sinabi Mo na ang kaligtasan ay dumarating sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa anumang ginagawa ko. Tinatanggap kita sa aking buhay bilang aking Panginoon, aking Tagapagligtas. At nais kong mabago ang aking buhay sa pamamagitan ng Iyong Salita at ng Iyong Banal na Espiritu. Kaya’t ibinabalik ko sa Iyo ang bawat bahagi ng aking buhay.

“Nais kong mamuhay sa paraang nilikha Mo ako upang mabuhay, sa natitirang bahagi ng aking buhay. Gusto kitang makilala at matutong mahalina ka at malaman ang pagmamahal Mo sa akin at sa iba. “HinihilingkonailigtasMoakoattanggapinsaIyongpamilya.”

Sa ngalan ni Hesus ako ay nananalangin. Amen.”

I. ANO ANG BAGONG TIPAN

Malaki ang pagkakaiba ng luma at bagong tipan ng Bibliya. Ang blankong pahina ang naghihiwalay ng lumang kasunduan at tipan sa pagitan ng Diyos at ng tao at ito ay nagbubukas sa isang bagong kasunduan na itinatag sa pamamagitan ng sakripisyong ginawa ni Hesus, sa kanyang pagsakripisyo sa kanyang buhay upang iligtas ang sangkatauhan at maibalik tayo sa pakikisama sa Diyos.

Sa bagong tipan, si Jesus, bilang Anak ng Diyos, ay dumating sa mundo bilang isang tao upang maibalik ang nawala, na siyang ating pagkakakilanlan at imahe, imahe na nakasunod sa imahe ng Diyos. Ang layunin ni Hesus ay mailigtas tayo sa ating kasalanan, sa ating pagtiwalag, na dala sa pagkakasala ni Adan. Ang biyaya ng Diyos ang naging kabayaran para tayo ay mailigtas sa lahat ng ating pagkakasala.

Pinagsama muli ni Hesus ang mga tao patungo sa Diyos. At ito ang pangunahing mensahe at layunin ng bagong tipan ng Bibliya: kung sinuman ang naniniwala kay Hesus ay bibiyayaan ng lakas sa pamamagitan ng pananampalataya na maging anak ng Diyos at matamasa ang masayang mag-amang relasyon kasama ang Diyos sa buhay na ito.

Biyaya ang Ipinalit sa Lumang Kautusan

Ang lumang kautusan ay hindi makakapagbago sa kalikasan ng isang tao o ang paggawa ng taong matuwid. Ang batas ay dapat palitan, at ito ang dahilan kung bakit si Jesus ay namatay bilang “sakripisyo” upang bayaran ang kasalanan ng tao, at magdala ng biyaya at awa ng Diyos sa lahat.

Roma 10:4 Si Cristo ang katuparan ng Kautusan upang maging matuwid ang bawat sumasampalataya sa kanya.

Galacia 2:16 Nalalaman natin na walang sinumang itinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa

Kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Kaya't tayo'y sumasampalataya kay Cristo Jesus upang ituring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan. Sapagkat walang sinumang itinuturing na matuwid dahil sa pagsunod sa Kautusan.

Roma 6:14 Hindi na kayo dapat pang pagharian ng kasalanan, yamang wala na kayo sa ilalim ng Kautusan kundi nasa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos.

2Corinto 5:21 Itinuring niyang nagkasala siya na hindi nakaranas ng kasalanan, upang sa pamamagitan niya, tayo'y ituring na matuwid sa harapan ng Diyos

* **Efeso 2:8-9** Dahil sa biyaya kayo'y iniligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; ito'y kaloob ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang walang sinumang makapagmalaki.

* **Tito 3:5** Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng paglilinis ng muling kapanganakan at pagbabagong buhay na dulot ng Banal na Espiritu.

Roma 5:17 Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Jesu-Cristo.

Roma 11:6 At kung ang paghirang ay sa pamamagitan ng biyaya, ito'y hindi batay sa mga gawa, sapagkat kung gayon, hindi magiging biyaya ang biyaya.

* **Juan 3:16** Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya

ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Mga Hebreo 8:12 Kahahabagan ko sila sa kanilang mga kasamaan, at hindi ko na aalalahanin ang kanilang mga kasalanan.

Roma 3:20, 23 TSapagkat walang sinumang[a] ituturing na matuwid sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawang batay sa Kautusan, sapagkat sa pamamagitan ng Kautusan ay nagkaroon ng kamalayan sa kasalanan. Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

- * **Roma 6:23** Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; ngunit ang walang-bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

Roma 3:28 Sapagkat pinanghahawakan natin na ang tao ay itinuturing na matuwid dahil sa pananampalataya at walang kinalaman dito ang mga gawang batay sa Kautusan.

Roma 5:6, 8 Sapagkat noong tayo ay mahihina pa, namatay si Cristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan. ubalit ipinapakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.

- * **Roma 8:2** Sapagkat pinalaya na tayo ng Kautusan ng Espiritu na nagbibigay-buhay sa pamamagitan ni Cristo Jesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.
- * **1Juan 1:9** Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan na magpapatawad sa ating mga kasalanan at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kasamaan.

Galacia 5:4 Kayong mga nagnanais na ituring na matuwid sa pamamagitan ng Kautusan, napalayo na kayo kay Cristo at nawalay mula sa kanyang biyaya.

Mga Hebreo 4:15, 16 Sapagkat mayroon tayong Kataas-taasang Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan. Tulad natin ay tinukso rin siya sa lahat ng mga paraan, gayunma'y hindi siya nagkasala. Kaya't lumapit tayo na may lakas ng loob sa trono ng biyaya, upang tumanggap tayo ng awa, at makatagpo ng biyaya na makatutulong sa panahon ng ating pangangailangan.

* **Juan 1:17** Sapagkat ang kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises; ang kagandahang-loob at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.

* **Galacia 3:13a** Subalit si Cristo ay isinumpa para sa atin at tinubos niya tayo mula sa sumpa ng Kautusan.

Walang Hanggang Naligtas sa Pamamagitan ng ISANG Sakripisyo:Jesus

Walang Hanggan Paligtas sa pamamagitan ng ISANG Sakripisyo: si Hesus

Sa lumang tipan, ang Diyos ay nakipagsundo sa Kanyang mga tao na kailangang magkaroon ng isang sakripisyo ng isang “korderong walang dungis” upang patawarin ang mga kasalanan ng tao. Kaya, sa bagong tipan, ang Diyos Mismo ay nag-alay ng isang “hain” (ang Kanyang kordero na walang dungis) upang tubusin ang sangkatauhan sa kanyang makasalanang kalikasan upang ang tao ay maaaring makiisa ng walang hanggan sa Diyos. Binayaran ni Hesus ang ating mga kasalanan upang tayo ay maging banal at matuwid sa harap ng Diyos. Kaya't ang kaligtasan ng tao ay dumarating walang iba dahil kay Hesus. Sapagkat Siya lamang ang nagbayad ng halaga. Kaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus at Kanyang hain para sa

atin, tayo ay binigyan ng karapatang maisilang sa walang hanggang kaharian ng Diyos at mabubuhay ngayon; hindi lamang kung tayo ay mapupunta sa Langit.

Juan 11:25, 26 Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang mga sumasampalataya sa akin ay mabubuhay kahit na siya ay mamatay, at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman.

* **Mga Gawa 4:12** Sa iba ay walang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay ng Diyos sa mga tao na sa ati'y makapagliligtas.

* **Juan 3:16** Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

* **Juan 3:36** Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; subalit ang sumusuway sa Anak ay hindi makalalasp ng buhay. Sa halip, ang poot ng Diyos ang mananatili sa kanya.

Juan 17:3 At ito ang buhay na walang hanggan, ang makilala ka nila na tanging tunay na Diyos at si Jesu-Cristo na iyong isinugo.

* **Juan 14:6** Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makararating sa Ama kundi sa pamamagitan ko.

* **Juan 1:12** Subalit sa lahat ng tumanggap sa kanya, sa mga sumampalataya sa pangalan niya, sila'y binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.

* **Mateo 18:3** AAt sinabi niya, “Tinitiyak ko sa inyo, kung hindi kayo magbabago at magiging katulad ng mga bata, hindi kayo kailanman makapapasok sa kaharian ng langit.

- * **Juan 3:3b** Malibang ang tao'y ipanganak mula sa itaas, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.
- * **Mga Gawa 16:31** Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan.
1Timoteo 2:5 Iisa ang Diyos at iisa ang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus.
- * **Juan 6:37** Ang lahat ng ibinibigay ng Ama sa akin ay lalapit sa akin, at ang lumalapit sa akin ay hinding-hindi
- * ko itataboy.
Juan 10:27, 28 Nakikinig sa tinig ko ang aking mga tupa. Kilala ko sila at sumusunod sa akin. Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan at kailanma'y hindi sila mamamatay. Walang makaaagaw sa kanila mula sa aking kamay.
- * **Ro 3:23** Pagkat ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang Mabuhay ng Muli

Kapag tayo ay nananampalataya kay Hesus at sa pag-aalay ng Kanyang buhay para sa pagtubos ng sangkatauhan, sinasabi ng Salita ng Diyos na tayo ay isinilang bilang isang anak ng Diyos! Tayo ay naging isang “bagong nilalang” at ang ating espiritu ay isinilang sa kaharian ng Diyos. Liwanag! Hindi na tayo alipin ng kaharian ng kadiliman ng mundo. Nagtataglay tayo ng bagong pagkakakilanlan na para bang binigyan tayo ng panibagong pasaporte bilang mamamayan ng langit na may buong karapatan, pribilehiyo at ang pinakamataas na pamana na ating natanggap sa pamamagitan ni Hesus, na naging kasamang tagapagmana ni Kristo. Gayunpaman, habang ang ating espiritu ay ginawang muli at tayo ay nakiisa sa kaharian ng Diyos upang mamuhay nang may ganap na kaugnayan sa Diyos ngayon, ang ating kaluluwa (ating mga pag-iisip at mga damdamin) kasama ng ating pisikal na katawan ay hindi pa

natutubos. Kaya't mabuhay ayon sa mga batas ng kaharian ngayon. Hindi tayo maghihintay pa sa langit na magkaroon ng buong benepisyo ng iyong bagong kalikasan, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang Salita maaari tayong mamuhay sa buong mana at awtoridad na ibinigay ni Jesus sa lahat ng naniniwala.

- * **2Corinto 5:17** Kaya't ang sinumang nakipag-isa na kay Cristo ay isa nang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas. Masdan ninyo, ang lahat ay naging bago.

Colosas 3:10 Kayo'y nagbihis na ng bagong pagkatao, na patuloy na ginagawang bago tungo sa kaalaman ayon sa larawan ng lumikha sa bagong pagkatao.

Efeso 4:22-24 Nang hubarin na ninyo ang inyong dating pagkatao, ang dating uri ng pamumuhay na pinasasama ng mapanlinlang na pagnanasa. Baguhin na ninyo ang diwa ng inyong pag-iisip, at ibihis ninyo ang bagong pagkatao, na nilikha ayon sa wangis ng Diyos, sa tunay na katuwiran at kabanalan.

Galacia 2:20 Namatay na akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayo'y sa pamamagitan na ng pananampalataya sa Anak[a] ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang buhay para sa akin

- * **Roma 10:9, 10** Sapagkat kung ipahahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon, at sasampalataya ka nang buong puso na binuhay siyang muli ng Diyos mula sa kamatayan ay maliligtas ka. Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng puso tungo sa pagiging matuwid at nagpapahayag sa pamamagitan ng bibig tungo sa kaligtasan.

Roma 8:17 At dahil tayo'y mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo,

kung tunay ngang tayo'y nagtitiis kasama niya, nang sa gayon, tayo'y makakasama niya sa kanyang kaluwalhatian.

1Pedro 1:23 Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng binhing nasisira kundi sa pamamagitan ng buháy at nananatiling salita ng Diyos.

Roma 6:4 Kung gayon, sa pamamagitan ng bautismo ay namatay na tayo at inilibing na kasama niya upang kung paanong si Cristo ay muling binuhay sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo naman ay lumakad sa panibagong buhay.

Filipos 3:13,14 Mga kapatid, hindi ko itinuturing na iyon ay nakamit ko na; ngunit isang bagay ang ginagawa ko: nililimot ko ang mga bagay na nakaraan, at sinisikap kong abutin ang mga bagay na hinaharap. Patuloy akong tumatakbo patungo sa hangganan para sa gantimpala ng makalangit[a] na pagtawag ng Diyos bunga ng pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

* **1Pedro 2:2** Gaya ng mga sanggol, manabik kayo sa dalisay na gatas espirituwal, upang sa pamamagitan nito ay lumago kayo sa inyong karanasan ng kaligtasan.

1Corinto 6:19, 20 O hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na taglay ninyo mula sa Diyos? At hindi ninyo pag-aari ang inyong sarili, sapagkat mahal ang pagkabili sa inyo. Kaya't luwalhatiin ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng inyong katawan.

1Pedro 1:3 Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa laki ng kanyang dakilang kahabagan ay muli tayong ipinanganak sa isang buháy na pag-asa sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo mula sa kamatayan.

Ang Ating Bagong Pagkakakilanlan kay Kristo

Hindi tayo maaaring maging tunay na katulad ni Hesus at maging tunay na may kapangyarihan upang ipatupad ang kaharian ng Diyos, kung hindi natin yayakapin ang ating bagong pagkakakilanlan na mayroon tayo kay Kristo. Muli tayong nilikha, at binigyan ng kapangyarihan laban sa mga kaaway at mayroon din tayong awtoridad na sirain ang mga gawa ng kaaway dito sa lupa. Binabago niyan ang lahat.

Ang muling pagkabuhay ang unang bahagi lamang ng ating bagong likha. Ang ating isip ay kailangang ganap na mabago sa katotohanan ng sinasabi ni Hesus tungkol sa atin, at kung sino Siya sa atin. Kung hindi iyon ang mangyayari, ang ating isip at katawan ay hindi gagana sa bagong pagkakakilanlan ni Kristo sa atin. Wala na tayo sa sarili natin. Si Hesus na nasa atin ang nananaig sa kasamaan sa ating paligid.

Kapag pinahintulutan natin ang Salita na lubusang baguhin ang ating mga isipan na ang pagpapasakop at ang pagsunod sa Salita, na si Jesus ay nagbibigay ng kapangyarihan sa atin upang tayo ay maging ganap na embahador ng kaharian ng Diyos dito sa Lupa at tagawasak ng mga gawa ng demonyo. (Tingnan ang “Katapangan ng Katuwiran”)

Colosas 3:1-3 Kaya't yamang kayo'y muling binuhay na kasama ni Cristo, pakanasain ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos. Pag-ukulan ninyo ng pansin ang mga bagay na makalangit at hindi ang mga bagay na makalupa, sapagkat kayo'y namatay na, at ang buhay ninyo kay Cristo ay itinatago ng Diyos.

1Pedro 2:9 Ngunit kayo'y isang lahing pinili, mga paring naglilingkod sa hari, isang bansang banal, sambayanang pag-aari ng Diyos. Hinirang kayo upang inyong ipahayag ang

mga kahanga-hangang gawa ng Diyos na tumawag sa inyo mula sa kadiliman at nagdala sa inyo sa kanyang kahanga-hangang liwanag.

Genesis 1:27 Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila’y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae.

1Juan 3:1, 2a Masdan ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig na ibinigay sa atin ng Ama, upang tayo’y tawaging mga anak ng Diyos; at tayo nga’y kanyang mga anak. Dahil dito, hindi tayo nakikilala ng sanlibutan, sapagkat hindi nito kinikilala ang Diyos. Mga minamahal, tayo’y mga anak na ng Diyos ngayon.

Galacia 3:27, 28 Nang kayo’y mabautismuhan kay Cristo, mismong siya ay parang damit na isinuot sa inyo. Wala nang pagkakaiba ang Judio at Griyego, ang alipin at malaya, ang lalaki at babae; kayong lahat ay iisa na dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

Colosas 2:9, 10 Sapagkat sa kanya ay naninirahan ang kabuuan ng kalikasan ng pagka-Diyos sa anyong katawan. At kayo’y ginawang buong-buo dahil sa pakikipag-isa ninyo na siyang ulo ng lahat ng pamunuan at pamamahala.

Efeso 1:5 Itinakda niya noong una pa man ang pagkukup sa atin bilang kanyang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa mabuting hangarin ng kanyang kalooban.

1Corinto 6:17 Ngunit ang taong nakikisama sa Panginoon ay nagiging kaisa ng Panginoon sa espiritu.

Roma 6:6 Dapat nating malaman ito: na ang dati nating pagkatao ay ipinakong kasama niya sa krus, upang ang makasalanang pagkatao ay mamatay, at nang hindi na tayo pagharian pa ng kasalanan.

1Corinto 12:27 Kayo nga ang katawan ni Cristo, at ang bawat isa’y bahagi nito.

1Corinto 6:19, 20 O hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu na taglay ninyo mula sa Diyos? At hindi ninyo pag-aari ang inyong sarili, sapagkat mahal ang pagkabili sa inyo. Kaya't luwalhatiin ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng inyong katawan.

Efeso 2:5 Kahit noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating mga pagsuway, ay binuhay niyang kasama ni Cristo. Dahil sa biyaya tayo'y iniligtas.

Ang Kapangyarihan ng mga Deklarasyon

Kung gusto nating mabuhay sa espiritu sa ating bagong buhay, lubusang paniwalaan ang sinasabi ng Diyos tungkol sa atin, kailangan ang pagbabago ng ating isip. Kaya, ang pagsabi ng malakas sa mga Salita ng Diyos tungkol ay isang susi sa pagayon sa ating pag-iisip sa ating magiging katotohanan. Dahil ang ating lumang tao ay namatay, maaari na tayong mabuhay sa pananampalataya at sa awtoridad ng bagong tao na tayo ay magiging sa pamamagitan ni Kristo.

Basahin nang malakas at pagnilayan ang mga ito nang madalas upang ipahayag, ipahayag mo ang iyong bagong pagkakakilanlan, personalidad at pag-uugali bilang isang anak ng kaharian ng Diyos. Ang mga pagpapahayag na ito ay magbabago sa sistema ng paniniwala sa iyong puso upang ang iyong isip ay maging alinsunod sa kung sino ka. naging. (Maaari mong hanapin ang mga sanggunian sa iyong Bibliya, upang higit pang maunawaan ang mga pahayag ng pananampalatayang iyon.)

Roma 5:10 Ako ay nakikipagsundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ni Hesus, at nailigtas sa pamamagitan ng buhay ni Hesus.

1Pedro 1:18,19 Ako ay natubos ng dugo ni Hesus

* **Galacia 3:13** Ako ay natubos mula sa sumpa

Roma 8:17 Ako ay anak ng Diyos at tagapagmana kasama si Hesus

Roma 6:6 Ako ay Hindi na alipin ng kasalanan

Efeso 1:1 Ako ay isang santo

Roma 6:18 Ako ay napalaya mula sa kasalanan at alipin ng katuwiran

Mga Gawa 13:39 Ako ay pinatawad sa pamamagitan ni Hesus

2Cor5:17 I am a new creation.

2Corinto 5:17 Ako ay nilikha muli

2Cor5:21 Ako ay matuwid sa Harapan ni Hesus

Juan 14:20 Ako ay laman ni Hesus, ang kanyang Espiritu ay nabubuhay sa akin

Roma 8:2 Ako ay Malaya sa tulong ni Hesus

Roma 8:1 Ako ay Malaya mula sa mga hatol

Jn15:15,16 Ako ay sanga ng Tunay na Puno at ako ay pinili at hinirang ni Kristo upang humayo at mamunga.

Mateo 5:13 Ako ang asin ng lupa

Mateo 5:14 Ako ang ilaw ng sanlibutan

Mateo 6:26 Ako ay mahalaga sa Panginoon

Roma 8:37 Ako ay higit pa sa isang mananakop sa pamamagitan ni Hesus

Roma 15:7 Ako ay tanggap ni Hesus

* **1Corinto 2:16** Mayroon akong utak kagaya ni Kristo

1Corinto 3:16 Ako ay isang templo ng Diyos. Ang Kanyang Espiritu ay nabubuhay sa akin.

Corinto 6:11 Ako'y hinugasan, ginawang banal, at itnuring na matuwid sa ngalan ni Jesu-Cristo

1Corinto 12:27 Parte ako ng katawan ni Cristo

2Corinto 2:15 Ako ay halimuyak na handog ni Cristo

2Corinto 5:20 Ako ay sugo ni Cristo para sa pakikipagsundo

Efeso 1:3 Ako ay biniyayaan ng espirituwal na pagpapala

1Juan 2:27 Ipinagkaloob sa akin ang Banal na Espiritu

Juan 15:9 Ako ay minamahal

Juan 17:17 Ako ay banal sa tulong ng katotohanan

Juan 17:15 Ako ay ligtas mula sa kasamaan

1Pedro 1:16 Ako ay banal sa tulong ni Cristo

Isaias 61:1 Ako ay Malaya mula sa kadiliman

Roma 1:7 Ako ay minamahal ng Diyos

Roma 5:1 Ako ay itinuturing matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya

Mga Hebreo 13:5 Hindi ako pinabayaan

Roma 6:11 Ako ay buhay sa pamamagitan ni Cristo

1Tesalonica 1:10 Ako ay iniligtas ni Hesus

Ang Katapangan ng Katuwiran

Ang salitang “katuwiran” ay lumalabas ng 558 beses sa Bibliya, ang katuwiran ay mahalaga sa Diyos. Ang paghahain ni Hesus sa krus ay ang ating daan sa katuwiran, upang tayo ay maging karapatdapat na harapin ang Panginoon. “Itinuring niyang nagkasala siya na hindi nakaranas ng kasalanan, upang sa pamamagitan niya, tayo’y ituring na matuwid sa harapan ng Diyos.” (2 Corintos 5:21)

Dahil ang Diyos ay matuwid, nais Niyang tayo mamuhay nang matuwid. “Dahil ang Diyos na pumili sa inyo ay banal, dapat din kayong magpakabanal sa lahat ng inyong ginagawa” (1Pedro 1:15). Ang biyayang ito ang siyang nagbigay sa atin na maging banal at matuwid; ngunit upang maipamalas ang biyayang ito, upang mamuhay ng matuwid, kailangan nating mabago ang ating mga isipan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at sundin ang mga ito. Ang Biyaya na hindi sinunod ay hindi totoong biyaya. Ang

biyaya ng Diyos ay hindi nagpapalaya sa atin sa kasalanan, ito ang nagpapalaya sa atin mula sa kasalanan.

Para sa Diyos napakahalaga ang pagsunod. Sinaway ni Samuel, ang propeta, si Haring Saul na nagsasabi, “Mas mabuti ang pagsunod kay Yahweh kaysa paghahandog, at ang pakikinig ay higit sa haing taba ng tupa.” (1Sam 15:22), dahil ang diwa ng paghihimagsik ay ang pinakabuod ng kasalanan. Ang pagsuway ay ang pagtangga sa awtoridad ng Diyos. Sa kabilang banda, sinabi ni haring David, “Ang nais kong sundi’y iyong kalooban; aking itatago sa puso ang aral.” (Aw 40:8). Ang Diyos ay nangangailangan ng ating pagsunod dahil ito ay nagpapakita na tayo ay nagmamahal at nagtitiwala sa Kanya.

Sinabi ni Jesus, ““Ang tumatanggap sa mga utos ko at tumutupad sa mga ito ang siyang umiibig sa akin” (Juan14:21) at “Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig” (Juan 15:10) at “Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga damit, upang magkaroon sila ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa mga pintuan ng lungsod.” (Rev 22:14). Maging si Hesus ay lumakad nang buong pagpapasakop at pagsunod sa Ama. Sinabi Niya, “lagi kong ginagawa ang bagay na nakalulugod sa kanya.” (Juan 8:29).

Maaari mawala ang iyong takot, magkaroon ng tiwala, at maging walang humpay sa paghahangad kapag mayroon kang paniniwala

na kung ano ang iyong ginagawa ay ang inaasahan mula sa iyo. Ang mga taong matuwid ay tinutukoy din bilang “walang kapintasan”. Ito ay isang kadalisan ng puso na nagmumula sa pagtitiwala at pagsunod. Dala nito ang katotohanan, ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng kanysang masunuring buhay. Ang katuwiran ay naghahatid ng awit na may gantimpala. Isa sa mga gantimpala na iyon ay ang katapangan. “Panatag ang matuwid, ang katulad ay leon.” (Pro 28:1).

Ang pagsunod ay ang paglakad sa katuwiran at ito ay nagbibigay sa iyo ng katapangan at pagtitiwala sa paglalakad patungo sa trono ng biyaya at awa. Sinabi ni apostol Pablo, “Ang pag-ibig ni Cristo ang naghahari sa amin” (2 Cor 5:14).

Isipin ang isang malusog na relasyon ng magulang sa kanyang anak, kung saan ang bata ay masunurin. Maaari siyang lumakad na may ganap na Kalayaan at pagtitiwala at katapangan sa pag-ibig ng ama. “Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig” (Jn15:10).

Ang mga utos ng Diyos ay hindi mabigat, ibig sabihin, hindi sila mahirap tuparin, dahil sila ay itinatag sa katuwiran, katarungan at karunungan. Itinuturo ng Salita ng Diyos kung ano ang dapat gawin; ngunit ang Santiago 4:17 ay nagsasabi na ang pagkakasala ay kung saan alam mo kung ano ang gagawin ngunit hindi ito ang iyong ginagawa. Kung gusto nating malapitan ang Diyos sa panalangin, dapat nating alisin ang bawat hadlang ng pagsuway at kasalanan. Kung hindi, ang ating paglapit sa kanya ay hindi magiging masigla.

Ang masunuring buhay ay hindi lamang isang buhay na binago. Ito ay hindi ang lumang buhay na pinaghandaan at pininturahan ng magagandang resolusyon, kundi isang buhay kung saan ang kalooban ay ganap na naaayon sa kalooban ng Diyos at ang puso ay nasa buong lapit sa puso ng Diyos. Ang masunurin na mga tao ay laging pinakamalapit sa Diyos.

Pananampalataya sa relihiyon, na pumapayag sa pagkakasala, walang kapangyarihan sa panalangin at walang katapangan sa pagganap. “Bakit ninyo ako tinatawag na ‘Panginoon, Panginoon,’ gayong hindi naman ninyo tinutupad ang sinasabi ko?” (Lk6:46). “Nagmamasid si Yahweh sa buong daigdig upang tumulong sa lahat ng tapat sa kanya. Dahil sa kahangalan mong ito, mula ngayo’y lagi kang magkakaroon ng digmaan.” (2Chr 16:9).

Ang paggawa ang nagbibigay lakas sa buhay Kristiyano (Mt 7:24-27).

Ibig bang sabihin nito na hindi na tayo magkakasala kung tayo ay magiging Kristiyano? Hindi. Sa liham ni Paul para sa mga Corinthians, siya ay nagsasalita ng ilang mga kahila-hilakbot na mga kasalanan sa kanilang buhay. Ang ilan ay nagmamalaki, ang ilan ay nag-aaway laban sa kanilang sarili, at ang ilan ay nagkasala dahil sa kanilang imoralidad. Ano ang paliwanag nito? Paano masasabi ni Pablo na sila ay “mga banal” mga “santo” samantalang sa parehong oras ay hindi sila nabubuhay bilang kung paano dapat mabuhay ang isang Kristiyano?

Upang masagot ang katanungan na ito, kailangan nating intindihin ang pagkakaiba ng ating posisyon at ang ating pamamalakad. Ang mga mananampalataya na nakatayo sa harap ni Kristo ay perpekto ay hindi nagbabago. Ang ating Espiritu ay tinubos at tayo ay nasa tamang lugar katabi ng Panginoon. Ngunit may mga bagay sa ating pang-araw-araw na pagpapamalas kung saan kailangan sumasalamin ito sa kalinisan na ating natamasa. At ito ay magagawa sa pamamagitan ng pagsunod kay Kristo.

Ang pag-uugali ay ang panlabas na buhay, samantalang ang karakter ay ang buhay na hindi nakikita ngunit pinatutunayan ng isang tao sa kanyang matalik na kaugnayan sa Diyos. Anumang di-umano’y anyo ng Kristiyano na hindi sumasalamin sa mga likas na katangian ng banal na kalikasan ay isang delusion at patibong. (Jn1:22). Ang pagsunod ay siyang nagbibigay ng kabutihan, kalinisan ng puso at buhay. Tinitingnan ng Diyos ang puso at ang motibo nito.

Roma 6:1,2 Ano ngayon ang sasabihin natin? Magpapatuloy ba tayo sa pagkakasala upang ang kagandahang-loob ng Diyos ay sumagana? Huwag nawang mangyari! Paanong mangyayari na tayong namatay na sa kasalanan ay mabubuhay pa sa kasalanan?

Roma 6:4 Kung gayon, sa pamamagitan ng bautismo ay namatay na tayo at inilibing na kasama niya upang kung paanong si Cristo ay muling binuhay sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo naman ay lumakad sa panibagong buhay.

Roma 6:10-12 Nang siya'y namatay, namatay siya nang minsanan para sa kasalanan, at ito'y para sa lahat ng panahon. Ngunit nabubuhay siya ngayon at ang buhay niya ay para sa Diyos. Gayundin naman kayo, ituring ninyo ang inyong mga sarili na patay na sa kasalanan, subalit nabubuhay dahil sa inyong kaugnayan kay Cristo Jesus. Kaya't huwag na ninyong paghariin ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang huwag na ninyong sundin ang mga hilig nito.

Roma 6:13 Huwag na rin ninyong ialay sa kasalanan ang anumang bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan sa paggawa ng kasamaan. Sa halip, ialay ninyo ang inyong sarili sa Diyos, bilang namatay na at muling binuhay, at ialay sa kanya ang mga bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan ng pagiging matuwid.

Roma 6:18 Pinalaya na kayo sa kasalanan at ngayon ay mga alipin na kayo sa pagiging matuwid.

1Juan 3:10 Sa ganitong paraan mahahayag ang pagkakaiba ng mga anak ng Diyos sa mga anak ng diyablo: ang hindi gumagawa ng katuwiran ay hindi sa Diyos, gayundin ang hindi umiibig sa kanyang kapatid.

Mga Gawa 10:34-35 Nagsimulang magsalita si Pedro at kanyang sinabi, "Nauunawaan ko na ngayong wala talagang kinikilingan ang Diyos. Kinalulugdan niya ang sinuman mula sa bawat bansa na may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid.

Tito 2:11,12 Sapagkat nahayag na ang kagandahang-loob ng Diyos na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng

tao. Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at mga pagnanasang makasanlibutan, upang mabuhay tayong may pagpipigil sa sarili, matuwid at maka-Diyos sa kasalukuyang panahon.

Mga Kawikaan 4:18 Ngunit ang landas ng matuwid ay parang liwanag ng bukung-liwayway, na sumisikat ng higit at mas maliwanag hanggang maging ganap na araw.

Roma 6:16 Hindi ba ninyo alam na kaninuman ninyo ialay ang inyong sarili bilang alipin, kayo'y alipin ng inyong sinusunod, maging ito'y kasalanang hahantong sa kamatayan, o pagsunod na hahantong sa pagiging matuwid?

Mga Kawikaan 10:6-7,11,25 Nasa ulo ng matuwid ang mga pagpapala, ngunit nagtatago ng karahasan ang bibig ng masama. Ang alaala ng matuwid ay isang pagpapala, ngunit ang pangalan ng masama ay mapapariwara. Ang bibig ng matuwid ay bukal ng buhay, ngunit ang bibig ng masama ay nagtatago ng karahasan. ng unos, ang masama'y napaparam, ngunit ang matuwid ay matatag magpakailanman.

Mateo 13:43 Pagkatapos nito, ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang mga may pandinig ay makinig!

Isaias 32:17 At ang gawa ng katuwiran ay kapayapaan; at ang gawa ng katuwiran ay katahimikan at pagtitiwala kailanman.

Timoteo 4:7,8 Nakipaglaban ako nang mabuti, natapos ko na ang aking takbuhin, nanatili ako sa pananampalataya. Ngayon ay nakalaan na sa akin ang koronang inilaan sa mga matuwid, na sa araw na iyon ay igagawad sa akin ng Panginoon, ang makatarungang hukom. Ngunit ito'y hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa kanyang muling pagdating.

2Corinto 7:1 Mga minamahal, yamang mayroon tayong mga ganitong pangako, linisin natin ang ating mga sarili sa lahat ng nagpaparumi ng katawan at ng espiritu, at gawin nating lubusan ang kabanalan nang may takot sa Diyos.

Roma 6:22 Subalit ngayong pinalaya na kayo mula sa kasalanan at naging alipin na ng Diyos, ang bunga nito'y kabanalan, at ang kahihinatnan ay buhay na walang hanggan.

Mateo 5:48 Kaya't dapat kayong maging ganap tulad ng inyong Amang nasa langit.

II. KALOOB NG DIYOS SA MGA BAGONG MANANAMPALATAYA: ANG ESPIRITU SANTO

Ipinangako ni Hesus na ipapadala niya ang Espiritu Santo upang mabuhay sa atin: Sinabi Niya na hindi Niya tayo iiwan na walang ginhawa, ngunit ipadadala Niya sa atin ang Espiritu ng Ama na aakay sa atin sa lahat ng katotohanan, at magbibigay sa atin ng kapangyarihan na mabuhay bilang mga Kristiyano (Acts 1:8).

Sabi ng ilang tao, “Buweno, paano mo inaasahan na ako ay magiging katulad ni Jesus o mabuhay nang huwarang tulad ng ginawa Niya?” Ito ang mismong dahilan kung bakit ipinagkaloob din sa atin ang Espiritu Santo ng Diyos. Ito ang iisang Espiritu Santo na natanggap ni Jesus noong bininyagan siya ni Juan Bautista kung saan ay nagbigay sa kanya ng kapangyarihan na kumilos sa Espiritu dito sa Lupa, kahit na sia ay isang tao. (Mt 3:16-17).

Pinaghintay ni Hesus ang kanyang mga disipulo sa Jerusalem at sa gayon kapag dumating na ang pagpupuspos ng Espiritu Santo, magkakaroon sila ng lakas na mapalapat pa ang nakakarami kay Hesus. Ito ang pangunahing layunin ng Araw ng Pentecostes; hindi lamang ang supernatural na pagpapakita ang naganap kundi maging ang pagpupuno ng Espiritu Santo sa mga disipulo upang sila ay maging matatag at magkaroon ng lakas.

Ang Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan gamit ang mga Salita ng Diyos, na nagbibigay sa atin ng pananampalataya na manindigan para sa katotohanan at matapang na ibahagi ang ating pananampalataya sa iba. Sinabi ni Hesus na ang lahat ng mananampalataya ay maaaring tumanggap ng binyag ng Espiritu Santo sa pamamagitan lamang ng paghiling sa Ama na ibigay Siya sa atin. (Lk 11:13).

Ang Espiritu ng Katotohanan at ang Kapangyarihan ng Diyos

- * **Lucas 11:13** Kung kayo ngang masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa ang Ama na nasa langit na magbibigay ng Banal na Espiritu sa mga humingi sa kanya?
- * **Mga Gawa 1:8** Sa halip, tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu, at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, hanggang sa dulo ng daigdig.”
- * **Juan 14:26** Subalit ang Kaagapay, ang Banal na Espiritu na isusugo ng Ama sa pangalan ko ay magtuturo sa inyo ng lahat, at magpapaalala sa inyo ng lahat ng sinabi ko sa inyo.
Efeso 3:16 Dalangin ko ayon sa kayamanan ng kanyang kaluwalhatian na pagkalooban kayo ng kapangyarihan upang lumakas ang inyong panloob na pagkatao sa pamamagitan ng kanyang Espiritu,
- Lucas 3:16** Sinagot silang lahat ni Juan, “Binabautismuhan ko nga kayo sa tubig, ngunit may darating na higit na makapangyarihan kaysa akin. Hindi ako karapat-dapat na magkalag man lang ng kanyang sandalyas. Siya ang magbabautismo sa inyo sa Banal na Espiritu at apoy.
- Mga Gawa 2:38** Sumagot si Pedro, “Talikuran ninyo ang inyong kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang patawarin kayo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.
- * **Mga Gawa 4:31** Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang lugar na kanilang pinagtitiipunan; napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu at buong tapang nilang ipinahayag ang salita ng Diyos.

Gawa 4:31 Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang lugar na kanilang pinagtitiipunan; napuspos silang lahat ng

Banal na Espiritu at buong tapang nilang ipinahayag ang salita ng Diyos.

Mga Gawa 2:3, 43 May nakita silang tila mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila.

Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

Galacia 5:18 Subalit kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, wala na kayo sa ilalim ng Kautusan.

- * **Galacia 5:22** Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan.

Lucas 4:18,19 “Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral ang mabuting balita sa mga dukha. Isinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag ang paglayaat sa mga bulag na sila’y makakita upang bigyang-laya ang mga inaapi, at ipahayag ang pinapagpalang taon ng Panginoon.”

Juan 7:38,39 Ang sumasampalataya sa akin, tulad ng sinabi ng kasulatan, ‘Mula sa kanyang puso ay dadaloy ang ilog ng tubig ng buhay.’ ” Sinabi niya ito tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumasampalataya sa kanya. Hindi pa naibibigay ang Espiritu, sapagkat hindi pa naluluwalhati si Jesus.

Roma 14:17 Sapagkat walang kinalaman ang pagkain at pag-inom sa paghahari ng Diyos, kundi ang pagiging matuwid, ang mapayapang pamumuhay at kagalakang dulot ng Banal na Espiritu.

1Corinto 12:8-11 May binigyan ng salita ng karunungan sa pamamagitan ng Espiritu, at ang iba nama’y binigyan ng salita ng kaalaman ayon sa gayunding Espiritu; ang iba’y pananampalataya sa pamamagitan ng gayunding Espiritu, at ang iba’y mga kaloob ng pagpapagaling sa

pamamagitan ng iisang Espiritu. Ang iba'y binigyan ng kapangyarihang gumawa ng mga himala, ang iba'y propesiya, ang iba'y kakayahang kumilala ng mga espiritu, ang iba'y kakayahang magsalita ng iba't ibang wika, at ang iba nama'y pagpapaliwanag ng mga wika. Ngunit ang lahat ng ito ay pinakikilos ng iisa at parehong Espiritu, na namamahagi sa bawat isa ayon sa ninanais ng Espiritu.

2 Corinto 3:17 Ngayon, ang Panginoon ay ang Espiritu, at kung nasaan ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan.

Efeso 5:18b, 19 Sa halip ay mapuspos kayo ng Espiritu. Mag-usap-usap kayo sa pamamagitan ng mga awit, ng mga himno at ng mga awiting espirituwal; mag-awitan kayo at mag-alay ng himig mula sa inyong mga puso sa Panginoon.

Judas 1:20 Ngunit kayo, mga minamahal, patatagin ninyo ang inyong sarili sa pinakabanal na pananampalataya. Manalangin sa tulong ng Banal na Espiritu.

- * **Mga Gawa 2:17,18** 'Ito ang mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, ibubuhos ko sa lahat ng tao ang aking Espiritu; magpapahayag ang inyong mga anak na lalaki at babae ng mensahe mula sa Diyos, makakakita ng pangitain ang inyong mga kabataang lalaki, mananaginip ang inyong mga matatandang lalaki, maging sa mga aliping lalaki at babae, sa mga araw na iyon ay ibubuhos ko ang aking Espiritu, at sila'y magpapahayag.
- * **Juan 16:13** Kapag dumating siya, ang Espiritu ng katotohanan, gagabayan niya kayo sa lahat ng katotohanan; sapagkat hindi mula sa sarili ang kanyang sasabihin, kundi kung ano ang naririnig niya at ipapahayag niya sa inyo ang mga bagay na darating.

Ang Kaloob ng mga Wika

Ang kaharian ng Diyos ay napakayabong na ito ay hindi mawaring maunawaan ng lubos ng ating mga isipan, ngunit pinahihintulutan ng kaloob ng mga dila ang ating espiritu na kumonekta sa Espiritu ng Diyos na magsiwalat ng katotohanan, kaalaman, pang-unawa at karunungan. Ito ay mahusay na pagpapamalas ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagpasa ng kung ano man ang nasa ating mga isip at kaluluwa. Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: Sinabi ni Hesus na ang kaloob ng mga wika ay bahagi ng mga tanda na sumusunod sa mga naniniwala (Mc 16:17).

Ang kaloob ng mga wika ay partikular na kapaki-pakinabang kapag tayo ay nananalangin dahil kapag hindi natin alam kung ano ang dapat ipanalangin, ang pagdarasal ng mga wika ay magpapahintulot sa Banal na Espiritu na mamagitan sa atin.

- * **Roma 8:26,27** Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, ngunit ang Espiritu mismo ang dumaraing sa paraang hindi kayang bigkasin sa salita. At ang Diyos na nakasisiyasat ng ating mga puso ang nakaaalam sa kaisipan ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ang namamagitan para sa mga banal ayon sa kalooban ng Diyos.

Mga Gawa 2:1-4 Pagsapit ng Araw ng Pentecostes, nagtitipon silang lahat sa isang lugar. Biglang nagkaroon ng isang ugong mula sa langit, gaya ng isang napakalakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kanilang kinaroroonan. May nakita silang tila mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila. Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

1Corinto 14:2 Sapagkat ang nagsasalita sa iba't ibang wika ay hindi sa mga tao nagsasalita kundi sa Diyos, sapagkat walang nakakaunawa sa taong iyon, yamang sa Espiritu ay nagsasalita siya ng mga hiwaga.

Mga Gawa 19:6,7 Nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu at sila'y nagsalita ng mga ibang wika at nagpahayag ng propesiya. Sila'y humigit-kumulang sa labindalawang lalaki.

1Corinto 14:39 Kaya, mga kapatid, naisin ninyong mabuti ang makapagpahayag ng propesiya, ngunit huwag ninyong ipagbawal ang pagsasalita sa iba't ibang mga wika.

Mga Gawa 10:44-46 Habang sinasabi pa ni Pedro ang mga salitang ito, bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng nakikinig. Ang mga mananampalatayang Judio, na dumating kasama ni Pedro ay nagtaka sapagkat ibinuho din ang kaloob ng Banal na Espiritu sa mga Hentil. Sapagkat narinig nilang ang mga ito'y nagsasalita ng mga wika at nagpupuri sa Diyos. Dahil dito'y sinabi ni Pedro,

Pagdinig mula sa Diyos

Nais mo bang malaman kung paano marinig ang tinig ng Diyos?--ToknowhowHespeakstoyou?Isa sa mga nauuna ang pinakamahasay na paraan upang marinig ang Kanyang tinig upang maging pamilyar sa Kanyang Salita. Habang ang oras ay ginugugol sa pagninilay-nilay sa Salita ng Diyos, mas magiging sensitibo tayo sa pagsasalita na iyon "sa mahinang boses."

Ang Banal na Espiritu ay nagbubukas ng ating pag-unawa kapag nagbabasa ng Salita ng Diyos. Ginagawa Niya na buhay ang Salita upang marinig natin ang tinig ng Diyos, ang mismong saksi. Sinabi ni Jesus, "Ang Aking mga Tupa ay Pinapakinggan Ko ang Aking Tinig" (Jn10:27). Madalas ay nagsasambit siya ng talata sa atin at inilalapat sa sarili nating personal na sitwasyon, at

binibigyang-buhay Niya ang Salita para lamang sa atin! Hindi namamalayan tumama ito sa ating puso at talagang nakuha natin ang Kanyang punto! “Ang liwanag ng turo mo’y nagsisilbing isang tanglaw, nagbibigay dunong ito sa wala pang karanasan.” (Awit 229:230).

Juan 8:47a Ang mula sa Diyos ay nakikinig ng mga salita ng Diyos.

Juan 6:63 Ang espiritu ang nagbibigay ng buhay, ang laman ay walang pakinabang; ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay.

Lucas 12:12 sapagkat tuturuan kayo ng Banal na Espiritu sa oras ding iyon kung ano ang dapat ninyong sabihin.”

Mga Awit 119:105 Ilawan sa aking mga paa ang salita mo, at liwanag sa landas ko.

Mga Hebreo 8:10 Ganito ang tipang aking gagawin sa sambahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon: Itanim ko ang aking mga tuntunin sa kanilang pag-iisip, at isusulat ko ang mga iyon sa kanilang mga puso. Ako’y magiging Diyos nila, at sila’y magiging bayan ko.

2Timoteo 3:16,17 Ang lahat ng mga kasulatan ay ihininga ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at pagsasanay sa katuwiran, upang ang lingkod ng Diyos ay maging karapat-dapat at lubusang maihanda sa lahat ng mabubuting gawa.

* **Mga Hebreo 4:12** Sapagkat ang salita ng Diyos ay buhá, mabisa, at higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim. Tumatagos ito hanggang sa pagitan ng kaluluwa at ng espiritu, hanggang sa mga kasukasuan at utak sa buto; at may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso.

Juan 5:30 Hindi ako gumagawa nang ayon sa aking sariling kapangyarihan. Humahatol ako ayon sa naririnig ko. At ang hatol ko ay makatarungan, sapagkat hindi ko

hangad ang sariling kalooban kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin.

Roma 8:16 Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu na tayo’y mga anak ng Diyos.

* **Mga Kawikaan 3:5,6** Sa PANGINOON ay buong puso kang magtiwala, at huwag kang manalig sa sarili mong pang-unawa. Sa lahat ng iyong mga lakad siya’y iyong kilalanin, at itutuwid niya ang iyong mga landasin.

* **Isaias 30:21** At ang iyong mga pandinig ay makakarinig ng salita sa likuran mo, na nagsasabi, “Ito ang daan, lakaran ninyo,” kapag kayo’y pumipihit sa kanan, at kapag kayo’y pumipihit sa kaliwa.

Juan 10:27 Nakikinig sa tinig ko ang aking mga tupa. Kilala ko sila at sumusunod sa akin.

Colosas 3:15 At hayaan ninyong maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo, na siyang dahilan kaya’t tinawag kayo sa isang katawan. At kayo’y maging mapagpasalamat.

* **Amos 3:7** Tunay na ang Panginoong DIYOS ay walang gagawin, malibang kanyang ihayag ang kanyang lihim sa kanyang mga lingkod na mga propeta.

* **Mga Awit 32:8** Aking ipapaalam at ituturo sa iyo ang daan na dapat mong lakaran. Papayuhan kita na ang aking mga mata ay nakatitig sa iyo.

* **Mga Kawikaan 1:23** Ibubuhos ko ang aking espiritu sa inyo. Ang mga salita ko’y ipapaalam ko sa inyo..

* **Isaias 42:9** Narito, ang mga dating bagay ay lumipas na, at ang mga bagong bagay ay ipinahahayag ko.

* **Jeremias 23:28** Hayaang ang propeta na may panaginip ay isalaysay ang panaginip; ngunit siya na may taglay ng aking salita ay bigkasin niya ang aking salita na may katapatan. Anong pagkakahawig mayroon ang dayami sa trigo? sabi ng PANGINOON.

- * **Mga Awit 73:24a** Sa iyong payo ako'y iyong pinapatnubayan.,
- * **Jeremias 1:9b** Narito, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig.

III. ANG BUHAY NA SALITA NG DIYOS

God's Ang Salita ng Diyos ay ang Kanyang pamantayan, ito ay isang matibay na pundasyon. Pinararangalan Niya ang Kanyang Salita sa sa kanyang ngalan! Sa parabula ng binhing tumutubo, sinabi ni Hesus, "Sinabi pa ni Jesus, "Ang kaharian ng Diyos ay tulad ng isang magsasaka na naghahasik ng mga buto" (Mk 4:26), at kalaunan ay sinabi Niya na ang binhi ay ang Salita ng Diyos, at kapagibinabaon ito sa ating mga puso, ito ay magbubunga.

Ang pagbabasa, pag-unawa at pagsunod sa Salita ng Diyos ang pinakamahalagang bagay na magagawa natin dahil ang Salita ay nagpapanatili sa atin na maging kaayon ang Diyos. Sa katunayan, ang panahon at edad ng biyaya na ito ay itinatag sa pagkakaroon natin ng pananampalataya sa Salita! "Sapagkat kung walang pananampalataya, hindi maaaring kalugdan ng Diyos" (Heb.11:6). Inaasahan ng Diyos na tayo, ang Kanyang mga anak, ay "lumakad nang may pananampalataya" sa Kanyang Salita. At dahil ang pananampalataya ay nagmumula sa Kanyang Salita, dapat masigasig nating maunawaan ang Kanyang Salita para sa ating sarili, nang sa gayon ay magkaroon ng pananampalataya na kailangan natin upang matugunan ang mga pangangailangan at harapin ang mga sitwasyong kinakaharap natin. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga ng Salita! Ito ang pangunahing paraan kung saan natatanggap natin ang komunikasyon ng Diyos at nababatid ang Kanyang kalooban.

Ang Kanyang Salita ay kilala bilang tiyak, ganap, at hayag na kalooban ng Diyos! Sinabi ni Hesus, "An mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay." (Juan 6:63). Ang Kanyang Salita ang nagbibigay sa atin ng espirituwal na buhay at pagkain at pagpapakain, lakas

at kalusugan! Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang pagkakaroon ng magandang balance ang salita ng Diyos sa ating buhay kung ninanais nating lumaki at manatiling mapalapit sa kanya.

Si Hesus mismo ay tinatawag na “Ang Salita ng Diyos”. (Rev.19:13; Jn.1:1,14). Gaya ng pangangailangan mong kumain upang magkaroon ng pisikal na lakas, kailangan mong kumain mula sa Salita, uminom ng Salita, upang magkaroon ng espirituwal na lakas. Sinabi ni Propeta Jeremias, “Nagsalita ka sa akin, at pinakinggan kitang mabuti. Ang mga salita mo’y aking kagalakan. Ako’y sa iyo, Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat. (Jer.15:16). At sinabi ni Job, “Ang mga salita mula sa Kanyang bibig ay aking pinahahalagahan kaysa sa aking pangangailangang kumain.” (Job 23:12). Wala nang mas mahalaga sa iyong espirituwal na buhay kaysa sa Salita.

Sinabi ni Jesus, “Ngunit isang bagay lamang ang kailangan. Pinili ni Maria ang mabuting bahagi at ito’y hindi kukunin sa kanya.” (Luk.10:42). Kung uunahin mo ang Salita, bibigyan ka palagi ng Panginoon ng oras kahit papaano para pangalagaan ang mga bagay-bagay. Sa sandaling sinimulan mong alisin ang Salita ng Diyos sa iyong buhay, nagiging abala ka na! Subukang maglaan ng oras sa bawat araw kung saan maaari kang tahimik na makipag-usap sa Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Kapag nakita mo ang pagkakaiba ng iyong buhay kung ikaw ay maglalakd kasama ang Panginoon, magtataka ka kung paano ka magtagumpay nang wala ito! Tayo ay magiging kung ano ang ating binabasa at kung ano ang ating kagustuhan.

Mahalagang basahin ang Salita sa isang madasalin at mapagtanggap na disposisyon, kung saan umaasa ka sa Kanyang Espiritu Santo para ikaw ay patnubay at mabuksan ang mga mata at mga puso. Sinasabi nito, “Ngunit ang taong di-espirituwal ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat kahangalan ang mga iyon sa kanya at hindi niya iyon

nauunawaan, yamang ang mga iyon ay hinahatulan sa espirituwal na paraan.” (1Cor.2:14). Kaya dapat nating hilingin sa Espiritu Santo ang tamang pag-iisip na kailangan upang maunawaan ang Salita ng Diyos. Ang Espiritu Santo ang Isa sa maghahayag ng mga bagay sa atin at aakay sa atin sa lahat ng katotohanan. Kaya nga dapat tayong manalangin at hilingin sa Kanya na: “dinadalangin ko sa Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian, na bigyan kayo ng Espiritu ng karunungan at ng pahayag upang lubos ninyo siyang makilala. Nang sa gayon ay maliwanagan ang inyong puso, upang maunawaan ninyo ang pag-asa ng kanyang pagtawag sa inyo, ang kayamanan ng kanyang maluwalhating pamana sa mga banal,” (Eph 1:17,18). Nanalangin si David, “Buksan mo ang paningin ko pagkat nananabik masdan, kabutihang idudulot sa akin ng iyong aral.” (Psa.119:18). Habang mas ibinubunyag ng Espiritu Santo ang Salita sa iyo, mas makikita mo na ang Diyos na nagsasalita sa iyo ng malakas, malinaw, at direkta sa pamamagitan ng kanyang mga nakasulat na Salita.

Marami ang may kinalaman sa iyong sariling pagnanais na makarinig mula sa Panginoon at sa iyong sariling personal na gutom at pagtanggap. “Pinagpala ang mga may matinding hangarin na sumunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat sila’y bibigyang kasiyahan ng Diyos.” (Mat.5:6; Luk.1:53).

Marami ang may kinalaman sa ating ugali. Ang mga Scribes at ang mga Pariseo noong panahon ni Hesus ay mahusay sa kasulatan, ito ay kanilang naisapuso at palagi nila itong kinokopya gamit ang kanilang mga kamay. Ngunit dahil sila ay lubos na nasiyahan at nagmapakatuwid sa sarili, sila ay “nagugutom at nauuhaw sa katuwiran”, at ang kanilang mga puso ay tumigas at ang kanilang espirituwal na mga tainga ay nabingi, sila ay walang pang-unawa! Nilabanan nila ang katotohanan ng Salita na kanilang nabasa, at ang

katotohanan ay nawalan ng kapangyarihan sa kanilang mga isip. Ni hindi nila napagtanto kung gaano sila napalayo sa Panginoon sa aspetong spiritual.

Kaya't basahin ang Salita nang may panalangin at may pag-iisip. Maaari mong makaligtaan ang maraming kahulugan, ang tunay na lalim ng sinasabi ng Panginoon, maliban lang kung hihinto ka upang talagang pag-isipan ito at gamitin ang Salita sa iyong personal na sitwasyon; iyan ang ibig sabihin ng pagninilay sa Salita. Kung masigasig at may panalangin kang gagawa sa Kanyang Salita, gagantimpalaan ka Niya nang malaki. "Higit pa sa ginto't pilak nitong buong sanlibutan, ang mabuting idudulot ng bigay mong kautusan." (Psa.119:72).

Kung gusto mong matamasa ang maraming benepisyo ng pagbabasa ng Salita, basahin ang Salmo 1. "Sa halip, kasiyahan niyang sumunod sa kautusan ni Yahweh. Binubulay-bulay niya ito sa araw at gabi. Katulad niya'y punongkahoy sa tabi ng isang batisan, laging sariwa ang dahon at namumunga sa takdang panahon. Ano man ang kanyang gawin, siya'y nagtatagumpay." (Psa.1:2-3).

Kahit ikaw man ay tumalikod at ubos na, ang tubig ng kanyang salita ay makakapagbigay-buhay ulit sa iyo; isang pagkabuhay kung ibababad mo ang iyong sarili sa kanyang salita! Kapag mas pinag-aaralan mo ang salita ng Diyos at iniintindi ito ng buo, muling mapapasiklab ang iyong puso sa pagnanais na magbago dahil ikaw ay mabibigyan ng inspirasyon, lakas, hamon, sigla at pagkabuo dahil sa kanyang mga salita.

Ang sekreto ng kapangyarihan, tagumpay, apoy, buhay, init, at liwanag ay ang Salita! At ang kakulangan ng Salita ay ang sikreto ng pagtalikod, kabiguan, lamig, kadiliman, kahinaan at espiritwal na pagkamatay! Sinabi ni Hesus, "Manatili kayo sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi makapamumungang mag-isa ang sanga malibang manatili ito sa puno, gayundin naman, hindi kayo makapamumunga malibang manatili kayo sa akin. Kung nananatili kayo sa akin, at ang mga salita ko'y

nananatili sa inyo, hilingin ninyo anumang ibig ninyo, at ito’y ipagkakaloob sa inyo.” (Jn.15:4,7). Kahit na na ikaw ay nagmiministryo sa iba, ito ay hindi kasinghalaga ng unang pagpasok sa Salita sa iyong sarili! Hinding-hindi ka magkakaroon ng espirituwal na lakas at tibay o buhay na kailangan, maliban kung ikaw mismo ay umiinom sa Salita at espirituwal na at pinalalakas ng iyong sarili.

Kung mahina ka sa pananampalataya, ito ay dahil mahina ka sa Salita. Kung makikipaglaban ka sa mga pagdududa, ang pinakamahasag na lunas ay ang Salita! Ang pinakamahasag na paraan upang patatagin ang iyong pananampalataya ay ang ibaon ang iyong sarili sa Salita ng Diyos! Hayaan ang Kanyang katotohanan na linisin ka at alisin ang lahat ng dumi ng bulok at lumang mundo at ang iyong sariling makasalanang puso! “Malilinis na kayo dahil sa salitang sinabi ko sa inyo.” (Jn.15:3,Rom:12:2). “Paano mapapanatiling malinis ang pamumuhay ng sinumang tao, sa kanilang kabataan? Sa pamamagitan ng pagsunod sa banal mong kautusan.” (Psa.119:9; Eph.5:26).

Ang Salita ng Diyos ang naguguhit ng linya na naghiiwalay sa iyo sa mundong ating ginagalawan. Ang mula sa Diyos ay nakikinig sa mga salita ng Diyos, subalit ayaw ninyong makinig sa akin sapagkat kayo’y hindi mula sa Diyos.” (Jn.8:47; 1Jn.4:5,6). “Ang utos ng Diyos ang laman ng puso, sa utos na ito’y hindi lumalayo. (Psa.37:31).

Ang Salita rin ay ang ating sandata! “Ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang Salita ng Diyos.” (Eph.6:17). Ito ang ating espirituwal na espada ang nagtatatay at tumatalo sa diyablo sa tuwing ginagamit natin ito! Nang si Hesus Mismo ay tinukso ng diyablo, Siya ay lumaban sa pamamagitan ng Salita (Tingnan ang Mat.4:1-10). Kaya kapag dumating ang Kaaway, ilabas mo ang iyong espada at pumalo! Hindi niya kayang kalabanin ang Salita! Ang pinakamahasag na paraan

upang labanan ang Kaaway ay ang Salita! Ilibing mo na lang siya sa maraming katotohanan! At siya at ang lahat ng kanyang mga pagdududa at takot ay mawawala!

Ang Salita ay isa ring liwanag na nagtataboy at tinatalo ang kadiliman ng Kaaway! “Salita mo’y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw.” (Psa.119:105). Kapag pinupuno mo ang iyong isip ng Salita ng Diyos, wala kang lugar para sa kadiliman. Kapag inatake ka ng diyablo, ng kanyang mga pagdududa at kanyang mga takot, panghihina ng loob, mga tukso at lahat ng iba pa, buksan ang liwanag ng Salita ng Diyos at ang mga anino ay aalis! Basahin, banggitin, kantahin, at angkinin ito! At ito ay hindi kailanman nabibigo!

Gayundin, kung tayo ay naglilingkod sa iba, gamitin mo ang Salita. May ganap na kapangyarihan ang Salita ng Diyos. Tanging ang tulis lamang ng Salita ng Espiritu Santo ang makakapagpadaloy ng pagmamahal sa mga pusong walang laman.

Kapag nabubuhay ka sa Salita, mas magiging malapit ka sa Panginoon, at mas magiging mapalad at mabunga ang iyong buhay!

Si Hesus ang Salita ng Diyos~Ang Lumikha

Nilikha ng Diyos ang sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang binitawang Salita. Sa Aklat ni Juan, ang unang kabanata, mayroong paliwanag tungkol kay Hesus bilang Salita ng Diyos.

Mga Hebreo 11:3 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng Diyos, anupa’t ang mga bagay na nakikita ay nilikha mula sa mga bagay na hindi nakikita.

Juan 1:1-3 Noong simula pa lamang ay naroon na ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Kasama na niya ang Diyos noong simula pa. Nilikha ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan niya, at kung wala siya, walang anumang nilikha. Ang lahat ng nilikha

Juan 1:14 Naging tao ang Salita, at nanirahan sa piling natin na puspos ng kagandahang-loob at katotohanan; nasaksihan namin ang kanyang kaluwalhatian, isang kaluwalhatian na tulad ng sa kaisa-isang anak na nagmula sa Ama.

Mga Hebreo 1:10 Sinabi rin niya, “Ikaw, Panginoon, ang sa simula pa’y nagtatag ng sandigan ng sanlibutan, at ang mga langit ay gawa ng iyong mga kamay.

Mga Awit 33:6,9 Sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON ay ginawa ang mga langit; at lahat ng mga hukbo nila sa pamamagitan ng hinga ng kanyang bibig. Sapagkat siya’y nagsalita at iyon ay naganap, siya’y nag-utos, at iyon ay tumayong matatag.

Mga Awit 138:2b Sapagkat iyong pinadakila ang iyong salita sa iyong buong pangalan.

Mga Hebreo 1:3 Ang Anak ang maningning na sinag ng kaluwalhatian ng Diyos at tunay na larawan ng kanyang kalikasan bilang Diyos. Siya ang nagpapanatili sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Matapos niya tayong linisin sa ating mga kasalanan, umupo siya sa kaitaasan sa kanan ng Diyos na makapangyarihan sa lahat.

Pahayag 19:11-13 Pagkatapos, nakita kong bumukas ang langit, at doon ay lumitaw ang isang puting kabayo. Tapat at Totoo ang tawag sa nakasakay dito, at makatarungan siyang humahatol at nakikipagdigma. Ang mga mata niya ay parang ningas ng apoy, at sa ulo niya ay maraming

korona. Mayroon sa kanyang nakasulat na pangalan na siya lamang ang nakakaalam. Ang suot niyang damit ay itinubog sa dugo, at siya'y tinatawag sa pangalang Ang Salita ng Diyos.

Hindi Mabibigo ang Salita ng Diyos

Ibinigay ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa Kanyang Salita. Ito ay hindi nasisira at hindi Siya mabibigo sa Kanyang Salita.

Mga Hari 8:56b Walang nagkulang ni isang salita sa lahat niyang mabuting pangako na kanyang ipinangako sa pamamagitan ni Moises na kanyang lingkod.

Mga Awit 119:89 Magpakailanman, O PANGINOON, ang iyong salita ay natatag sa langit.

Mga Awit 119:160 Ang kabuuan ng iyong salita ay katotohanan; at bawat isa sa iyong matuwid na batas ay nananatili magpakailanman.

Isaias 40:8 Ang damo ay natutuyo, ang bulaklak ay nalalanta; ngunit ang salita ng ating Diyos ay mamamalagi magpakailanman.

Isaias 55:10,11 Sapagkat kung paanong ang ulan at ang niyebe ay bumabagsak mula sa langit, at hindi bumabalik doon kundi dinidilig ang lupa, at ito'y pinasisibulan at pinatutubuan, at nagbibigay ng binhi sa maghahasik at pagkain sa kumakain, magiging gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko; hindi ito babalik sa akin na walang bunga, kundi gaganapin ang ayon sa layunin ko, at magtatagumpay sa bagay na kung saan ay sinugo ko ito.

* **Josue 23:14b** At nalalaman ninyo sa inyong mga puso at kaluluwa na walang bagay na nagkulang sa lahat na mga mabuting bagay na ipinangako ng PANGINOON ninyong Diyos tungkol sa inyo; lahat ay nangyari sa inyo, wala kahit isang bagay na nagkulang.

- * **Mateo 24:35** Lilipas ang langit at ang lupa, ngunit hindi kailanman lilipas ang aking mga salita.
1Pedro 1:25 Subalit ang salita ng Panginoon ay nananatili magpakailanman.
- * **Mga Hebreo 4:12** Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy, mabisa, at higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim. Tumatagos ito hanggang sa pagitan ng kaluluwa at ng espiritu, hanggang sa mga kasukasuan at utak sa buto; at may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso.

Ang mga Benepisyo ng pag-alam sa Salita ng Diyos

Sinabi ni Jesus, “Manatili kayo sa akin at ako’y mananatili sa inyo. Hindi makapamumungang mag-isa ang sanga malibang manatili ito sa puno, gayundin naman, hindi kayo makapamumunga malibang manatili kayo sa akin.”(Jn 15:4) Ito ang susi sa isang mabungang buhay Kristiyano—ang pagmamalagi sa Salita!

- * **Juan 8:31b,32** Kung mananatili kayo sa aking salita, kayo ay mga tunay kong alagad, 32 at malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.
Juan 15:5 Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay namumunga nang sagana, sapagkat hindi kayo makagagawa ng anuman kung kayo’y hiwalay sa akin.
- * **Mga Awit 1:3** Siya ay gaya ng isang punungkahoy na itanim sa tabi ng agos ng tubig, na nagbubunga sa kanyang kapanahunan, ang kanyang dahon nama’y hindi nalalanta, sa lahat ng kanyang ginagawa ay nagtatagumpay siya.
- * **Mga Awit 37:31** Ang kautusan ng kanyang Diyos sa puso niya’y taglay, hindi nadudulas ang kanyang mga hakbang.

Mga Awit 19:7 Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagpapanauli ng kaluluwa; ang patotoo ng Panginoon ay tiyak, na nagpapatalino sa kulang sa kaalaman.

Mga Awit 119:9 Paano pananatilihing dalisay ng kabataan ang kanilang daan? Sa pamamagitan ng pag-iingat nito ayon sa iyong salita.

Mga Awit 119:105 Ilawan sa aking mga paa ang salita mo, at liwanag sa landas ko.

- * **Mga Awit 119:165** May dakilang kapayapaan ang mga umiibig sa iyong kautusan, walang anumang sa kanila ay makapagpapabuwal.

Josue 1:8 Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag aalisin sa iyong bibig, kundi ito ay iyong pagbulay-bulayan araw at gabi, upang iyong masunod ang ayon sa lahat ng nakasulat dito; sapagkat kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at magtatamo ka ng tagumpay.

- * **Juan 15:3** Malilinis na kayo dahil sa salitang sinabi ko sa inyo.
- * **Roma 10:17** Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang naririnig ay sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ni Cristo.
- * **2Pedro 1:4** Sa pamamagitan ng mga ito'y ibinigay niya sa atin ang kanyang mga mahahalaga at dakilang pangako upang kayo'y maging kabahagi sa kanyang kalikasan bilang Diyos, yamang nakaiwas na kayo sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pagnanasa.

Job 23:12 Ako'y hindi humiwalay sa utos ng kanyang mga labi; pinagyaman ko ang mga salita ng kanyang bibig sa aking dibdib.

Mga Awit 119:72 Ang kautusan ng iyong bibig ay higit na mabuti sa akinkaysa libu-libong pirasong ginto at pilak.

Juan 15:11 Sinabi ko ang mga ito sa inyo upang mapasainyo ang aking kagalakan, at ang kagalakan ninyo ay maging lubos.

Mga Awit 1:1-3 Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni umuupo man sa upuan ng mga manunuya; kundi nasa kautusan ng Panginoon ang kanyang kagalakan, at nagbubulay-bulay araw at gabi sa kanyang kautusan. Siya ay gaya ng isang punungkahoy na itanim sa tabi ng agos ng tubig, na nagbubunga sa kanyang kapanahunan, ang kanyang dahon nama'y hindi nalalanta, sa lahat ng kanyang ginagawa ay nagtatagumpay siya.

- * **Mga Awit 119:11** Iningatan ko ang iyong salita sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa iyo.

Mag-aral at Magnilay sa Salita ng Diyos

Sinabi ni Jesus, “Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagod at may mabigat na pasanin, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan.” (Mt. 11:28). Ang paraan ng pagbasa ng Salita ng Diyos ay nagtatanim ng katotohanan sa iyong sarili at buhay. Hindi sapat na basta na lang basahin ang mga ito, ngunit kailangan nating magnilay-nilay sa antas na ito ay bubusog sa ating puso. Ang Salita ng Diyos ay isang “libro ng binhi”. Ang lupa ay ang iyong puso, hindi ang iyong ulo. Kunin ang mga buto sa ilalim, kailaliman ng iyong puso na kunakasuap ng Salita. Habang nagbubulay-bulay tayo sa Salita, ang ating pananampalataya ay lumalabong.

Timoteo 4:15 Pag-ukulan mo ng panahon ang pagsasagawa ng mga ito upang makita ng lahat ang iyong paglago.

Mga Kawikaan 4:20-22 Anak ko, makinig ka sa aking mga salita; ikiling mo ang iyong pandinig sa aking mga wika. Huwag mong hayaang sila'y mawala sa paningin mo; ingatan mo sila sa kaibuturan ng iyong puso. Sapagkat

sa mga nakakatagpo sa kanila ang mga ito'y buhay,at kagalangan sa kanilang buong katawan.

- * **Juan 6:63** Ang espiritu ang nagbibigay ng buhay, ang laman ay walang pakinabang; ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay.

Mga Awit 1:2 kundi nasa kautusan ng PANGINOON ang kanyang kagalakan,at nagbubulay-bulay araw at gabi sa kanyang kautusan.

Mga Awit 119:97 O, mahal na mahal ko ang iyong kautusan! Ito'y siya kong binubulay-bulay sa buong araw.

Mga Awit 119:99b sapagkat aking binubulay-bulay ang iyong mga patotoo.

- * **Mga Awit 119:130** Ang paghahayag ng iyong mga salita ay nagbibigay ng kaliwanagan;nagbibigay ng unawa sa walang karunungan.
- * **Mateo 4:4b** 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao,kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos.
- * **2Timoteo 2:15** Pagsikapan mong maging karapat-dapat sa Diyos, isang manggagawang walang anumang dapat ikahiya, at matapat sa pagtuturo ng katotohanan.
- * **1Pedro 2:2** Gaya ng mga sanggol, manabik kayo sa dalisay na gatas espirituwal, upang sa pamamagitan nito ay lumago kayo sa inyong karanasan ng kaligtasan.

Ang pagsunod ay ang Susi~Patay ang Pananampalataya na walang mga Gawa

Sinabi ni Jesus na ang pakikinig sa Kanyang Salita ay hindi magbabago, ngunit sa pagsasagawa ng Kanyang Salita na nagpapagana nito sa ating kapangyarihan (Mt 7:24-27). (Basahin ang "Ang Katapangan ng Katuwiran")

Mateo 7:24-27 Kaya't ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at isinasagawa ang mga ito ay maitutulad ng isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng

bato. Bumuhos ang ulan at bumaha. Lumakas ang hangin at hinampas ang bahay na iyon, ngunit hindi iyon bumagsak, sapagkat nakatayo sa ibabaw ng bato. At ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito, ngunit hindi isinasagawa ang mga ito ay maitutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Bumuhos ang ulan at bumaha. Lumakas ang hangin at hinampas ang bahay na iyon. Nagiba nga ang bahay na iyon at nagkawasak-wasak.

* **Santiago 1:22-25** Maging tagatupad kayo ng salita ng Diyos, at hindi tagapakinig lamang. Kung hindi, dinadaya ninyo ang inyong sarili. Sinumang nakikinig ng salita at hindi tumutupad nito ay katulad ng taong tumitingin sa kanyang mukha sa salamin at pagkatapos makita ang kanyang sarili ay umaalis at kaagad nalilimutan ang kanyang anyo. Subalit ang taong masusing tumitingin at nagpapatuloy sa sakdal na kautusang nagpapalaya sa tao, siya ang pagpapalain ng Diyos sa kanyang mga gawain, kung siya'y tagatupad at hindi lamang tagapakinig na lumilimot ng kanyang narinig.

* **Juan 13:17** Kung alam ninyo ang mga bagay na ito, pinagpala kayo kung ginagawa ninyo ang mga ito.

Isaias 1:19 Kung kayo'y sasang-ayon at magiging masunurin, kayo'y kakain ng mabubuting bagay ng lupain;

Mga Awit 119:34 Bigyan mo ako ng pang-unawa upang aking maingatan ang kautusan mo, at akin itong susundin

* ng buong puso ko.

Juan 14:15 Kung minamahal ninyo ako, susundin ninyo ang aking mga utos.

Juan 14:21,23 Ang nagtataglay ng mga utos ko at tumutupad sa mga ito ay siyang nagmamahal sa akin. At siya na nagmamahal sa akin ay mamahalin ng aking Ama. Mamahalin ko siya at ihahayag ko ang aking sarili sa kanya.” Sumagot si Jesus sa kanya, “Sinumang nagmamahal sa

akin ay tutupad sa aking salita, at mamahalin siya ng aking Ama. Darating kami sa kanya at maninirahan kaming kasama niya.

- * **Juan 15:14** Kayo'y mga kaibigan ko kung sumusunod kayo sa ipinag-uutos ko sa inyo.

Santiago 4:17 Kaya sinumang nakaaalam ng mabuti na dapat niyang gawin ngunit hindi ito ginagawa, ibibilang itong kasalanan niya.

1Juan 2:5 Ngunit ang sinumang tumutupad sa salita ng Diyos, magiging ganap ang kanyang pag-ibig sa Diyos. Sa pamamagitan nito ay matitiyak natin na tayo ay nasa kanya.

2Juan 1:6a At ito ang pag-ibig: tayo'y mamuhay ayon sa kanyang mga utos. At ito ang utos,

- * **1Samuel 15:22, 23a** Ang Panginoon kaya ay may malaking kasiyahan sa mga handog na sinusunog at sa mga alay, gaya ng pagsunod sa tinig ng Panginoon? Tiyak, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki. Sapagkat ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng pangkukulam, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng katampalasanan at pagsamba sa mga diyus-diyosan.

Pagsasaulo ng Salita

Ang pagsasaulo ng Salita ng Diyos ay may malaking naitutulong sa pagbabagko ng ating mga isipan. Kung lalo nating sinasaulo ang kanyang mga salita ito ay magiging Katotohanan ng ating mga puso. Ang mga pangako ay naka-imbak sa puso ang gatong mula sa kung saan ang panalangin ay tumatanggap ng buhay. Kung mas alam mo ang Salita ng Diyos, mas may tiwala ka sa pagdarasal ayon sa Kanyang Salita. Sa parehong paraan, lalo mong naitaga ang kanyang salita sa iyong puso, lalo itong magpapakita sa iyong pagpapatotoo. At ang paggamit ng Salita ng Diyos habang nagsasalita sa iba ang pinaka-epektibo na

pangangasiwa. Alalahanin ang Salita ng Diyos na hindi nasisira na binhi. Hindi ito babalik nang walang katuparan.

(Sa dulo ng handbook na ito ay nagdagdag kami ng isang seksyon na tinatawag na “Memorization” na kinabibilangan ng marami sa mga talata na dapat nating malaman sa puso o maging pamilyar.)

Deuteronomio 11:18a Kaya’t inyong ilalagak ang mga salita kong ito sa inyong puso at sa inyong kaluluwa.

Mga Awit 40:8 Kinaluluguran kong sundin ang iyong kalooban, O Diyos ko;ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.

Mga Awit 119:129 Kahanga-hanga ang mga patotoo mo,kaya’t sila’y iniingatan ng kaluluwa ko.

Mga Awit 119:167 Sinusunod ng aking kaluluwa ang mga patotoo mo;lubos ko silang minamahal.

Mga Kawikaan 4:4 Tinuruan niya ako, at sa akin ay nagwika,“Panghawakan ng iyong puso ang aking mga salita. Tuparin mo ang aking mga utos, at mabubuhay ka.

Mga Awit 119:11 Iningatan ko ang iyong salita sa aking puso,upang huwag akong magkasala laban sa iyo.

IV. ANG PAMUMUHAY NANG MAY MABUTING UGNAYAN SA DIYOS ANG DIWA NG BAGONG TIPAN

Ang Relasyon ng Mananampalataya sa Panginoon

Ang Diyos ay ang ating Ama at ninanais niyang magkaroon tayo ng matalik na relasyon sa bawat isa sa ating, sa atin na kanyang mga anak. Bilang kanyang anak, tayo ay binigyan ng karapatan na patuloy na magkaroon ng komunikasyon sa kanya. Ibinigay niya si Hesus upang tayo ay iligtas at maging isa, kasama siya. Nais niya ang ating pagmamahal at gusto niya na tayo ang unang lalapit sa kanya.

Ang unang paglapit sa Diyos ay nangangahulugan na ito ang higit sa lahat! Bago ang lahat at higit sa anupaman! Nangangahulugan ito na dapat nating unahin ang Diyos sa ating buhay. Ang ating pagmamahal sa kanya ay siyang dapat ang unang pagibig na ating ibinibigay.

Mateo 22:37, 38 At sinabi niya sa kanya, “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. 38 Ito ang dakila at pangunahing utos.

Deuteronomio 6:5 at iibigin mo ang PANGINOON mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas.

Juan 4:24 Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa kanya ay dapat sumamba sa espiritu at katotohanan.”

Mga Awit 34:1-3 Pupurihin ko ang Panginoon sa lahat ng panahon; ang pagpuri sa kanya ay sasaaking bibig nang patuloy. Nagmamapuri sa Panginoon ang aking kaluluwa,

marinig nawa ng mapagpakumbaba at magsaya. O kasama kong dakilain ninyo ang Panginoon, at magkasama nating itaas ang kanyang pangalan!

Mga Awit 63:1-4 O Diyos, ikaw ay aking Diyos; hahanapin kitang maaga, nauuhaw sa iyo ang aking kaluluwa, ang aking laman sa iyo'y nananabik, gaya ng isang tuyo at lupang uhaw na walang tubig. Sa gayo'y tumingin ako sa iyo sa santuwaryo, na minamasdan ang kapangyarihan at kaluwalhatian mo. Sapagkat ang iyong tapat na pag-ibig ay higit na mabuti kaysa buhay, pupurihin ka ng aking mga labi. Sa gayo'y pupurihin kita habang ako'y nabubuhay; itataas ko ang aking mga kamay at tatawag sa iyong pangalan.

Mga Awit 73:25 Anong mayroon ako sa langit kundi ikaw?at liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa.

Mga Awit 119:20 Ang puso ko'y nadudurog sa pananabiksa lahat ng panahon sa mga batas mo.

- * **Mga Kawikaan 8:17** Iniibig ko silang sa akin ay umiibig,at ako'y natatagpuan ng humahanap sa aking masigasig.
- * **Santiago 4:8a** Lumapit kayo sa Diyos, at lalapit siya sa inyo.

2Corinto 6:18 at ako'y magiging ama ninyo,at kayo'y magiging mga anak ko,sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat.

Juan 17:21-23 upang silang lahat ay maging isa, tulad mo, Ama, na nasa akin at ako'y nasa iyo, na sila rin ay mapasatin, upang ang sanlibutan ay maniwala na ako'y isinugo mo. Ang kaluwalhatiang ibinigay mo sa akin ay ibinigay ko sa kanila, upang sila ay maging isa, kung paanong tayo ay iisa. Ako ay nasa kanila at ikaw ay nasa akin, upang lubusan silang maging isa, at malaman ng sanlibutan na isinugo mo ako at minahal mo sila kung paanong minahal mo ako.

- * **Mga Awit 73:25, 26** Anong mayroon ako sa langit kundi ikaw? at liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa. 26 Ang aking laman at ang aking puso ay maaaring manghina, ngunit ang Diyos ang lakas ng aking puso at bahagi ko magpakailanman.
- * **Roma 7:4** Gayundin naman, mga kapatid, namatay na kayo sa Kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Cristo, upang kayo'y maging pag-aari ng iba, sa kanya na muling binuhay, mula sa kamatayan upang tayo'y magbunga para sa Diyos.
- * **2Timoteo 1:12b** Sapagkat kilala ko ang aking sinasampalatayanan, at ako'y nagtitiwalang maiingatan niya hanggang sa araw na iyon ang aking ipinagkatiwala sa kanya.

Kung gaano tayo kamahal ng Diyos

Si Hesus ang pagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos. Mahal na mahal ka ng Diyos kaya't binigyan Niya si Hesus ng isang misyon na may mensahe ng pag-ibig. Hindi sinasabi ng Bibliya na mayroong pag-ibig ang Diyos, subalit ang Diyos mismo ang pag-ibig. Ang pagmamahal ang kanyang kalikasan at ipinakita ito ni Hesus sa atin, siya ang symobolo ng pagmamahal ni Diyos. Ipinakita niya ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng paraan para sa atin. Minahal tayo ng Diyos nang lubos, kaya't ipinadala Niya ang Kanyang bugtong anak upang mamatay bilang kahalili natin. Mahal ka Niya sa tingin mo man ay karapat-dapat ka sa Kanyang pagmamahal o hindi. "Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16). Sinasabi sa Efeso 3 na ang pag-ibig ng Diyos ay napakalawak, mahaba, mataas, at malalim na hindi ito lubos na mauunawaan ng mga tao.

1Juan 3:1 Masdan ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig na ibinigay sa atin ng Ama, upang tayo'y tawaging mga anak ng Diyos; at tayo nga'y kanyang mga anak. Dahil dito, hindi tayo nakikilala ng sanlibutan, sapagkat hindi nito kinikilala ang Diyos.

Jeremias 29:11 Sapagkat nalalaman ko ang aking mga panukala para sa inyo, sabi ng PANGINOON, mga panukala para sa ikabubuti at hindi sa ikasasama, upang bigyan kayo ng kinabukasan at ng pag-asa.

Jeremias 31:3 Ang Panginoon ay nagpakita sa kanya mula sa malayo. Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig, kaya't ipinagpatuloy ko ang aking kagandahang-loob sa iyo.

Isaias 62:5b At kung paanong ang lalaking ikakasal ay nagagalak sa babaing ikakasal, gayon magagalak ang Diyos sa iyo.

* **Juan 14:23** Sumagot si Jesus sa kanya, “Sinumang nagmamahal sa akin ay tutupad sa aking salita, at mamahalin siya ng aking Ama. Darating kami sa kanya at maninirahan kaming kasama niya.

Roma 5:8 Subalit ipinapakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.

Roma 8:17a At dahil tayo'y mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo,

* **Roma 8:38, 39** Sapagkat lubos akong naniniwala na kahit kamatayan o buhay, mga anghel, mga pamunuan, mga bagay na kasalukuyan, mga bagay na darating, maging mga kapangyarihan, kataasan, o kalaliman, o kahit anumang bagay na nilikha ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Galacia 4:5-7 upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa gayo’y matanggap natin ang karapatang maging mga anak ng Diyos. Sapagkat kayo ngayon ay mga anak na ng Diyos, isinugo niya ang Espiritu ng kanyang Anak, ang Espiritung sumisigaw sa atingmga puso, “Ama, aking Ama!” Kaya’t hindi ka na alipin kundi anak. At dahil ikaw ay anak, ikaw ay ginawa na ring tagapagmana sa pamamagitan ng Diyos.

1Juan 4:9 Sa ganitong paraan, nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin: isinugo ng Diyos sa sanlibutan ang kanyang kaisa-isang Anak upang tayo’y mabuhay sa pamamagitan niya.

- * **1Juan 4:19** Tayo ay umiibig sapagkat siya ang unang umibig sa atin.

Efeso 3:16,19 Dalangin ko ayon sa kayamanan ng kanyang kaluwalhatian na pagkalooban kayo ng kapangyarihan upang lumakas ang inyong panloob na pagkatao sa pamamagitan ng kanyang Espiritu, at lubos na maunawaan ang pag-ibig ni Cristo, nang higit sa kayang abutin ng kaalaman, upang kayo’y mapuno ng lubos na kapuspusan ng Diyos.

- * **Pahayag 3:20** Narito ako! Ako’y nakatayo sa may pintuan at kumakatok; sinumang makinig sa aking tinig at magbukas ng pintuan, papasok ako sa kanya at kakaing kasalo niya, at siya’y kasalo ko.

Pananampalataya ~ ang Tanging Daan para Masiyahan ang Diyos

Ang pananampalataya ay higit pa sa isang kaswal na “naniniwala ako”. Ang pananampalataya, ay isang matatag na paninindigan, isang paninindigan ng puso. Ang pananampalataya ay hindi pananampalataya maliban na lamang kung ito ay iyong pinanghahawakan. Ito ay maihalintulad sa lakas ng loob at paninindigan

para sa kung ano ang iyong pinaniniwalaan. Ito ay ang paniniwala kahit hindi mo nakikita. Ang gantimpala ng pananampalataya ay makikita mo kung ano ang iyong pinaniniwalaan. Kung paghaluin mo ang Salita ng Diyos sa iyong pananampalataya at iyong boses, magkakaroon ka ng mabungang buhay. Mahal ng Panginoon ang iyong isipan na alinsunod sa Kanya ng Kanyang Salita, dahil ito ay nagpapakita na ikaw ay may pananampalataya. Magdagdag ng pananampalataya sa Salita ng Diyos, at ikaw ay mapapasiklab sa mga posibilidad ng Diyos para sa iyo. “ Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang naririnig ay sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ni Cristo. “ (Ro10:17). Ang salitang pagdinig ay nagmula sa salitang Griyego. Ang unang salita ay tumutukoy sa pandinig, ngunit ang pangalawang “pagdinig” sa Griyego ay tumutukoy sa isang aksyon, tulad ng pagdinig, paggawa.

Gumawa si Jesus ng malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng mga nakikinig lamang at sa mga gumaganap sa kanilang pananampalataya. Nilinaw niya na maliban kung GINAGAWA mo ang Salita, babagsak ang iyong bahay (Mt 7:24-27). At sinabi ni Santiago, “Sapagkat kung paanong ang katawang walang espiritu ay patay, ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay.” (Jam2:26). Maging aktibo upang mabuhay. Ang pananampalataya ay kumikilos. At inilalagay ka nito sa tamang posisyon upang makatanggap mula sa Diyos.

- * **Mga Hebreo 11:6** At kung walang pananampalataya, hindi maaaring malugod ang Diyos sapagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang nagbibigay-gantimpala sa mga nagnanais maglingkod sa kanya.
- * **Santiago 2:26** Sapagkat kung paanong ang katawang walang espiritu ay patay, ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay.

Mga Hebreo 4:2b ngunit ang salitang narinig nila’y hindi nila pinakinabangan, sapagkat hindi nila sinamahan ng pananampalataya ang kanilang pakikinig.

* **Mga Hebreo 11:1** Ngayon, ang pananampalataya ay pagiging tiyak sa mga bagay na inaasahan at paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.

* **Mateo 9:29b** “Mangyari sa inyo ang inyong pinaniniwalaan.
Juan 20:27b Huwag kang mag-alinlangan, sa halip, maniwala ka.

* **Roma 4:20,21** Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang pinatatag ng kanyang pananampalataya habang niluluwalhati niya ang Diyos. Lubos na nagtiwala si Abraham na kayang tuparin ng Diyos ang kanyang ipinangako.

* **Roma 10:17** Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang naririnig ay sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ni Cristo.

Roma 12:3b ituring ninyo ang inyong sarili ayon sa sukat ng pananampalatayang ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa sa inyo.

* **Roma 14:23b** Ang anumang hindi batay sa paniniwala ay kasalanan.

* **2 Corinto 5:7** Sapagkat lumalakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng aming nakikita.

2Corinto 4:18 Kaya’t ang paningin namin ay nakatuon sa mga bagay na di-nakikita, at hindi sa mga bagay na nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di-nakikita.

Mga Hebreo 10:23 Matatag nating panghawakan ang pag-asa na ating ipinapahayag, yamang siya na nangako ay tapat.

Mga Hebreo 10:35 Kaya't huwag ninyong sayangin ang inyong pagtitiwala sa Diyos, sapagkat nagdudulot ito ng dakilang gantimpala.

Mga Hebreo 10:38 Ngunit ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya.

Kung siya'y tumalikod, hindi malulugod sa kanya ang aking kaluluwa.

Mga Hebreo 12:2 Ituon natin kay Jesus ang ating paningin, sa kanya na nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, ipinagwalang-bahala niya ang kahihyan nito, at ngayo'y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.

- * **Santiago 1:6-8** Ngunit ang humihingi ay dapat magtiwala at huwag mag-alinlangan, sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na hinihipan ng hangin at itinataboy kahit saan. Huwag isipin ng taong iyon na tatanggap siya ng anumang galing sa Panginoon. Ang taong iyon ay nagdadalawang-isip, di-tiyak sa lahat ng kanyang dinaraan.
- * **2Timoteo 2:13** kung tayo ma'y hindi nanatiling tapat, siya'y nananatiling tapat; sapagkat hindi niya magagawang ikaila ang kanyang sarili.
- * **1Juan 5:4** Sapagkat ang sinumang anak na ng Diyos ay nagtatagumpay sa sanlibutan. At ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanlibutan, ang ating pananampalataya.
- * **Job 13:15a** Bagaman ako'y patayin niya, ako'y aasa pa rin sa kanya.
- * **Pahayag 3:11b** manindigan ka sa anumang nasa iyo, nang sa gayon ay walang makaagaw ng iyong korona.
- * **Efeso 5:16** Lubos ninyong gamitin ang pagkakataon, sapagkat ang mga araw ay masasama.

- * **Mga Kawikaan 3:5,6** Sa PANGINOON ay buong puso kang magtiwala, at huwag kang manalig sa sarili mong pang-unawa. Sa lahat ng iyong mga lakad siya'y iyong kilalanin, at itutuwid niya ang iyong mga landasin.

Matibay na Pananampalataya~Oras ng Paghihintay sa Diyos

Bagama't ang pananampalataya ay kalugud-lugod sa Diyos, kapag ito ay pinagsasama-sama sa ilang mga katangian, ito ay nakakakuha ng lakas. Nasusubok ang pananampalataya kapag minsan hindi agad natin nakikita ang sagot na inaasam. Ang paghihintay ay talagang magandang bagay. Ang pagkaantala ay hindi pagtanggì. Ang "Hindi" ay hindi katulad ng "hindi pa".

Ang pagkaantala ay pagsubok sa lakas ng pananampalataya dahil ang pananampalataya ay nagtitipon ng momentum at lakas sa pagtitiyaga. Alam ng pananampalataya mula sa simula na "anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at mangyayari nga iyon sa inyo." (Mc 11:24). Kapag ang pananampalataya ay ipinares sa tiyaga ito ay nagiging mapagpasensya.

Ang tunay na pananampalataya ay ang pagpapaubaya ng buong bigat sa kalooban ng Diyos, dahil alam natin na walang anino ng pag-aalinlangan sa Kalooban ng Diyos, gaya ng Kanyang mga ipinangako. "Binibigyan mo ng lubos na kapayapaan ang mga may matatag na paninindigan at sa iyo'y nagtiwala." (Is 26:3).

Iniiisip natin na tayo ay may pananampalataya, ngunit hindi natin malalaman ang tibay ng ating pananampalataya hangga't hindi tayo nasusubok. Ang pananampalataya ay hindi maaaring maging ulo lamang ng kaalaman. Maraming espirituwal na labanan ang sumasalungat sa "tagapaghintay" ng Diyos dahil nandoon si Satanas na masipag na magdulot sa atin ng pag-aalinlangan at takot na hindi darating ang sagot. Ngunit ang ating pagtitiis ay

patuloy na pananampalataya. Ito ay pananampalatayang makakalampas sa diyablo. Misan tayo ay nagdarasal ubang madagdagan ang ating pananampalataya, ngunit paminsan hindi pananampalataya ang kailangan natin, ngunit ang iba pang mga katangian ng pananampalataya; pagpupursige, pagtitiis, pasensya, tiyaga at pagtitiwala.

Kapag naunawaan natin ang kalikasan ng pananampalataya, tulad ng isang binhing itinanim sa ating puso, maaari nating hayaan itong tumubo patungo sa mga ipinangakong pagpapala habang ito ay umuunlad sa iba't ibang yugto ng paglago nito. Kapag naitanim na sa ating puso, ang pananampalataya ay magiging matiyaga, matibay, at mapagtiwala; katulad sa isang buto na magbabago sa iba't ibang anyo habang ito ay lumalaki. "Ang lupa ang nagpapasibol at nagpapabunga sa mga pananim; usbong muna ang lumilitaw, saka ang tangkay; pagkatapos, nahihitik ito sa butil." (Mc 4:28). Lahat ng iyon ay nangangailangan ng oras.

Ngunit sa buong proseso ng pagbabago nito, ang pananampalataya ay patuloy na nagpapakita ng liwanag . Kung mas matagal ang paghihintay, mas malaki ang pag-asam.

Kung ikaw ay magsasaya kapag nakuha mo na ang sagot, bakit hindi simulan ang pagsasaya ngayon. Maaari kang magsimulang magpuri kahit na sa oras ng paghihintay. Ang papuri ay may kapangyarihan upang ipahayag ang pagnanais na humihiling na mabuhay "kung ano sila" (Ro4:17). Iyon ang dahilan kung bakit mahalaga pagkatapos nating manalangin na huwag mag-alinlangan, huwag sabihing, "Aba, hindi ito gumana." Kailangan mong iwanan ang binhing iyon sa lupa para magawa nito ang kanyang tungkulin, at magtiwala sa kapangyarihan ng binhi, upang ito ay magbunga.

Alam nating lahat kung gaano kahirap ang "maghintay sa Panginoon". Gayunpaman, kapag naunawaan natin kung paano lumalago at umuunlad ang pananampalataya, mas

madaling maunawaan ang oras ng paghihintay sa Diyos. Maraming mga santo ang gumugol ng oras sa silid ng paghihintay ng Diyos; Joseph (13 taon), Abraham (100 taon), Moses (40 taon). Ang Diyos ay hindi gumagawa sa parehong orasa gaya ng ginagawa natin, ngunit tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako. Itinaya Niya ang Kanyang reputasyon sa kanila.

Ang paghihintay sa mahalagang bahagi ng pananalig. Sa aklat ng Hebreo ay nagsasabi, “Ang mga tao noong unang panahon ay kinalugdan ng Diyos.” (Heb11:2), kahit na hindi nila aktwal na nakita ang pangako. Ngunit dahil hindi sila nagdududa na sasagot ang Diyos, natanggap nila ang pangako gayunpaman. Ang susi sa matiyagang pananampalataya ay kumilos na parang narito na ang sagot habang naghihintay ka pa lamang.

Ang pananampalataya ay nadagdagan sa tulong ng pagtitiyaga. Ito ay isang paniniwala na ang iyong pananampalataya ang siyang nagbibigay lakas ubang ikaw ay maging mapagpasensya. Sabi ng Bibiliya “At kung walang pananampalataya, hindi maaaring malugod ang Diyos sapagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang nagbibigay-gantimpala sa mga nagnanais maglingkod sa kanya.” (Heb 11:6).

Walang lugar ang pag-aalinlangan sa pananampalataya dahil “kung walang natitinag na pananampalataya, imposibleng mapalugdan ang Diyos”. Ang matibay na pananampalataya ay nagpapakita na ang Diyos ay ating pinagkakatiwalaan. Matibay ang ating paniniwala sa kanyan, na nag-uugat sa pag-ibig at ang Diyos ay higit na nasisiyahan, kapag handa tayong magtiwala sa Kanya.

Ang tiwala ay ang pananampalatayang nasusubok sa pamamagitan ng pagtitiis. Ang panloob na pananalig na iyon ang nagpapabago sa sangkap ng pag-asa sa katotohanan ng pagkatotoo ng ating mga minimithi “Ngayon, ang pananampalataya ay pagiging tiyak sa

mga bagay na inaasahan at paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.” (Heb 11:1). Ang mga bundok ng kahirapan, hadlang at pag-aalinlangan ay maaalis sa pamamagitan ng patuloy na pananampalataya, tiwala at malakas na pagtitiyaga. Iyan ay kapag nakikita natin ang pagkabuhay ng ating mga kahilingan. Tandaan kung ano ang sinabi ni Jesus kay Thomas, “ “Naniwala ka ba dahil nakita mo ako? Mapapalad ang mga hindi nakakita subalit sumasampalataya.”(Jn20:29).

Roma 12:12 Magalak kayo sa pag-asa, maging matiisin sa pagdurusa, at maging matiyaga sa pananalangin.

Mga Awit 31:15 Ang aking mga panahon ay nasa iyong kamay; iligtas mo ako sa mga umuusig sa akin at sa kamay ng aking mga kaaway!

Mga Awit 130:5 Ako’y naghihintay sa PANGINOON, naghihintay ang aking kaluluwa,at sa kanyang salita ako ay umaasa.

- * **Galacia 6:9** Kaya’t huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo panghihinaan ng loob.

Mga Awit 27:14 Maghintay ka sa Panginoon; magpakalakas ka at magpakatampang ang iyong puso;oo, maghintay ka sa Panginoon!

Mga Awit 30:5b Maaaring magtagal nang magdamag ang pag-iyak, ngunit sa kinaumagahan ay dumarating ang galak.

Mateo 24:13 Ngunit ang matirang matibay hanggang wakas ay maliligtas.

Roma 8:24 Iniligtas tayo dahil sa pag-asang ito. Ngunit hindi na matatawag na pag-asa kung nakikita na natin ang ating inaasahan. Sinong tao ang aasa pa sa bagay na nakikita na?

Roma 5:2-4 Sa pamamagitan din niya ay nabuksan ang daan upang tamasahin natin ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Dahil dito ay nagagalak tayo, dahil na rin sa pag-asang makikibahagi tayo sa kaluwalhatian ng Diyos. At hindi lamang iyan. Nagagalak din tayo sa mga pagdurusang ating nararanasan, sapagkat alam nating ang pagdurusang ay nagbubunga ng pagtitiyaga. Ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng katatagan, at ang katatagan ay nagdudulot ng pag-asa.

Eclesiastes 7:8 Mas mabuti ang wakas ng isang bagay kaysa pasimula nito; ang matiising espiritu ay mas mabuti kaysa palalong espiritu.

Mga Awit 18:30 Tungkol sa Diyos—sakdal ang lakad niya; ang salita ng PANGINOON ay subok na; siya’y kalasag ng lahat na nanganganlong sa kanya.

Mga Awit 27:14 Maghintay ka sa Panginoon; magpakalakas ka at magpakatayang ang iyong puso; oo, maghintay ka sa Panginoon!

Santiago 5:7-8 Kaya magtiyaga kayo, mga kapatid, hanggang sa pagdating ng Panginoon. Masdan ninyo kung paano hinihintay ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa at kung gaano siya katiyaga hanggang sa pagpatak ng una at huling ulan. Dapat din kayong maging matiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob sapagkat malapit na ang pagdating ng Panginoon.

Mga Awit 130:5 Ako’y naghihintay sa Panginoon, naghihintay ang aking kaluluwa, at sa kanyang salita ako ay umaasa;

Mga Panaghoy 3:24-26 Ang Panginoon ay aking bahagi,” sabi ng aking kaluluwa; “kaya’t ako’y aasa sa kanya. Ang Panginoon ay mabuti sa kanila na naghihintay sa kanya, sa kaluluwa na humahanap sa kanya. Mabuti nga na ang tao ay tahimik na maghintay para sa pagliligtas ng Panginoon.

Ang mga Nananampalataya ay Binibigyan ng Buong Awtoridad ni Kristo

Sapagkat sa pamamagitan ni Hesus, tayo ay naging mga Anak ng Diyos, sa ganoon, tayo nganon ay nakikibahagi sa kanya sa mga parehong mana ni Hesus bilang anak ng Diyos. Kasama na rito ang parehong awtoridad at kapangyarihan na mayroon si Hesus upang dalhin ang kalooban ng Diyos sa lupa tulad ng sa langit, at sirain ang mga gawa ng diyablo. Siya ay nabubuhay sa atin, at ang Kanyang kapangyarihan ay kumikilos sa pamamagitan natin. Binigyan tayo ng Kanyang pangalan upang gamitin ito upang kumilos at gumawa bilang kanyang kahalili dito sa mundo sa pamamagitan ng kanyang awtoridad.

1Juan 3:8b Ito ang dahilan na nahayag ang Anak ng Diyos: upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.

Mateo 16:19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit, at anumang iyong talian sa lupa ay ang natalian na sa langit; at anumang iyong kalagan sa lupa ay ang nakalagan na sa langit.

* **Lucas 1:37** Sapagkat sa Diyos ay walang imposible.

Lucas 18:27 Ang mga bagay na hindi kayang gawin ng tao ay kayang gawin ng Diyos, tugon ni Jesus.

* **Juan 15:7** Kung nananatili kayo sa akin, at ang mga salita ko'y nananatili sa inyo, hilingin ninyo anumang ibig ninyo, at ito'y ipagkakaloob sa inyo.

Mateo 28:18b Naibigay na sa akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa.

Juan 14:12, 13 Tinitiyak ko sa inyo, ang sumasampalataya sa akin ay makagagawa rin ng mga bagay na ginagawa ko, at higit pa sa mga ito ang magagawa niya sapagkat ako'y pupunta sa Ama. Gagawin ko anumang hilingin ninyo

sa aking pangalan, upang ang Ama ay maluwalhati sa pamamagitan ng Anak.

Genesis 1:26 Sinabi ng Diyos, “Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.

Mga Awit 8:6 Binigyan mo siya ng kapamahalaan sa mga gawa ng iyong mga kamay; sa ilalim ng kanyang mga paa ay inilagay mo ang lahat ng mga bagay.

- * **Marcos 9:23** Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung magagawa mong sumampalataya, mangyayari ang lahat sa sinumang may pananampalataya.

Juan 16:23, 24 Sa araw na iyon, hindi na kayo hihingi pa sa akin ng anuman. Tinitiyak ko sa inyo, kung hihingi kayo sa Ama ng anuman sa aking pangalan, ibibigay niya sa inyo. 24 Hanggang ngayon hindi pa kayo humihingi ng anuman sa aking pangalan. Humingi kayo at kayo’y tatanggap upang ang inyong kagalakan ay maging ganap.

Efeso 1:19-22 at ang walang kapantay na kadakilaan ng kanyang kapangyarihan para sa ating mga sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kanyang makapangyarihang lakas. Isinagawa niya ito kay Cristo, nang siya’y kanyang muling buhayin mula sa kamatayan, at iluklok sa kanyang kanan sa kalangitan, na mas mataas kaysa lahat ng mga pamunuan, mga awtoridad, kapangyarihan, at pamamahala, at mas dakila sa bawat pangalan na maaaring ibigay kaninuman, hindi lamang sa panahong ito, kundi maging sa darating. At ipinasakop ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat para sa iglesya.

- * **Efeso 3:20** Ngayon, sa kanya na may kapangyarihang gumawa ng higit pa at lalong sagana kaysa lahat ng ating

hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang kumikilos sa atin.

Filipos 2:9-11 Kaya naman siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at ginawaran ng pangalang higit namataaskaysa lahat ng pangalan; upang sapangalanni Jesus ang bawat uhod ay lumuhod, ang mganasalangit, nasalupa, at nasailalim ng lupa, at ipahayag ng bawat bibignasi Jesu-Cristo ay Panginoon, saikaluluwalhati ng Diyos Ama.

Pagpaparangal sa Diyos sa Lahat ng Ating Makakaya

Ang pagpaparangal sa Diyos ay ang paggalang sa Kanya, o kung ano ang tinatawag ng Bibliya na “takot sa Diyos”, paggalang sa Kanya para sa kanyang kabuohan; kabutihan at sa Kanyang kasindak-sindak na katauhan. Samakatuwid, dapat nating katakutan at parangalan Siya bilang ating Ama, ating Manlilikha, ating Diyos; ang bukod tangi at makapangyarihang Diyos.

Deuteronomio 10:12b Ano ba ang hinihingi sa iyo ng PANGINOON mong Diyos? Kundi matakot ka sa PANGINOON mong Diyos, lumakad ka sa lahat ng kanyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglingkuran mo ang PANGINOON mong Diyos ng buong puso at ng buong kaluluwa mo,

1 Samuel 12:24 Matakot lamang kayo sa PANGINOON, at maglingkod kayo nang tapat sa kanya ng inyong buong puso. Alalahanin ninyo ang mga dakilang bagay na kanyang ginawa sa inyo.

Mga Awit 25:14 Ang pakikipagkaibigan ng PANGINOON ay para sa mga natatakot sa kanya, at ang kanyang tipan ay ipinaalam niya sa kanila.

Mga Awit 31:19a O napakasagana ng kabutihan mo, na iyong inilaan para sa mga natatakot sa iyo,

Mga Awit 103:11 Sapagkat kung paanong ang mga langit ay mataas kaysa lupa,ang kanyang tapat na pag-ibig sa mga natatakot sa kanya ay gayon kadakila!

* **Mga Awit 111:10a** Ang pagkatakot sa PANGINOON ay pasimula ng karunungan.

Mga Awit 147:11 ngunit ang PANGINOON ay nalulugod sa mga natatakot sa kanya,sa kanyang tapat na pag-ibig ay umaasa.

Mga Kawikaan 1:7a Ang takot sa PANGINOON ang pasimula ng kaalaman;

Mga Kawikaan 8:13a Ang takot sa PANGINOON ay pagkamuhi sa kasamaan.

Mga Kawikaan 14:26, 27 Sa takot sa PANGINOON ang tao’y may pagtitiwalang matibay,at ang kanyang mga anak ay magkakaroon ng kanlungan. Ang takot sa PANGINOON ay bukal ng buhay,upang makaiwas ang tao sa mga bitag ng kamatayan.

Lucas 1:50 Kanyang pagkahabag, lahat ng salinlahi ang abotsa lahat ng sa kanya tunay na may takot.

Mga Gawa 10:35 Kinalulugdan niya ang sinuman mula sa bawat bansa na may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid.

Pagpapahinga sa Panginoon~Ang Tunay Sabbath

Lahat tayo ay nangangailangan ng maraming tahimik na oras kasama ang Panginoon upang makapagpapahinga at muling buo. Ang sikreto sa kalmado, mapayapa, at matiyagang pagpapahinga ay ang pagtitiwala sa Panginoon. Walang mas mahalaga pa sa pagpapahinga kasama ang panginoon sa kaitaasan. Kaya niyang lutasin ang lahat ng iyong mga problema sa isang maliit na sulyap. Maaari niyang i-refresh ang iyong buong espiritu sa isang

Juan 4:34 Sinabi ni Jesus sa kanila, “Ang pagkain ko'y gawin ang kalooban niya na nagsugo sa akin, at tuparin ang kanyang gawain.

- * **Roma 6:13a** Huwag na rin ninyong ialay sa kasalanan ang anumang bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan sa paggawa ng kasamaan. Sa halip, ialay ninyo ang inyong sarili sa Diyos.

1Pedro 5:7 Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang lahat ng inyong kabalisanhan sapagkat siya'y nagmamalasakit sa inyo.

* **Santiago 4:7** Kaya't pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo, at siya ay tatakbo palayo sa inyo.

Mga Awit 27:11 Ituro mo sa akin, O PANGINOON, ang iyong daan, akayin mo ako sa patag na landasdahil sa aking mga kaaway.

Pagpapalaki ng mga Bata ay “Pagdidisipulo”

Ang pagpapalaki sa mga anak ay isa sa pinakadakilang responsibilidad na ibinigay ng Diyos sa tao. Bilang mga Kristiyano, ang responsibilidad na iyon ay higit na mahalaga dahil sa iyong pananagutan sa pag-alam sa katotohanan ng Kanyang Salita. pagkakataong hubugin ang buhay ng kanilang mga anak sa buhay na halimbawa ng isang anak ng Diyos. Nangangailangan ng pare-pareho, disiplina, pasensya, pagtitiis at halos lahat ng iba pang regalong bigay ng Diyos upang makamit ang gawain. Napakahirap na disiplinahin (sanayin) ang mga bata upang gabayan at hubugin ang mga ito sa kung ano ang dapat nilang maging sa Panginoon, ngunit ang mga bunga ay walang hanggang gantimpala, alam na ang ating mga anak ay malakas sa mga pagpapahalaga, prinsipyo, katotohanan at pag-ibig ng Diyos.

Ang mga magulang ay tunay na gantimpala. Maliban sa kanilang medalya, hindi man nakapaligid sa kanilang leeg; ito ay nasa paligid ng kanilang puso. Nagagawa nilang pahalagahan ang lahat ng potensyal na pinaniniwalaan nila at nagbayad ng napakalaking halaga. Ito ang hindi mabilang na oras ng pagsasakripisyo at pagsasanay na nagiging tungo sa kaluwalhatian para sa isa (mga) ibinigay nila ang lahat. Ngunit ginawa ng Diyos na may higit na kapaki-pakinabang na pagbibigay kaysa sa pagtanggap. “Pakatandaan ninyo: hangga't hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito'y mamatay, mamumunga ito nang sagana.

(Juan 12:24). Ang pagiging magulang ang pinakamahirap na gampanin sa buhay ng isang tao, dahil ito ay patuloy na nagsasakripisyo at ang pagpapakamatay sa sarili para sa kapakanan ng mga anak. Ang kanilang katuparan ay nasa masayang mukha ng kanilang mga anak. Kaya naman “pagdidisiplina” ang pagsasanay. Ito ay kilos ng pagbuo at pagsasanay ng isang NAGWAGI. Hindi ka magkakaroon ng masayang anak kung walang disiplina. Kapag ang bata ay walang hangganan, siya ay nalilito at hindi magiging masunurin. Habang ang pagdidisiplina ay isang patuloy na pagmamasid sa pagsasanay, hindi pagdidisiplina sa bata ang maaaring magresulta sa labis na sakit. Ang presyo ng panghihinayang ay palaging mas malaki kaysa sa presyo ng disiplina. Dapat bilangin ng mga magulang ang mga ito mula sa simula.

3Juan 4 Wala nang hihigit pa sa kagalakan kong ito, na mabalitaang ang mga anak ko ay namumuhay sa katotohanan.

Mateo 18:5, 6, 10a At sinumang tumatanggap sa isang batang tulad nito dahil sa pangalan ko ay ako ang tinatanggap. Ngunit sinumang maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na sumasampalataya sa akin, mas mabuti pa sa taong iyon na bitinan ang kanyang leeg ng isang malaking batong gilingan, at siya’y lunurin sa kailaliman ng dagat. “Mag-ingat kayo na huwag ninyong hamakin ang isa man sa maliliit na ito sapagkat, sinasabi ko sa inyo.

- * **Mga Awit 127:3-5a** Narito, ang mga anak ay pamanang sa Panginoon nagmula, ang bunga ng sinapupunan ay isang gantimpala. Gaya ng mga palaso sa kamay ng mandirigma, ay ang mga anak sa panahon ng pagkabata. Maligaya ang lalaki na ang kanyang lalagyan ng pana ay punô ng mga iyon!

Mga Awit 144:12 Ang amin nawang mga anak na lalaki sa kanilang kabataan ay maging gaya ng mga halaman sa hustong gulang, at ang aming mga anak na babae ay parang mga panulok na bato na tinabas para sa gusali ng isang palasyo;

Mga Kawikaan 17:6 Ang mga apo ay korona ng matatanda, at ang kaluwalhatian ng mga anak ay ang mga magulang nila.

Mga Kawikaan 20:7 Ang taong matuwid na lumalakad sa katapatan niya mapapalad ang kanyang mga anak na susunod sa kanya!

* **Eclesiastes 8:11** Sapagkat ang hatol laban sa masamang gawa ay hindi agad isinasagawa, kaya't ang puso ng mga tao ay lubos na nakatuon sa paggawa ng kasamaan.

Mga Awit 34:11 Halikayo, mga anak, pakinggan ninyo ako, ang takot sa PANGINOON ay ituturo ko sa inyo.

Mga Awit 119:9 Paano pananatilihing dalisay ng kabataan ang kanilang daan? Sa pamamagitan ng pag-iingat nito ayon sa iyong salita.

Mga Kawikaan 3:12 Sapagkat sinasaway ng PANGINOON ang kanyang minamahal, gaya ng ama sa anak na kanyang kinalulugdan.

Mga Kawikaan 8:32, 33 At ngayon, mga anak ko, ako'y inyong pakinggan, mapapalad ang nag-iingat ng aking mga daan. Makinig kayo sa turo, at magpakatalino, at huwag ninyong pababayaang ito.

Mga Kawikaan 13:1 Ang turo ng ama'y dinirinig ng matalinong anak, ngunit hindi nakikinig sa saway ang manlilibak.

Mga Kawikaan 13:24 Ang hindi gumagamit ng pamalo ay napopoot sa anak niya, ngunit ang umiibig sa kanya ay matiyagang dumidisciplina.

* **Mga Kawikaan 22:6** Sanayin mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at kapag tumanda na siya ay hindi niya ito tatalikuran.

* **Mga Kawikaan 22:15** Nakabalot sa puso ng bata ang kahangalan, ngunit inilalayo ito sa kanya ng pamalo ng pagsaway.

Mga Kawikaan 29:15 Ang pamalo at saway ay nagbibigay ng karunungan, ngunit ang batang pinababayaan, sa kanyang ina ay nagbibigay-kahihyan.

* **Isaias 54:13** Lahat ng iyong anak ay tuturuan ng PANGINOON; at magiging malaki ang kasaganaan ng iyong mga anak.

* **Juan 10:11b** Ang mabuting pastol ay nag-aalay ng kanyang buhay para sa mga tupa.

Efeso 6:1-4 Kayong mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang sang-ayon sa Panginoon, sapagkat ito ay nararapat. “Igalang mo ang iyong ama at ina”—ito ang unang utos na may pangako, “upang lumigaya ka at humaba ang iyong buhay sa ibabaw ng lupa.” Kayong mga ama, huwag ninyong itulak sa galit ang inyong mga anak, sa halip ay palakihin ninyo sila sa disiplina at pangaral ng Panginoon.

Mga Hebreo 12:9-11 Bukod dito, tayo bilang tao ay mayroong mga magulang na dumidisciplina sa atin, at sila’y ating iginagalang. Hindi ba dapat na tayo’y lalong pasakop sa Ama ng mga espiritu upang tayo’y mabuhay? Dinidisciplina tayo ng ating mga magulang sa maikling panahon ayon sa kung ano ang sa tingin nila ay mabuti sa atin. Gayundin naman, dinidisciplina tayo ng Diyos para sa ikabubuti natin, upang tayo’y maging banal ding katulad niya. Lahat ng disiplina habang dinaranas ay tila hindi kanais-nais kundi masakit; subalit pagkatapos, ito ay

magdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran sa mga sinanay dito.

- * **Mga Hebreo 12:6,11** sapagkat ang minamahal ng Panginoon ay kanyang itinutuwid, at ang bawat itinuturing na anak ay hinahagupit. Lahat ng disiplina habang dinaranas ay tila hindi kanais-nais kundi masakit; subalit pagkatapos, ito ay magdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran sa mga sinanay dito.
- * **Mga Kawikaan 15:32** Siyang tumatanggi sa turo ay humahamak sa sariling kaluluwa, ngunit siyang nakikinig sa pangaral ay nagtatamo ng unawa.

Mga Kawikaan 16:6 Sa pamamagitan ng katapatan at katotohanan ay napagbabayaran ang kalikuan, at sa pamamagitan ng takot sa PANGINOON, ay umiiwas ang tao sa kasamaan.

Colosas 3:20 Mga anak, sumunod kayo sa inyong mga magulang sa lahat ng mga bagay, sapagkat ito'y kasiyansiya sa Panginoon.

1Timoteo 4:12 Huwag mong hayaang hamakin ka ng sinuman dahil sa iyong kabataan. Sa halip, maging halimbawa ka ng lahat ng mga mananampalataya sa iyong salita, ugali, pag-ibig, pananampalataya at dalisay na pamumuhay.

VII. ANG PAGWAWAGI SA ESPIRITUWAL NA DIGMAAN

Sa sandaling ikaw ay ipininganak nang muli, ikaw ay nakasali na sa panalong panig! Si Hesus ay nagtagumpay sa bawat pamunuan(Col2:15). Siya ang pangalan sa itaas ng lahat ng pangalan. Ito ang dahilan kung bakit ang isang Kristiyano ay kailangang lumakad nang may tagumpay, hindi patungo sa tagumpay kundi mula sa tagumpay na naipanalo na ni Kristo. Ang pagkapanalo sa espirituwal na pakikidigma ay may kinalaman sa kung sino tayo kay Kristo. Hindi lamang Siya nagwagi, ngunit tiniyak Niya na magkakaroon tayo ng kapangyarihan at awtoridad na manalo sa bawat tagumpay, at talunin ang diyablo tulad ng ginawa Niya. Tayo ay may abilidad upang manalo, ngunit kailangan natin gamitin ang ating mga armas upang talunin ang kalaban. Inihahambing tayo ng Bibliya sa mga mandirigma. Kailangang maging handa ang mga sundalo na isuko ang kanilang kalayaan upang mapangalagaan ang kalayaan ng iba. Ang pagsasakripisyo ay bahagi ng pagpapalakas ng ating pagkatao bilang mga disipulo. Sinabi ni Apostol Pablo, “Makihati ka sa mga paghihirap tulad ng isang mabuting kawal ni Cristo Jesus.” (2Tim 2:3).

Ang buhay Kristiyano ay isang digmaan; isang matinding labanan na isinagawa laban sa matitinding kalaban na laging naghahangad ng bitagin, linlangin at sirain ang mga kaluluwa ng mga tao. Hinihingi nito ang buo at tuloy tuloy na espirituwal na enerhiya laban sa di-nakikitang mga kaaway, upang maging ‘higit pa sa isang mananakop’. (Tingnan ang Ro 8:37). Ang isang aktibong Kristiyano ay dapat magtiis sa kahirapan bilang isang mabuting sundalo. Ito ay mahalagang bahagi sa pagkapanalo; ito ay nangangailangan ng patuloy na pagbabantay. Nakikipagbuno tayo sa masasamang espiritu sa matataas na lugar. (Tingnan ang Efe 6:12). Ang disiplina, pagkamapagtiis, kahirapan at determinasyon ay nabibilang sa militar na pamumuhay ng Kristiyanismo.

Tayo ay tinawag upang sirain ang mga gawain ni Satanas, hindi upang mabuhay kasama ng mga ito. Ang walang hanggang pagbantay ay ang kabayaran ng tagumpay. “Kung magagalit man kayo, iwasan ninyo ang kayo’y magkasala. Huwag ninyong hayaang lumubog ang araw na galit pa rin kayo.” (Efe 4:26). “Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, humiling at sumamo sa patnubay ng Espiritu. Lagi kayong maging handa, at patuloy na ipanalangin ang lahat ng hinirang ng Diyos.” (Efe 6:18). Hindi ka matatalo hangga’t hindi ka sumusuko. Karamihan sa mga tao ay nawawalan ng kanilang himala bago pa ito dumating. Hindi mananalo ang kalaban hangga’t hindi ka sumusuko.

Ang Digmaan ay Nasa Isip ~ Pagbabago ng Isip

The Ang digmaan natin laban sa ating kalaban ay nagsisimula sa ating isip at damdamin. Kahit na tayo ay niligtas at pinanganak muli, mayroong labanan sa pagitan ng ating espirituwal na karapatan at pisikal na karapatan. Alam ng demonyo na wala na siyang maaring gawin sa ating gma Espiritu dahil ito ay nakalaan na para kay cristo. 44 Kayo ay mula sa inyong amang diyablo, at ang hangarin ninyo ay gawin ang mga gusto ng ama ninyo. Siya ay mamamatay-tao mula pa sa simula, at hindi naninindigan sa katotohanan sapagkat walang katotohanan sa kanya. Kapag siya ay nagsisinungaling, nangungusap siya ayon sa kanyang kalikasan, dahil siya ay sinungaling at ama ng kasinungalingan. (Juan 8:44). Ginagamit niya ang ating isip upang kontrolin ang ating mga kilos. Ang kanyang layunin ay maalis sa ating isipan ang pangako ng Diyos. 15 Hinahatulan naman ng taong espirituwal ang lahat ng mga bagay, at hindi siya hinahatulan ng sinuman. (1 Corinto 2:15). Sa Salita ng Diyos, maaari tayong makipagdigma laban sa mga pag-atake ng kaaway sa ating isipan at matutong palitan ang mga kasinungalingan sa katotohanan

ng Diyos. Ang isip ng tao ay hindi nilikha para mag-isip ng masasama. Kapag nag-iisip ka ng masama gaya ng galit, pait, hindi pagpapatawad, atbp., hindi mapoproseso ng iyong isip ang mga kaisipang ito nang maayos at masisira mo ang sinusubukan mong buuin. Sinabi ni Apostol Pablo, “8 Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na totoo, anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kanais-nais, anumang bagay na kahanga-hanga, kung may anumang kahusayan, at kung may karapat-dapat parangalan, ang mga bagay na ito ang isipin ninyo.” (Phil 4:8).

Sa totoo lang, walang magagawa si Satanas sa iyo nang walang pahintulot. Maaari lamang niyang gamitin ang iyong kapangyarihan sa pagpili; at ginagawa niya ito sa pamamagitan ng paghahalo ng kaunting katotohanan para makuha ang iyong atensyon at punuin ka ng mga kasinungalingan. Iyan ang dahilan kung bakit mahalagang mapuno natin ang ating mga sarili sa mga Salita ng Diyos upang malaman mo kung inaatake ni Satanas ang iyong isipan. Sinabi ni Pablo, “Huwag bigyan ng pagkakataon ang diyablo.” (Eph4:27). Ang labanan ay sa pagitan ng ating lumang katangian at ng ating ‘bagong katangian. Ito ay araw-araw na tunggalian sa pagitan ng plano ng Diyos para sa atin at ng sarili nating plano. Ito ay talagang isang laban sa ating sarili, at nangangailangan ito ng disiplina sa ating mga iniisip. Ang isa sa mga paboritong kagamitan ni Satanas ay ang kompromiso, upang piliin ang mas madaling paraan. Ginagawa niyang kaakit-akit ang kaginhawahan at kasiyahan. Karamihan sa ating mga gawi ay nakasentro sa dalawang ito, ngunit ang pagkakampante ay ang kaaway ng tagumpay. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan nating suriin muli ang ating mga maling gawi, pisikal man ito o emosyonal. Walang may gusto sa hirap ng disiplina, ngunit ito ay magbubunga ng pangmatagalan magandang epekto sa iyong buhay. Ito ay isang labanan sa pagitan ng panandaliang kasiyahan at benepisyong

pangmatagalan. Pinaglalaruan ni Satanas ang ating mga damdamin at sinisikap na buhayin natin ang mga karnal na damdamin para sa agarang kasiyahan. Ngunit binibigyan tayo ng Diyos ng kapangyarihan upang muling ayusin ang sarili nating buhay.

Kailangan muna nating manalo sa labanan sa ating sariling isip. Dapat tayong maging handa na disiplinahin ang ating sarili upang maging katulad ni Kristo. Sinasabi sa Roma 12:1-2, “Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa habag ng Diyos, ipinapakiusap ko sa inyo na ialay ninyo ang inyong mga katawan bilang handog na buháy, banal, at kalugud-lugod sa Kanya. Ito ang inyong karapat-dapat na pagsamba. Huwag kayong makiayon sa takbo ng kapanahunang ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip. Sa gayon, mapapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.”

Sa madaling salita, huwag hayaan na ang mundong ang huhubuog sa ito, na sa ganon ay ikaw ay mamumuhay, magsasalita at magiging kagaya ng mundong ating kinabibilangan. Sa halip, hayaan mo kung ano ang nasa iyong loob na makita sa labas. Sa pamamagitan lamang ng pagbabago ng iyong isip gamit ang Salita ng Diyos ay tunay mong mababago ang iyong pagkatao. Ang iyong isip ay mababago depende sa antas na idinidikta ng Salita ng Diyos sa iyong pag-uugali.

Ang pagbabago ng iyong isip ay hindi nangangahulugang na iniisip mo lamang ang ang Diyos sa unang limang minute ng iyong araw o di kaya sa iyong inilaan na oras para sa debosyon; ngunit ang buong pagkatao mo, buong araw mo, ay ang dapat dinidiktahan ng bago mong pagkakatao. Sa pag-unawa sa Salita ng Diyos na ang Espiritu ng Diyos ay dumadaloy sa iyong katawan, emosyon, at iyong mga intensyon. Namumuhay ka kagaya ni Hesus. Ang iyong pag-iisip ay nagiging mas katulad ng kay Kristo. Ang iyong sarili ay nawawala at natatanggihan dahil sa pag-ibig ni Kristo na nabubuhay sa iyo; pagmamahal sa mga tao nang

hindi makasarili. Iyan ang ibig sabihin ng pagpapbago ng ating isipan. Ito ay ang pagsisikap na disiplinahin ang ating pag-iisip upang masunod ang mga prinsipyo at mga batas na itinakda ng Diyos.

* **Roma 12:1, 2** Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa habag ng Diyos, ipinapakiusap ko sa inyo na ialay ninyo ang inyong mga katawan bilang handog na buháy, banal, at kalugud-lugod sa Kanya. Ito ang inyong karapat-dapat na pagsamba. Huwag kayong makiayon sa takbo ng kapanahunang ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip. Sa gayon, mapapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.

* **1Timoteo 6:12** Ipaglaban mong mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mo ang buhay na walang hanggan na siyang dahilan ng pagkatawag sa iyo nang maipahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming saksi.

1Timoteo 6:12 Ipaglaban mong mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mo ang buhay na walang hanggan na siyang dahilan ng pagkatawag sa iyo nang maipahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming saksi.

1Corinto 2:14,16 Ngunit ang taong di-espirituwal ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat kahangalan ang mga iyon sa kanya at hindi niya iyon nauunawaan, yamang ang mga iyon ay hinahatulan sa espirituwal na paraan. “Sapagkat sino ang nakaaalam sa pag-iisip ng Panginoon, upang magpayo sa kanya?” Subalit taglay namin[a] ang pag-iisip ni Cristo.

Filipos 2:5 Taglayin ninyo ang pag-iisip na tulad ng kay Cristo Jesus;

2Corinto 11:3 Ngunit natatakot ako na kung paanong si Eva ay dinaya ng ahas sa pamamagitan ng katusuhan nito,

ang inyong mga pag-iisip din ay mailigaw mula sa tapat at malinis na pakikitungo kay Cristo.

Santiago 4:4 Mga taksil! Hindi ba ninyo alam na ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-away sa Diyos? Kaya't sinumang nagnanais maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Diyos.

1Pedro 1:13 Kaya't ihanda na ninyo ang inyong isipan para sa dapat ninyong gawin.[a] Magpigil kayo sa sarili at lubos na asahan ang pagpapalang mapasasainyo kapag nahayag na si Jesu-Cristo.

Mga Kawikaan 4:23 Ang iyong puso'y buong sikap mong ingatan, sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay.

Colosas 3:2 Pag-ukulan ninyo ng pansin ang mga bagay na makalangit at hindi ang mga bagay na makalupa,

1Pedro 5:8 Maging handa kayong lagi at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaaligid at umaatungal at naghahanap ng kanyang lalamunin.

Roma 8:13 Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa laman, subalit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Espiritu ang mga gawa ng laman, kayo ay mabubuhay.

* **2Timoteo 1:7** Sapagkat ang Espiritung ibinigay sa atin ng Diyos ay hindi espiritu ng kahinaan ng loob, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpipigil sa sarili.

Efeso 6:12 Sapagkat ang pakikipaglaban natin ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga makasanlibutang hukbo ng kadilimang ito, laban sa mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaasan.

Roma 12:1,2 Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa habag ng Diyos, ipinapakiusap ko sa inyo na ialay ninyo ang inyong mga katawan bilang handog na buháy, banal,

at kalugud-lugod sa Kanya. Ito ang inyong karapat-dapat na pagsamba. Huwag kayong makiayon sa takbo ng kapanahunang ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip. Sa gayon, mapapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.

Roma 8:5-7 Ang mga namumuhay ayon sa laman ay nagtutuon ng kanilang isipan sa masasamang hilig nito. Subalit ang mga namumuhay ayon sa Espiritu ay nakatuon sa mga nais ng Espiritu. 6 Ang pag-iisip ng laman ay naghahatid sa kamatayan, subalit ang pag-iisip ng Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan. 7 Ang pag-iisip ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos, sapagkat hindi ito nagpapasakop sa Kautusan ng Diyos, at talaga namang hindi niya ito magagawa.

Galacia 5:17 Sapagkat ang mga hilig ng laman ay laban sa nais ng Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa mga hilig ng laman. Laging naglalaban ang dalawang ito, kaya hindi ninyo magawa ang nais ninyong gawin.

Roma 7:23 Subalit may nakikita akong ibang kautusan sa mga bahagi ng aking pagkatao na nakikipaglaban sa kautusan ng aking pag-iisip, at binibihag ako sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa bahagi ng aking pagkatao.

1Pedro 1:13 Kaya't ihanda na ninyo ang inyong isipan para sa dapat ninyong gawin.[a] Magpigil kayo sa sarili at lubos na asahan ang pagpapalang mapasasainyo kapag nahayag na si Jesu-Cristo.

Mga Kawikaan 23:7a Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya.

- * **Isaias 26:3** Iyong iingat siya sa ganap na kapayapaan, na ang pag-iisip ay nananatili sa iyo, sapagkat siya'y nagtitiwala sa iyo.

- * **Isaias 59:19b** at ang kanyang kaluwalhatian ay mula sa sikatan ng araw, sapagkat siya'y darating na parang bugso ng tubigna itinataboy ng hininga ng PANGINOON.

2Corinto 10:3-5 Sapagkat bagaman kami ay nabubuhay pa sa katawang tao, ang pakikipaglaban namin ay hindi ayon sa pamantayan ng tao. Sapagkat hindi galing sa tao ang mga sandatang ginagamit namin sa pakikipaglaban, kundi galing sa Diyos, na may kapangyarihang magwasak kahit ng mga kuta. Ibinabagsak namin ang mga pangangatwiran at anumang kapalaluan na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag namin ang bawat pag-iisip upang sumunod kay Cristo.

Mateo 4:10 Sumagot sa kanya si Jesus, “Layas, Satanas! Sapagkat nasusulat, ‘Ang Panginoong Diyos ang iyong sasambahinat siya lamang ang iyong paglilingkuran.’”

Roma 8:5-7 Ang mga namumuhay ayon sa laman ay nagtutuon ng kanilang isipan sa masasamang hilig nito. Subalit ang mga namumuhay ayon sa Espiritu ay nakatuon sa mga nais ng Espiritu. Ang pag-iisip ng laman ay naghahatid sa kamatayan, subalit ang pag-iisip ng Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan. Ang pag-iisip ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos, sapagkat hindi ito nagpapasakop sa Kautusan ng Diyos, at talaga namang hindi niya ito magagawa.

Mga Awit 1:1,2 Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni umuupo man sa upuan ng mga manunuya; kundi nasa kautusan ng PANGINOON ang kanyang kagalakan, at nagbubulay-bulay araw at gabi sa kanyang kautusan.

- * **Filipos 4:8** Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na totoo, anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang

bagay na kanais-nais, anumang bagay na kahanga-hanga, kung may anumang kahusayan, at kung may karapat-dapat parangalan, ang mga bagay na ito ang isipin ninyo.

2Timoteo 2:22 Layuan mo ang masasamang pagnanasa ng kabataan. Pagsikapan mong mabuhay ka sa katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan, kasama ng mga tumatawag sa Panginoon mula sa pusong dalisay.

Mga Kawikaan 4:20-23 Anak ko, makinig ka sa aking mga salita; ikiling mo ang iyong pandinig sa aking mga wika. Huwag mong hayaang sila’y mawala sa paningin mo; ingatan mo sila sa kaibuturan ng iyong puso. Sapagkat sa mga nakakatagpo sa kanila ang mga ito’y buhay, at kagalingan sa kanilang buong katawan. Ang iyong puso’y buong sikap mong ingatan, sapagkat mula rito’y dumadaloy ang mga bukal ng buhay.

Mga Awit 19:7 Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagpapanauli ng kaluluwa; ang patotoo ng Panginoon ay tiyak, na nagpapatalino sa kulang sa kaalaman.

- * **Mga Hebreo 4:12** Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy, mabisa, at higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at tumatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso.

Paano maging “Higit pa sa mga Mananakop”

Ang awtoridad ni Kristo ay ibinigay sa bawat mananampalataya. Kung kaya’t mahalagang iangkop ang kapangyarihan na nakapaloob sa ating bagong pagkakakilanlan at pamana. Upang tayo ay maging higit pa sa isang mananakop, kailangan nating ang pagsasanay at paggamit sa mga sandata na ibinagkaloob ng Diyos sa atin.

- * **1Timoteo 6:12** Ipaglaban mong mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mo ang buhay na walang hanggan na siyang dahilan ng pagkatawag sa iyo nang maipahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming saksi.
- * **1Juan 3:8b** Ito ang dahilan na nahayag ang Anak ng Diyos: upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.
1Juan 4:4 Mga anak, kayo’y sa Diyos, at napagtagumpayan na ninyo sila, sapagkat higit na makapangyarihan siya na nasa inyo kaysa kanya na nasa sanlibutan.
Juan 14:12 Tinitiyak ko sa inyo, ang sumasampalataya sa akin ay makagagawa rin ng mga bagay na ginagawa ko, at higit pa sa mga ito ang magagawa niya sapagkat ako’y pupunta sa Ama.
- Lucas 10:17** Bumalik ang pitumpu’t dalawa[a] at nagagalak na nagsabi kay Jesus, “Panginoon, maging ang mga demonyo ay nagpapasakop sa amin dahil sa inyong pangalan!”
- Mateo 16:19** Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit, at anumang iyong talian sa lupa ay ang natalian na sa langit; at anumang iyong kalagan sa lupa ay ang nakalagan na sa langit.”
- Filipos 2:9-11** Kaya naman siya’y lubusang itinaas ng Diyos, at ginawaran ng pangalang higit na mataas kaysa lahat ng pangalan; upang sa pangalan ni Jesus ang bawat tuhod ay lumuhod, ang mga nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa, at ipahayag ng bawat bibigna si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.
- * **Isa 59:19b** at ang kanyang kaluwalhatian ay mula sa sikatan ng araw, sapagkat siya’y darating na parang bugso ng tubig na itinataboy ng hininga ng Panginoon.
- * **Santiago 4:7** Kaya’t pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo, at siya ay tatakbo palayo sa inyo.

Roma 8:35-37 Mayroon bang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kahirapan ba, kapighatian, pag-uusig, taggutom, kahubaran, panganib, o ang tabak? 36 Gaya ng nasusulat, “Dahil sa iyo’y maghapon kaming nabibingit sa kamatayan; itinuring kaming mga tupa sa katayan.” 37 Subalit sa lahat ng mga ito tayo’y lubos na nagtatagumpay sa pamamagitan niya na nagmamahal sa atin.

Filipos 3:8 Sa katunayan, ang lahat ng bagay ay itinuring kong kalugihan dahil sa hindi matatawarang halaga ng pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Dahil sa kanya’y pinawalang-halaga ko ang lahat ng bagay, at itinuring kong basura, upang makamtan ko si Cristo,

Colosas 1:12-13 na nagpapasalamat sa Ama, na siyang nagbigay sa atin ng karapatang makibahagi sa pamana para sa mga banal na nasa liwanag. Siya ang nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman at naglipat sa atin tungo sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.

* **1Juan 2:14** Ang salita ng Diyos ay nananatili sa inyo, at napagtagumpayan na ninyo ang Masama.

Pahayag 3:5 Ang nagtatagumpay ay magdadamit ng puti, at kailanma’y hindi ko buburahin ang pangalan niya sa aklat ng buhay. Kikilalanin ko ang pangalan niya sa harap ng aking Ama at ng kanyang mga anghel.

* **Efeso 4:27** at huwag bigyan ng pagkakataon ang diyablo.

* **2Corinto 10:4,5** Sapagkat hindi galing sa tao ang mga sandatang ginagamit namin sa pakikipaglaban, kundi galing sa Diyos, na may kapangyarihang magwasak kahit ng mga kuta. Ibinabagsak namin ang mga pangangatwiran at anumang kapalaluan na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag namin ang bawat pag-iisip upang sumunod kay Cristo.

- * **Efeso 6:16** Bukod sa mga ito, gamitin ninyo ang pananampalataya bilang kalasag, na sa pamamagitan nito ay mapapatay ninyo ang mga nag-aapoy na palaso ng masama.
- * **2Timoteo 4:18** Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa bawat masamang gawa at siya rin ang maghahatid sa akin sa kanyang kaharian sa langit. Sa kanya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.

Maging “Mapagmatyag”

Habang tayo ay nabubuhay sa mundong ito (ang kaharian ng kadiliman), ang prinsipeng ng mundong ito ay patuloy na umaatake at gumagambala sa pagtupad sa kung ano ang layunin ng Diyos para sa atin. Ito ang dahilan kung bakit dapat tayo ay palaging nag-iingat sa mga gawa ng diyablo at maging “mapagmatyag”, kagaya ng kung paano ang isang mandirigma! Nangangailangan ng pare-parehong disiplina para mabantayan ang ating isipan, mga emosyon at mga aksyon laban sa mga panlilinlang at mga kagagawan ni Satanas. At ang pinakamabuting kasangkapan upang labanan ang Diablo ay sa pamamagitan ng pagsipi ng Salita ng Diyos. Iyan ang paraan kung paano nilabanan ni Hesus si Satanas. (Lc 4:1-13).

2Corinto 2:11 upang hindi tayo madaya ni Satanas. Sapagkat alam na alam natin ang kanyang mga binabalak.

1Pedro 5:8 Maging handa kayong lagi at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaaligid at umaatungal at naghahanap ng kanyang lalamunin.

- * **Mateo 26:41** Magbantay kayo at manalangin, upang hindi kayo malagay sa tukso. Tunay na ang espiritu ay nagnanais ngunit ang laman ay mahina.”
- * **Lucas 22:31b,32** “Simon, Simon, makinig ka! Hiningi ni Satanas na ligligin kayo gaya ng sa trigo. 32 Ngunit idinalangin kita upang huwag manghina ang iyong

pananampalataya; at kapag nagbalik-loob ka na, dapat mong palakasin ang iyong mga kapatid.”

Roma 13:14 Sa halip, isapuso ninyo ang Panginoong Jesu-Cristo, at huwag bigyang-daan ang hilig ng laman patungo sa mga pagnanasa nito.

* **1Corinto 10:13** Ang bawat tuksong nararanasan ninyo ay pawang karaniwan sa tao. Ngunit mapagkakatiwalaan ang Diyos, at hindi niya hahayaang kayo’y tuksuhin nang higit sa inyong makakaya; kundi kalakip ng tukso ay magbibigay siya ng paraan ng pag-iwas upang ito’y inyong makayanan.

* **Efeso 6:10-12** Sa kahuli-hulihan, maging matibay kayo sa tulong ng Panginoon, at sa kapangyarihan ng kanyang katatagan. Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma ng Diyos upang mapaglabanan ninyo ang mga pakana ng diyablo. Sapagkat ang pakikipaglaban natin ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga makasanlibutang hukbo ng kadilimang ito, laban sa mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaan.

Efeso 6:14,16,17 Kaya’t manindigan kayo; gawin ninyong sinturon sa inyong mga baywang ang katotohanan, habang suot sa dibdib bilang pananggalang ang katuwiran. Bukod sa mga ito, gamitin ninyo ang pananampalataya bilang kalasag, na sa pamamagitan nito ay mapapatay ninyo ang mga nag-aapoy na palaso ng masama. Gamitin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang salita ng Diyos.

1Tesalonica 5:5-8 Sapagkat kayong lahat ay mga anak ng liwanag at anak ng araw. Hindi tayo pag-aari ng gabi o ng dilim. Kaya huwag tayong tumulad sa ibang mga natutulog. Sa halip, kailangang tayo’y manatiling gising, laging handa at malinaw ang pag-iisip. Karaniwang natutulog ang tao sa gabi, at sa gabi rin karaniwang naglalasing. Ngunit dahil tayo’y nasa panig ng araw, dapat maging malinaw

ang ating isip, suot ang pananampalataya at pag-ibig bilang panangga sa dibdib, pati na rin ang helmet ng pag-asa sa kaligtasan.

- * **Mga Hebreo 12:1,2** Kaya nga, dahil napapalibutan tayo ng ganoon karaming mga saksi, iwaksi natin ang bawat bagay na nagpapabigat sa atin at ang kasalanang mahigpit na pumipigil sa atin, at takbuhin nating may pagtitiyaga ang takbuhing inilagay sa ating harapan. Ituon natin kay Jesus ang ating paningin, sa kanya na nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, ipinagwalangbahala niya ang kahihayan nito, at ngayo'y nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.
- * **1Pedro 4:12,13**, Mga minamahal, huwag kayong magtaka na dumaraan kayo sa mabibigat na pagsubok na para bang hindi ito pangkaraniwang pangyayari. Sa halip, dapat kayong magalak, sapagkat kayo'y nakikibahagi sa mga pagdurusa ni Cristo upang lubos kayong magalak kapag nahayag na ang kanyang kaluwalhatian.
- * **1Pedro 5:8,9a** Maging handa kayong lagi at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaaligid at umaatungal at naghahanap ng kanyang lalamunin. Labanan ninyo siya at maging matatag sa inyong pananampalataya. Alam naman ninyong ang mga ganitong kahirapan ay dinaranas din ng inyong mga kapatid sa buong daigdig.
- * **Isaias 43:1b,2** Huwag kang matakot, sapagkat ikaw ay tinubos ko; tinawag kita sa pangalan mo, ikaw ay akin. Kapag ikaw ay dumaraan sa tubig, ako'y makakasama mo; at sa pagtawid sa mga ilog ay hindi ka nila aapawan, kapag ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; at hindi ka tutupukin ng apoy.
- * **Roma 8:18** Iपालalagay kong hindi kayang ihambing ang pagtitiis sa kasalukuyang panahon sa kaluwalhatiang ihahayag sa atin.

- * **Santiago 1:12** Pinagpala ang taong nananatiling matatag sa gitna ng pagsubok; sapagkat kung siya'y magtagumpay, tatanggapin niya ang korona ng buhay na ipinangako ng Panginoon sa mga umiibig sa kanya.
- * **Juan 15:2** Tinatanggal niya sa akin ang bawat sangang hindi namumunga. Bawat sangang namumunga ay nililinis niya upang lalo pa itong mamunga.
- * **Mga Awit 119:67** Bago ako nagdalamhati ay naligaw ako;ngunit ngayo'y tinutupad ko ang salita mo.
- * **Mga Awit 119:71** Mabuti sa akin na pinapagpakumbaba ako;upang aking matutunan ang mga tuntunin mo.
- * **Santiago 1:2,3** Ituring ninyong tunay na kagalakan, mga kapatid, kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang pagsubok, 3 sapagkat alam ninyo na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng katatagan.
- * **Mga Hebreo 5:8** Kahit na siya'y Anak, natutunan niya ang pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis.
- * **1Pedro 1:7** Nararanasan ninyo ito upang dalisayin ang inyong pananampalataya. Kaya kung paanong pinararaan sa apoy ang ginto, ang inyong pananampalatayang mas mahalaga kaysa gintong nasisira ay pinararaan din sa apoy ng pagsubok upang mapatunayan kung talagang tapat. Kung magkagayon, tatanggap kayo ng papuri, kaluwalhatian at karangalan sa araw ng pagpapahayag kay Jesu-Cristo.
- * **Timoteo 2:3** Makihati ka sa mga paghihirap tulad ng isang mabuting kawal ni Cristo Jesus.

VIII. MALAYA KANG NAKATANGGAP, MALAYA KANG MAGBIGAY

Jesus Inatasan ni Hesus ang Kanyang mga disipulo na isermon ang ebanghelyo, pagalingin ang maysakit, palayasin ang mga demonyo, linisin ang mga may ketong, buhayin ang mga patay, at wasakin ang lahat ng gawa ng diyablo tulad ng ginawa Niya. (Tingnan ang Mt10:8) “Naglibot si Hesus sa lahat ng dako upang ipagaling ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman” (Mt 4:23,24). Ngayon, tayo bilang Kanyang mga disipulo, ay may parehong gampanin at kapangyarihan tulad ng mga naunang disipulo at ni Hesus mismo.

Ang unang aral sa pagiging alagad ay: “Ang mga ginagawa ko (Hesus) ay gagawin din niya” (Jn 14:12). Tayo ay gumagaling sa kanyang ngalan. Ginagamit natin ang Kanyang awtoridad at Kanyang tagumpay. Tayo ay hinirang na mga ministro ng ebanghelyo ni Hesukristo. Na siyang nangangahulugan na tayo ay itinalaga bilang mga opisyal na tagapagtupad sa Kaharian ng Diyos dito sa ating mundo. Alam natin kung ano ang Salita ng Diyos at ipapatupad natin ito at kailanman ay hindi tayo lilihis dito. Hindi tayo mag-aalinlangan at tititigil hangga’t hindi. Iyan ay isang pagkakataon na ang katigasan ng ulo ay kalidad. Huwag matakot na ulitin ang iyong sarili sa Salita ng Diyos. Ito ang isang pagkakataon kung saan ang pagkakaroon ng matigas na ulo ay mabuti. Hindi tayo takot na ulit-ulitin ang salita ng Diyos, sapagkat ito ay nagtataglay ng kinakailangang awtoridad. At hindi dapat tayo masanay na matalo dahil tayo ay maniniwala ng walang humpay.

Gayundin, tandaan natin ang responsibilidad na tugunan ang mga pangangailangan. –gaya ng ginawa ni Hesus. Sinabi niya, “Bigyan mo ang bawat humihingi sa iyo “ (L6:30). Maaari kang magkaroon ng pananampalataya para sa mga taong wala nito. Trabaho ng Kristiyano ang

tumulong. (Basahin muli ang parabula ng mabuting Samaritano sa Lucas 10:25-37). Dapat nating tingnan ang kanilang pangangailangan bilang atin pangangailangan din. Kapag natanggap na natin ang sakramenton ng baptismo mayroon na tayong mga kagamitan at kaalaman upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang sikreto ng ating tagumpay sa dakilang tungkulin ay nasa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang kapangyarihan ng Espiritu santo ay sapat na, hindi mo na kailangan pa ng anumang bagay upang idagdag dito.

Hindi hiniling ni Hesus mula sa atin na ipagdasal ang maysakit. Sinabi niya, “Pagalingin ang maysakit” (Mt 10:8). Ito ay isang utos mula sa kanya upang mapaalis ang diyablo sa kanyang biktima. Tayo ay inutusang magpagaling. Okay lang na maging agresibo at militante dito, at magsalita nang may awtoridad para sirain ang mga gawa ng diyablo. (Tingnan ang Mat 9:29) Hindi tayo nagmamakaawa upang ito ay gawin ng Diyos. Sapagkat binigyan niya tayo ng buong awtoridad na gumamot. Tungkulin nating hawakan ang mga maysakit at pagalingin sila. Ibinigay niya ang kanyang ngalan ng walang alinlangan. Tayo ay mag tungkulin at responsibilidad na ayusin ang mali. Hindi tayo maaaring mabigo. Dahil ang pagmamahal ay hindi kailanman nabibigo at tumitigil.

Ang tanging dahilan kung bakit tayo ay mabibigo ay kapag hindi tayo naniniwala sa Salita na nakaangkla sa mga tradisyon at sa mga doktrina ng relihiyon tulad ng:

- ~Ang pagkakasakit ay gagawin kang mas mabuting tao.
- ~Ang Diyos ay nakikitungo sa iyo; Baka hindi pa siya tapos sayo.
- ~Kailangan ng Diyos ng isa pang bulaklak sa Kanyang hardin sa langit.
- ~Ito ay dahil sa mga sumpa ng henerasyon.
- ~Wala kang sapat na pananampalataya.
- ~Ang pagpapagaling ay para sa mga apostol.
- ~Wala akong ganung abilidad.

- ~Hindi palaging kaloob ng Diyos ang magpagaling.
- ~Hindi ito gumagana sa lahat ng oras.
- ~Ang taong ipinagdasal mo ay walang pananampalataya.
- ~Ang pagkakasakit ay dulot ng kasalanan.
- ~Ano ang ginawa ng taong iyon upang maging karapat-dapat doon?

Tumanggi tayong maniwala sa mga kasinungalingan, at ipilit at manatili sa pananampalataya. Hindi tayo ang nagsasagawa ng pagpapagaling; kundi ang Diyos. Ang mga palatandaan ay sumusunod sa mga nananampalataya, hindi lamang mga pastor o ang orihinal na mga apostol. Huwag mawalan ng pag-asa kung hindi mo agad nakikita ang mga resulta. Gumagana ang Salita dahil nakabatay ito sa hindi natitinag na katapatan ng Diyos na tuparin ang Kanyang Salita. Dahil lang hindi mo ito nakikita, hindi nangangahulugan na hindi ito gumagana. Ang mga magsasaka ay nagtatanim ng mga buto buong araw at pagkatapos dito, hindi nila nakikita ang halaman, ngunit ito ay lumalaki at ang mga pananim ay aanihin. Ito ay pareho sa ating pananampalataya. Kung mas marami kang ginagawa, mas marami kang makikitang resulta at mas makikita ng diyablo na ikaw ay seryoso sa mga bagay bagay. Sa simpleng salita, ang pananampalataya ay ang hindi pagsuko sa paniniwala.

Pinagaling ni Hesus ang LAHAT ng may sakit

Pinagaling ni Hesus ang lahat, lahat ng may sakit at inaapi. Walang pagkakataon kung saan hindi pinagaling ni Hesus ang mga maysakit dahil sa mga sumpa ng henerasyon, may mga aral pa na ituturo ang Diyos sa kanila, kung sila ay may pagkalaki-laking kasalanan, dahil sila ay mga Jew o Gentile, o kung kailangan pa nalang manatili na may sakit sa mahabang panahon upang sila ay mapunta sa katuwiran! Wala. Ang halimbawa ni Jesus ay isa sa pagnanais, awa, at pakikiramay upang magpagaling! “ *Pagkalubog ng araw,*

dinala ng mga tao kay Jesus ang lahat ng mga kasamahan nilang maysakit, anuman ang karamdaman ng mga ito. Ipinatong niya ang kanyang kamay sa bawat isa, at silang lahat ay gumaling.” (Lk4:40).

Mateo 4:23,24 Nilibot ni Jesus ang buong Galilea sa pagtuturo sa mga sinagoga ng mga Judio at pagpapahayag ng Magandang Balita ng kaharian. Pinagagaling niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman ng mga tao. Kaya’t kumalat ang balita tungkol sa kanya sa buong Syria. Dinala sa kanya ang lahat ng maysakit, ang mga pinahihirapan ng iba’t ibang uri ng sakit at kirot, ang mga sinasaniban ng mga demonyo, ang mga may epilepsiya, at ang mga paralitiko. Silang lahat ay kanyang pinagaling.

Mateo 8:16,17 Kinagabihan ay dinala nila sa kanya ang maraming taong sinasaniban ng mga demonyo. Sa pamamagitan ng salita ay pinalayas niya ang mga espiritu at pinagaling ang lahat ng mga maysakit. 17 Nangyari ito upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ni Propeta Isaias: “Kinuha niya ang ating mga karamdaman, at ang mga sakit natin ay kanyang pinasan.”

Mateo 14:14 Pagdating ni Jesus sa pampang at nakita niya ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila at pinagaling niya ang mga maysakit na naroon.

Lucas 4:39 At tumayo si Jesus sa tabi nito, pinatigil niya ang lagnat at nawala nga ito. Kaya’t pagtayo ng babae, agad itong naglingkod sa kanila.

Lucas 4:40 Nang palubog na ang araw, dinala sa kanya ng lahat ang kani-kanilang may mga sari-saring karamdaman. At pagkapatong ng kanyang mga kamay sa bawat isa ay pinagaling sila.

Lucas 9:11 Subalit nang malaman ito ng mga tao, sumunod sila sa kanya. Sila ay malugod naman niyang tinanggap at ipinahayag sa kanila ang tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din niya ang mga may karamdaman.

Mga Gawa 10:38 kung paanong si Jesus na taga-Nazareth ay binuhusan ng Diyos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan; kung paanong naglibot siya na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat kasama niya ang Diyos.

Kakayahang mapagaling ang may sakit, sugpuin ang Demonyo, Buhayin ang Patay, Linisin ang mga Ketongin

Sa sandaling ipanganak kang muli, ikaw ay binigyan ng kapangyarihan ni Hesus na nabubuhay sa iyo at kumikilos sa pamamagitan mo. At dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig, nais Niyang pagalingin ang lahat ng may sakit, palayain ang mga bihag, iligtas ang mga inaapi at ipakita at ipamalas ang kaharian ng Diyos sa lupa gaya ng nasa langit. Iniligtas ni Hesus ang lahat mula sa lahat mga “hindi maaaring gawin”, “hindi maaari”, “hindi maaaring magkaroon”. Mayroon tayong liwanag na kapangyarihan sa kadiliman. Ngunit ang Diyos ay naghilhintay na gawin natin ang mga ito at isabuhay.

Iniuutos sa atin ng Diyos pagalingin ang maysakit. “Hindi sila mapapahamak kahit dumampot sila ng ahas o makainom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na papatungan nila ng kamay.” (Mk16:18b). Hindi natin pinapagaling ang may sakit upang makita silang gumaling, ngunit ito ay dahil sinusunod nating ang utos ng Diyos. Huwag mong bigyan ng pansin ang mga tagumpay o kabiguan, sa halip ituon mo ang iyong atensyon sa pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa iyong kapwa. Mangako na ikaw ay magpatuloy na magpapagaling ng maysakit kahit nasaan ka man. Maaring paguguluhin ni Satanas ang iyong isipan, ngunit hindi ito magiging problema kung ikaw ay seryoso sa iyong tungkulin.

Tandaan na hinid sinabi ni Hesus na manalangin para sa maysakit, subalit ang sabi niya ay pagalingin ang may

sakit. Ito ay isang utos na kanyang binigay sa atin. Kaya't, sa tuwing ikaw ay magpapagaling sa isang tao, suriin mo sila ng mabuti. Kung hindi, pa sila gumagaling, pagalingin mo muli! Manalangin muli! Hanggang sa malabanan mo ang diyablo. (Tingnan ang 1Jn 3:8)

- * **Mateo 10:1** Tinawag ni Jesus ang kanyang labindalawang alagad at binigyan sila ng kapangyarihang magpalayas ng maruruming espiritu at magpagaling ng lahat ng uri ng sakit at karamdaman.

Mateo 10:7,8 Sa inyong paghayo ay ipahayag ninyo: 'Malapit nang dumating ang kaharian ng langit.' Ang mga maysakit ay inyong pagalingin, ang mga patay ay inyong buhayin, ang mga ketongin ay inyong linisin, at ang mga demonyo ay inyong palayasin. Tinanggap ninyo nang walang bayad, ipamigay din ninyong walang bayad.

- * **Marcos 16:17,18** Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking pangalan at magsasalita sila ng mga bagong wika; 18 walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito."

Lucas 9:1,2 Tinipon ni Jesus ang labindalawa at pagkatapos ay binigyan niya ang mga ito ng kapangyarihan at karapatan sa lahat ng mga demonyo at magpagaling ng mga may karamdaman. 2 At isinugo niya ang mga ito upang ipangaral ang paghahari ng Diyos at magpagaling ng mga may sakit.

Lucas 10:19 Tingnan ninyo, binibigyan ko kayo ng kapangyarihang tapakan ang mga ahas at mga alakdan, at mangibabaw sa kapangyarihan ng kaaway. Walang makapananakit sa inyo.

Juan 14:12-14 Tinitiyak ko sa inyo, ang sumasampalataya sa akin ay makagagawa rin ng mga bagay na ginagawa

ko, at higit pa sa mga ito ang magagawa niya sapagkat ako'y pupunta sa Ama. Gagawin ko anumang hilingin ninyo sa aking pangalan, upang ang Ama ay maluwalhati sa pamamagitan ng Anak. Anuman ang hilingin ninyo sa aking pangalan, ako ang

Maaari Ka ring Gumaling!

Ang kalooban ng Diyos ay maging buo sa katawan, isip, at Espiritu. (Tingnan ang 1Thes5:23) Hindi natin dapat tanggapin ang sakit, kundi sawayin ang ito bilang isa sa mga kasinungalingan at pang-aapi ng diyablo. Gamitin ang iyong boses sa Salita ng Diyos (Kanyang higit sa natural na gamot) upang labanan ang sakit na dumarating sa iyo. Ang sakit ay hindi kailanman ang huling salita. Ang Salita ng Diyos ang huling salita! Gamitin ang Kanyang mga pangako sa pagpapagaling para magsalita sa iyong katawan upang sumunod ito sa kagustuhan ng Salita ng Diyos. Sabi ng Bibliya, “Sa salita lamang na kanyang pahatid sila ay gumaling, at naligtas sila sa kapahamakang sana ay darating.” (Awit 107:20). Sinasabi ng Rom4:17, “ gaya ng nasusulat, “Ginawa kitang ama ng maraming bansa.” Ang pangakong ito’y may bisa sa harap ng Diyos na kanyang sinampalatayanan, ang Diyos na bumubuhay sa mga patay at lumilikha ng mga bagay na hindi pa nalilikha.” Ngunit ang pagtawag sa mga bagay na iyon, kahit na hindi sila ganoon, ay hindi pananampalataya. Kung ikaw ay may sakit, at sasabihin mong, “Wala akong sakit”, tinatanggihan mo lang ang katotohanan. Iyan ang tawag sa mga bagay na akala nila ay hindi. Tawagin ang mga bagay na hindi pa nangyayari sa iyong mgaisipan at ito ay mangyayari.

Marcos 11:23 Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo, na sinumang magsabi sa bundok na ito, ‘Mabunot ka at maitapon sa dagat,’ mangyayari ang sinabi niya kung siya’y naniniwala at walang pag-aalinlangan sa puso.

Efeso 3:20 Ngayon, sa kanya na may kapangyarihang gumawa ng higit pa at lalong sagana kaysa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang kumikilos sa atin,

1Pedro 2:24 Sa kanyang pagkamatay sa krus,[a] pinasan niya ang bigat ng ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay sa kasalanan at mamuhay sa katuwiran. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo ay gumaling.

* **Mga Awit 107:20** Sinugo niya ang kanyang salita, at pinagaling sila, iniligtas niya sila sa kapahamakan.

* **Santiago 5:14, 15** May sakit ba ang sinuman sa inyo? Ipatawag niya ang matatandang pinuno ng iglesya upang ipanalangin siya at pahiran ng langis sa pangalan ng Panginoon. Ang panalanging may pananampalataya ang magpapagaling sa maysakit, palalakasin siyang muli ng Panginoon at kung siya'y nagkasala, siya'y patatawarin.

3Juan 2 Mahal kong kapatid, dalangin ko nawa'y nasa mabuti kang kalagayan at malusog ang iyong pangangatawan, kung paanong mabuti rin ang kalagayan ng iyong kaluluwa.

* **Jeremias 30:17a** Sapagkat panunumbalikin ko sa iyo ang kalusugan, at pagagalingin ko ang iyong mga sugat, sabi ng Panginoon.

* **Isaias 53:5** Ngunit siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; ipinataw sa kanya ang parusa para sa ating kapayapaan, at sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay gumaling tayo.

* **Malakias 4:2** Ngunit sa inyo na natatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak

* **Mga Awit 34:19** Marami ang kapighatian ng matuwid; ngunit inililigtas siya ng Panginoon sa lahat ng mga iyon.

- * **Mga Awit 103:3** Na siyang nagpapatawad ng lahat mong mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng lahat mong karamdaman.
- * **Mga Awit 147:3** Kanyang pinagagaling ang mga may pusong wasak, at tinatalian ang kanilang mga sugat.
Mga Kawikaan 17:22 Isang mabuting gamot ang masayang puso,ngunit ang bagbag na diwa, sa mga buto’y tumutuyo.
- * **Isaias 40:29** Siya’y nagbibigay ng lakas sa mahina;at sa kanya na walang kapangyarihan ay dinadagdagan niya ang kalakasan.
- * **Mga Gawa 9:34** Sinabi sa kanya ni Pedro, “Aeneas, pinapagaling ka ni Jesu-Cristo.
- * **Lucas 17:14b** Habang sila’y naglalakad, silang lahat ay gumaling.
- * **2Mga Hari 20:5b** Narinig ko ang iyong panalangin, nakita ko ang iyong mga luha; pagagalingin kita.
- * **Exodo 15:26** na sinasabi, “Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa kanyang mga mata, at iyong susundin ang kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng kanyang mga batas, wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Ehipcio; sapagkat ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo.”
- * **1Juan 1:9** Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan na magpapatawad sa ating mga kasalanan at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kasamaan.

IX. ANG PAGIGING RELIHIYOSO KUMPARA SA PAGIGING KRISTIYANO

Ang tanging pagkakataon na nagalit si Hesus, sa katunayan, galit na galit, ay noong Siya ay nagsalita sa mga relihiyosong Pariseo (Mt 23:13-28). Inilantad ni Hesus ang kanilang pagkukunwari, ang kanilang pagmamagaling alinsunod sa batas, batas na walang awa at pagmamahal. Inilantad niya kung gaano sila kalayo sa katuwiran ng Diyos, na sila ay nagbabasa at nagsasalita lamang tungkol sa salita ng Diyos na walang nakaakibat na gawa. Napakaraming nagawa ang mga relihiyosong doktrina upang hatiin ang katawan ni Kristo at magdala ng mga alituntunin at regulasyon na sadyang hindi ayon sa Bibliya at sa gayon ay nagpalayo sa mga tao mula sa pagsunod sa mga salita ng Diyos. Sinabi ni Hesus na kinuha ng mga doktrina at tradisyon ng tao ang buhay ng makapangyarihang Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay hindi gumagana sa pamamagitan lamang ng pakikinig o pakikinig tungkol dito; ito ay gumagana kung gagawin mo ito bilang batayan sa pagsasagawa sa iyong pananampalatay, “Walang kabuluhan ang pananampalataya na walang kasamang gawa” (Santiago 2; 20). Iginiit ni Hesus nang paulit-ulit na hindi lamang pakikinig ang kailangan kundi pato na rin ang paggawa sa mga iniutos ng Kanyang salita. Mt 15:3 He answered and said to them, “Why do you also transgress the commandment of God because of your tradition?”

Mateo 15:3 Sumagot siya sa kanila, “At bakit nilalabag naman ninyo ang utos ng Diyos dahil sa inyong kaugalian?”

Mateo 23:2, 3, 5a Wika niya, “Nakaupo sa upuan ni Moises ang mga tagapagturo ng Kautusan at ang mga Fariseo. Kaya’t inyong isagawa at sundin ang lahat ng mga sinasabi nila sa inyo, ngunit huwag ninyong gawin ang kanilang mga ginagawa, sapagkat iba ang kanilang

ginagawa sa kanilang sinasabi. Ang lahat ng kanilang ginagawa ay upang ipakita lamang sa mga tao.

Mateo 23:25 “Kaysaklap ng inyong sasapitin, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nililinis ninyo ang labas ng kopa at ng pinggan, ngunit sa loob ay punung-puno ang mga ito ng katakawan at kalayawan.

Marcos 7:13 Sa gayong paraa’y pinawawalang-saysay ninyo ang salita ng Diyos sa pamamagitan ng inyong mga minanang kaugalian. Marami pa kayong ginagawang tulad nito.”

Mateo 15:8 ‘Iginagalang ako ng mga taong ito sa kanilang mga labi, subalit ang kanilang puso ay malayo sa akin.

Jeremias 3:15 At bibigyan ko kayo ng mga pastol ayon sa aking napupusuan, na magpapakain sa inyo ng kaalaman at unawa.

Hoseas 4:6 Ang aking bayan ay nawawasak dahil sa kakulangan ng kaalaman;

Santiago 1:22 Maging tagatupad kayo ng salita ng Diyos, at hindi tagapakinig lamang. Kung hindi, dinadaya ninyo ang inyong sarili.

Mateo 7:21-23 “Hindi lahat ng tumatawag sa akin ng ‘Panginoon, Panginoon’ ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang nagsasagawa ng kagustuhan ng aking Amang nasa langit. 22 Marami ang magsasabi sa akin sa araw na iyon, ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba’t sa iyong pangalan ay nagpahayag kami ng propesiya, nakapagpalayas ng mga demonyo, at sa iyong pangalan din ay gumawa kami ng maraming himala?’ 23 At sasabihin ko naman sa kanila, ‘Kailanma’y hindi ko kayo nakikilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!’

Mateo 15:14 Hayaan ninyo sila. Sila’y mga bulag na tagaakay. At kung ang bulag ay umakay sa bulag, kapwa sila mahuhulog sa hukay.”

Mateo 23:11-13 Ang pinakadakila sa inyo ang magiging lingkod ninyo. 12 Ang nagtataas sa sarili ay ibababa, at ang nagbababa sa sarili ay itataas. 13 “Kaysaklap ng inyong sasapitin, kayong mga tagapagturo ng Kautusan at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat isinasara ninyo ang kaharian ng langit sa harap ng mga tao; palibhasa, kayo mismo ay hindi pumapasok at ang mga nagnanais pumasok ay hindi ninyo pinapayagang makapasok.

Marcos 8:38 Sinumang ikahiya ako at ang aking salita sa mapakiapid at makasalanang salinlahing ito, ay ikahihiya rin ng Anak ng Tao pagdating niya na taglay ang kaluwalhatian ng kanyang Ama, kasama ang mga banal na anghel.”

Marcos 10:45 Sapagkat kahit ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pantubos sa marami.”

Lucas 15:4 “Sino sa inyo na may isandaang tupa at mawala ang isa, ang hindi mag-iiwan sa siyamnapu’t siyam sa ilang at maghahanap sa nawala hanggang ito’y matagpuan?”

Lucas 18:11 Ganito ang panalangin ng Fariseo habang mag-isa siyang nakatayo, ‘Diyos ko, pinasasalamatan kita na hindi ako tulad ng ibang tao—mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya o gaya ng maniningil ng buwis na ito.

Juan 4:23, 24 Ngunit ang oras ay dumarating, at ngayon na nga, kung saan ang mga tunay na sumasamba ay sasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan, sapagkat ganito ang hinahanap ng Ama na sasamba sa kanya. 24 Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa kanya ay dapat sumamba sa espiritu at katotohanan.”

Juan 9:40, 41 Narinig ito ng ilan sa mga Fariseong naroon kaya sinabi sa kanya, “Bulag din ba kami?” 41 Sinabi sa kanila ni Jesus, “Kung kayo ay bulag, hindi sana kayo nagkasala. Ngunit ngayong sinasabi ninyong nakakakita kayo, ang kasalanan ay nananatili sa inyo.

Juan 10:11 Ako ang mabuting pastol. Ang mabuting pastol ay nag-aalay ng kanyang buhay para sa mga tupa.

* **Mga Gawa 7:48** Gayunman, ang Kataas-taasang Diyos ay hindi nananahan sa mga bahay na gawa ng tao. Sabi nga ng propeta.

Mga Gawa 7:48 Gayunman, ang Kataas-taasang Diyos ay hindi nananahan sa mga bahay na gawa ng tao. Sabi nga ng propeta.

1Corinto 1:17 Sapagkat hindi ako isinugo ni Cristo upang magbautismo, kundi upang ipangaral ang ebanghelyo, hindi sa pamamagitan ng karunungan ng pananalita, upang ang krus ni Cristo ay huwag mawalan ng kapangyarihan.

1Corinto 2:4 Ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng mga mapanghikayat na salita ng karunungan, kundi sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Espiritu,

Galacia 1:6,7 Nagtataka ako kung bakit ganoon na lamang kabilis ninyong tinalikuran ang Diyos na tumawag sa inyo sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo at kayo’y bumaling agad sa ibang ebanghelyo. 7 Ang totoo’y wala namang ibang ebanghelyo. Subalit sinabi ko ito sapagkat may mga nanggugulo sa inyo at nagsisikap na baluktutin ang ebanghelyo ni Cristo.

Galacia 1:9 Sinabi na namin ito noon, at ngayo’y uulitin ko: sinuman ang mangaral sa inyo ng kakaibang ebanghelyo kaysa tinanggap na ninyo ay dapat sumpain ng Diyos!

Filipos 4:9 Ang mga bagay na inyong natutuhan o tinanggap at narinig o nakita sa akin ay patuloy ninyong isagawa; at ang Diyos ng kapayapaan ay sa sainyo.

- * **1Timoteo 4:12** Huwag mong hayaang hamakin ka ng sinuman dahil sa iyong kabataan. Sa halip, maging halimbawa ka ng lahat ng mga mananampalataya sa iyong salita, ugali, pag-ibig, pananampalataya at dalisay na pamumuhay.

1Pedro 5:2, 3 na alagaan ninyo ang kawan ng Diyos na ipinagkatiwala sa inyo. Pamahalaan ninyo ito nang maluwa sa loob at hindi napipilitan lamang, gaya ng nais ng Diyos. Gawin ninyo ito hindi dahil sa pag-ibig sa salapi, kundi dahil sa pagnanais na maglingkod, hindi bilang panginoon ng inyong nasasakupan, kundi bilang halimbawa sa kawan.

1Juan 3:16 Ganito natin nakikilala ang pag-ibig: ibinigay niya ang kanyang buhay alang-alang sa atin; at dapat din nating ibigay ang ating mga buhay alang-alang sa mga kapatid.

Ang “Banal na Baka” ng Relihiyon

Ang “sagradong mga baka” ay tumutukoy sa mga dahilan at kompromiso ng relihiyon na naka-angkla alinman sa mga salita ng Diyos o sa kanyang gawa, at dahil dito Nawala ang dalang kapangyarihan at epekto nito. Pinapatay nila ang Espiritu ng Diyos!

Wala sa kasaysayan ang nagpakita ng higit na pag-ibig kaysa kay Hesus. Siya ay may malasakit sa lahat ng dako, Siya man ay maysakit, inaapi, nagugutom, mga ipinatapon ng lipunan, mga makasalanan, bihag, maging ang mga demonyo. Ang kaluluwa ng isang tao ay mas mahalaga sa Kanya kaysa sa halaga ng isang buong kawan ng mga baboy. Ngunit sa kabilang banda, Siya ay nag-alab sa galit laban sa mga relihiyoso, sa paghusga sa mga tao,

sa pamamagitan ng mga gawain, mga doktrina at mga tradisyon at komersyalisasyon. (Tingnan ang Mt 21:13)

Inilantad ni Jesus ang kanilang pagpapaimbabaw, at ang kanilang katuwiran sa sarili at Binalaan Niya ang mga tao na huwag sundin ang kanilang ginagawa. Sinabi ni Jesus, “Hinawakan ni Jesus ang kamay ng babae at nawala ang lagnat nito. Bumangon ang babae at naglingkod kay Jesus.” (Mat 8:15). Ang lebadura ni Herodes ay ‘political correctness’. Ang digmaan ay laban sa mga nabulag na mata ng tao at ang nagpapalaya sa atin ay ang katotohanan. “Makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.” (Jn8:32). Ang katotohanang ito ay kasinungalingan. Kaya’t napakahalaga para sa mga Kristiyano na kilalanin ang Salita. Ang naunang mga talata ay nagsasabi, “Kung susundin mo ang Aking Salita, kung gayon ikaw ay Aking mga disipulo talaga....”

Marcos 8:15 And Marcos 8:15 Binalaan sila ni Jesus, “Mag-ingat kayo at iwasan ninyo ang pampaalsang gamit ng mga Fariseo at ni Herodes.”

Mateo 15:1-3 Pagkatapos, dumating kay Jesus ang mga Fariseo at mga tagapagturo ng Kautusan galing sa Jerusalem, at sinabi nila, “Bakit nilalabag ng iyong mga alagad ang kaugalian ng matatanda? Hindi sila naghuhugas ng kanilang mga kamay bago kumain.” Sumagot siya sa kanila, “At bakit nilalabag naman ninyo ang utos ng Diyos dahil sa inyong kaugalian?”

Juan 8:6 Sinabi nila ito para subukin siya, upang sa gayon, mayroon silang gamitin laban sa kanya. Yumuko si Jesus at nagsulat sa lupa sa pamamagitan ng kanyang daliri.

Mateo 15:12 Pagkatapos ay dumating ang mga alagad at sinabi sa kanya, “Alam ba ninyong nasaktan ang mga Fariseo nang marinig nila ang sinabi ninyong ito?”

Mateo 19:3 May mga Fariseong lumapit sa kanya at upang subukin siya, sila’y nagtanong, “Naaayon ba sa batas na

paalisin ng isang tao ang kanyang asawa at hiwalayan ito sa anumang kadahilanan?”

Lucas 5:30 Kaya't nagreklamo sa mga alagad ni Jesus ang mga Fariseo at kanilang mga tagapagturo ng Kautusan. Sinabi nila, “Bakit kayo nakikisalo at umiinom sa piling ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?”

Lucas 6:7 Si Jesus ay minatyagang mabuti ng mga tagapagturo ng Kautusan at mga Fariseo kung magpapagaling siya sa Sabbath. Nagnanais silang may maibintang laban sa kanya.

Lucas 11:39 Sinabi sa kanya ng Panginoon, “Kayong mga Fariseo, nililinis ninyo ang labas ng tasa at ng pinggan subalit ang kalooban ninyo ay puno ng kasakiman at kasamaan.

Lucas 11:53, 54 Paglabas niya roon, sinimulan na siyang pag-initan ng mga Fariseo at ng mga tagapagturo ng Kautusan at malimit na tinatanong tungkol sa iba't ibang bagay, 54 nag-aabang na siya'y masilo sa anumang kanyang sasabihin.

Lucas 16:14 Ngunit narinig ng mga Fariseong maibigin sa salapi ang lahat ng iyon kaya siya'y kanilang kinutya.

Juan 7:32 Narinig ng mga Fariseo ang usap-usapan ng mga tao tungkol sa kanya, kaya nagpadala ang mga punong pari at mga Fariseo ng mga kawal para dakpin siya.

Juan 11:47 Dahil dito, ang mga punong pari at mga Fariseo ay nagpatawag ng pulong. “Ano'ng gagawin natin?” tanong nila. “Maraming himalang ginagawa ang taong ito.

Mateo 15:6b-9 at ang nagsabi niyon ay hindi na kailangang gumalang pa sa kanyang ama.' Kaya't masunod lamang ang inyong kaugalian ay binabale-wala na ninyo ang salita[a] ng Diyos. Kayong mapagkunwari! Angkop na angkop sa inyo ang ipinahayag ni Isaias nang sabihin niya, 'Iginagalang ako ng mga taong ito sa kanilang

mga labi,subalit ang kanilang puso ay malayo sa akin. Pagsamba sa aki'y walang kabuluhan; pawang gawa ng tao ang kanilang katuruan.' ”

1Timoteo 4:1-5 Maliwanag na sinasabi ng Espiritu na sa mga huling araw ay iiwan ng iba ang pananampalataya at susunod sa mga mapanlinlang na espiritu at mga turo ng mga demonyo. Ang mga katuruang ito ay pinalalaganap ng mga taong mapagkunwari, sinungaling at may manhid na budhi. Ipinagbabawal nila ang pag-aasawa, gayundin ang ilang uri ng pagkain, mga pagkaing nilikha ng Diyos upang tanggaping may pasasalamat ng mga sumasampalataya at nakauunawa ng katotohanan. Lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti at walang dapat tanggihan, sa halip ay dapat tanggapin na may pasasalamat, dahil ito ay nagiging malinis sa pamamagitan ng salita ng Diyos at ng panalangin.

Mag-ingat sa Pagiging Makasarili

Kapag tayo ay makasarili, tayo ay kumikilos na parabang mas alam natin ang isang bagay kaysa sa iba, at madalas tayo ay natatamaan sa mga salita ng batas imbis na maging gabay ang pag-ibig. Ang ating mga paghatol sa iba ay siyang nagigign mapanuri. Ang katuwiran ng Diyos ay humigit-kumulang sa iyong sariling bayan! Sinabi ng Diyos na ang pagiging matuwid sa Kanya.(Tingnan angRo10:3) Hindi natin maaaring paghaluin ang kabutihan ng Diyos sa ating sariling kabutihan. Binayaran ng Diyos ng buong halaga upang matamasa nating ang katuwiran. Kung kaya't ito ang dahilan kung bakit dapat tayong mamuhay sa kaamuan at pagpapakumbaba. Ang Diyos ay lumalaban sa mapagmataas ngunit nagbibigay ng biyaya sa mapagpakumbaba.

Lucas 18:9-14 Lucas 18:9-14 Isinalaysay naman ni Jesus ang talinghagang ito sa mga mapagtiwala sa sarili, mapanghamak sa iba sa paniniwalang sila ay matuwid. “Dalawang lalaki ang pumunta sa templo

upang manalangin—isang Fariseo at isang maniningil ng buwis. Ganito ang panalangin ng Fariseo habang mag-isa siyang nakatayo, ‘Diyos ko, pinasasalamatang kita na hindi ako tulad ng ibang tao—mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya o gaya ng maniningil ng buwis na ito. Dalawang ulit akong nag-aayuno sa isang linggo. Nagbibigay ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.’ Samantala, ang maniningil ng buwis ay nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit at binabayo ang kanyang dibdib sa pagsasabing, ‘Diyos ko, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan.’ Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang taong iyon na itinuring na matuwid ng Diyos at hindi ang Fariseo. Sapagka’t ang bawat nagtataas ng kanyang sarili ay ibababa at ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas.”

Mateo 7:3-5 Bakit nakikita mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid, subalit hindi mo napapansin ang troso na nakabalandra sa iyo mismong mga mata? Paano mo nasasabi sa iyong kapatid, ‘Halika’t aalisin ko ang puwing sa iyong mata,’ gayong may trosong nakahambalang sa sarili mong mata? Mapagkunwari! Tanggalin mo muna ang troso sa sarili mong mata, nang sa gayo’y makakakita ka nang malinaw upang maalís mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid.

Juan 7:24 Huwag kayong humusga batay sa panlabas na anyo, kundi maging matuwid kayo sa inyong mga hatol.”

Roma 2:1-3 Kaya’t wala kang maidadahilan, sino ka mang humahatol sa iba. Sapagkat sa paghatol mo sa iba ay hinahatulan mo rin ang iyong sarili, sapagkat ikaw na humahatol ay gumagawa rin ng gayon. Nalalaman nating batay sa katotohanan ang hatol ng Diyos sa mga taong gumagawa ng gayon. Kaya ikaw, tao, akala mo ba’y makatatakas ka sa hatol ng Diyos kung humahatol ka sa

iba ngunit gumagawa ka rin ng masasamang gawaing hinahatulan mo?

Mateo 7:1,2 “Huwag kayong humatol upang hindi kayo mahatulan. Sapagkat sa hatol na inyong ihahatol ay hahatulan kayo, at sa panukat na gagamitin ninyo ay susukatin kayo.

Roma 14:3 Ang kumakain ng kahit anong pagkain ay huwag humamak sa hindi kumakain. At ang hindi kumakain ay hindi dapat humatol sa kumakain ng kahit anong pagkain, sapagkat siya’y tinanggap ng Diyos.

Roma 14:13 Kaya nga huwag na tayong humatol sa isa’t isa. Sa halip, pagpasyahan natin ito, na huwag tayong maglagay ng hadlang sa daan ng ating kapatid o maging sanhi ng pagkakasala ninuman.

Tito 3:2a Turuan mo rin silang huwag manira ng kapwa, huwag makipag-away, maging mahinahon, at maging magalang sa lahat.

Pag-uusig Para kay Kristo

Maraming anyo ang relihiyosong pag-uusig. Kapag ang mga Kristiyano ay naninindigan para sa katotohanan ng Salita ng Diyos sa kanilang mga komunidad, kasama ang mga kaibigan at kamag-anak, ang pag-uusig ay maaaring magsimula sa pagtangi hanggang sa paghihiwalay, maging sa pagkakabaha-bahagi at pagkakahiwalay na mga relasyon. Gayunpaman, binanggit ni Hesus ang tungkol sa uri ng pag-uusig na ipinangako sa mga Kristiyano at ito ay maninindigan para sa Kanya at hindi siya tanggihan.

Sa kanlurang mundo ay pamilyar sa ganitong uri ng pag-uusig, ngunit ito ay di hamak na nangyayari sa iyong mga kapatid sa buong mundo-mga Kristiyanong namamatay para sa kanilang pananampalataya kay Kristo. Mahalagang manatili sa malapit sa Panginoon at sa Kanyang Salita, pagninilay-nilay, para palakasin ang ating Espiritu. Si

Hesus ay inusig para sa pagsiwalat sa katotohanan at paglalantad sa mga kasinungalingan na kapwa relihiyon at mga makamundong tao na patuloy na kinakaharap sa Kanya.

* **2 Timoteo 3:12** Totoo ngang ang lahat ng ibig mabuhay bilang tagasunod ni Cristo Jesus ay daranas ng pag-uusig.

* **Mateo 5:10-12** Pinagpala ang mga inaapi nang dahil sa katuwiran, sapagkat para sa kanila ang kaharian ng langit. 11 Pinagpala kayo kapag dahil sa akin, kayo'y inaalipusta, inaapi at pinararatangan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan. 12 Magalak kayo at matuwa, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo.

Mateo 10:19,20 Kapag kayo'y ipinadakip, huwag ninyong ipangamba kung paano kayo magsasalita o kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat ang inyong sasabihin ay ibibigay sa inyo sa oras ding iyon. Hindi na kayo ang nagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang nagsasalita sa pamamagitan ninyo.

Mateo 10:22,23a Kamumuhian kayo ng lahat dahil sa aking pangalan. Subalit ang makatagal hanggang sa wakas ay maliligtas. Kapag ginigipit nila kayo sa isang bayan, tumakas kayo papunta sa kasunod, sapagkat tinitiyak ko sa inyo, hindi pa ninyo nararating ang lahat ng mga bayan sa Israel ay darating na ang Anak ng Tao.

Mateo 10:28 At huwag kayong matakot sa mga pumapatay ng katawan, subalit walang kakayahang pumatay ng kaluluwa. Sa halip ay matakot kayo sa kanya na may kapangyarihang pumuksa ng kaluluwa at ng katawan sa impiyerno.

Mateo 24:8-10 Subalit ang lahat ng mga ito ay simula pa lamang ng paghihirap na katulad ng sa panganganak. "Pagkatapos ay dadakpin kayo upang pahirapan at kayo'y papatayin. Kayo'y kamumuhian ng lahat ng mga

bansa dahil sa aking pangalan. Maraming tatalikod sa pananampalataya, magkakanulo sa isa't isa at mapopoot sa isa't isa.

Marcos 13:11 Kapag kayo'y dinala nila at iharap sa paglilitis, huwag kayong mag-alala kung ano ang inyong sasabihin. Sabihin ninyo ang ipagkakaloob sa inyo sa oras na iyon sapagkat hindi na kayo ang magsasalita kundi ang Banal na Espiritu.

Marcos 15:10 Alam ni Pilato na inggit lamang ang nagtulak sa mga punong pari kung bakit isinasakdal nila si Jesus.

Lucas 6:22,23 Pinagpala kayo kung kinapopootan kayo ng mga tao, at kung ipinagtatabuyan kayo at inaalipusta, at kung kinasusuklanan na tila masama ang inyong pangalan dahil sa Anak ng Tao. Magalak kayo sa araw na iyon at lumundag sa kagalakan sapagkat tiyak na malaki ang inyong gantimpala sa langit. Ganoon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta.

Mateo 10:17 Mag-ingat kayo sa mga tao, sapagkat may mga magkakanulo sa inyo sa mga hukuman at hahagupit sa inyo sa kanilang mga sinagoga.

Juan 15:19,20 Kung kayo ay kabilang sa sanlibutan, mamahalin kayo ng sanlibutan bilang kabahagi nito. Dahil hindi kayo kabilang sa sanlibutan, sa halip ay pinili ko kayo mula sa sanlibutan, kaya kinapopootan kayo nito. 20 Tandaan ninyo ang salitang sinabi ko sa inyo: 'Walang aliping mas dakila kaysa kanyang panginoon.' Kung ako ay pinahirapan nila, pahahirapan din nila kayo. Kung sinunod nila ang salita ko, susunod din sila sa salita ninyo.

* **Juan 16:2** Palalayasin nila kayo sa mga sinagoga. At dumarating na nga ang oras na ang mga papatay sa inyo ay mag-iisip na ginagawa nila ito bilang paglilingkod sa Diyos.

Juan 16:33 Sinabi ko ito sa inyo upang sa akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa sanlibutan, haharap kayo sa pag-uusig. Ngunit lakasan ninyo ang inyong loob, nadaig ko na ang sanlibutan.

- * **Mateo 5:44** Ngunit ako ang nagsasabi sa inyo: Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo.

Juan 17:14 Ibinigay ko pa sa kanila ang iyong salita, at kinapootan sila ng sanlibutan sapagkat sila ay hindi tagasanlibutan, tulad ko na hindi tagasanlibutan.

Mga Gawa 4:29 At ngayon, Panginoon, tingnan mo po kung paano nila kami pinagbabantaan. Ipagkaloob mo po sa iyong mga alipin ang buong katapangan upang ipahayag ang iyong salita.

- * **Filipos 1:29** Sapagkat ipinagkaloob sa inyo alang-alang kay Cristo, hindi lamang ang manampalataya sa kanya, kundi ang magdusa rin alang-alang sa kanya.

1Pedro 3:14 Subalit magdusa man kayo dahil sa paggawa ng mabuti, pinagpala kayo. Huwag kayong matakot at huwag kayong mag-alala sa maaari nilang gawin sa inyo.

1Pedro 4:16 Ngunit kung kayo'y magdusa dahil sa pagiging Cristiano, huwag ninyong ikahiya ito, sa halip ay magpuri kayo sa Diyos sapagkat taglay ninyo ang pangalan ni Cristo.

- * **Pahayag 2:10** Huwag kang matakot sa pagdurusang malapit mo nang maranasan. Mag-ingat kayo dahil malapit nang itapon ng diyablo ang ilan sa inyo sa bilangguan upang kayo ay subukin. At sa loob ng sampung araw ay magdurusa kayo. Maging tapat ka hanggang kamatayan at igagawad ko sa iyo ang korona ng buhay.

- * **Roma 8:31b** Kung ang Diyos ay kakampi natin, sino ang makalalaban sa atin?

- * **Mateo 10:23** Kapag ginigipit nila kayo sa isang bayan, tumakas kayo papunta sa kasunod.
- * **Lucas 21:17-19** Kapopootan kayo ng lahat dahil sa aking pangalan. Ngunit kahit isang hibla ng buhok ninyo sa ulo ay hindang-hindi malalagas. Makakamit ninyo ang inyong buhay dahil sa inyong pagtitiis.
- * **Juan 15:20** Tandaan ninyo ang salitang sinabi ko sa inyo: 'Walang aliping mas dakila kaysa kanyang panginoon.' Kung ako ay pinahirapan nila, pahahirapan din nila kayo. Kung sinunod nila ang salita ko, susunod din sila sa salita ninyo.
- * **Mga Gawa 5:38b,39** Hayaan ninyo sila. Sapagkat kung ang balak nila, o ang gawa nilang ito ay mula sa tao, ito'y hindi magtatagumpay. Ngunit kung ito'y sa Diyos, hindi ninyo sila kayang pabagsakin. Baka lumabas pa kayong lumalaban sa Diyos!

X. ANG PAGPAPAHAYAG NG ATING PANANAMPALATAYA

Sinabi ni Hesus, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa bawat ng nilalang. (Mc 16:15-18). Ang ating patotoo ang ating pinakadakilang saksi kapag sinasabi nating sa iba ang tungkol sa ating pananampalataya. Kapag nalantad na tayo sa tunay na pag-ibig at katotohanan, napipilitan tayong pag-usapan ito! Sinabi ni Apostol Pablo, “Ang pag-ibig ni Cristo ang nag-uudyok sa akin.” (2Cor 5:14-15). Ipapakita sa iyo ng Espiritu ng Diyos ang mga naliligaw, at ikaw, sa iyong puso, maaantig kang dalhin din sila sa Kaharian ng Diyos. Kaya ang pagising saksi ay simpleng pagpapatotoo at malaking kagalakan sa kahanga-hangang pagbabago na naganap sa iyong puso. Sa alinmang korte ng batas, ang mga testigo ay ilan sa may pinakamakapangyarihang papel sa anumang kaso, dahil sila mismo ang nakakita. At ganito rin sa Kaharian ng Diyos.

Ang Dakilang Komisyon

Ang dakilang komisyon na binitawan ni Hesus sa ating ay ang pribilehiyong ibahagi sa iba ang mabuting balita na si Kristo ay dumating upang tubusin ang sangkatauhan, ibig sabihin na sinuman ay maaaring mabuhay ng buo sa kaharian ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. Dagdag pa rito, nagagawa nating maliwanagan ang mundo at ibahagi ang Kanyang pag-ibig at katotohanan kasama ng kagalakan, kaligayahan at katuparan na Kanyang dinala sa ating mga puso sa pamamagitan ng ating bagong kalikasan bilang mga bagong pinanganak. Maibabahagi natin ang biyaya ng Diyos sa lahat ng ating nakakasalamuha, upang sila rin ay mamuhay bilang maliwanag na buhay habang tayo ay nabubuhay. Sila rin ay maaaring makapasok at masiyahan sa kaharian ng langit ngayon. Mayroon bang mas dakilang pagtawag sa buhay?

Ito ay kapwa ang pinakamalaking pagkakataon at ang pinakamalaking responsibilidad. Dahil kung hindi tayo, paano pa nila malalaman?

Ang sabi ng Bibliya, “Ang kagandahang-loob ay huwag ipagkait sa kapwa, kung ika’y may kakayahan na ito ay magawâ.” (Pro3:27). Araw-araw, binibigyan ng Diyos ang mga pagkakataong magpakita ng kabaitan sa mga taong nakapaligid sa atin. Kahit na isang salita ng paghihikayat, isang tapik sa likod, isang utos na ginawa para sa kanila, alinman sa mga iyon ay maaaring mangahulugan ng marami; maaaring mangahulugan ito ng pag-ibig ng Diyos na ganap.

Tayo ay nasa isang misyon kapag tayo ay nasa kaharian ng Diyos. Sabi ng iba “Magktrabaho ka sa sekular na trabaho” ngnunit sa totoo lang, sekular lang ito kung hindi natin dadalhin ang Diyos dito. Ngunit kung gagawin natin ito, ito ay magiging misyon natin. Dahil tayo ang liwanag ng mundo, lahat ng nakakasalamuha natin ay isang ‘divine appointment’.

Ang mga Kristiyanong magulang ay may isa sa mga pinakadakilang misyon na ibinigay sa tao, dahil palagi nilang ibinabahagi ang kanilang mga halaga sa kanilang mga anak. Kaya, sa maraming aspeto, dapat tayong lahat ay nasa buong-panahong ministeryo.

- * **Marcos 16:15-18** Sinabi niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyosa lahat ng tao. Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking pangalan at magsasalita sila ng mga bagong wika; walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito.”

- * **Mateo 28:19,20** Kaya't sa inyong paghayo ay gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu, at tinuturuan silang gumanap sa lahat ng mga bagay na ipinagbibilin ko sa inyo. At tandaan ninyo, ako'y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon.
- * **2Timoteo 2:2** Ang mga bagay na narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi ay ipagkatiwala mo rin sa mga mapagkakatiwalaan at may kakayahang magturo sa iba.
Roma 10:14,15 Ngunit paano sila tatawag sa hindi nila sinampalatayanan? Paano naman sila sasampalataya sa hindi nila napakinggan? At paano sila makikinig kung walang mangangaral? At paano sila mangangaral kung hindi sila isinugo? Gaya ng nasusulat, "Napakaganda ng mga paang nagdadala ng mabuting balita!"
- * **Juan 15:8** Kayo'y mamunga nang sagana at maging mga alagad ko, sa ganitong paraan ay napaparangalan ang aking Ama.
- * **Ezekiel 3:17-19** Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sambahayan ni Israel. Tuwing makakarinig ka ng salita mula sa aking bibig, bigyan mo sila ng babala mula sa akin. Kapag aking sinabi sa masama, 'Ikaw ay tiyak na mamamatay,' at hindi mo siya binigyan ng babala o nagsalita ka man upang bigyan ng babala ang masama mula sa kanyang masamang landas, upang iligtas ang kanyang buhay, ang gayong masamang tao ay mamamatay sa kanyang kasamaan; ngunit ang kanyang dugo ay aking sisingilin sa iyong kamay. Gayunman, kung iyong balaan ang masama at siya'y hindi tumalikod sa kanyang kasamaan, o sa kanyang masamang lakad man, siya'y mamamatay sa kanyang kasamaan; ngunit iniligtas mo ang iyong buhay.

* **Mga Kawikaan 11:30** Ang bunga ng matuwid ay punungkahoy ng buhay; at ang humihikayat ng kaluluwa ay may karunungan.

* **Daniel 12:3** Ang mga pantas ay magniningning na tulad ng kaningningan ng langit; at ang mga nagpabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailanpaman.

* **Mateo 4:19** At sinabi niya sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao.”

Marcos 16:20 Humayo ang kanyang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Sinamahan sila ng Panginoon sa gawaing ito at pinatunayan ang kanyang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip nito.

Marcos 8:35 Sapagkat sinumang nagnanais magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito, at ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin at sa ebanghelyo ay magkakamit nito..

* **Mateo 9:37,38** Sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Napakarami ng aanihin, subalit kakaunti ang mga manggagawa. Kaya’t idalangin ninyo sa Panginoon ng ánihin na magsugo siya ng mga manggagawa sa kanyang aanihin.”

Lucas 9:3-5 At sinabi niya sa kanila, “Huwag kayong magdala ng kahit ano sa inyong paglalakbay; kahit tungkod, balutan, tinapay, o salapi. Huwag din dalawa ang dalhin ninyong damit panloob. Saanmang bahay kayo pumasok, mamalagi kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo. Saanmang lugar na hindi kayo tanggapin, ipagpag ninyo ang alikabok sa inyong mga paa pag-alis ninyo sa bayang iyon bilang patotoo laban sa kanila.”

Lucas 12:8,9 Sinasabi ko sa inyo, ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin din ng Anak ng Tao sa harap ng mga anghel ng Diyos. Ngunit ang magkaila

sa akin sa harap ng mga tao ay ikakaila rin sa harap ng mga anghel ng Diyos.

- * **Juan 15:16** Hindi kayo ang pumili sa akin sa halip ako ang pumili sa inyo. Isinugo ko kayo upang humayo at mamunga ng mga bungang nananatili sa inyo. Sa gayon, anumang hilingin ninyo sa Ama sa pangalan ko ay ipagkakaloob sa inyo.

Juan 20:21 Muling sinabi ni Jesus sa kanila, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong isinugo ako ng Ama, sinusugo ko rin kayo.”

- * **Mga Gawa 5:42** Araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, wala silang tigil sa pagtuturo at pangangaral na si Jesus ang Cristo.
- * **2Timoteo 4:2a** ipangaral mo ang salita; pagsikapan mo iyan umaayon man ang panahon o hindi.

Juan 21:16 Muling nagtanong si Jesus sa ikalawang pagkakataon, “Simon, anak ni Juan, minamahal mo ba ako?” Sinabi ni Pedro sa kanya, “Opo, Panginoon; alam mong minamahal kita.” Sinabi ni Jesus sa kanya, “Alagaan mo ang aking mga tupa.”

1Corinto 3:6, 7 Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig, ngunit ang Diyos ang nagpapalago. Kaya’t hindi ang nagtanim o ang nagdidilig ang mahalaga, kundi ang Diyos na nagpapalago.

1Pedro 5:2 na alagaan ninyo ang kawan ng Diyos na ipinagkatiwala sa inyo. Pamahalaan ninyo ito nang maluwa sa loob at hindi napipilitan lamang, gaya ng nais ng Diyos. Gawin ninyo ito hindi dahil sa pag-ibig sa salapi, kundi dahil sa pagnanais na maglingkod.

- * **1Corinto 9:16** Kung ipinangangaral ko ang ebanghelyo ay wala akong maipagmamalaki sapagkat ito ay tungkuling iniatang sa akin. Kaysaklap ng sasapitin ko kung hindi ko ipangaral ang ebanghelyo!

- * **Lucas 9:2** At isinugo niya ang mga ito upang ipangaral ang paghahari ng Diyos at magpagaling ng mga may sakit.
- * **Juan 6:27** Huwag kayong magpagod para sa pagkaing nabubulok, kundi para sa pagkaing nananatili tungo sa buhay na walang hanggan, na siyang ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao, sapagkat siya ang tinatakan ng Diyos Ama.”
- * **Mateo 5:14,15** Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Hindi maikukubli ang isang lungsod na itinayo sa ibabaw ng isang burol. Hindi nagsisindi ng ilawan ang mga tao at ilalagay lamang sa ilalim ng isang takalan. Sa halip, ilalagay ito sa ibabaw ng isang patungan, nang sa gayo’y magbigay liwanag ito sa lahat ng nasa bahay.
- * **1Corinto 2:4** Ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng mga mapanghikayat na salita ng karunungan, kundi sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Espiritu.
- * **1Pedro 3:15b** Lagi kayong maging handang magtanggol sa harap ng sinumang humihingi sa inyo ng paliwanag tungkol sa pag-asang taglay ninyo.

Hindi Kinakahiyang Katapangan at Paninindigan

Ito ay isang kahanga-hangang regalo mula sa Banal na Espiritu na nagbibigay kapangyarihan sa atin ng walang kahihiyang katapatan. (Tingnan ang Mga Gawa 1:8). Naitatag natin ang pananalig na magsalita at manindigan para sa kung ano ang pinaniniwalaan nating tama, totoo, at mapagmahal, at iyan ang dahilan kung bakit ang mga Kristiyano ay dapat maging matapang sa pagsasalita ng kanilang pananampalataya nang walang kahihiyang.

- * **Mga Gawa 1:8** Sa halip, tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu, at kayo’y magiging

mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, hanggang sa dulo ng daigdig.

Marcos 8:38 Sinumang ikahiya ako at ang aking salita sa mapakiapid at makasalanang salinlahing ito, ay ikahihiya rin ng Anak ng Tao pagdating niya na taglay ang kaluwalhatian ng kanyang Ama, kasama ang mga banal na anghel.”

Efeso 6:19,20 Ipanalangin din ninyo na sa pagbuka ng aking bibig ay pagkalooban ako ng sasabihin, upang buong tapang kong maipahayag ang hiwaga ng ebanghelyo. 20 Dahil sa ebanghelyong ito, ako’y isang nakagapos na sugo. Ipanalangin nga ninyo na makapagpahayag ako nang may katapangan gaya ng nararapat kong gawin.

Mga Awit 119:46 Magsasalita rin ako tungkol sa iyong mga patotoo sa harapan ng mga hari, at hindi ako mapapahiya.

Isaias 40:9b Itaas mo ang iyong tinig na may kalakasan, O Jerusalem, tagapagdala ng mabubuting balita, itaas mo, huwag kang matakot, sabihin mo sa mga lunsod ng Juda, “Tingnan ang inyong Diyos!”

Isaias 50:4a Binigyan ako ng Panginoong Diyos ng dila ng mga naturuan, upang aking malaman kung paanong aalalayan ng mga salita ang nanlulupaypay.

Jeremias 1:7 Ngunit sinabi sa akin ng Panginoon, “Huwag mong sabihin, ‘Ako’y isang kabataan,’ sapagkat saanman kita suguin ay paroroon ka, at anumang iutos ko sa iyo ay sasabihin mo.

Mateo 5:16 Sa gayunding paraan ay paliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin ang inyong Amang nasa langit.

Lucas 12:8 “Sinasabi ko sa inyo, ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin din ng Anak ng Tao sa harap ng mga anghel ng Diyos.

* **Mga Gawa 4:13** Namangha sila nang makita nila ang katapangan nina Pedro at Juan, lalo na nang malamang sila’y mga taong walang pinag-aralan at mga karaniwang tao lamang. Nabatid nilang sila’y nakasama ni Jesus.

Mga Gawa 18:9b,10 “Huwag kang matakot! Patuloy kang mangaral at huwag kang tumahimik. 10 Sapagkat kasama mo ako. Walang sinumang taong mananakit sa iyo sapagkat marami akong tagasunod sa lungsod na ito.”

Roma 1:16 Hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo; sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya, una’y sa mga Judio at gayundin sa mga Griyego.

Tito 2:15 Ituro mo ang lahat ng ito. Gamitin mo ang iyong kapangyarihan upang magpalakas ng loob ng tao at sa pagsaway. Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman.

Pagpapakita ng Tunay na Kristiyanong Buhay

If yKung ikaw ay tunay na naniniwala sa isang bagay, ito ay makikita sa paraan ng iyong pamumuhay at sa iyong mga gawa. Ang iyong paniniwala ay nagiging isang paninindigan ng iyong puso na iyong pinapanagutan. Ang buhay Kristiyano ay isang pagpapakita. Halimbawa sa pananampalatayang sinasabuhay ay ang pagpapakita nito sa mundo kung sino ang iniibig mo! Karamihan sa mga tao ay maniniwala sa hangganan ng bibliya, naniniwala sila na ito ay buhay kung ito ay kanilang nakikita sa kanilang sarili. Kapag ang iyong puso ay napuno na ng pag-ibig sa Diyos, gusto mong gawin din ito sa iba. Nanaisin mo ang iba na makibahagi rin sa Kanyang mapagmahal na kabaitan. Ito ay higit pa sa pagsasabi sa kanila tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Maaari mong maipamalas sa kanila ang pag-ibig ng Diyos sa maraming paraan: pagtulong, pakikinig, pag-

unawa, pagpapatawad, pagtuturo, pag-aalaga, at paggabay, at marami pang iba.

Ang Pagmamahal ng Kritiyano sa Mundo

Sa oras na ikaw ay ipinanganak muli, ang pagmamahal sa iba ay hindi na isang tungkulin kundi isang pribilehiyo. Kapag napagtanto mo kung gaano ka minahal at kung gaano kalaki ang pagmamahal ng Diyos para sa bawat isa sa atin, ito ay nagbibigay-liwanag sa iyo upang masaksihan ang Kanyang katotohanan. Ang Kanyang pag-ibig ang nagbibigay liwanag sa ating pananampalataya upang ibahagi ang mabuting balita. (Tingnan ang 2Cor 5:14a) Ikaw ang tagapag-ingat ng iyong kapatid. Muli nating basahin ang talinghaga ng mabuting Samaritano. Nalalapat ito sa allofus. (Tingnan sa Lk10:25-37) Ang pinakadakilang anyo ng pag-ibig sa iyong kahandaang ialay ang ating buhay, na nangangahulugang pag-uusig sa mga pangangailangan ng iba bago ang iyong sariling. 12:24) at, “

Ang pinakadakilang pag-ibig na maaaring taglayin ng sinuman para sa kanyang mga kaibigan ay ang ialay ang kanyang buhay para sa kanila.” (Jn15:13). At ang higit na dakilang sakripisyo, ang pinakamalalim na pag mamahal. Ang pag-aaral sa espiritwal na pakikidigma ay muling magsisimula sa araw-araw na mga pagpipilian tulad ng pagsasabi ng katotohanan, pagiging di-makasarili, at pagiging mapagpatawad at mapagmahal. Sinabi ni Jesus, “ Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin.” (Mt 16:24). Kailangan nating maging handa na alisin ang mga gumagambala sa atin. Sinabi ni Pablo, “Ang isang kawal ay hindi nagiging abala sa mga bagay na walang kaugnayan sa pagiging kawal; sa halip, sinisikap niyang mabigyan ng kasiyahan ang kanyang pinuno.” (2Tim2:4).

Lucas 6:31-35 Gawin mo sa iyong kapwa ang nais mong gawin nila sa iyo. Kung ang mamahalin ninyo ay iyon lang mga nagmamahal sa inyo, ano ang mapapala ninyo? Kahit ang mga makasalanang ay nagmamahal sa nagmamahal sa kanila. Ano ang mapapala ninyo kung gagawa kayo ng mabuti doon lamang sa gumagawa sa inyo ng mabuti? Ganoon din ang ginagawa ng mga makasalanang. Kung kayo'y nagpapautang doon lamang sa mga taong inaasahan ninyong makabayad, ano ang mapapala ninyo? Kahit ang mga makasalanang ay nagpapautang sa inaasahan nilang makapagbabayad. Kaya't mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, gumawa kayo ng mabuti, at magpahiram kayo nang hindi umaasa ng kapalit. Malaki ang magiging gantimpala ninyo at kayo ay magiging mga anak ng Kataastasan sapagkat siya ay mabait sa mga walang utang na loob at sa masasama.

- * **1Juan 3:16, 18** Ganito natin nakikilala ang pag-ibig: ibinigay niya ang kanyang buhay alang-alang sa atin; at dapat din nating ibigay ang ating mga buhay alang-alang sa mga kapatid. Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya'y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan.

1Juan 4:20,21 Ang sinumang nagsasabing iniibig niya ang Diyos ngunit napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Sapagkat ang hindi umiibig sa kanyang kapatid na kanyang nakikita ay hindi maaaring umibig sa Diyos na hindi niya nakikita. Ito ang utos na ibinigay niya sa atin: dapat ding umibig sa kanyang kapatid ang umiibig sa Diyos.

Mateo 5:43, 44, 46, 47 "Narinig ninyong sinabi, 'Mahalin mo ang iyong kapwa at kamuhian mo ang iyong kaaway.' 44 Ngunit ako ang nagsasabi sa inyo: Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo, Sapagkat kung ang mamahalin ninyo ay iyon

lamang nagmamahal sa inyo, ano'ng mapapala ninyo? Hindi ba't ganyan din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? At kung sa mga kapatid lamang ninyo kayo bumabati, mayroon ba kayong ginagawang higit kaysa iba? Hindi ba't ganoon din ang ginagawa ng mga Hentil?

Mateo 7:12 Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.

- * **Mateo 22:37-40** At sinabi niya sa kanya, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip. Ito ang dakila at pangunahing utos. At katulad nito ang pangalawa, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.' Nakabatay sa dalawang utos na ito ang buong Kautusan at ang mga propeta."

Mateo 25:35 Sapagkat ako'y nagutom at ako'y inyong pinakain. Ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom. Ako'y naging isang dayuhan, at ako'y inyong pinatuloy.

- * **Juan 13:34,35** Isang bagong utos ang ibinibigay ko: ibigin ninyo ang isa't isa. Tulad ng pag-ibig ko sa inyo, dapat din kayong umibig sa isa't isa. Malalaman ng lahat na kayo'y aking mga alagad, kung kayo ay may pag-ibig sa isa't isa."
- * **Juan 15:13** Walang hihigit pa sa pag-ibig ng taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.

Roma 12:10 Maging mapagmahal sa isa't isa bilang tunay na magkakapatid, at pahalagahan ninyo ang inyong kapwa nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyong mga sarili.

- * **Roma 13:8** Huwag kayong manatiling may pagkakautang kaninuman, maliban sa pagkakautang na magmahalan kayo, sapagkat ang nagmamahal sa kanyang kapwa ay nakatupad na sa Kautusan.

Roma 13:10 Sapagkat ang pag-ibig ay hindi gumagawa ng masama sa kapwa, kaya ang pag-ibig ang katuparan ng Kautusan.

* **1Corinto 13:4-8** Ang pag-ibig ay matiyaga at mabait; hindi mapanibughuin, hindi mapagmalaki o mayabang; hindi magaspang ang asal; hindi nag-iisip para sa sariling kapakanan, hindi mayayamutin, hindi nagbibilang ng kamalian. Hindi ito nagagalak sa kasamaan, kundi nakikigalak sa katotohanan. Ang pag-ibig ay nagtitiis sa lahat, nagtitiwala sa lahat, may pag-asa sa lahat at may tiyaga sa lahat. Ang pag-ibig ay walang katapusan.

* **1Corinto 13:13** Samantala, nananatili ang tatlong ito: pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.

* **1Corinto 16:14** Gawin ninyo ang lahat nang may pag-ibig.
1Pedro 1:22 Ngayong malinis na kayo dahil sa inyong pagsunod sa katotohanan, at naghahari na sa inyo ang tapat na pag-iibigan bilang magkakapatid, nawa'y maging maalab at taos sa puso ang inyong pagmamahalan.

Colosas 3:12-14 Kaya't bilang mga pinili ng Diyos, mga banal at minamahal, isuot ninyo sa inyong pagkatao ang pagkamahabagin, kabaitan, kababaang-loob, kaamuan, at tiyaga. Magparaya kayo sa isa't isa, at kung ang sinuman ay may sama ng loob sa kanino man, magpatawad kayo sa isa't isa. Magpatawad kayo kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon. At higit sa lahat, taglayin ninyo ang pag-ibig na siyang nagbubuklod sa lahat sa lubos na pagkakaisa.

* **Galacia 5:14** Sapagkat ito ang buod ng Kautusan: "Ibiging mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

* **Galacia 6:2** Magtulungan kayo sa pagdadala ng pasanin ng isa't isa, at sa ganitong paraan ay matutupad ninyo ang utos ni Cristo.

* **1Pedro 4:8** Higit sa lahat, patuloy kayong magmahalan, sapagkat ang pag-ibig ang pumapawi ng maraming kasalanan.

1Juan 2:10 Ang sinumang nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananatili sa liwanag, at hindi siya matitisd sa anumang.

* **1Juan 4:7,8** Mga minamahal, ibigin natin ang isa't isa, sapagkat ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang sinumang umiibig ay anak na ng Diyos at nakikilala niya ang Diyos. Ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

1Juan 4:11,12 Mga minamahal, yamang lubos tayong iniibig ng Diyos, dapat din nating ibigin ang isa't isa. Walang sinumang nakakita sa Diyos, ngunit kung iniibig natin ang isa't isa, nananatili ang Diyos sa atin, at nagiging ganap sa atin ang kanyang pag-ibig.

* **Galacia 5:13** Sa halip, maglingkod kayo sa isa't isa sa diwa ng pag-ibig.

Efeso 5:2a Mamuhay kayo sa pag-ibig, kung paanong inibig tayo ni Cristo at ibinigay ang kanyang sarili para sa atin bilang isang mabangong handog at alay sa Diyos.

* **Mateo 25:40b** 'Tinitiyak ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.'

* **Mateo 7:12b** Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.

Panatiliing Simple ang Ating Pagpapahayag

Si Paul ang apostol, na isa sa mga pangunahing guro at mangangaral ng ebanghelyo, ay isang dating Pariseo at matalinong mag-aaral ng lumang batas, at hinahatulan

ang anumang uri ng intelektwal na pagdeliberasyon na naging sanhi ng pagkalito sa mga tuntunin. Para maiwasan ang anumang pagtatalo, mahalagang ibahagi ang ibinigay sa iyo ng Diyos, mula sa iyong puso. Kung ano ang iyong ipinamuhay sa Salita, sa Espiritu, ay ang pinakamakapangyarihang aspeto ng pagpasa sa pagiging simple ng ebanghelyo sa iba. Sa ganitong paraan nabubuhay ang mga kasulatan, dahil ikaw ang patunay!

Tito 3:9 Iwasan mo ang mga walang-kabuluhang pagtatalo, ang mga talaan ng mga salinlahi, at ang mga pagtatalo't alitan tungkol sa Kautusan. Walang halaga at walang kabutihang maidudulot ang mga iyan.

1Tesalonica 2:4-6 Dahil minarapat ng Diyos na sa amin ay ipagkatiwala ang ebanghelyo, nangangaral kami hindi upang bigyang-kasiyahan ang tao, kundi ang Diyos na nakasisiyasat ng aming puso. Alam ng Diyos at alam din ninyo na hindi kami gumamit ng pakunwaring papuri sa aming pangangaral, o ginamit ang aming pangangaral bilang balatkayo ng anumang sakim na hangarin. Hindi kami naghangad ng papuri ng sinumang tao, kahit mula sa inyo,

2Corinto 1:12 Sapagkat ito ang aming maipagmamalaki: nagpapatotoo ang aming budhi na ang pamumuhay namin sa sanlibutan, at lalo na sa inyo ay may kalinisan at katapatang mula sa Diyos, hindi ayon sa makamundong karunungan, kundi sa biyaya ng Diyos.

Mateo 5:16 Sa gayunding paraan ay paliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin ang inyong Amang nasa langit.

1Corinto 1:17 Sapagkat hindi ako isinugo ni Cristo upang magbautismo, kundi upang ipangaral ang ebanghelyo, hindi sa pamamagitan ng karunungan ng pananalita, upang ang krus ni Cristo ay huwag mawalan ng kapangyarihan.

1Corinto 1:27-29 Sa halip, pinili ng Diyos ang mga bagay na kahangalan ng sanlibutan upang hiyain niya ang marurunong, at pinili niya ang mga bagay na mahihina ng sanlibutan upang hiyain niya ang malalakas. Pinili ng Diyos ang mga bagay na mababa at minamaliit sa sanlibutan, kahit ang mga bagay na walang halaga upang pawalang-saysay ang mga bagay na mahalaga, upang walang taong makapagmalaki sa harapan ng Diyos.

2Corinto 3:12 Kaya't yamang taglay namin ang gayong pag-asa, napakalakas ng loob namin sa pagsasalita.

Pagkakaisa ng mga Nananampalataya

Sinabi ni Hesus na kapag may dalawa o tatlo na nagtitipon sa Kanyang pangalan, nariyan Siya! Mayroong napakaraming kapangyarihan sa pagkakaisa at kung kaya't ginagamit ng diyablo ang dibisyon upang maging hindi epektibo ang kapangyarihan na maaari nating matamasa sa Buhay ni Kristo. Ang mga nananampalataya ay ang katawan ni Kristo. Ang mga denominasyon ay hindi pinasimulan ni Hesus. Tayo ay dapat maging isa. Ito ang inilalarawan sa Bibliya kung ano ang Simbahan. Hindi bilang isang gusali ngunit bilang isang denominasyon, isang lupon ng mga mananampalataya. At iginiit ni Jesus na tayo ay magkaisa habang Siya ay kaisa ng Ama. Sinasabi ng Salita, “Kung nasasaktan ang isang bahagi, nasasaktan ang lahat.” (1Cor 12:26). Tayo ay sinabihan sa (Hebrews 10:25), “Huwag nating kaliligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon.” Mayroong dakilang kapangyarihan ang pagkakaisa. Ang pagpupulong sa loob ng isang oras o dalawa para sa pakikisama ay dapat magkaroon ng kasiyahan at pagpapahinga!

Ito ang panahon upang manumbalik, muling mabigyan-inspirasyon at pasiglahin ang iyong sarili para sa trabaho at palakasin para sa mga laban sa mga darating na araw!

Sa unang 200 taon ng pag-iral nito, ang Kristiyanismo ay walang mga gusali, at ang mga Kristiyano ay nagkikita lamang saanman nila magagawa. Sinabi ni Hesus, “Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan ko, naroon akong kasama nila.” (Mat 18:20). Lahat sa panahon ng Bagong Tipan, ang Simbahan ay umunlad at lumaki ang kahabaan ng mga pagtatayo ng simbahan o “mga bahay ng Diyos”! Ang tanging lugar ng pagpupulong na ang mga Kristiyano ay may kani-kanilang tahanan. Paulit-ulit na tinutukoy ni Apostol Pablo ang “simbahan naay nasa iyong bahay” (Rom 16:5; 1Corinto 16:19; Colosas 4:15; Filemon 2). Pansinin na ang bahay mismo ay hindi ang Simbahan, ngunit ang “simbahan” ay nagkikita sa kanilang mga bahay!

Ang salitang “simbahan” na isinalin mula sa Ekklesia sa Griyego, ay literal na nangangahulugang “mga tinawag o pinili” o “katawan ng mga mananampalataya”! Ang tunay at buhay na Simbahan ng Diyos ay ang mga tunay na Kristiyanong mananampalataya sa Diyos na sumusunod kay Hesus, ang ipinanganak-muli, naligtas sa katawan ni Kristo. Hindi isang gusali o anumang partikular na denominasyon!

Juan 17:21 upang silang lahat ay maging isa, tulad mo, Ama, na nasa akin at ako’y nasa iyo, na sila rin ay mapasaatin, upang ang sanlibutan ay maniwala na ako’y isinugo mo.

1 Corinto 12:14-18 Sapagkat ang katawan ay hindi binubuo ng iisang bahagi, kundi ng marami. Kung sasabihin ng paa, “Sapagkat hindi ako kamay, hindi ako kabilang sa katawan,” hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? At kung sasabihin ng tainga, “Sapagkat hindi ako mata, hindi ako kabilang sa katawan,” hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? Kung ang buong katawan ay mata, saan naroroon ang pandinig? Kung ang lahat ay pandinig, saan naroroon ang pang-amoy? Inilagay ng Diyos ang

mga bahagi ng katawan, ang bawat isa sa kanila ayon sa kanyang kagustuhan.

- * **Roma 12:5** Gayundin naman, kahit na tayo’y marami, tayo ay iisang katawan kay Cristo, at bawat isa ay bahagi ng isa’t isa.
 - * **1Corinto 1:10** Nakikiusap ako sa inyo, mga kapatid, sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na magkasundo kayong lahat sa inyong sinasabi, at huwag kayong magkaroon ng pagkakampi-kampihan, kundi kayo’y mabuklod sa iisang pag-iisip at hangarin.
 - * **Eclesiastes 4:9,10,12** Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa; sapagkat sila’y may mabuting gantimpala sa kanilang pagpapagod. Sapagkat kung sila’y bumagsak, ibabangon ng isa ang kanyang kasama; ngunit kahabag-habag siya na nag-iisa kapag siya’y bumagsak; at walang iba na magbabangon sa kanya. At bagaman ang isang tao ay maaaring magtagumpay laban sa iba, ang dalawa ay magtatagumpay laban sa isa. Ang panaling may tatlong pisi ay hindi agad napapatid.
 - * **Mateo 18:19,20** Inuulit ko, na kapag ang dalawa sa inyo ay nagkasundo dito sa lupa tungkol sa anumang bagay na kanilang hinihiling ay gagawin iyon para sa kanila ng aking Amang nasa langit. Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagpupulong sa aking pangalan, naroroon ako sa gitna nila.”
 - * **Mga Gawa 2:44,45** At nagsama-sama ang lahat ng mga mananampalataya at ibinahagi ang kanilang mga ari-arian para sa lahat. Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at mga kayamanan at ang napagbilhan ay ipinamahagi sa lahat, ayon sa pangangailangan ng bawat isa.
- Mga Gawa 4:32** Lahat ng mga mananampalataya ay nagkakaisa sa puso at kaluluwa.

* **Roma 14:19** Kaya't pagsikapan nating gawin ang mga bagay na makapagdudulot ng kapayapaan at makapagpapatibay sa isa't isa.

1Corinto 14:26 Kaya ano'ng ibig kong sabihin, mga kapatid? Sa inyong pagkakatipon, bawat isa ay may awit, may aral, may pahayag, may wika, o kaya'y may pagpapaliwanag. Dapat isagawa ang lahat ng mga bagay para sa pagpapatibay ng iglesya.

Efeso 4:3 Gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya upang mapanatili ang pagkakaisa ng Espiritu sa buklod ng kapayapaan.

Filipos 1:27 Mamuhay lamang kayo sa paraang karapat-dapat sa ebanghelyo ni Cristo. Sa gayon dumating man ako at kayo'y makita, o wala man sa harap ninyo at mabalitaan ko ang inyong kalagayan, malalaman kong kayo'y matatag na naninindigan sa iisang espiritu, at may isang layunin na sama-samang ipinaglalaman ang pananampalataya ng ebanghelyo,

Filipos 2:2 lubusin ninyo ang aking kagalakan. Magkaisa kayo sa pag-iisip, mabuklod kayo ng iisang pag-ibig, at magkaisa kayo sa diwa at layunin.

* **1Juan 1:7a** Ngunit kung tayo'y namumuhay sa liwanag tulad niya na nasa liwanag, may pakikipagkaisa tayo sa isa't isa.

* **Mga Awit 133:1** Narito, napakabuti at napakaligayakapag ang magkapatid ay sama-samang namumuhay na nagkakaisa!nmy!

Pamumuhay na May Kababaang-loob

Ang pagpapakumbaba ay ang kalidad ng pag-uuna sa mga pangangailangan ng ibang tao bago ang iyong sarili, at pag-iisip sa iba muna. Gayundin, nangangahulugan ito ng hindi pagtutok sa iyong sarili, ito ang pagkilala na hindi ka palaging tama. Ang pagpapakumbaba ay

hindi nangangahulugang hindi iniisip ang iyong sarili, sa halip, hindi mo iniisip ang iyong sarili lamang. Kaya, ang ‘paglakad ng may pagpapakumbaba ‘ ay gagawa sa pagsisikap na mamuhay ayon sa maka-Diyos na mga prinsipyo na paglalagay sa mga pangangailangan ng ibang tao, bago ang iyong sarili. Sinasabi ng Salita na ang Diyos ay lumalaban sa mapagmataas, ngunit nagbibigay ng biyaya sa mapagpakumbaba. Ang layunin ay lumakad tayo sa kababaang-loob. Ang pagpapakumbaba ay pagiging “nakasentro sa ibang tao”, na kung saan matutupad ang batas ng pag-ibig. Ang mga mapagpakumbaba ay tumatanggap ng biyaya. Dapat nating isuko ang ating sarili sa Diyos, magpakumbaba sa harap ng Diyos, labanan ang pagmamataas, at huwag tanggapin ang iyong sariling pang-unawa. Iyan ang landas ng kababaang-loob.

Ang mga kasalan, kahit ano man ito ay nagmula sa pagmamataas. Si Satanas ay bumagsak dahil sa pagmamataas. (Tingnan Is14:12-16) Ang ideya ng pagmamalaki ay kapag inuuna mo ang iyong sarili. Samakatuwid, siya ay makasarili, matigas ang ulo, hindi magpagpatawad, nag-iipon ng sama ng loob kung saan siya ay nagiging mapanghusga. Madali siyang magtsismis at manirang-puri para mapalakas ang kanyang ego. Siya ay kanyang sariling alamat. Mas pinahahalagahan niya ang kanyang sariling opinyon kaysa sa sa iba at samakatuwid ay minamanipula at tinatakot pa nga niya ang iba.

Ang mga mapagmataas ay madaling magalit. Napakaraming patibong sa pagmamalaki. Ang mapagmataas ang pinaka-insecure sa lahat ng tao. Sa tingin namin, ang pagmamataas ay nagiging mas malaki, ngunit ang aktwal na katotohanan ay lumiliit. Nakakabawas ito sa iyong kapasidad na magbigay at tumanggap. Sinasabi ng Bibliya na “nauuna ang pagmamataas bago ang pagkahulog”. (Tingnan ang Kaw 16:18) Madalas ito ay palihim dahil nagtatago ito sa huwad na pagpapakumbaba. Siya ay mapagmataas upang maging mapagpakumbaba; banal na mapagpakumbaba, at mapagmataas. At dahil siya

ay umaasa sa kanyang sariling lakas, hindi niya nabibigyan ng pasanin ang Panginoon at lubos na umasa sa Kanya. Ang pagmamataas ay lubhang mapanganib sa kaharian ng Panginoon.

Lucas 14:10 Sa halip, kung naanyayahan ka, pumunta ka at umupo sa pinakaabang upuan. Pagdating ng nag-anyaya sa iyo, sasabihin niya sa iyo, ‘Kaibigan, lumipat ka sa mas marangal na upuan.’ Sa gayon ay mabibigyan ka ng dangal sa harap ng mga kasalo mo.

Lucas 16:15 Kaya sinabi niya sa kanila, “Nagkukunwari kayong matuwid sa harapan ng mga tao, ngunit alam ng Diyos ang inyong puso. Sapagkat ang pinahalalagahan ng tao ay kasuklam-suklam sa Diyos. Colosas 3:12 Kaya’t bilang mga pinili ng Diyos, mga banal at minamahal, isuot ninyo sa inyong pagkatao ang pagkamahabagin, kabaitan, kababaang-loob, kaamuan, at tiyaga. Santiago 4:6 Ngunit ang Diyos ay nagkakaloob ng higit pang biyaya. Kaya naman sinasabi, “Sinasalungat ng Diyos ang mga mapagmataas ngunit pinagpapala niya ang mga mapagpakumbaba.”

* **Mateo 23:12b** at ang nagbababa sa sarili ay itataas.

Mga Awit 25:9 Pinapatnubayan niya ang mapagpakumbaba tungkol sa katuwiran, at itinuturo sa mapagpakumbaba ang kanyang daan.

Mga Awit 37:11 Ngunit mamanahin ng maaamo ang lupain, at masisiyahan ang kanilang sarili sa lubos na kasaganaan.

Mga Kawikaan 15:33 Ang takot sa PANGINOON ay pagtuturo sa karunungan, at ang pagpapakumbaba ay nauuna sa karangalan.

Mga Kawikaan 22:4 Ang gantimpala sa pagpapakumbaba at takot sa PANGINOON ay kayamanan, karangalan, at buhay.

Mateo 5:5 Pinagpala ang mga maamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa.

Mateo 18:4 Kaya't sinumang nagpapakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.

Lucas 1:52 Ang mga makapangyarihan mula sa trono'y kanyang ibinagsak, at ang mga nasa abang kalagayan, kanya namang iniangat.

* **2Corinto 10:17** Ngunit, "Siyang nagmamalaki ay Panginoon ang ipagmalaki."

Filipos 2:5-8 Taglayin ninyo ang pag-iisip na tulad ng kay Cristo Jesus; kahit siya'y nasa kalikasan ng Diyos, ay hindi niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos, sa halip ay itinuring niyang walang halaga ang sarili, kinuha ang kalikasan ng alipin, at naging katulad ng mga tao. At nang natagpuan sa kaanyuan ng tao, ibinaba niya ang kanyang sarili, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, maging kamatayan sa krus.

Santiago 4:10 Magpakumbaba kayo sa harap ng Panginoon, at itataas niya kayo.

Mga Awit 138:6 Bagaman ang Panginoon ay mataas, kanyang pinapahalagahan ang mababa; ngunit ang palalo ay nakikilala niya mula sa malayo.

Mikas 6:8 Ipinakita niya sa iyo, O tao, kung ano ang mabuti. At ano ang itinatakda ng Panginoon sa iyo, kundi ang gumawa na may katarungan, at umibig sa kaawaan, at lumakad na may kapakumbabaan na kasama ng iyong Diyos?

1Samuel 2:3 Huwag na kayong magsalita nang may kapalaluan; huwag lumabas sa inyong bibig ang kahambugan; sapagkat ang Panginoon ay Diyos ng kaalaman, at ang mga kilos ay kanyang tinitimbang.

* **Daniel 4:37b** At kaya niyang ibaba ang mga lumalakad na may kapalaluan.

Mga Awit 51:17 Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na diwa, isang bagbag at nagsisising puso, O Diyos, ay hindi mo hahamakin.

Mga Awit 10:4 Sa kapalaluan ng kanyang mukha, ang masama ay hindi naghahanap sa kanya;lahat niyang iniisip ay, “Walang Diyos.”

Mga Kawikaan 3:7 Huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata;matakot ka sa PANGINOON, at sa kasamaan ay lumayo ka.

Mga Kawikaan 8:13 Ang takot sa Panginoon ay pagkamuhi sa kasamaan. Ang kapalaluan, kahambugan, landas ng kasamaan, at ang masamang pananalita ay aking kinasusuklaman.

* **Mga Kawikaan 11:2** Kapag dumarating ang pagmamataas ay dumarating din ang kahihyan;ngunit kasama ng mapagpakumbaba ay ang karunungan.

* **Mga Kawikaan 16:18** Ang pagmamataas ay nauuna sa kapahamakan,at ang palalong diwa ay nauuna sa pagkabuwal.

Mga Kawikaan 26:12 Nakikita mo ba ang taong marunong sa ganang sarili niya?May higit na pag-asa pa ang hangal kaysa kanya.

Mga Kawikaan 27:2 Purihin ka ng ibang tao at huwag ng iyong sariling bibig;ng dayuhan, at huwag ng iyong sariling mga labi.

Mga Kawikaan 29:23 Ang kapalaluan ng tao ang sa kanya’y magpapababa,ngunit magtatamo ng karangalan ang may mapagpakumbabang diwa.

* **Mateo 23:12a** Ang nagtataas sa sarili ay ibababa.

Juan 12:43 sapagkat mas ibig nila ang papuri mula sa tao kaysa papuring mula sa Diyos.

Roma 12:3a Ayon sa kaloob na aking tinanggap, sinasabi ko sa bawat isa sa inyo na huwag ninyong ituring ang inyong sarili nang higit sa nararapat.

Corinto 10:12 Kaya't ang nag-aakalang siya'y nakatayo ay mag-ingat na baka siya'y mabuwal.

- * **1Pedro 5:5-7** Kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa mga pinuno. Maging mapagpakumbaba kayo sa pakikitungo sa isa't-isa sapagkat nasusulat, "Sinasalungat ng Diyos ang mga mapagmataas, ngunit pinagpapala niya ang mga mapagpakumbaba." 6 Kaya't magpakumbaba kayo at pasakop sa Makapangyarihang Diyos, at kayo'y itataas niya sa takdang panahon. 7 Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang lahat ng inyong kabalisahan sapagkat siya'y nagmamalasakit sa inyo.

1Juan 2:16 Sapagkat ang lahat ng nasa sanlibutan—ang pagnanasa ng laman, at ang pagnanasa ng mga mata, at ang kapalaluan sa buhay ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan.

- * **Filipos 2:3** Huwag ninyong gawin ang anuman dahil sa pansariling hangarin o dahil sa kayabangan. Sa halip, magpakumbaba kayo at ituring ang iba na mas mahalaga kaysa inyong sarili.
- * **Efeso 6:6** Sundin ninyo sila hindi lamang kapag nakatingin sila sa inyo bilang pakitang-tao lang, kundi bilang mga alipin ni Cristo. Buong puso ninyong gawin ang kalooban ng Diyos.

XI. PANANALAPI NG KAHARIAN

Marami sa mga parabula na itinuro ni Hesus ay may kinalaman sa pananalapi. Alam na alam niya ang pangangailangan natin sa pera, sapat na upang turuan tayo kung paano pangasiwaan ang ating pananalapi. Ngunit alam din Niya na ang pananalapi ay maaaring maging diyos (Mammon) at samakatuwid tayo ay kanyang binabalaan na huwag ipako ang ating pag-iisip sa pera o sa pag-alala tungkol sa pera, sa halip ay hanapin muna natin ang Kaharian ng Diyos. Nais Niyang unahin natin Siya, at kabilang dito ang pagbabahagi at pagbibigay ng pera.

May limang pangunahing alituntunin sa pangangasiwa ng pananalapi sa kaharian ng Diyos na magsisiguro sa ating kapakanan at maging sa ating kaunlaran. Ngunit nangangailangan ito ng disiplina. Ito ay:

- 1) Mag-badyet at mamuhay ayon sa pangangailangan (Lc 14:28).
- 2)) Iwasan ang mga utang; huwag gumastos nang padalus-dalos (Pro 22:7).
- 3) Mag-ingat sa mga kinakasama; magiging katulad ka sa mga madalas mong sinasamahan (1 Cor 15:33).
- 4) Magplano at mag-ipon; ang ipon ay nilikha sa mga nalikom mula sa pagtitipid. (Kaw 21:20).
- 5) Maging galak na mapagbigay (2 Cor 9:7).

Lucas 14:28 Sapagkat sino ba sa inyo na nagnanais magtayo ng tore ang hindi muna nauupo at inaalang ang magugugol upang matiyak kung mayroon siyang sapat na halaga hanggang matapos ito?

Mga Kawikaan 22:7 Ang namumuno sa dukha ay ang mayaman, at ang nanghihiram ay alipin ng nagpapahiram.

1Corinto 15:33 Huwag kayong padaya: “Ang masasamang kasamahan ay sumisira ng magagandang asal.”

Mga Kawikaan 21:20 Nananatili sa tahanan ng pantas ang mahalagang kayamanan, ngunit ito’y nilalamon ng isang hangal.

2Corinto 9:7b sapagkat iniibig ng Diyos ang masayang nagbibigay.

Mateo 6:31-33 Kaya’t huwag kayong mabalisa at magtanong, ‘Ano ang aming kakainin?’ o ‘Ano ang aming iinumina?’ o ‘Ano ang isusuot namin?’ Sapagkat ang mga bagay na ito ang pinagsisikapang makamtan ng mga Hentil, at nalalaman ng inyong Ama na kailangan ninyo ang mga ito. Subalit pagsikapan muna ninyong matagpuan ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

Mga Kawikaan 3:9,10 Parangalan mo ang Panginoon mula sa iyong kayamanan, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani; sa gayo’y mapupuno nang sagana ang iyong imbakan, at aapawan ng bagong alak ang iyong mga sisidlan.

Santiago 1:17 Ang bawat mabuti at ganap na kaloob ay nagmumula sa itaas, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nag-iiba o nagdudulot man ng anino dahil sa pagbabago.

Lucas 12:23-34 Sapagkat mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit. Masdan ninyo ang mga uwak! Hindi sila nagtatanim o gumagapas o nagtitipon sa kamalig, gayunma’y pinakakain sila ng Diyos. Mas mahalaga kayo kaysa mga ibon. Sino sa inyo na dahil sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang oras] sa kanyang buhay? Kung hindi ninyo magawa ang ganito kaliit, bakit aalalahanin ninyo ang ibang bagay? Masdan ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang! Hindi sila nagpapagod ni naghahabi. Ngunit sinasabi ko sa inyo na kahit si Solomon sa kanyang karingalan ay hindi nakapagbihis nang tulad sa isa sa mga ito. At kung

gayon binibihisan ng Diyos ang damo sa parang, na narito ngayon ngunit itatapon sa pugon bukas, kayo pa kaya? O kayong maliit ang pananampalataya! Kaya huwag kayong mabalisa sa paghahanap ng kung ano ang makakain o maiinom. Huwag kayong mangamba, sapagkat ang mga ito ang pinagsisikapang makamtan ng mga Hentil, at nalalaman ng inyong Ama na kailangan ninyo ang mga ito. Ngunit pagtuunan ninyo ng pansin ang kanyang paghahari at idaragdag sa inyo ang lahat ng mga ito. Huwag kang matakot, munting kawan, sapagkat ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian. Ipagbili ninyo ang inyong mga ari-arian at ang napagbilhan ay ipamigay sa mga dukha. Igawa ninyo ang inyong sarili ng mga sisidlang hindi naluluma, isang di-maubos na kayamanan sa langit, doo'y hindi makalalapit ang magnanakaw at makapaninira ang mga buklok. 34 Sapagkat kung saan nakalagak ang inyong kayamanan, doon din naman malalagak ang inyong puso.”

Lucas 14:28 Sapagkat sino ba sa inyo na nagnanais magtayo ng tore ang hindi muna nauupo at inaalang ang magugugol upang matiyak kung mayroon siyang sapat na halaga hanggang matapos ito?

Mga Biyayang Pinangako ng Diyos

Ang mga biyaya ng Diyos ay ipinagkakaloob sa Kanyang mga anak sa maraming paraan. Isipin mo na lang ang iyong buhay kung saan kailangang mo madama ang Ama, ang kanyang mga kamay sa pag-aayos ng bawat lugar ng iyong buhay! Ngunit inaasahan ng Diyos ang ating pagmamahal at debosyon bago Niya tayo bigyan ng mga pagpapala. Ang ating pagsunod ay nagdudulot ng mga pagpapala. At ang iyong pananampalataya sa pagtanggap ay gumagana sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsunod sa Salita, pagkatapos ay maaari nating asahan at angkinin ang mga pagpapalang iyon, na Kanyang saganang ipinangako.

Kapag lubos nating naunawaan kung sino tayo bilang mga anak ng Diyos, at tunay na naniniwala sa Kanyang walang hanggang pagmamahal sa atin, maaari nating maangkin ang mga pagpapala sa buong buhay. Hindi Niya ipinangako sa atin ang kayamanan, bagkus ang kapangyarihang lumikha ng kayamanan kung tayo ay titingin sa Kanya at aasa sa Kanya (Deut 8:18).

Deuteronomio 28:2-6,8,11,12 At ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa iyo at aabot sa iyo, kung iyong susundin ang tinig ng PANGINOON mong Diyos. Magiging mapalad ka sa lunsod, at magiging mapalad ka sa parang. Magiging mapalad ang bunga ng iyong katawan, ang bunga ng iyong lupa, ang bunga ng iyong mga hayop, ang karagdagan sa iyong bakahan at ang mga anak ng iyong kawan. Magiging mapalad ang iyong buslo at ang iyong masahan ng harina. Magiging mapalad ka sa iyong pagpasok at magiging mapalad ka sa iyong paglabas. Igagawad sa iyo ng PANGINOON ang kanyang pagpapala sa iyong mga kamalig at sa lahat ng iyong gagawin at pagpapalain ka niya sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos. Ikaw ay pasasaganain ng PANGINOON sa ikabubuti mo, sa bunga ng iyong katawan, at sa bunga ng iyong mga hayop, at sa bunga ng iyong lupa, sa lupaing ipinangako ng PANGINOON sa iyong mga ninuno upang ibigay sa iyo. Bubuksan ng PANGINOON para sa iyo ang kanyang kamalig na punung-puno, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang pagpalain ang lahat mong ginagawa. Ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram.

Deuteronomio 8:18 Kundi aalalahanin mo ang PANGINOON mong Diyos, sapagkat siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan;

upang kanyang papagtibayin ang kanyang tipan na kanyang ipinangako sa iyong mga ninuno, gaya nga sa araw na ito.

- * **Josue 1:8** Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag aalisin sa iyong bibig, kundi ito ay iyong pagbubulay-bulayan araw at gabi, upang iyong masunod ang ayon sa lahat ng nakasulat dito; sapagkat kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at magtatamo ka ng tagumpay.

Genesis 9:3 Bawat gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; at kung paanong ibinigay ko sa inyo ang mga luntiang halaman, ibinibigay ko sa inyo ang lahat ng mga bagay.

2Cronica 26:5b at habang kanyang hinahanap ang PANGINOON, pinagtatagumpay siya ng Diyos.

- * **Mga Awit 23:1** Ang PANGINOON ay aking pastol; hindi ako magkukulang.

Mga Awit 34:10 Ang mga batang leon ay nagkukulang at nagugutom; ngunit silang humahanap sa PANGINOON sa mabuting bagay ay hindi nagsasalat.

- * **Mga Awit 84:11** siya'y nagbibigay ng biyaya at karangalan. Walang mabuting bagay ang ipagkakait ng PANGINOON sa mga nagsisilakad nang matuwid.

Mga Awit 128:1,2 Ang bawat may takot sa PANGINOON ay mapalad, na sa kanyang mga daan ay lumalakad. Kakainin mo ang bunga ng paggawa ng iyong mga kamay; ikaw ay magiging masaya at ito'y magiging mabuti sa iyo.

Mga Kawikaan 10:3a Hindi hinahayaan ng PANGINOON na magutom ang matuwid,

Mga Kawikaan 10:22 Ang pagpapala ng PANGINOON ay nagpapayaman, at hindi niya ito dinaragdagan ng kapanglawan.

Mga Kawikaan 13:22 Ang mabuting tao ay nag-iiwan ng mana sa mga anak ng kanyang mga anak; ngunit ang kayamanan ng makasalanan, para sa matuwid ay nakalagak.

Lucas 12:24 Masdan ninyo ang mga uwak! Hindi sila nagtatanim o gumagapas o nagtitipon sa kamalig, gayunma'y pinakakain sila ng Diyos. Mas mahalaga kayo kaysa mga ibon.

Mga Awit 37:3 Magtiwala ka sa PANGINOON, at gumawa ka ng kabutihan; upang ikaw ay makapanirahan sa lupain at magtamasa ng katiwasayan.

Mga Awit 68:19a Purihin ang Panginoon na nagpapasan araw-araw ng aming pasan,

Lucas 22:35 Sinabi niya sa kanila, “Nang isugo ko kayong walang lalagyan ng salapi, o baunan ng pagkain, o sandalyas, kinulang ba kayo ng anuman?” At sinabi nila, “Hindi po.”

Roma 8:32 Kung hindi niya ipinagkait ang sariling Anak kundi ibinigay siya para sa ating lahat, hindi kaya kasama rin niyang ibibigay nang masagana sa atin ang lahat ng bagay?

1Corinto 9:11 Kung kami ay nakapaghasik sa inyo ng mga bagay na espirituwal, kalabisan bang umani kami sa inyo ng mga bagay na materyal?

* **1Corinto 10:10** Huwag din tayong magreklamo, gaya ng iba na nagreklamo, at sila'y pinuksa ng taga puksa. Phil 2:14 Do all things without complaining and disputing.

* **Filipos 2:14** Gawin ninyo ang lahat ng bagay nang walang angal at pagtatalo.

Filipos 4:11b sapagkat natutuhan ko na ang masiyahan kahit anuman ang aking kalagayan.

* **Roma 9:20** Ngunit, sino ka ba, O tao, na sasagot nang laban sa Diyos? Sasabihin ba ng hinubog doon sa humubog sa kanya, “Bakit mo ako ginawang ganito?”

* **Mateo 6:33** Subalit pagsikapan muna ninyong matagpuan ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

- * **Santiago 4:2b,3** Hindi ninyo makuha ang mga bagay na hinahangad ninyo kaya kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. Hindi ninyo makuha ang inyong hinahangad dahil hindi kayo humihingi sa Diyos. Kung humingi man kayo, hindi rin ninyo matatanggap sapagkat hindi tama ang inyong layunin. Humihingi kayo upang gamitin sa inyong kalayawan.ures.
- * **1Cor 9:14** Sa gayunding paraan, itinakda ng Panginoon na ang mga nangangaral ng ebanghelyo ay dapat kumuha ng ikabubuhay mula sa ebanghelyo.
- * **Mateo 6:25,26** “Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong ikabalisa ang inyong ikabubuhay, kung ano ang inyong kakainin o kung ano ang inyong iinumina, ni ang inyong katawan, kung ano ang inyong isusuot. Hindi ba't mas mahalaga ang buhay kaysa sa pagkain, at ang katawan kaysa sa pananamit? Tingnan ninyo ang mga ibon sa himpapawid! Hindi sila nagtatanim o gumagapas o nagtitipon sa kamalig, gayunma'y pinakakain sila ng inyong Amang nasa langit. Hindi ba mas mahalaga kayo kaysa kanila?”
- * **Malakias 3:10** Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at sa gayo'y subukin ninyo ako ngayon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Tingnan ninyo kung hindi ko bubuksan para sa inyo ang mga bintana ng langit, at ibubuhos ko sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na kalalagyan.

Filipos 4:19 At pupunuan ng aking Diyos ang lahat ng inyong mga pangangailangan ayon sa kanyang maluwalhatang kayamanan na matatagpuan kay Cristo Jesus.

Pangangasiwa at Integridad

Napakaraming pagpapala ang ipinagkaloob ng Diyos sa atin, ngunit hindi siya nag-aaksaya. Alalahanin pagkatapos ng mga himala ng mga tinapay at isda, tinipon nila ang mga natira. Iyan ay tinatawag na pangangasiwa at pagmamalasakit sa mga pagpapala na ibinigay ng Diyos. Inaasahan din niya ang integridad. Tinutukoy ng Bibliya ang integridad bilang “ang dalisay na puso” o “walang kapintasan”. Ito ay hindi nangangahulugan ng pagkaperpekto. Higit na interesado ang Diyos sa pagbibigay patnubay sa iyong mga puso.

Kung sino tayo bilang tao ay iisa, hindi magkaiba ang ating buhay karera, pamilya, kaibigan, at negosyo. Ang integridad ay nangangahulugan na ikaw ay kung sino ka bago ang sinuman. Hindi ka nagsusuot ng maskara. Ang iyong reputasyon sa harap ng tao ay pareho sa harap ng Diyos. “Ang namumuhay nang tapat ay pinaghaharian ng kapayapaan, ngunit ang may likong landas ay malalantad balang araw.” (Pro10:9). Ang taong nabubuhay ng may integridad ay nagpapamalas ng katotohanan mula sa kanyang puso. Hindi siya magsasalita ng masama sa iba, hindi makikinig sa tsismis, hindi maninira sa kanyang kapwa at kanilang pararangalan. At siya ay may takot sa Panginoon, kung kaya’t tutuparin niya kanyang pangako kahit na ito ay nakakasakit sa kanya. Malayang magpapahiram din siya ng pera nang walang interes. (Tingnan ang Ex 22:25) Inaasahan ng Diyos na ang bawat bahagi at aspeto ng iyong buhay ay tinatrato sa parehong paraan na may dangal at katarungan. Ang isang mahusay na espiritu ang siyang nakakakuha ng gantimpala. (Tingnan ang Lucas 16:11)

Si Joseph ay nagpamalas ng kanyang kahusayan kahit sa pinakamasamang sitwasyon. Siya ay naglilingkod sa Diyos hindi kay Potiphar; siya ay nagkaroon ng isang mahusay na espiritu sa bilangguan na humantong sa kanya upang mamahala sa bilangguan. Siya ay nagkaroon ng

isang mahusay na espiritu kapag siya ay pumangalawa sa utos ng pinakamakapangyarihang bansa sa mundo. Nakikita ng Diyos ang kung sinu man ang lumaki ng may karapat-dapat na ugali. (Tingnan ang Aw 75:6, 7). Ang Diyos ang nagtataguyod. At ibinibigay Niya ito sa mga mapagpakumbaba at sa mga tapat. Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao.

Si Daniel ay tapat din sa Diyos mula pagkabata at sa ganoon biniyayaan siya ng Diyos ng karunungan. Ang mga ito ay hindi lahat may kinalaman sa kung gaano tayo katalino o edukado, ngunit ito ay nasa kung gaano kahusay ang ating mga Espiritu. (Tingnan ang 1 Cor 1:26)

Colosas 3:23 Anuman ang inyong gagawin ay buong puso ninyong gawin, na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao;

Efeso 6:6 Sundin ninyo sila hindi lamang kapag nakatingin sila sa inyo bilang pakitang-tao lang, kundi bilang mga alipin ni Cristo. Buong puso ninyong gawin ang kalooban ng Diyos.

Mga Kawikaan 18:9 Siyang sa kanyang gawain ay pabaya,ay isang kapatid ng maninira.

Malakias 3:8-10 Nanakawan ba ng tao ang Diyos? Gayunma'y ninanakawan ninyo ako. Ngunit inyong sinasabi, 'Paano ka namin ninanakawan?' Sa mga ikasampung bahagi at sa mga handog. Kayo'y isinumpa ng isang sumpa, sapagkat ninanakawan ninyo ako—ng inyong buong bansa! Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at sa gayo'y subukin ninyo ako ngayon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Tingnan ninyo kung hindi ko bubuksan para sa inyo ang mga bintana ng langit, at ibubuhos ko sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na kalalagyan.

Mga Kawikaan 10:8 Ang pantas sa puso ay susunod sa mga kautusan, ngunit ang madaldal na hangal ay mabubuwal.

Mga Kawikaan 11:13 Ang gumagalang tagapagdala ng tsismis, mga lihim ay inihahayag, ngunit nakapagtatago ng bagay ang may espiritung tapat.

Mga Awit 37:21 Ang masama ay humihiram, at hindi makapagbayad, ngunit ang matuwid ay bukas-palad at nagbibigay;

Roma 13:7 Ibigay ninyo sa lahat ang nararapat sa kanila: buwis sa dapat buwis; bayad sa dapat bayaran; paggalang sa dapat igalang; parangal sa dapat parangalan.

Mga Awit 15:4b at hindi nagbabago kapag sumumpa kahit na ito'y ikasasakit.

Mga Kawikaan 2:7 Pinaglalaanan niya ang matuwid ng magaling na karunungan, siya'y kalasag sa mga lumalakad na may katapatan.

Mga Kawikaan 11:3 Ang katapatan ng mga matuwid ang pumapatnubay sa kanila, ngunit ang kalikuan ng mga taksil ang sa kanila'y sumisira.

Mga Kawikaan 10:9 Siyang lumalakad sa katapatan ay lumalakad nang tiwasay, ngunit ang sumisira ng kanyang mga lakad ay matutuklasan.

Mga Kawikaan 20:7 Ang taong matuwid na lumalakad sa katapatan niya mapapalad ang kanyang mga anak na susunod sa kanya!

* **Mateo 25:23** Sinabi sa kanya ng panginoon niya, 'Maganda ang ginawa mo! Mahusay at maaasahang alipin! Napagkatiwalaan ka sa kaunting bagay, kaya't pamamahalaan kita sa maraming bagay. Makigalak ka sa iyong panginoon.'

* **Lucas 16:10** Ang tapat sa kaunti ay tapat din sa marami at ang hindi tapat sa kaunti ay hindi rin tapat sa marami.

* **Roma 12:11** Magpakasipag kayo at ang kalooba'y lalong pag-alabin sa paglilingkod sa Panginoon.

* **1Corinto 4:2** Bukod dito, inaasahan sa mga katiwala na sila'y matagpuang tapat.

2Cronica 31:21 At ang bawat gawain na kanyang ginawa sa paglilingkod sa bahay ng Diyos at ayon sa kautusan at sa mga tuntunin upang hanapin ang kanyang Diyos, ay kanyang ginawa ng buong puso, at siya'y umunlad.

Mga Kawikaan 10:4 Ang mapagpabayang kamay ay dahilan ng kahirapan,ngunit ang kamay ng masipag ay nagpapayaman.

Mga Kawikaan 10:5 Isang pantas na anak siyang nagtitipon sa tag-araw,ngunit siyang natutulog sa tag-ani ay nagdadala ng kahihyan.

Mga Kawikaan 13:4 Ang kaluluwa ng tamad ay nagnanasa at walang nakukuha,ngunit ang kaluluwa ng masipag ay tutustusang sagana.

Mga Kawikaan 22:29 Nakikita mo ba ang taong mahusay[a] sa kanyang gawain?Siya'y tatayo sa harap ng mga hari, hindi siya tatayo sa harap ng mga taong hamak.

* **Mga Kawikaan 28:20** Ang taong tapat ay sasagana sa pagpapala.

Mga Kawikaan 31:27 Kanyang tinitingnang mabuti ang mga lakad ng kanyang sambahayan, at hindi siya kumakain ng tinapay ng katamaran.

Mga Kawikaan 13:4 Ang kaluluwa ng tamad ay nagnanasa at walang nakukuha,ngunit ang kaluluwa ng masipag ay tutustusang sagana.

Eclesiastes 10:18 Sa katamaran ay bumabagsak ang bubungan;at sa di pagkilos ay tumutulo ang bahay.

2 Tesalonica 3:10b Noon pa mang kasama ninyo kami'y ganito na ang iniutos namin sa inyo: Huwag ninyong pakainin ang sinumang ayaw magtrabaho.

Mateo 25:29 Sapagkat ang sinumang mayroon ay bibigyan pa at siya'y mananagana, subalit ang wala, pati ang nasa kanya ay kukunin pa.

- * **Pahayag 2:10** Huwag kang matakot sa pagdurusang malapit mo nang maranasan. Mag-ingat kayo dahil malapit nang itapon ng diyablo ang ilan sa inyo sa bilangguan upang kayo ay subukin. At sa loob ng sampung araw ay magdurusa kayo. Maging tapat ka hanggang kamatayan at igagawad ko sa iyo ang korona ng buhay.
- * **Pahayag 3:11b** manindigan ka sa anumang nasa iyo, nang sa gayon ay walang makaagaw ng iyong korona
- * **Galacia 6:9** Kaya't huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo panghihinaan ng loob.
- * **Efeso 5:16** Lubos ninyong gamitin ang pagkakataon, sapagkat ang mga araw ay masasama.

Pagbibigay

Habang natatanto natin na ang lahat ng natanggap natin ay nagmula sa isang mapagmahal na Ama sa langit, mas nagiging madali ang pagbibigay; makikita na natin ang pagbibigay sa iba bilang isang pagpapalawig ng Kanyang pagmamahal. Hindi tayo nagbibigay mula sa ating sarili, ngunit mula sa Kaniya.

Ang Diyos ay isang tagapagbigay at nais na pagpalain ang mga tao. Kaya kung gaano tayo magbibigay sa iba, mas binibigyan Niya tayo upang ang Kanyang pag-ibig ay patuloy na dumadaloy sa atin. Nais Niya tayong pagpalain sa pananalapi, ngunit nais Niyang ibahagi natin ang mga pagpapalang ibinibigay Niya sa atin. Nais niya tayong paunlarin upang tayo ay makapagbigay ng higit pa.

May panganib ng kasaganaan. Madaling nagdudulot ito ng kasiyahan at kawalan ng pagtitiwala sa Diyos. Sinabi ni Jesus, “ At pagsagot ay sinabi niya sa kanila, “Ang may dalawang damit panloob ay bigyan ang wala at ang may pagkain ay gayon din ang gawin.” “Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung nais mong maging ganap, humayo ka, ipagbili mo ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos ay pumarito ka, at sumunod sa akin.”” Kaya huwag kayong mabalisa sa paghahanap ng kung ano ang makakain o mainom. Huwag kayong mangamba” “ “Huwag kayong mag-impok para sa inyong mga sarili ng mga kayamanan dito sa lupa, kung saan ang bukbok at kalawang ay sumisira at kung saan ang mga magnanakaw ay nakapanloloob at nakapagnanakaw. Sa halip ay mag-impok kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ang bukbok at ang kalawang ay hindi makakapanira at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi nakapanloloob at nakapagnanakaw.” (Lc3:11; Mt19:21; Lc12:29; Mt6:19,20) Gayundin, kapag binibigyan mo ang mga mahihirap, parang nagpapahiram ka sa Panginoon, at babayaran ka ng Panginoon. (Tingnan ang Kaw 19:17)

May isa pang aspeto sa pagbibigay na kailangang bigyan diin. Maraming sinabi si Paul tungkol sa kanyang mga kasosyo sa pananalapi bilang kanyang koponan. Mayroong “magandang gantimpala” para sa mga kasosyo. Sinabi ni Hesus, “Kung saan ang iyong kayamanan ay naroroon din ang iyong puso.” Nangangahulugan ito na maaari nating ilipat ang iyong kayamanan sa pamamagitan ng simpleng pamumuhunan kung saan ito ay pinakamahalaga at mabunga, sa pagsasabuhay sa ebanghelyo at ang pagpaparami ng mga alagad ng Diyos. Dapat tayo ay magtanim sa pamamagitan ng pananampalataya hindi sa pamamagitan ng damdamin.

- * **Lucas 6:38** Magbigay kayo at kayo ay bibigyan. Husto ang sukat, siksik, liglig at umaapaw ang ilalagay nila sa inyong

kandungan. Sapagkat ang panukat na ginamit ninyo ang siya ring gagamiting panukat sa inyo.”

Lucas 3:11 At pagsagot ay sinabi niya sa kanila, “Ang may dalawang damit panloob ay bigyan ang wala at ang may pagkain ay gayon din ang gawin.”

Mateo 19:21 Sinabi sa kanya ni Jesus, “Kung nais mong maging ganap, humayo ka, ipagbili mo ang iyong mga ari-arian at ipamigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos ay pumarito ka, at sumunod sa akin.”

* **Mga Gawa 20:35b** ‘Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap.’

* **2 Corinto 9:6,7** At ito ang ibig kong sabihin: Ang nagtatanim ng kaunti ay kaunti rin ang aanihin, at ang nagtatanim ng marami ay marami rin ang aanihin. Ang bawat isa ay magbigay ayon sa ipinasya ng kanyang puso, hindi nanghihinayang, o napipilitan lamang sapagkat iniibig ng Diyos ang masayang nagbibigay.

Deuteronomio 15:7, 8a,10 “Kung mayroon sa inyong isang dukha, na isa sa iyong mga kapatid, na nasa loob ng iyong mga bayan sa lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, ay huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni maging maramot sa iyong dukhang kapatid; kundi iyo ngang bubuksan ang iyong kamay sa kanya, Siya nga’y bibigyan mo, at ang iyong puso’y huwag magdamdam kapag binibigyan mo siya; sapagkat dahil sa bagay na ito’y pagpapalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng iyong gawa, at sa lahat ng hipuin ng iyong kamay.

* **Mga Awit 41:1** Mapalad siya na nagbibigay-pansin sa dukha! Ililigtas siya ng Panginoon sa araw na masama.

* **Mga Kawikaan 11:24,25** May taong nagbibigay ng masagana at lalo pang yumayaman, may nagkakait ng dapat

ibigay, ngunit naghihirap lamang. Ang taong mapagbigay ay payayamanin, at siyang nagdidilig ay didiligin din.

- * **Mga Kawikaan 19:17** Ang mabait sa dukha ay sa Panginoon nagpapautang, at ang kanyang mabuting gawa sa kanya ay babayaran.

Mga Kawikaan 28:16b ngunit siyang namumuhi sa kasakiman, kanyang mga araw ay lalawig.

- * **Mateo 5:42** Magbigay ka sa nanghihingi sa iyo, at huwag magdamot sa nanghihiram sa iyo.
- * **Mateo 10:8b** Tinanggap ninyo nang walang bayad, ipamigay din ninyong walang bayad.
- * **Mateo 25:40b** ‘Tinitiyak ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.’

Filipos 2:4 Pahalagahan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang kapakanan ng inyong sarili.

- * **1Juan 3:17,18** Paanong mananatili ang pag-ibig ng Diyos sa sinumang may kaya sa buhay sa sanlibutang ito kapag nakikita niya ang kanyang kapatid na nangangailangan ngunit hindi naman niya ito pinakikitaan ng habag? Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya’y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan.

XII. ANG KAPANGYARIHAN NG ATING MGA SALITA

Nilikha ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng kanyang ibinigkas na salita. At sa ganoong paraan din natin nabubuo ang ating sariling mundo. Sa ating bibig lumalabas ang mga pagpapala o sumpa. Nagbibigay sila ng buhay o inaalís nila ang buhay. Nang kinain ni Adan ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama, binigyan niya ng kapangyarihan ang kasamaan sa kanyang buhay at sa kanyang salita. Sa pagkawala ng kanyang koneksyon sa lumikha ng kanyang buhay, sa Panginoon, nakipag-ugnayan siya sa kamatayan.

Gayunpaman, kahit na ipinanganak muli, ang ating salita ay hindi pa napapaamo ng bagong nilalang, kapareho ng ating isipan. Sinabi ni Santiago, “Ito ay isang masuwaying miyembro” (Santiago 3:8). Ang mga taong patuloy na sinusumpa ang kanilang sitwasyon, kalagayan, at ang mga taong nakapaligid sa kanila ay nauuwi sa isang sumpang buhay. Sinabi ni Santiago na ang ating mga salita ang tagaturo ng ating kapalaran. Kaya mayroong malaking kapangyarihan sa ating mga salita, ang kapangyarihan ng buhay o kamatayan.

Awtoridad Sa Pamamagitan ng mga Salita

Mayroong ilang beses lamang sa Bibliya kung saan si Jesus ay talagang “namangha”. Ang isa sa mga pagkakataong ito ay noong ang isang senturyon ay nakadama na hindi siya karapat-dapat na para bisithain ni Hesus sa kanyang bahay. “Ngunit sumagot ang senturyon, “Sabihin lamang ang mga kataga” (Mt8:8-13.) Si Jesus ay labis na namangha na may isang tao sa mundo ang nakaunawa sa konsepto ng awtoridad ng kanyang mga Salita.

Ang ating salita na binibigkas sa iba’t ibang sitwasyon ay may taglay na awtoridad na baguhin ang mga bagay-bagay. Ganyan mo rin binibigyang kapangyarihan ang

iyong mga negatibong pag-iisip, sa pamamagitan ng pagsasabi ng iyong walang panalig. Sinabi ni Hesus, “huwag ninyong ikabalisa” (Mat6:25). Binibigyan mo ng kapangyarihan ang anoman ang iyong sabihin. Isinisiwalat ng iyong bibig ang mga buto ng buhay o kamatayan. At ang iyong isip ang nagiging lupa para sa mga buto. Napupunta ito sa lahat ng iyong ginagawa; sa TV, balita, pag-uusap, aklat, atbp. Basahin ang Salita ng Diyos na ang binhi ay makapangyarihan at hindi nasisira.

Santiago 3:5,6,8 Ganyan din ang dila ng tao; napakaliit na bahagi ng katawan ngunit napakalaki ng nagagawang kayabangan. Isipin na lang ninyo na “gaano kalaking mga gubat ang napaglalagablab ng isang maliit na apoy!” Ang dila’y parang apoy, isang daigdig ng kasamaan na kasama ng ibang bahagi ng ating katawan. Pinarurumi nito ang ating buong pagkatao at tinutupok ang landas na tinatahak ng tao sa pamamagitan ng apoy mula sa impiyerno. Ngunit walang taong nakapagpaamo sa dila. Ito ay kasamaang hindi mapigil, at puno ng lasong nakakamatay.

Mga Kawikaan 18:21 Ang kamatayan at ang buhay ay nasa kapangyarihan ng dila; at ang umiibig sa kanya ay kakain ng kanyang mga bunga.

Santiago 3:11,12 Maaari bang magmula sa iisang bukal ang tubig na matamis at ang tubig na mapait? Mga kapatid, namumunga ba ng olibo ang puno ng igos? Mamumunga ba ng igos ang puno ng ubas? Bumubukal ba ng tubig-tabang ang balon ng maalat na tubig?

Mateo 15:16-20 At sinabi niya, “Hanggang ngayon ba’y hindi pa rin kayo marunong umunawa? Hindi ba ninyo alam na anumang pumapasok sa bibig ay tumutuloy sa tiyan, at idinudumi? Ngunit ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay nagmumula sa puso at iyon ang nagpaparumi sa tao. Sapagkat sa puso nagmumula ang masasamang pag-iisip, pagpaslang, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagsisinungaling, at panlalait. Ang mga ito ang sanhi ng

pagiging marumi ng isang tao, subalit ang kumain nang hindi nahugasan ang mga kamay nang ayon sa minanang turo ay hindi nakapagpaparumi sa sinuman.”

- * **Efeso 4:29** Hindi dapat mamutawi sa inyong bibig ang anumang masamang pananalita, kundi ang mabuting bagay lamang na makapagpapatibay, upang ito ay makatulong sa mga nakikinig.

1Corinto 15:33 Huwag kayong padaya: “Ang masasamang kasamahan ay sumisira ng magagandang asal.”

Mga Kawikaan 23:7a Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya.

- * **Mateo 12:34b** Sapagkat kung ano ang nilalaman ng dibdib, iyon ang mamumutawi sa bibig.

Mga Awit 39:1a Aking sinabi, “Ako’y mag-iingat sa aking mga lakad, upang huwag akong magkasala sa aking dila;

Mga Kawikaan 13:3 Ang nag-iingat ng kanyang bibig ay nag-iingat ng kanyang buhay; ngunit ang nagbubuka nang maluwang ng kanyang mga labi ay hahantong sa kapahamakan.

Marcos 11:23 Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo, na sinumang magsabi sa bundok na ito, ‘Mabunot ka at maitapon sa dagat,’ mangyayari ang sinabi niya kung siya’y naniniwala at walang pag-aalinlangan sa puso.

- * **Mateo 12:36,37** Sinasabi ko sa inyo, pananagutan ng mga tao sa araw ng paghuhukom ang bawat salitang walang habas na binigkas. Sapagkat batay sa iyong mga salita, ikaw ay mapapawalang-sala o mahahatulan.

- * **2Timoteo 2:16** Iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan, sapagkat lalo lang magtutulak ito sa mga tao sa higit pang kasamaan.

Ang Bibig na Walang Preno

Ang pag-aaral na kontrolin ang iyong dila (mga salita) ay mahalaga sa pagpapanibago ng ating pag-iisip at pagsisigurado na ang iyong mga kaisipan ay alinsunod sa Salita ng Diyos. Sinasabi ng Bibliya na ang taong walang kontrol sa kanyang dila (pananalita) ay gaya sa isang lungsod na wasak at walang pader. (Tingnan ang Kaw 25:28) Habang ang ating mga isipan ay nababago, ang ating dila ay nagsisiwalat kung ano ang nasa ating mga puso.

Nasa ibaba ang higit pang mga banal na kasulatan tungkol sa galit at alitan, tsismis at pagsisinungaling, panghuhusga at pamimintas, kapaitan at pagpapatawad, gayundin ang kapangyarihan ng mabait na salita at paghihikayat, na mahalagang malaman habang binabalangkas nito ang mga alituntunin at batas ng Diyos na dapat nating sundin.

Kapangyarihan ng Salita ng Diyos

ayo ay dapat berbal na manindigan laban sa mga takot, kasinungalingan, kamatayan, at pag-aalala na nagsasalita laban sa iyo. Naaapektuhan tayo ng mga salitang ating naririnig. Naaapektuhan din tayo sa mga salitang binibigkas nating tungkol sa ating sarili. Napatunayan ng Quantum physics na ang mga salita ay may kapangyarihang makapagdulot sa iyo ng sakit o kalusugan. Ang iyong mga salita ay may malikhaing kapangyarihan. Ikaw ay may kapangyarihang magsalita ng mga bagay at ito ay matutupad. Walang salita mula sa Diyos ang walang katuparan. Sa Diyos lahat ng bagay ay posible.

Galit At Alitan

Anger Ang galit ay isang kasalanan kapag ito ay nakadirekta sa mga tao. Sinabi ni Paul na “Kung magagalit man kayo, iwasan ninyo ang kayo’y magkasala. Huwag ninyong hayaang lumubog ang araw na galit pa rin kayo.” (Eph 4:26), ngunit hindi ito nangangahulugan na maaari kang magalit buong araw, basta’t ikaw ay humingi ng

kapatawaran bago ka matulog. Sa halip ito ay tumutukoy sa ating galit laban sa diyablo at sa mga gawa ng diyablo. Hindi natin dapat hayaang lumubog ang araw sa ating galit laban sa kaaway. Dapat tayong manatiling galit laban sa mga gawa ng diyablo gaya ng ginawa ni Hesus. Ngunit ang galit laban sa mga tao ay tanda ng pagmamataas sa sarili at samakatuwid ay hindi sa Panginoon. Malaki ang halaga ng galit. Kapag hinayaan mong kontrolin ka ng galit, magdudulot ka ng malaking pinsala, sa iyong pamilya, kalusugan, o maging ang iyong trabaho.

Sa palagay natin ay nakukuha natin ang panandaliang kabayaran, ngunit sa katagalan, ang galit ay palaging nagbubunga ng higit na galit, higit na kawalang-interes, at higit na pag-iiba. Ilang bata ang naging hiwalay sa magulang dahil sa kawalan ng kontrol sa galit? Ang galit ay sumisira ng mga relasyon nang mas mabilis kaysa sa iba pa. Ang galit laban sa tao ay hindi kailanman magiging tamang galit.

Nananakit ang mga taong nasasaktan. Hindi mo maiisip na kung pagtutuunan mo ng pansin ang galit mo sa isang tao ito ay matatapos. Hindi ito totoo, ikaw lamang ay nageensayo para sa susunod mo pang gagawin. Ito ay nakaugat sa pagmamataas, pagmamataas na siyang kailangan mong bunutin.

Santiago 3:16 Sapagkat saanman naroon ang inggit at makasariling hangarin, naroon din ang kaguluhan at lahat ng uri ng masamang gawa.

- * **Filipos 2:3** Huwag ninyong gawin ang anuman dahil sa pansariling hangarin o dahil sa kayabangan. Sa halip, magpakumbaba kayo at ituring ang iba na mas mahalaga kaysa inyong sarili.

Santiago 1:26 Kung iniisip ninuman na siya'y relihiyoso ngunit hindi marunong magpigil ng kanyang dila, dinadaya lamang niya ang kanyang sarili at ang kanyang relihiyon ay walang kabuluhan.

Mga Kawikaan 14:29 Ang makupad sa galit ay may malaking kaunawaan,ngunit ang madaling magalit ay nagbubunyi ng kahangalan.

Mga Kawikaan 16:32 Ang makupad sa pagkagalit ay mas mabuti kaysa makapangyarihan,at ang namamahala sa kanyang diwa, kaysa sumasakop sa isang bayan.

Mga Kawikaan 26:21 Kung paano ang mga uling sa maiinit na бага, at ang kahoy sa apoy;gayon ang taong palaaway na nagpapaningas ng sigalot.

Mga Kawikaan 28:25a Nag-uudyok ng away ang taong sakim,

Mga Kawikaan 29:20 Nakikita mo ba ang tao na padalus-dalos sa kanyang mga salita?May pag-asa pa ang hangal kaysa kanya.

Mga Kawikaan 29:22 Ang taong magagalitin ay lumilikha ng away,at ang mainitin ang ulo ay sanhi ng maraming pagsuway.

Eclesiastes 4:6 Mas mabuti pa ang isang dakot na katahimikan, kaysa dalawang dakot na punô ng pagpapagod at pakikipaghabulan lamang sa hangin.

Eclesiastes 7:8 Mas mabuti ang wakas ng isang bagay kaysa pasimula nito; ang matiising espiritu ay mas mabuti kaysa palalong espiritu.

Mga Kawikaan 17:14 Gaya ng pagpapalabas ng tubig ang pasimula ng alitan,kaya't huminto na bago sumabog ang away.

Mga Kawikaan 18:13 Siyang sumasagot bago pa man makinig,ito'y kahangalan at sa kanya'y kahihiyan.

Mga Kawikaan 20:3 Karangalan para sa isang tao ang umiwas sa alitan;ngunit bawat hangal ay makikipag-away.

Mga Kawikaan 25:8 huwag mo kaagad dalhin sa hukuman; sapagkat anong gagawin mo sa wakas niyon, kapag ikaw ay hiniya ng iyong kapwa?

Mga Kawikaan 15:18 Ang mainiting tao ay nag-uudyok ng pagtatalo, ngunit siyang makupad sa galit ay nagpapahupa ng gulo.

Mga Kawikaan 15:1b ngunit nagbubunsod sa galit ang salitang magaspang.

Mga Kawikaan 10:19b ngunit siyang nagpipigil ng kanyang mga labi ay may karunungan.

Mga Kawikaan 11:12b ngunit ang taong may unawa ay tumatahimik.

1Pedro 3:9a Huwag ninyong gantihan ng masama ang gawang masama. Sa halip, pagpalain ninyo sila sapagkat ito ang dahilan ng pagtawag sa inyo, at kayo’y tatanggap ng pagpapala.

Mga Kawikaan 17:27, 28 Siyang pumipigil ng kanyang mga salita ay may kaalaman, at siyang may diwang malamig ay taong may kaunawaan. Maging ang hangal kapag tumatahimik ay maituturing na marunong, inaari siyang matalino, kapag mga labi niya’y itinitikom.

Mga Kawikaan 21:23 Ang nag-iingat ng kanyang dila at bibig, ay nag-iingat ng kanyang sarili mula sa ligalig.

- * **Santiago 1:19** Unawain ninyo ito, mga kapatid kong minamahal: bawat isa’y maging laging handang makinig, maingat sa pananalita, at hindi madaling magalit.

Pagtsitsismis at Pagsisinungaling

Mga Kawikaan 24:28 Huwag kang sumaksi laban sa iyong kapwa nang walang kadahilanan; at sa pamamagitan ng iyong mga labi ay huwag kang manlinlang.

Mga Kawikaan 10:18 Siyang nagkukubli ng pagkamuhi ay may labing mapanlinlang, at siyang naninirang-puri ay isang hangal.

Mga Kawikaan 25:9 Ipaglaban mo ang iyong usapin sa harap ng iyong kapwa, at huwag mong ihayag ang lihim ng iba;

Mga Kawikaan 26:20 Sapagkat sa kakulangan ng gatong ang apoy ay namamatay, at kung saan walang salita ng sitsit ay tumitigil ang alitan.

Mga Kawikaan 29:11 Inihihinga ng hangal ang kanyang buong galit, ngunit ang matalino ay nagpipigil nang tahimik.

Mga Kawikaan 30:32 Kung ikaw ay naging hangal, na ang sarili'y itinaas, o kung ikaw ay nagbabalak ng kasamaan, ilagay sa iyong bibig ang iyong kamay.

Mga Kawikaan 12:22 Mga sinungaling na labi sa PANGINOON ay kasuklamsuklam,

Mga Kawikaan 16:28 at ang mapagbulong ay naghihiwalay sa matatalik na magkaibigan.

Mga Kawikaan 25:18 Ang taong sumasaksi ng kasinungalingan laban sa kanyang kapwa-tao ay tulad ng batuta, o isang tabak, o ng isang matulis na palaso.

Eclesiastes 10:20 Huwag mong sumpain ang hari kahit sa iyong isipan; at huwag mong sumpain ang mayaman kahit sa iyong silid tulugan; sapagkat isang ibon sa himpapawid ang magdadala ng iyong tinig, at ilang nilalang na may pakpak ang magsasabi ng bagay.

Paghusga at Pagpuna

Mateo 7:1,2 Huwag kayong humatol upang hindi kayo mahatulan. Sapagkat sa hatol na inyong ihahatol ay hahatulan kayo, at sa panukat na gagamitin ninyo ay susukatin kayo.

Mateo 7:3-5 Bakit nakikita mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid, subalit hindi mo napapansin ang troso na nakabalandra sa iyo mismong mga mata? Paano mo nasasabi sa iyong kapatid, ‘Halika’t aalisin ko ang puwing sa iyong mata,’ gayong may trosong nakahambalang sa sarili mong mata? Mapagkunwari! Tanggalin mo muna ang troso sa sarili mong mata, nang sa gayo’y makakakita ka nang malinaw upang maalis mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid.

Juan 7:24 Huwag kayong humusga batay sa panlabas na anyo, kundi maging matuwid kayo sa inyong mga hatol.”

Roma 2:1-3 Kaya’t wala kang maidadahilan, sino ka mang humahatol sa iba. Sapagkat sa paghatol mo sa iba ay hinahatulan mo rin ang iyong sarili, sapagkat ikaw na humahatol ay gumagawa rin ng gayon. Nalalaman nating batay sa katotohanan ang hatol ng Diyos sa mga taong gumagawa ng gayon. Kaya ikaw, tao, akala mo ba’y makatatakas ka sa hatol ng Diyos kung humahatol ka sa iba ngunit gumagawa ka rin ng masasamang gawaing hinahatulan mo?

Roma 14:3 Ang kumakain ng kahit anong pagkain ay huwag humamak sa hindi kumakain. At ang hindi kumakain ay hindi dapat humatol sa kumakain ng kahit anong pagkain, sapagkat siya’y tinanggap ng Diyos.

Roma 14:13 Kaya nga huwag na tayong humatol sa isa’t isa. Sa halip, pagpasyahan natin ito, na huwag tayong maglagay ng hadlang sa daan ng ating kapatid o maging sanhi ng pagkakasala ninuman.

Kapaitan at Pagpapatawad

Kapag nasaktan ka, pinapatakbo ka ng iyong damdamin. Ang kapaitan ay nangsisisi. Sa kasamaang palad, tutulungan ka lang ng sikolohiya na mahanap kung sino ang dapat sisihin, ngunit tuturuan ka ng Diyos kung paano maghilom.

Ang kapaitan ay kadalasang pinipihit ang katotohanan upang bigyang-katwiran ang sakit na nadarama. Ang kapaitan ay nagpapahintulot sa nakaraan na pigilan ka. Isipin ang kapaitan bilang patuloy na pagbabalat ng langib. Samantalang ang pagpapatawad ay isang kalayaan mula sa nakaraan. Paano mo makalkula ang pagpapatawad? Sinabi ni Jesus na ang pagkalkula para sa pagpapatawad ay 70×7 .

Kapag hindi tayo nagpapatawad, kadalasan ito ay dahil sa pakiramdam natin na nasaktan tayo ng hindi nararapat. Pero hanggang kailan ka masasaktan talaga. Ikaw lang ang makakapagbigay ng sagot dito. Ang pagpapatawad ay gagawin kang higit pa sa isang mananakop. Dahil hindi ka lang mananalo sa laban sa iyong pait, kundi pati na rin sa pagpapatawad sa nakasakit sa iyo, nagkakaron ka pa ng isang kaibigan.

- * **Mateo 6:14,15** Sapagkat kung pinatatawad ninyo ang iba sa kanilang mga kasalanan, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit. Ngunit kung hindi kayo nagpapatawad sa mga pagkakasala ng iba, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga pagkakasala.

Marcos 11:25 Kapag kayo'y nakatayo at nananalangin at mayroon kayong sama ng loob sa sinuman, patawarin ninyo siya upang patawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit sa inyong mga kasalanan.

Mateo 18:21,22,35 Noon ay lumapit si Pedro at sinabi sa kanya, “Panginoon, hanggang ilang ulit ko po bang patatawarin ang aking kapatid kapag siya’y nagkasala sa akin? Hanggang pitong ulit po ba?” Sumagot si Jesus, “Hindi ko sinasabi sa iyo na hanggang pitong ulit, sa halip ay hanggang sa ikapitong pitumpu. Gayundin ang gagawin ng aking Amang nasa langit sa bawat isa sa inyo kung hindi kayo taos-pusong magpapatawad sa inyong kapatid.”

Mga Awit 18:25 Sa tapat ay ipinakita mo ang iyong sarili bilang tapat; sa mga walang dungis ay ipinakita mo ang sarili bilang walang dungis.

Mga Kawikaan 3:3,4 Huwag mong hayaang iwan ka ng kabaitan at katotohanan; itali mo ang mga ito sa palibot ng iyong leeg, isulat mo sa iyong puso.

Mga Kawikaan 10:12 Ang pagkamuhi ay nagbubunsod ng alitan, ngunit tinatakpan ng pag-ibig ang lahat ng pagsuway.

Mateo 5:7 Pinagpala ang mga mahabagin, sapagkat sila ay kahahabagan.

- * **Mateo 7:12** Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.

Lucas 6:36, 37 Maging mahabagin kayo gaya ng inyong Ama na mahabagin. Huwag kayong humatol upang hindi kayo hatulan. Huwag kayong humusga upang hindi kayo mahusgahan. Magpatawad kayo at kayo ay patatawarin.

Lucas 7:47 Kaya't sinasabi ko sa inyo, ang marami niyang mga kasalanan ay pinatawad na; kaya naman nagmahal siya nang higit. Ngunit ang pinatawad nang kaunti ay magmamahal nang kaunti.

Lucas 17:4 Kung pitong ulit siyang magkasala sa iyo sa isang araw at pitong ulit siyang lumapit sa iyo na nagsasabing, 'Nagsisisi ako,' patawarin mo siya.

Roma 12:19-21 Mga minamahal, huwag kayong maghihiganti, sa halip ay bigyang-daan ang galit ng Diyos. Sapagkat nasusulat, "Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." Ngunit, "kung nagugutom ang iyong kaaway, pakainin mo; kung siya'y nauhaw, painumin mo; sapagkat sa paggawa mo nito ay parang malalagyan mo siya ng бага sa kanyang ulo." Huwag kang magpadaig sa masama, sa halip ay daigin mo ng mabuti ang masama.

- * **Efeso 4:31,32** Alisin na ninyo ang lahat ng kapaitan, poot, pagkamuhi, pag-aaway, panlalait, pati ang lahat ng uri ng

kasamaan. Maging mabait at mahabagin kayo sa isa't isa. Magpatawad kayo sa isa't isa, kung paanong kay Cristo ay pinatawad kayo ng Diyos

Mga Hebreo 12:15 Tiyakin ninyo na walang sinuman ang mahulog mula sa biyaya ng Diyos; pagsikapan ninyong walang sumibol na ugat ng kapaitan at baka mahawa rito ang marami.

- * **Colosas 3:13a,14** Magparaya kayo sa isa't isa, at kung ang sinuman ay may sama ng loob sa kanino man, magpatawad kayo sa isa't isa. At higit sa lahat, taglayin ninyo ang pag-ibig na siyang nagbubuklod sa lahat sa lubos na pagkakaisa.

Mabait na Salita at Pampalakas-loob

Magagamit natin ang kapangyarihan ng iyong mga salita upang pagpalain ang iba. Kailangan nating kilalanin na ang mga salita ay mga bintana ng ating mga kaluluwa. “Ang wika ng tao ay bukal ng karunungan, parang dagat na malalim at malamig na batisan.” (Pro18:4).

Ang malalim na tubig ay hindi lalamig. Kaya, ang mga salitang nagbibigay ng lakas ng loob ay dapat na nasa iyong bibig. May isang matandang kasabihan na “Maari mang mabali ng mga patpat at bato ang aking mga buto, ngunit ang mga salita ay hindi kailanman makakasakit sa akin”. Ngunit ang kasabihang ito ay ganap na mali. Ang mga salita ay talagang mas malakas kaysa sa mga patpat at bato at maaari ka nitong masaktan nang mas matagal. Kailangan nating bantayan ang mga salitang ating binibitawan. Maaari masaktan natin ang mga tao sa pamamagitan ng ating salita. Ngunit maaari din tayong magbigay ng biyaya gamit ang ating salita. mga salita. “Ang buhay at kamatayan ay sa dila nakasalalay.” (Prov.18:21).

Mga Kawikaan 10:11a Ang bibig ng matuwid ay bukal ng buhay.

- * **Efeso 4:29** Hindi dapat mamutawi sa inyong bibig ang anumang masamang pananalita, kundi ang mabuting bagay

lamang na makapagpapatibay, upang ito ay makatulong sa mga nakikinig.

Mga Kawikaan 15:1a Nakapapawi ng poot ang sagot na malumanay,

Mga Kawikaan 15:4a Punungkahoy ng buhay ang dilang mahinahon,

Mga Kawikaan 16:1 Ang mga balak ng isipan ay sa tao nagmumula,ngunit mula sa PANGINOON ang sagot ng dila.

- * **Mga Kawikaan 16:24** Ang kaaya-ayang mga salita ay parang pulot-pukyutan, katamisan sa kaluluwa at sa katawan ay kalusugan.

Mga Kawikaan 14:3b ngunit ang mga labi ng pantas ang sa kanila’y magtataguyod.

Mga Kawikaan 31:26b at nasa kanyang dila ang aral ng kabaitan.

2Cronica 10:7 Sinabi nila sa kanya, “Kung ikaw ay magiging mabait sa bayang ito, bibigyan sila ng kasiyahan, at magsasalita ka ng mabubuting salita sa kanila, sila ay magiging lingkod mo magpakailanman.”

- * **Mga Awit 19:14** Nawa’y ang mga salita ng bibig ko, at ang pagbubulay-bulay ng aking pusoay maging katanggap-tanggap sa paningin mo,O PANGINOON, ang aking malaking bato at manunubos ko.r.
- * **Mga Awit 35:28** Kung gayo’y isasaysay ng aking dila ang iyong katuwiranat ang iyong kapurihan sa buong araw.

XIII. MGA MAKAPANGYARIHANG PANGAKO NG DIYOS SA PANAHOON NG KAHIRAPAN

Sa lahat ng Salita ng Diyos, maraming siyang mga pangakong ibinigay para sa panustos, proteksyon, kaginhawahan at para sa ating pangkalahatang kapakanan. Ang ilan ay may kondisyon sa ating pagsunod, at ang iba ay walang kapalit. Sinasabi ng Bibliya na wala sa Kanyang mabubuting pangako ang babalik sa Kanya nang walang kabuluhan. Ibig sabihin, tiyak na magbubunga ang kanyang ipinagkaloob sa ating buhay kung tayo ay maninindigan.

Nasa ibaba ang iba't ibang mga bahagi kung saan inilista ang mga pangako ng Diyos upang ito ay ating mabalikan sa mga oras ng stress, pag-aalala, pag-uusig, atbp., at upang maaalala natin ang Kanyang proteksyon, kaginhawahan, panustos, kapayapaan, atbp. Ang susi sa Salita ng Diyos at pag-asa sa Kanyang mga pangako ay para sa atin, upang gawin natin ang mga ito sa pamamagitan ng pagsasabi nito sa ating sarili.

Madunong ang taong sa araw ng kabagabagan ay alam ang tunay na pinanggagalingan ng kanyang lakas at hindi nakakalimut magdasal. Ang panalangin ay naghahatid ng lakas at ginhawa sa mga oras ng problema at nagdudulot ng mahabang pasensya upang tiisin ito. Ang mga mayayaman at mahihirap ay parehong bahagi ng sakit at problema ng pagkabigo ng tao. Ang bawat tuksong nararanasan ninyo ay pawang karaniwan sa tao. Ngunit mapagkakatiwalaan ang Diyos, at hindi niya hahayaang kayo'y tuksuhin nang higit sa inyong makakaya; kundi kalakip ng tukso ay magbibigay siya ng paraan ng pag-iwas upang ito'y inyong makayanan. (1 Corinto 10:13)

Hindi tayo pinaparusahan o hinahatulan ng Diyos sa pamamagitan ng pagbigay ng mga problema at hamon sa atin, ang lahat ng hatol at kaparusahan ay naganap na

sa krus. Ang mga problemang ating kinakaharap ay hindi pakikitungo ng Diyos sa atin. Gayunpaman, ginagamit ng Diyos ang ating mga paghihirap upang turuan at sanayin tayo. Ang pakikitungo ng Diyos sa atin ay para sa layunin ng ating pagkakadisipulo. Ang mga mabubuti at masasama ay parehong nakakaranas ng problema. upang kayo’y maging mga anak ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang kanyang araw sa masasama gayundin sa mabubuti, at nagpapadala siya ng ulan sa mga matuwid, gayundin sa mga di-matuwid. (Mateo 5:45). Kaya’t ang mga hamon ay hindi katibayan ng sama ng loob ng Diyos sa atin, kundi para sa makasalanang mundo.

Ang problema ay walang kapangyarihang makagambala sa ating kaugnayan sa Diyos. *“Mayroon bang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kahirapan ba, kapighatian, pag-uusig, taggutom, kahubaran, panganib, o ang tabak?”* (Rom 8:35).

Pinatawad na tayo ng Diyos sa ating kasamaan, kaya tiyak na walang paghatol na matatangap sa ngalan niya. Ang kanyang gampanin ay mabigyan ng ginhawa ang ating mga wasak na puso. Kung kayo ay may bagabag, ako lagi ang tawagin; kayo’y aking ililigtas, ako’y inyong pupurihin.” (Mga Awit 50:15). Kilala si Haring David na humingi ng tulong sa Diyos sa gitna ng hamon na kanyang kinakaharap at bago sa bawat labanan na kanyang haharapin. At doon nakaangkla ang kanyang angking lakas at mga tagumpay. Kaya’t lumapit tayo na may lakas ng loob sa trono ng biyaya, upang tumanggap tayo ng awa, at makatagpo ng biyaya na makatutulong sa panahon ng ating pangangailangan. (Hebreo 4:16)

King David was known to inquire of the Lord in times of trouble and before every battle. And there lied his strength and his victories. *“That we may obtain mercy and grace in times of trouble”* (Heb 4:16).

Ang panalangin ay nagliligtas sa atin mula sa mga padududa at pagtataboy sa mga walang kabuluhang pagtatanong. “Sa lahat ng ito, si Job ay hindi nagkasala,

ni nagbintang man sa Diyos na may kamangmangan” (Job 1:20). Ang panalangin ay may kakayahang alisin ang mga nagpapabigat sa ating mga puso, mga kalungkutan, at dinadala nito ang Espiritu ng tao na sumuko sa harap ng Diyos at magtiwala sa kanyang mga pangako. Ang kabutihan o kasamaan ng mga problema ay malalaman depende sa kung anong Espiritu ang pinapansin at tinatanggap. Maaring mapapalambot o mapapatigas nito ang ating mga puso. Maaring mapalapit tayo sa Diyos o mapalayo mula sa kanya.

Sa Bagong Tipan, may tatlong salitang ginagamit kaakibat sa salitang problema; pighati, pagtitiis, at pagdurusa. Sinabi ng Panginoon sa kanyang mga disipulo na asahan ang kapighatian sa mundo, ngunit ito ay para sa kabutihan. Sinabi ni Pablo na kailangan nating pagdaanan ang maraming pagdurusa upang kato ay makapasok sa kaharian. “Iपालalagay kong hindi kayang ihambing ang pagtitiis sa kasalukuyang panahon sa kaluwalhati ang ihahayag sa atin.” (Rom 8:18).

At, “ Sapagkat kahit magkaroon pa kayo kay Cristo ng libu-libong mga tagapagturo ay hindi naman marami ang inyong ama; sapagkat kay Cristo Jesus ako ang naging ama ninyo sa pamamagitan ng ebanghelyo.” (1 Cor 4:15). “ Magalak kayo sa pag-asa, maging matiisin sa pagdurusa, at maging matiyaga sa panalangin.” (Rom 12:12). Ang kapighatian ay nagbubunga ng mga masasaganang epsiritual na bunga, Kung kaya, ang pagdurusa at ang pinakamataas na anyo ng biyaya ay magkaugnay. “Pagkatapos ninyong magdusa nang kaunting panahon, ang Diyos na pinagmumulan ng biyaya at tumawag sa inyo na maging kabahagi ng kanyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo ang siya ring magpapanumbalik, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo.” (1 Pedro 5:10). Ang pagsubok sa pananampalatay ng tao ay nagbabago at nagiging isang pagtitiyaga at hindi matitinag na pagtiwala.

Kapayapaan na Lumalampas sa Ating Pag-unawa

Kapag tunay mong naunawaan ang pag-ibig ng Diyos para sa iyo at ang bagong pagkakakilanlan kung saan ka nilikha, ito ay nagbibigay sa iyo ng labis na kapayapaan sa puso at isipan. Ang lahat ng gumagambala sa iyo ay mawawala. Ikaw ay makakapasok sa tunay na kapahingahan (ang Sabbath) ng Diyos. At sinasalamin mo ang kapayapaang lampas sa lahat ng pang-unawa.

Filipos 4:5,6 Makilala sana ng lahat ng tao ang inyong kahinahunan. Ang Panginoon ay malapit nang dumating. 6 Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, sa halip ay idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan tungkol sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at pagsamong may pasasalamat.

- * **Isaias 26:3** Iyong iingatan siya sa ganap na kapayapaan, na ang pag-iisip ay nananatili sa iyo, sapagkat siya'y nagtitiwala sa iyo.
 - * **Juan 14:27** Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Kapayapaan ko ang ibinibigay ko sa inyo. Hindi tulad ng ibinibigay ng sanlibutan ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag ninyong hayaang mabagabag ang inyong kalooban o kaya'y matakot.
 - * **1Juan 4:18** Walang anumang takot sa pag-ibig. Sa halip, ang ganap na pag-ibig ay nag-aalis ng takot, sapagkat ang takot ay mayroong kaparusahan. Ang sinumang natatakot ay hindi pa lubusang umiibig.
 - * **2Timoteo 1:7** apagkat ang Espiritung ibinigay sa atin ng Diyos ay hindi espiritu ng kahinaan ng loob, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpipigil sa sarili.
- Mateo 6:34** Kaya't huwag kayong mag-alala para sa araw ng bukas, sapagkat mag-aalala ang bukas para sa

kanyang sarili. Sapat na para sa buong maghapon ang mga alalahanin nito.

Mga Awit 55:22 Iatang mo ang iyong pasan sa PANGINOON, at kanyang aalalayan ka; hindi niya pinahihintulutang makilos kailanman ang matuwid.

- * **Isaias 12:2a** Ang Diyos ay aking kaligtasan; ako'y magtitiwala, at hindi ako matatakot.
- * **Isaias 41:10** huwag kang matakot, sapagkat ako'y kasama mo, huwag kang mabalisa, sapagkat ako'y Diyos mo; aking palalakasin ka, oo, ikaw ay aking tutulungan; oo, ikaw ay aking aalalayan ng kanang kamay ng aking katuwiran.

Isaias 41:13 Sapagkat ako, ang PANGINOON mong Diyos, ang humahawak ng iyong kanang kamay; ako na nagsasabi sa iyo, "Huwag kang matakot, ikaw ay aking tutulungan."

- * **Mga Awit 119:165** May dakilang kapayapaan ang mga umiibig sa iyong kautusan, walang anumang sa kanila ay makapagpapabuwal.
- * **Mga Awit 34:4** Hinanap ko ang PANGINOON, at ako'y kanyang sinagot, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga takot.
- * **Mga Awit 23:4** Bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat ikaw ay kasama ko, ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, inaaliw ako ng mga ito.
- * **Mga Awit 27:1** Ang Panginoon ay aking liwanag at aking kaligtasan; sino ang aking katatakutan? Ang Panginoon ay muog ng aking buhay; sino ang aking kasisindakan?
- * **Mga Awit 46:1,2** Ang Diyos ay ating kanlungan at kalakasan, isang handang saklolo sa kabagabagan. Kaya't hindi tayo matatakot bagaman mabago ang lupa, bagaman ang mga bundok ay madulas sa puso ng dagat.

- * **Mga Awit 56:3,4** Kapag natatakot ako,aking inilalagak ang tiwala ko sa iyo. Sa Diyos na pinupuri ko ang salita, sa Diyos ay inilagay ko ang aking tiwala,ang laman sa akin ay ano ang magagawa?

Mga Awit 91:2,5 Sasabihin ko sa Panginoon, “Aking muog at aking kanlungan, aking Diyos na siya kong pinagtitiwalaan.” Ang mga nakakakilabot sa gabi ay di mo katatakutan,ni ang pana na nagliliparan kapag araw.

- * **Mga Kawikaan 1:33** Ngunit ang nakikinig sa akin ay tatahang tiwasay,at papanatag na walang takot sa kasamaan.

Mga Kawikaan 3:24-26 Kapag ikaw ay nakahiga, hindi ka matatakot; kapag ika’y humimlay, magiging mahimbing ang iyong tulog. Huwag kang matakot sa pagkasindak na bigla, o sa pagdating ng pagsalakay ng masama, sapagkat ang Panginoon ang magiging iyong pagtitiwala, at iingatan mula sa pagkahuli ang iyong mga paa.

- * **Mga Kawikaan 29:25** Ang takot sa tao ay naglalalatag ng bitag,ngunit ang nagtitiwala sa PANGINOON ay maliligtas.

- * **Jeremias 1:8** Huwag kang matakot sa kanila,sapagkat ako’y kasama mo na magliligtas sa iyo, sabi ng PANGINOON.

- * **Marcos 5:36b** “Huwag kang matakot; manampalataya ka lamang.”

- * **Deuteronomio 31:6** Kayo’y magpakalakas at magpakatampang, huwag kayong matakot ni masindak sa kanila sapagkat ang PANGINOON mong Diyos ay humahayong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pababayaan.

Huwag Matakot

Ang takot ay kabaligtaran ng pananampalataya. Maraming lakas ang ginagamit ng ating isipan kung tayo ay nag-alala tungkol sa isang bagay. Sa halip, dapat tayo ay magninilay-

nilay sa mga pangako ng Diyos at ituon ang ating iisipan sa mga posibilidad ng Diyos. Ang takot ang paboritong sandata ng ating kaaway na siyang gagamitin upang hindi tayo magtiwala at magkaroon ng pananampalataya sa Diyos. Alam niya na ang pananampalataya ang susi sa mga pangako ng Diyos sa atin at gagawin ni Satanas ang lahat upang tayo ay mag-alala, matakot at ma-stress.

Sa kasamaang palad, kung minsan ay pinipigilan natin ang ating buhay dahil sa takot. Mapapagtagumpayan ang takot sa pamamagitan ng pagpapanibago ng ating isipan at iangkla ito sa katotohanan ng Salita ng Diyos. Ang kasinungalingan at katotohanan ay hindi maaring sabay na mabuhay. Ibinigay ng Diyos ang kapangyarihan upang tayo ay mabuhay nang buong tapang, at walang takot sa buhay.

Juan 4:18 Walang anumang takot sa pag-ibig. Sa halip, ang ganap na pag-ibig ay nag-aalis ng takot, sapagkat ang takot ay mayroong kaparusahan. Ang sinumang natatakot ay hindi pa lubusang umiibig.

Filipos 4:6,7 Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, sa halip ay idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan tungkol sa lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at pagsamong may pasasalamat. At ang kapayapaan ng Diyos, na higit pa sa kaya nating maunawaan, ang magbabantay sa inyong mga puso at mga pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

Mga Awit 94:19 Kapag sa aking puso ay maraming pag-aalaala, ang iyong mga pag-aliw ay nagpapasaya sa aking kaluluwa.

Isaias 43:1b Huwag kang matakot, sapagkat ikaw ay tinubos ko; tinawag kita sa pangalan mo, ikaw ay akin.

Mga Kawikaan 12:25 Nagpapabigat sa puso ng tao ang pagkabalisa, ngunit ang mabuting salita ay nagpapasaya sa kanya.

Josue 1:9 Hindi ba't inutusan kita? Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang na mabuti; huwag kang matakot, ni manlupaypay; sapagkat ang PANGINOON mong Diyos ay kasama mo saan ka man pumaroon."

Isaias 35:4 Inyong sabihin sa kanila na may matatakuting puso, "Kayo'y magpakatampang, huwag kayong matakot! Narito, tingnan mo, ang inyong Diyos ay darating na may paghihiganti, na may ganti ng Diyos. Siya'y darating at ililigtas kayo."

Isaias 41:13 Sapagkat ako, ang Panginoon mong Diyos, ang humahawak ng iyong kanang kamay; ako na nagsasabi sa iyo, "Huwag kang matakot, ikaw ay aking tutulungan."

Mga Awit 118:6 Ang PANGINOON ay para sa akin, hindi ako matatakot. Anong magagawa ng tao sa akin?

Mga Kawikaan 29:25 Ang takot sa tao ay naglalalatag ng bitag, ngunit ang nagtitiwala sa PANGINOON ay maliligtas.

Marcos 4:39,40 Bumangon si Jesus, sinaway ang hangin at inutusan ang lawa, "Pumayapa ka. Tumahimik ka!" Tumigil nga ang hangin at nagkaroon ng katahimikan. Sinabi niya sa mga alagad, "Bakit kayo natakot? Wala pa ba kayong pananampalataya?"

1Pedro 3:14 Subalit magdusa man kayo dahil sa paggawa ng mabuti, pinagpala kayo. Huwag kayong matakot at huwag kayong mag-alala sa maaari nilang gawin sa inyo.

Deuteronomio 3:22 Huwag kayong matakot sa kanila sapagkat ang PANGINOON ninyong Diyos ang makikipaglaban para sa inyo.

1Cronica 28:20b Magpakalakas at magpakatampang ka, at kumilos ka. Huwag kang matakot, o manlupaypay man, sapagkat ang PANGINOONG Diyos, na aking Diyos, ay sumasaiyo. Hindi ka niya bibiguin, o pababayaang man,

hanggang sa ang lahat ng gawain sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON ay matapos.

Sefanias 3:17 Ang Panginoon mong Diyos ay nasa gitna mo, isang mandirigma na nagbibigay ng tagumpay; siya’y magagalak sa iyo na may kagalakan; siya’y tatahimik sa kanyang pag-ibig; siya’y magagalak sa iyo na may malakas na awitan.

Mga Awit 91:1-16 Siyang naghahangad ng pagkukup ng Kataas-taasan, at nananatili sa pagkalinga ng Makapangyarihan ay makakapagsabi kay Yahweh: “Muog ka’t kanlungan, ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan.” Sa panganib at bitag ika’y kanyang ililigtas, at kahit ano mang matinding salot ay di ka magdaranas. Lulukuban ka niya sa lilim ng kanyang malapad na pakpak, at sa kalinga niya ay palagi ka ngang nakakatiyak; iingatan niya’t ipagsasanggalang, pagkat siya’y matapat. Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay, maging sa gagawing biglaang paglusob ng mga kaaway. Ni sa ano pa mang darating na salot pagkagat ng dilim, sa pagpuksa’y wala kang takot, sa araw man dumating. Kahit na mabuwal sa iyong harapan ang sanlibong tao, sa iyong paligid ang bilang ng patay maging sampung libo; di ka matatakot, at natitiyak mong di ka maaano. Ika’y magmamasid at sa panonood, mapapatunayan, iyong makikita, taong masasama’y pinaparusahan. Sapagkat si Yahweh ang iyong ginawang tagapagsanggalang, at ang pinili mong mag-iingat sa iyo’y Kataas-taasan. Di mo aabuting ika’y mapahamak; di mararanasan kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan. Sa kanyang mga anghel, ika’y itatagubilin, saan mang dako maparoon, tiyak kang iingatan. Sa kanilang mga kamay, ika’y aalalayan, nang sa mga bato, paa mo’y hindi masasaktan. Iyong tatapakan kahit mga ahas o leong mabagsik, di ka maaano sa mga serpiyente’t leong mababangis. Ang sabi

ng Diyos, “Ililigtas ko ang mga tapat sa akin, at iingatan ko ang sinumang taong ako’y kikilanlin. Kapag sila’y tumawag, laging handa ako na sila’y pakinggan, aking sasamahan at kung may problema ay sasakloloohan; aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan. Sila’y bibigyan ko’t gagantimpalaan ng mahabang buhay, at nakakatiyak, tatamuhin nila aking kaligtasan!”

(Basahin and “Kapayapaan na Lumalampas sa Lahat ng Pang-unawa”)

Angkinin ang Proteksyon ng Diyos

Binigyan tayo ng Diyos ng daan-daang mga pangako para sa Kanyang proteksyon. Hindi man tayo pare-pareho sa pagkilos, ngunit lagi tayong poprotektahan at ililigtas ng Diyos kapag lumalapit tayo sa Kanya.

Deuteronomio 33:12 “Ang minamahal ng Panginoon ay maninirahang ligtas sa siping niya; na kinakanlungan siya buong araw, oo, siya’y maninirahan sa pagitan ng kanyang mga balikat.”

2Cronica 14:11b PANGINOON, walang iba liban sa iyo na makakatulong, sa pagitan ng malakas at ng mahina. Tulungan mo kami, O PANGINOON naming Diyos, sapagkat kami ay nananalig sa iyo, at sa iyong pangalan ay pumarito kami laban sa karamihang ito. O PANGINOON, ikaw ang aming Diyos; huwag mong papagtagumpayin ang tao laban sa iyo.”

2Cronica 20:12 O Diyos namin, hindi mo ba sila hahatulan? Sapagkat kami ay walang magagawa laban sa napakaraming taong ito na dumarating laban sa amin. Hindi namin alam kung ano ang gagawin, ngunit ang aming mga mata ay nakatuon sa iyo.

* **Isaias 59:1** Narito, ang kamay ng Panginoon ay hindi maikli na di makapagligtas; ni hindi mahina ang kanyang pandinig, na ito'y di makarinig.

Ps 3:1-3 Lord, Mga Awit 3:1-3 Panginoon, ang mga kaaway ko ay dumarami! Ang tumitindig laban sa akin ay marami; marami ang nagsasabi tungkol sa aking kaluluwa, walang tulong mula sa Diyos para sa kanya. Ngunit ikaw, O Panginoon ay isang kalasag sa palibot ko, aking kaluwalhatian, at siyang tagapagtaas ng aking ulo.

Mga Awit 5:11a Ngunit hayaan mong magalak ang lahat ng nanganganlong sa iyo, hayaan mo silang umawit sa kagalakan at sila nawa'y ipagsanggalang mo,

Mga Awit 9:13, 14 O Panginoon! Kahabagan mo ako, mula sa kanila na napopoot sa akin, ang tinitii ko'y masdan mo. Yamang mula sa mga pintuan ng kamatayan, ako ay itinaas mo, upang aking maisaysay ang lahat ng kapurihan mo, upang sa mga pintuan ng anak na babae ng Zion, ay ikagalak ko ang pagligtas mo.

Mga Awit 7:1 O Panginoon kong Diyos, nanganganlong ako sa iyo, iligtas mo ako sa lahat ng humahabol sa akin, at iligtas mo ako,

Mga Awit 16:1 Ingatan mo ako, O Diyos, sapagkat sa iyo ako nanganganlong.

Mga Awit 17:8, 9 Gaya ng itim ng mata, ako ay ingatan mo, sa lilim ng iyong mga pakpak, ako ay ikubli mo, mula sa masama na nananamsam sa akin, sa nakakamatay kong mga kaaway na pumapalibot sa akin.

Mga Awit 18:3 Ako'y tumatawag sa Panginoon na marapat purihin, at naligtas ako sa aking mga kaaway.

Mga Awit 18:48 inililigtas niya ako sa mga kaaway ko. Oo, sa mga naghihimagsik laban sa akin ay itinaas mo ako, inililigtas mo ako sa mararahas na tao.

Mga Awit 25:1-3 Sa iyo, Panginoon, itinataas ko ang aking kaluluwa. O Diyos ko, sa iyo ako nagtitiwala, huwag nawa akong mapahiya; ang aking mga kaaway, sa akin ay huwag nawang magkatuwa. Oo, huwag nawang mapahiya ang lahat ng sa iyo'y naghihintay, mapahiya nawa ang mga gumagawa ng kataksilan nang walang dahilan.

Mga Awit 27:5 Sapagkat ako'y ikukubli niya sa kanyang kanlungan sa araw ng kaguluhan sa ilalim ng kanyang tolda ako'y kanyang itatago, at itataas niya ako sa ibabaw ng isang malaking bato.

Mga Awit 27:12-14 Huwag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway; sapagkat mga sinungaling na saksi laban sa akin ay nagbangon, at sila'y nagbubuga ng karahasan. Ako'y naniniwala na aking masasaksihan ang kabutihan ng Panginoon sa lupain ng mga nabubuhay! Maghintay ka sa Panginoon; magpakalakas ka at magpakatampang ang iyong puso; oo, maghintay ka sa Panginoon!

Mga Awit 31:1-4 Sa iyo, O Panginoon, ako'y humahanap ng kanlungan; huwag mong hayaang ako'y mapahiya kailanman; ilitas mo ako sa pamamagitan ng iyong katuwiran! Ikiling mo ang iyong pandinig sa akin; ilitas mo ako agad! Maging batong kanlungan ka nawa sa akin, isang matibay na muog upang ako'y ilitas. Oo, ikaw ang aking malaking bato at aking tanggulan; alang-alang sa iyong pangalan ako'y iyong akayin at patnubayan. Alisin mo ako sa bitag na kanilang lihim na inilagay para sa akin; sapagkat ikaw ang aking kalakasan.

Mga Awit 31:18 Mapipi nawa ang mga sinungaling na labi, na walang pakundangang nagsasalita laban sa matuwid nang may kapalaluan at paglait.

Mga Awit 31:13,14a Oo, aking naririnig ang bulungan ng marami kakilabutan sa bawat panig! habang sila'y

magkakasamang nagpapanukala laban sa akin, habang sila'y nagsasabwatan upang buhay ko'y kunin. Ngunit nagtitiwala ako sa iyo, O PANGINOON.

Mga Awit 34:17 Kapag ang matuwid ay humingi ng saklolo, ang Panginoon ay nakikinig, at inililigtas sila sa lahat nilang mga gulo.

Mga Awit 35:1 Makipagtunggali ka, O PANGINOON, sa kanila na nakikipagtunggali sa akin; lumaban ka sa kanila na lumalaban sa akin.

Mga Awit 50:15 at tumawag ka sa akin sa araw ng kabagabagan, ililigtas kita, at luluwalhatiin mo ako."

Mga Awit 56:9-11 Kung magkagayo'y tatalikod ang aking mga kaaway sa araw na ako'y tumawag. Ito'y nalalaman ko, sapagkat ang Diyos ay kakampi ko. Sa Diyos, na ang mga salita ay aking pinupuri, sa Panginoon, na ang mga salita ay aking pinupuri, sa Diyos ay walang takot na nagtitiwala ako. Anong magagawa sa akin ng tao?

Mga Awit 59:16, 17 Ngunit aking aawitin ang iyong kalakasan; oo, aking aawiting malakas sa umaga ang iyong tapat na pag-ibig, sapagkat ikaw ay naging aking muog, at kanlungan sa araw ng aking kapighatian. O aking kalakasan, aawit ako ng mga papuri sa iyo, sapagkat ikaw, O Diyos, ay muog ko, ang Diyos na nagpapakita sa akin ng tapat na pagsuyo.

Mga Awit 61:2,4 Mula sa dulo ng lupa ay tumatawag ako sa iyo, kapag nanlulupaypay ang aking puso. Ihatid mo ako sa bato na higit na mataas kaysa akin; Patirahin mo ako sa iyong tolda magpakailanman! Ako'y manganganlong sa lilim ng iyong mga pakpak!

Mga Awit 62:6 Siya lamang ang aking malaking bato at aking kaligtasan, ang aking muog, hindi ako mayayanig.

Mga Awit 91:4 Kanyang tatakpan ka ng mga bagwis niya, at sa ilalim ng kanyang mga pakpak ay manganganlong ka; ang kanyang katapatan ay baluti at panangga.

Mga Awit 118:6,7 Ang PANGINOON ay para sa akin, hindi ako matatakot. Anong magagawa ng tao sa akin? Ang PANGINOON ay kakampi ko, kasama ng mga tumutulong sa akin, ako'y titinging may pagtatagumpay sa mga napopoot sa akin.

Mga Awit 91:9,10 Sapagkat ikaw, O PANGINOON, ay aking kanlungan! Ang Kataas-taasan bilang iyong tahanan; walang kasamaang darating sa iyo, walang parusang lalapit sa tolda mo.

Mga Awit 119:110, 154 Ang masama ay naghanda ng bitag para sa akin, gayunma'y hindi ako lumihis sa iyong mga alituntunin. Ipaglaban mo ang aking layunin, at tubusin mo ako muling buhayin mo ako ayon sa iyong pangako!

Mga Awit 121:8 Ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok ay kanyang iingatan, mula sa panahong ito at magpakailanpaman. **Mga Awit 141:8-10** Subalit ang mga mata ko, O Panginoong Diyos, sa iyo'y nakatuon; sa iyo ako nanganganlong; huwag mo akong iwang walang kalaban-laban! Iligtas mo ako sa patibong na para sa akin ay kanilang inilagay, at mula sa mga bitag ng mga manggagawa ng kasamaan! 10 Mahulog nawa ang masasama sa kanilang sariling mga lambat, habang ako naman ay tumatakas.

Mga Awit 143:8, 9 Sa umaga'y iparinig sa akin ang iyong tapat na pag-ibig, sapagkat sa iyo ako ay nananalig. Ang daan na dapat kong lakaran sa akin ay ituro mo, sapagkat itinataas ko ang aking kaluluwa sa iyo.

- * **Mga Awit 127:1b** Malibang ang PANGINOON ang magbantay sa lunsod, ang bantay ay nagpupuyat nang walang kabuluhan.

* **Lucas 10:19** Tingnan ninyo, binibigyan ko kayo ng kapangyarihang tapakan ang mga ahas at mga alakdan, at mangibabaw sa kapangyarihan ng kaaway. Walang makapananakit sa inyo.

Mga Awit 144:1, 2a Purihin ang Panginoon, ang aking malaking bato, kanyang sinasanay ang aking mga kamay para sa digmaan, at ang aking mga daliri sa pakikipaglaban; ang aking tapat na pag-ibig at aking tanggulan, aking muog at aking tagapagligtas;

Mga Awit 145:18-20a Ang Panginoon ay malapit sa lahat ng sa kanya'y nananawagan, sa lahat ng tumatawag sa kanya sa katotohanan. Kanyang ibinibigay ang nasa ng lahat ng natatakot sa kanya. kanya ring dinirinig ang kanilang daing, at inililigtas sila. Iniingatan ng Panginoon ang lahat ng umiibig sa kanya.

* **Mga Kawikaan 14:26** Sa takot sa Panginoon ang tao'y may pagtitiwalang matibay, at ang kanyang mga anak ay magkakaroon ng kanlungan.

* **Mga Kawikaan 18:10** Ang pangalan ng PANGINOON ay isang toreng matibay; tinatakbuhan ng matuwid at doon siya'y tiwasay.

Isaias 35:3,4 Inyong palakasin ang mahihinang kamay, at patatagin ang mahihinang tuhod. Inyong sabihin sa kanila na may matatakuting puso, “Kayo'y magpakatampang, huwag kayong matakot! Narito, tingnan mo, ang inyong Diyos ay darating na may paghihiganti, na may ganti ng Diyos. Siya'y darating at ililigtas kayo.”

Isaias 43:2 Kapag ikaw ay dumaraan sa tubig, ako'y makakasama mo at sa pagtawid sa mga ilog ay hindi ka nila aapawan, kapag ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; at hindi ka tutupukin ng apoy.

Isaias 50:7 Sapagkat tinulungan ako ng Panginoong Diyos; kaya't hindi ako napahiya; kaya't inilagay ko ang aking

mukha na parang batong kiskisan, at alam ko na hindi ako mapapahiya.

2Corinto 4:8,9 Kabi-kabila ang pagpapahirap sa amin, ngunit hindi kami nadudurog; nalilito ngunit hindi nanlulupaypay; pinag-uusig, ngunit hindi pinababayaan; pinababagsak, ngunit hindi nawawasak.

1Pedro 3:12 Ang mata ng Panginoo’y nakatuon sa mga matuwid, at ang kanilang panalangin ay kanyang dinirinig. Ngunit sa mga taong gumagawa ng masama. Panginoo’y nagagalit at hindi natutuwa.”

- * **Exodo 14:14** Ipaglalaman kayo ng PANGINOON at ang dapat lamang ninyong gawin ay manahimik.
- * **Mga Awit 34:7** Ang anghel ng PANGINOON ay nagbabantaysa palibot ng mga natatakot sa kanya, at inililigtas sila.

Dumepende sa Kanyang Lakas at Kapangyarihan

Ang ating lakas ay ang Diyos. Upang masabi na magagawa natin ang kahit na ano ay nakadepende sa itinakda ng Diyos. Ang lahat ng kumilala sa Diyos bago ang mga laban ay kanyang biniyayaan, at ang mga hindi kumilala sa kanya ay natalo.

- * **2Corinto 12:9,10** Ngunit sinabi niya sa akin, “Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo, sapagkat ang kapangyarihan ko ay lubos na nahahayag sa kahinaan.” Dahil dito, masaya kong lalong ipagmamalaki ang mga kahinaan ko upang manatili sa akin ang kapangyarihan ni Cristo. Kaya, alang-alang kay Cristo, ako’y may kasiyahan sa gitna ng mga kahinaan, mga panlalait, mga paghihirap, mga pag-uusig, at mga kasawian. Sapagkat kung kailan ako mahina, noon naman ako malakas.

- * **Zacarias 4:6b** Hindi sa pamamagitan ng lakas, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo

Deuteronomio 20:4 Sapagkat ang PANGINOON ninyong Diyos ay siyang humahayong kasama ninyo upang ipakipaglaban kayo sa inyong mga kaaway, upang kayo'y pagtagumpayin.

2Cronica 32:8 Ang nasa kanya ay isang kamay na laman, ngunit kasama natin ang PANGINOON nating Diyos na tutulong at lalaban sa ating mga pakikipaglaban." At ang bayan ay nagtiwala mula sa mga salita ni Hezekias na hari ng Juda.

- * **Nehemias 8:10b** sapagkat ang kagalakan sa PANGINOON ang inyong kalakasan.
- * **Isaias 30:15b** Sa katahimikan at pagtitiwala ay magiging inyong lakas.

Isaias 40:29-31 Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at sa kanya na walang kapangyarihan ay dinadagdagan niya ang kalakasan. Maging ang mga kabataan ay manghihina at mapapagod, at ang mga binata ay lubos na mabubuwal; ngunit silang naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagong lakas, sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila, sila'y tatakbo at hindi mapapagod, sila'y lalakad, at hindi manghihina.

- * **Jeremias 32:27** Narito, ako ang Panginoon, ang Diyos ng lahat ng laman; mayroon bang anumang napakahirap para sa akin?

Mga Awit 18:29, 30b,32 Oo, sa pamamagitan mo ang isang hukbo ay madudurog ko, at sa pamamagitan ng aking Diyos ang pader ay aking malulukso. siya'y kalasag ng lahat na nanganganlong sa kanya. Ang Diyos na nagbibigkis sa akin ng kalakasan, at ginagawang ligtas ang aking daan.

Mga Awit 20:7 Ipinagmamalaki ng ilan ang mga karwahe, at ang iba ay ang mga kabayo; ngunit ipinagmamalaki namin ang pangalan ng Panginoon naming Diyos.

Mga Awit 27:13,14 Ako'y naniniwala na aking masasaksihan ang kabutihan ng Panginoon sa lupain ng mga nabubuhay! Maghintay ka sa Panginoon; magpakalakas ka at magpakatampang ang iyong puso; oo, maghintay ka sa Panginoon!

Mga Awit 28:7,8 Ang Panginoon ang aking lakas at aking kalasag; sa kanya ang aking puso ay nagtitiwala, kaya't ako'y natutulungan, at ang aking puso ay nagagalak, at sa pamamagitan ng aking awit ako sa kanya'y nagpapasalamat. Ang Panginoon ang lakas ng kanyang bayan, siya ang nagliligtas na kanlungan ng kanyang pinahiran.

Mga Awit 37:39 Ang kaligtasan ng matuwid ay mula sa Panginoon; siya ang kanilang kanlungan sa magulong panahon.

Mga Awit 60:11 O pagkalooban mo kami ng tulong laban sa kaaway, sapagkat walang kabuluhan ang tulong ng tao!

Mga Awit 73:26 Ang aking laman at ang aking puso ay maaaring manghina, ngunit ang Diyos ang lakas ng aking puso at bahagi ko magpakailanman.

Mga Awit 84:5,7a Mapalad ang mga tao na ang mga kalakasan ay nasa iyo; na ang mga daan tungo sa Zion ay nasa kanilang puso. Sila'y humahayo sa lakas at lakas.

* **Mga Awit 118:8** Higit na mabuti ang manganlong sa PANGINOON kaysa magtiwala sa tao.

Mga Awit 118:14 Ang Panginoon ay aking awit at kalakasan, at siya'y naging aking kaligtasan.

Mga Awit 119:28 Ang kaluluwa ko'y natutunaw dahil sa kalungkutan; palakas mo ako ayon sa iyong salita!

- 2Corinto 3:5** Hindi dahil sa mayroon kaming sariling kakayahan upang mag-angkin na sa amin galing ang anuman, kundi sa Diyos nanggaling ang aming kakayahan.
- * **Efeso 6:10-12** Sa kahuli-hulihan, maging matibay kayo sa tulong ng Panginoon, at sa kapangyarihan ng kanyang katatagan. Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma ng Diyos upang mapaglaban ninyo ang mga pakana ng diyablo. Sapagkat ang pakikipaglaban natin ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga makasanlibutang hukbo ng kadilimang ito, laban sa mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaasan.
 - * **Filipos 4:13** Ang lahat ay magagawa ko sa pamamagitan ni Cristo na nagbibigay-lakas sa akin.
 - * **Mateo 10:20** Hindi na kayo ang nagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang nagsasalita sa pamamagitan ninyo.
 - * **Filipos 2:13** sapagkat ang Diyos ang gumagawa sa inyo, upang naisin ninyo at gawin ang kanyang mabuting layunin.
 - * **Jeremias 17:5** Ganito ang sabi ng Panginoon: “Sumpain ang tao na nagtitiwala sa tao, at ginagawang kalakasan ang laman, at ang puso ay lumalayo sa Panginoon.
 - * **2Corinto 4:7** Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ipakita na ang walang kapantay na kapangyarihang ito ay mula sa Diyos, at hindi mula sa amin.
 - * **Isaias 40:31** Ngunit silang naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagong lakas, sila’y pailanglang na may mga pakpak na parang mga agila, sila’y tatakbo at hindi mapapagod, sila’y lalakad, at hindi manghihina.
 - * **Deuteronomio 33:25b** Kung paano ang iyong mga araw ay gayon nawa ang iyong lakas.

- * **Mga Gawa 4:13** Namangha sila nang makita nila ang katapangan nina Pedro at Juan, lalo na nang malamang sila'y mga taong walang pinag-aralan at mga karaniwang tao lamang. Nabatid nilang sila'y nakasama ni Jesus.

Ang Pangako ng Diyos na Kaginhawahan sa Oras ng Kapighatian

Mayroon napakaraming pangako ang Salita ng Diyos para sa isang sagana at pinagpalang buhay para sa atin. Ngunit may mga pagkakataon na tayo ay may kinakaharap na problema: mga paghihirap, trahedya at kapighatian. At sa pagtitiis sa mga mapanghamong panahon na ito, nangako ang Diyos ng tulong at lakas, tayo ay kanyang biniyayaan ng awa. Kung kaya't dapat nating hawakan nang mahigpit ang Kanyang mga pangako kapag tayo ay naghihirap sa buhay! Siya ang Diyos ng mga posibilidad at solusyon at ipinangako Niya sa atin ang pagliligtas at kaginhawahan.

- * **2Corinto 1:4** Inaalih niya tayo sa lahat ng ating paghihirap, upang maaliw natin ang nasa anumang paghihirap, sa pamamagitan ng kaaliwang tinanggap natin mula sa Diyos.
- * **Mga Awit 119:50** Ito'y aking kaaliwan sa aking kapighatian, na ang iyong pangako ang nagbibigay sa akin ng buhay.

Mga Awit 71:21 Kadakilaan ko nama'y iyong paramihin, at muli akong aliwin.

Mga Awit 34:18 Ang Panginoon ay malapit sa may pusong wasak, at inililigtas ang mga may bagbag na diwa.

Mga Awit 37:24 Bagaman siya'y mahulog, hindi siya lubos na mabubuwal, sapagkat ang Panginoon ang aalalay sa kanyang kamay.

Mga Awit 55:22 Iatang mo ang iyong pasan sa Panginoon, at kanyang aalalayan ka; hindi niya pinahihintulutangmakilos kailanman ang matuwid.

Mga Awit 112:4 Ang liwanag ay bumabangon sa kadiliman para sa matuwid, ang Panginoon ay mapagbiyaya at mahabagin at matuwid.

Mga Awit 145:14 Inaalalayan ng PANGINOON ang lahat ng nalulugmok, at itinatayo ang lahat ng nakayukod.

- * **Mga Awit 147:3** Kanyang pinagagaling ang mga may pusong wasak, at tinatalian ang kanilang mga sugat.
- * **Mateo 5:4** Pinagpala ang mga nagdadalamhati, sapagkat sila ay aaliwin.

Juan 14:16-18 At hihiling ako sa Ama, at bibigyan niya kayo ng isa pang Kaagapay na makakasama ninyo magpakailanman. 17 Ito ang Espiritu ng katotohanan na hindi kayang tanggapin ng sanlibutan sapagkat siya'y hindi nito nakikita o nakikilala. Kilala ninyo siya, dahil nananatili siya sa inyo, at siya ay sasainyo. 18 Hindi ko kayo iiwang parang mga ulila. Darating ako sa inyo.

- * **Mga Hebreo 13:5** Iwasan ninyo ang pag-ibig sa salapi. Masiyahan na kayo kung ano'ng mayroon kayo, sapagkat sinabi ng Diyos, "Hinding-hindi kita iiwan, ni pababayaan man."

2Corinto 1:7 Matibay ang aming pag-asa tungkol sa inyo, sapagkat alam namin na kung kayo'y karamay namin sa pagdurusang, karamay din namin kayo sa kaaliwang tinatangap namin.

2Corinto 7:4b Punung-puno ako ng lakas ng loob. Nag-uumapaw ang aking kagalakan sa kabila ng aming paghihirap.

2Tesalonica 2:16,17 Nawa ang ating Panginoong Jesu-Cristo at ang Diyos nating Ama na sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob ay siyang umibig sa atin at nagbigay sa atin ng walang-hanggang lakas ng loob at mabuting pag-asa, ang umaliw sa inyo at magbigay ng

matatag na kalooban upang maipahayag ninyo sa salita at gawa ang lahat ng mabuti.

Sundin ang Kanyang Karunungan at Kaalaman

Ang kaalaman na ibinagkaloob ng Diyos sa atin ay mula sa kanyang salita at ito ay nagbibigay ng karunungan upang malaman natin kung paano pangasiwaan ang iba't ibang mga sitwasyon. Kapag kailangan natin ng payo, patnubay, at sagot, mas maraming impormasyon ang magagamit natin ngayon kaysa dati! Gayunpaman, para sa pinakamalaking karunungan sa paghahanap ng tamang impormasyon, gamitin dapat natin ang Salita ng Diyos bilang gabay. Siya ay mayroong sagot sa tanong na mayroon tayo. Napakahalaga para sa mga Kristiyano na malaman ang Salita ng Diyos upang magbigayan ng sagot ang mga katanungan ng sinuman.

Mga Kawikaan 2:6 Sapagkat ang Panginoon ay nagbibigay ng karunungan, sa kanyang bibig nagmumula ang kaalaman at kaunawaan.

Mga Kawikaan 1:7 Ang takot sa Panginoon ang pasimula ng kaalaman; ang karunungan at turo ay hinahamak ng hangal.

Mga Kawikaan 18:15 Ang may matalinong pag-iisip ay kumukuha ng kaalaman, at ang pandinig ng marunong ay humahanap ng kaalaman.

Mga Kawikaan 15:14 Ang isip ng may unawa ay humahanap ng kaalaman, ngunit ang bibig ng mga hangal ay kumakain ng kahangalan.

Mga Kawikaan 11:14 Kung saan walang patnubay, bumabagsak ang bayan; ngunit sa karamihan ng mga tagapayo ay mayroong kaligtasan.

Mga Kawikaan 12:15 Ang lakad ng hangal, sa sarili niyang paningin ay wasto, ngunit ang marunong ay nakikinig sa payo.

Mga Kawikaan 19:20,21 Makinig ka sa payo, at sa pangaral ay tumanggap, upang magtamo ka ng karunungan para sa hinaharap. Sa puso ng isang tao, ang panukala'y marami, ngunit ang layunin ng Panginoon ang siyang mananatili.

Mga Kawikaan 28:26 Siyang nagtitiwala sa kanyang sariling puso ay hangal; ngunit maliligtas ang lumalakad na may katalinuhan.

Mga Kawikaan 20:18 Natatatag sa pamamagitan ng payo ang bawat panukala; sa pamamagitan ng matalinong patnubay ikaw ay makipagdigma.

Mga Kawikaan 4:13 Hawakan mong mabuti ang turo; huwag mong bitawan; siya'y iyong ingatan, sapagkat siya'y iyong buhay.

Mga Kawikaan 2:1,2 Anak ko, kung ang mga salita ko'y iyong tatanggapin, at mga utos ko sa iyo ay iyong pagyayamanin, 2 ikiling mo sa karunungan ang iyong pandinig, at sa pang-unawa ang puso mo'y ihilig.

Mga Awit 119:66 Turuan mo ako ng mabuting pagpapasiya at kaalaman; sapagkat ako'y sumampalataya sa iyong kautusan.

Isaias 11:2 At ang Espiritu ng Panginoon ay sasakanya ang diwa ng karunungan at ng unawa, ang diwa ng payo at ng kapangyarihan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon;

Mga Kawikaan 20:15 Mayroong ginto, at napakaraming mga batong mahal, ngunit mahalagang hiyas ang mga labi ng kaalaman.

XIV. PAGLIKHA LABAN SA EBOLUSYON

Ang paglikha ay tumutukoy sa kaluwalhatian ng pag-ibig ng Diyos at ng Kanyang kapangyarihan! Lahat ng nakikita natin sa ating paligid ay nagtataglay ng kamangha-mangha, kahanga-hangang, dakilang Diyos ng pag-ibig!

Karamihan sa mga tao ngayon ay nalinlang sa paniniwalang ang teorya ng ebolusyon ay totoo, na hindi man lang sumagi sa isip nila na tanungin o pagdudahan ito! Ang Bibliya ay nagbababala “Timoteo, ingatan mo ang ipinagkatiwala sa iyo. Iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan at ang mga pangangatwiran ng huwad na kaalaman. (1 Timoteo 6:20)

Ang mundo ay masyadong nalinglang, na ang Ebolusyon ay tinutukoy ngayon sa karamihan ng mga aklat-aralin bilang isang “katotohanan”. Ngunit walang patunay sa teorya ng ebolusyon! Kung kaya’t ito ay dapat paniwalaan gamit ang pananampalataya, gaya ng sa anumang relihiyon.

Ang kaibuturan ng teorya ng ebolusyon ay ang malaking palagay na ang buhay ay nagmula sa di-buhay, at sa pamamagitan lamang ng purong pagkakataon kung saan nagkataong ang mga tamang kemikal ay nasa tamang lugar at pagkakaayos. Naganap ang ilang hindi kilalang proseso ng electro-kemikal at nalikha mismo ang buhay! Nangangailangan ng higit na pananampalataya upang maniwala sa ebolusyon--ang hindi kapani-paniwala, kathang-isip, at sumasalungat na kuwento ng pinagmulan ng mga tao, kaysa sa pagtanggap sa simpleng paliwanag ng Diyos sa kanyang salita.

Si Margaret Mead, ang kilalang ebolusyonista, ay nagsabi sa pambungad sa kanyang aklat, “Kami bilang tapat na siyentipiko ay dapat umamin na walang kahit isang maliit na ebidensiya ang sumusuporta sa teorya ng ebolusyon.” Kaya ang ebolusyon ay isang hanay lamang ng mga paniniwala na dapat tanggapin sa ng pananampalataya.

Ito ay literal na relihiyon na inimbento ng diyablo upang hadlangan ang mga tao na maniwala sa Diyos! Gaya ng isang gusali na nangangailangan ng isang tagabuo, isang ganap na nakakagulo sa isip langit, lupa at lahat ng buhay na nilikha ay nangangailangan ng isang lumikha! Kapag naglaan tayo ng oras upang tingnan ang mga masalimuot o kahit ang pinakamaliit na nilalang, o ang DNA sa buhay ng tao, o tumayo sa isang malakas na ulan na may kapangyarihan laban sa isang bagyo, mapipilitan tayong sabihin gaya ng Salmistang si David, “Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan! Ang ginawa ng kanyang kamay, ipinapakita ng kalawakan!”, at “Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan, ang lahat ng gawain mo ay kahanga-hangang tunay;sa loob ng aking puso, lahat ito’y nakikintal.” (Aw 19:1 at Awit 139:14).

Genesis 1:1,11,12 Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit[a] at ang lupa. Sinabi ng Diyos, “Sibulan ang lupa ng halaman, ng mga tanim na nagkakabinhi at ng punungkahoy na namumunga ayon sa kanyang binhi, ang bawat isa ayon sa kanyang uri sa ibabaw ng lupa.” At ito ay nangyari. At ang lupa ay sinibulan ng halaman, ng mga tanim na nagkakabinhi ayon sa kanyang sariling uri at ng punungkahoy na namumunga ayon sa kanyang binhi, bawat isa ayon sa kanyang uri. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

Nehemias 9:6 Ikaw ang PANGINOON, ikaw lamang. Ikaw ang gumawa ng langit, ng langit ng mga langit, pati ng lahat ng natatanaw roon, ng lupa at ng lahat na bagay na naroon, ng mga dagat at ng lahat na naroon, at pinananatili mo silang lahat; at ang hukbo ng langit ay sumasamba sa iyo.

Job 12:7-9 “Ngunit ngayo’y tanungin mo ang mga hayop, at tuturuan ka nila; ang mga ibon sa himpapawid, at kanilang sasabihin sa iyo; 8 o ang mga halaman sa lupa, at tuturuan ka nila;at ang mga isda sa dagat ay magpapahayag

sa iyo. 9 Sinong hindi nakakaalam sa lahat ng mga ito, na ang kamay ng Panginoon ang gumawa nito?

Job 36:27,28 Sapagkat ang mga patak ng tubig ay kanyang pinapailanglang, kanyang dinadalisay ang kanyang ambon sa ulan, 28 na ibinubuhos ng kalangitan, at ipinapatak ng sagana sa sangkatauhan.

Job 38:22 “Nakapasok ka na ba sa mga tipunan ng niyebe, o nakita mo na ba ang mga imbakan ng yelo,

Mga Awit 14:1 Sinasabi ng hangal sa kanyang puso, “Walang Diyos.” Sila’y masasama, sila’y gumagawa ng kasuklamsuklam na mga gawa; walang gumagawa ng mabuti.

Mga Awit 19:1 Nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ang kalangitan, at ang mga gawa ng kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan.

Isaias 44:24 Ganito ang sabi ng Panginoon, ang iyong Manunubos, at nag-anyo sa iyo mula sa sinapupunan: “Ako ang Panginoon na gumagawa ng lahat na bagay; na mag-isang nagladlad ng mga langit, na naglatag ng lupa—sinong kasama ko?

Isaias 45:12 Aking ginawa ang lupa, at nilikha ko ang tao sa ibabaw nito; ako, ang aking mga kamay ang nagladlad ng mga langit, at inuutusan ko ang lahat ng naroroon.

Jeremias 10:12,13 Siya ang gumawa ng lupa sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, na nagtatag ng sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang karunungan, at sa pamamagitan ng kanyang kaunawaan ay iniladlad niya ang kalangitan. Kapag siya’y nagsasalita ay may hugong ng tubig sa mga langit, at kanyang pinaiilanglang ang mga singaw mula sa mga dulo ng lupa. Gumagawa siya ng mga kidlat para sa ulan, at naglalabas siya ng hangin mula sa kanyang mga kama sa iyo. 9 Sinong hindi nakakaalam sa

lahat ng mga ito, na ang kamay ng Panginoon ang gumawa nito?

Job 36:27,28 Sapagkat ang mga patak ng tubig ay kanyang pinapailanglang, kanyang dinadalisay ang kanyang ambon sa ulan,²⁸ na ibinubuhos ng kalangitan, at ipinapatak ng sagana sa sangkatauhan.

Job 38:22“Nakapasok ka na ba sa mga tipunan ng niyebe, o nakita mo na ba ang mga imbakan ng yelo,

Mga Awit 14:1 Sinasabi ng hangal sa kanyang puso, “Walang Diyos.” Sila’y masasama, sila’y gumagawa ng kasuklamsuklam na mga gawa; walang gumagawa ng mabuti.

Mga Awit 19:1 Nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ang kalangitan, at ang mga gawa ng kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan.

Isaias 44:24 Ganito ang sabi ng Panginoon, ang iyong Manunubos, at nag-anyo sa iyo mula sa sinapupunan: “Ako ang Panginoon na gumagawa ng lahat na bagay; na mag-isang nagladlad ng mga langit, na naglatag ng lupa—sinong kasama ko?

Isaias 45:12 Aking ginawa ang lupa, at nilikha ko ang tao sa ibabaw nito; ako, ang aking mga kamay ang nagladlad ng mga langit, at inuutusan ko ang lahat ng naroroon.

Jeremias 10:12,13 Siya ang gumawa ng lupa sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, na nagtatag ng sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang karunungan, at sa pamamagitan ng kanyang kaunawaan ay iniladlad niya ang kalangitan. Kapag siya’y nagsasalita ay may hugong ng tubig sa mga langit, at kanyang pinaiilanglang ang mga singaw mula sa mga dulo ng lupa. Gumagawa siya ng mga kidlat para sa ulan, at naglalabas siya ng hangin mula sa kanyang mga kamalig.

Juan 1:1-3 Noong simula pa lamang ay naroon na ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Kasama na niya ang Diyos noong simula pa. Nilikha ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan niya, at kung wala siya, walang anumang nilikha. Ang lahat ng nilikha

Roma 1:20-23 Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang kanyang hindi nakikitang kalikasan—ang kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos—ay maliwanag na nakikita at nauunawaan dahil sa mga bagay na kanyang ginawa. Kaya't ang mga gayong tao'y wala nang maidadahilan pa. Sapagkat kahit na kilala nila ang Diyos, siya ay hindi nila niluwalhati o pinasalamatan man lang bilang Diyos. Sa halip, naging walang kabuluhan ang kanilang mga pag-iisip at naging madilim ang hangal nilang mga puso. Sa kanilang pagmamarunong ay lumabas silang mga mangmang. Ipinagpalit nila ang kaluwalhatian ng Diyos na walang kamatayan, at ang sinamba nila'y mga larawan ng mga taong may kamatayan, at ng mga ibon, ng mga hayop na lumalakad at gumagapang.

Colosas 1:16 sapagkat sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng bagay na nasa langit at nasa lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga hindi nakikita, maging ang mga trono o mga pamamahala, o mga pamunuan o mga may kapangyarihan—lahat ng bagay ay nilikha sa pamamagitan niya at para sa kanya.

1Timoteo 6:20 Timoteo, ingatan mo ang ipinagkatiwala sa iyo. Iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan at ang mga pangangatwiran ng huwad na kaalaman.

2Timoteo 3:7 Sila'y laging tinuturuan, ngunit hindi nila natututuhan ang katotohanan.

Mga Hebreo 1:2 Ngunit sa mga huling araw na ito, nagsalita siya sa atin sa pamamagitan ng Anak. Siya ang hinirang ng Diyos na maging tagapagmana ng lahat ng

bagay, at sa pamamagitan niya'y ginawa ng Diyos ang buong sanlibutan.

Mga Hebreo 1:3 Ang Anak ang maningning na sinag ng kaluwalhatian ng Diyos at tunay na larawan ng kanyang kalikasan bilang Diyos. Siya ang nagpapanatili sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita. Matapos niya tayong linisin sa ating mga kasalanan, umupo siya sa kaitaasan sa kanan ng Diyos na makapangyarihan sa lahat.

Mga Hebreo 11:3 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng Diyos, anupa't ang mga bagay na nakikita ay nilikha mula sa mga bagay na hindi nakikita.

XV. ANG PANAHOON NG KATAPUSAN

Ang paksa ng “panahon ng katapusan” ay kilala sa mga Kristiyano at hindi Kristiyano bilang isang yugto ng panahon sa mga huling araw, partikular at propetikong binanggit sa Luma at Bagong Tipan. May mga kontrobersiya at magkakaibang mga doktrina tungkol sa yugto ng panahong ito, ngunit lahat ay sumasang-ayon na ang panahong ito ay tiyak na magaganap.

Tanong ng karamihan. “Ano ang maaari nating gawin upang paghandaan ang panahon ng katapusan?” Ang pagsasagawa ng ating pananampalataya para sa paglilingkod sa Panginoon ay tiyak na kinakailangan, dahil hindi natin maasahan ang pananampalataya kung ang tao ay hindi nabubuhay para sa Diyos. Kailangan nating panatiliin sa maayos na estado ang ating pananampalataya. Hindi pwede na tayo ay magpipirmi lamang sa isang lugar at aasa na magkakaroon kaagad ng pananampalataya kung ito ay kinakailangan. Ito ay hindi nangyayari sa ganitong paraan.

Napakahalaga rin na mapanatili nating buhay ang ating buhay pagdarasal, dahil sa pamamagitan nito tayo ay makakarinig mula sa Panginoon. Ang pagkaroon rin ng regular na oras sa pagbabasa ng salita ng Diyos ay mahalaga, kapag binabasa mo ang salita ng Diyos ikaw ay nagiging mas malakas. Kailangan mo ng pang-araw-araw na lakas mula sa Salita, kabilang na dito ang pagsasaulo, pagsasaisip, pagsasapuso, at pagsasabuhay sa mga salita ng Diyos. Ang paglinang ng iyong relasyon sa panginoon ay dapat patuloy, nangangailangan din ito ng orasa at tiyaga mula sa inyo. Hindi ito nangyayari sa isang gabi lamang.

Gayundin, gugulin ang iyong oras sa mga makabuluhang bagay na makakapagpatibay sa iyong sarili upang madagdagan ang mga bagay na mahalaga sa iyong buhay. Halimbawa, ang pagkuha ng kurso sa First Aid ay

maaaring gawin kahit online, o di kaya ang pagkuha ng isang kurso sa pagtanim sa halip na manoond ng mga pelikula. Maaaring gusto mo ring magkaroon ng mga klase patungkol sa Bibliya kasama ang ibang mag-aaral o isang grupo, partikular na sa paksa tungkol sa panahon ng katapusan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng mas malaki at malalim na epekto ang mga salita ng Diyos sa iyo, makakatulong ito sa pag-alala sa mga aral at mas magiging intensyonal ang ating mga sa ating paglilingkod.

Panghuli, pamahalaan ang iyong oras nang maayos at iiskedyul ang iyong mga priyoridad. Iwanan ang mga bagay na nagpapa-aaksaya ng iyong oras at mga bagay na hindi kapaki-pakinabang sa iyong pagiging mabuting Kristiyano.

Sa ibaba, nagbigay kami ng isang detalyadong balangkas sa mga propesiya patungkol sa mga kaganapan sa panahon ng katapusan. Isinama namin kung ano ang pinakamahalagang mga talata na itinampok ni Hesus sa “mga tanda ng wakas”. (Tingnan ang Mateo 24) Kung gusto mong gumawa ng malalim na pag-aaral sa panahon ng katapusan, basahin ang lahat ng mga talatang ito upang lubos na maunawaan ang mga kamangha-manghang kaganapan na mangyayari.

Ang mga Tanda ng Katapusan ng Panahon

Ang kaalaman ay lumalawak

Daniel 12:4Ngunit ikaw, O Daniel, ilihim mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat hanggang sa panahon ng wakas. Marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.

- * **2Timoteo 3:1,7** Unawain mo ito: Magkakaroon ng mga panahon ng kapighatian sa mga huling araw. Sila'y laging tinuturuan, ngunit hindi nila natututuhan ang katotohanan.

Mateo 24:14 At ang ebanghelyong ito ng kaharian ay ipangangaral sa buong daigdig bilang patotoo sa lahat ng mga bansa. Pagkatapos ay darating ang wakas.

Lubhang Tumaas na Natural na Kalamidad

Mateo 24:7 Lulusob ang mga bansa laban sa ibang bansa, at magdidigmaan ang mga kaharian. Magkakaroon ng taggutom at lilindol sa iba't ibang dako.

Lucas 21:26 Hihimatayin ang mga tao sa takot at mangangamba dahil sa mga darating sa daigdig sapagkat mayayanig ang mga kapangyarihan sa kalangitan.

Lubhang Nadagdagan ang Kasamaan at Mga Digmaan

2Timoteo 3:1,13 Unawain mo ito: Magkakaroon ng mga panahon ng kapighatian sa mga huling araw. 13 Samantalang ang masasama at mandaraya ay lalong magpapakasama; sila'y manlilinlang at malilinlang.

Mateo 24:6 At makaririnig kayo ng mga digmaan at ng usap-usapan ng mga digmaan. Mag-ingat kayo at huwag kayong mabahala, sapagkat kailangang mangyari ito, ngunit hindi pa ito ang wakas.

Mateo 24:37,38 Kung paano noong kapanahunan ni Noe, gayundin naman sa pagdating ng Anak ng Tao. 38 Sapagkat kung paano noong mga araw na iyon bago dumating ang baha, ang mga tao'y kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong.

Lucas 21:25 Magkakaroon ng mga tanda sa araw, buwan at mga bituin. At sa lupa, mababagabag ang mga bansa at ikalilito nila ang ugong at daluyong ng dagat.

Laganap na kabuktutan sa Wakas ng panahon

Lucas 17:28-30 Ganoon din noong mga araw ni Lot. Sila'y nagkakainan, nag-iinum, namimili, nagbibili, nagtatanim at nagtatayo. Subalit nang araw na umalis si Lot sa Sodoma, umulan ng apoy at asupre mula sa langit at pinuksa silang lahat. Ganoon din ang mangyayari sa araw na maihayag ang Anak ng Tao.

Roma 1:24 Kaya't hinayaan na sila ng Diyos sa maruruming pagnanasa ng kanilang mga puso, hanggang sa sila'y masadlak sa paggawa ng kahalayan sa isa't isa.

2Timoteo 3:1-3 Unawain mo ito: Magkakaroon ng mga panahon ng kapighatian sa mga huling araw. Ang mga tao'y magiging makasarili, sakim sa salapi, mayayabang, mapagmalaki, mapagmalabis, suwail sa mga magulang, walang utang na loob, at lapastangan sa Diyos. Sila'y magiging malupit, walang habag, mapanirang-puri, walang pagpipigil sa sarili, mababangis, at namumuhi sa mabuti.

- * **Hoseas 3:5** Pagkatapos ang mga anak ni Israel ay manunumbalik at hahanapin nila ang PANGINOON nilang Diyos at si David na kanilang hari. Darating silang may takot sa PANGINOON at sa kanyang kabutihan sa mga huling araw.

Matinding Paglayo sa Tunay na Pananampalataya

2Tesalonica 2:2,3 na huwag agad magugulo ang inyong isip o mababahala dahil sa ilang ulat, pahayag o liham na mula raw sa amin na nagsasabing dumating na ang Araw ng Panginoon. Huwag kayong padaya kaninuman sa anumang paraan. Sapagkat hindi darating ang araw na iyon hanggang hindi pa nangyayari ang paghihimagsik laban sa Diyos at ang paglitaw ng suwail, na nakatakda naman sa kapahamakan.

Mateo 24:12 Dahil sa paglaganap ng kasamaan, marami ang manlalamig sa kanilang pag-ibig.

Mateo 24:5,11,24 Sapagkat maraming darating na gagamit ng aking pangalan, na magsasabing sila ang Cristo, at marami silang maililigaw. Maglilitawan ang maraming huwad na propeta at lilinlangin nila ang marami. 24 Sapagkat may magsisilitaw na mga huwad na Cristo at mga huwad na propeta, at magpapakita ng mga kahanga-hangang himala at mga kababalaghan, na dahil dito'y maililihis, kung maaari, pati ang mga pinili.

1Timoteo 4:1 Maliwanag na sinasabi ng Espiritu na sa mga huling araw ay iiwan ng iba ang pananampalataya at susunod sa mga mapanlinlang na espiritu at mga turo ng mga demonyo.

Lalong Pag-uusig sa mga Tunay na Kristiyano

Mateo 24:9,10 Pagkatapos ay dadakpin kayo upang pahirapan at kayo'y papatayin. Kayo'y kamumuhian ng lahat ng mga bansa dahil sa aking pangalan. Maraming tatalikod sa pananampalataya, magkakanulo sa isa't isa at mapopoot sa isa't isa.

Lucas 21:16,17 Ipagkakanulo kayo maging ng inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang ilan sa inyo. Kapopootan kayo ng lahat dahil sa aking pangalan.

Ang Antikristo

Paano Makikilala ang Antichrist World

Government: Dan.8:25; Dan.11:21; Dan.11:23-

24; Dan.11:39b; Dan.11:36,37 Ang Pagbangon ng

Antikristo: 1Jn.2:18; 2Thes.2:1-4; 2Thes.2:9; 2Thes.2:10-

12; Dan.8:23; Rev.13:4; Rev. 13:7; Dan.11:37 Paglagda ng

Tipan: Dan.9:27a; Dan.11:30b-3

Ang Pagsira sa Tipan/Araw-araw

na Hain (Pagsamba ng mga Hudyo)

Itinigil: Dan.8:11,12; Dan.9:27b; Dan.11:31; 2Thes.2:4

Matinding Kapighatian

Panahon ng Matinding Kaguluhan at Pag-uusig: Dan. 12:1b; Mat. 24:15, 21; Mat. 24:22

Nilapastangan ni Antikristo, Sinasabing Siya ang Diyos: Dan. 7:25a; 2 Tes. 2:3b, 4; Apoc. 13:6 Karamihan sa Mundo ay Sumasamba sa Kanya: Apoc. 13:3b-4 Rev. 13:8; Apoc. 13:13, 14

Ang Marka, ang Imahe at Ipinipilit na Pagsamba sa Hayop: Apoc. 13:15; Apoc. 13:16, 17; Apoc. 13:18; Apoc. 14:9-11

Ang Huwad na Propeta

Apoc. 13:11-16; Apoc. 19:20

Ang Pag-uusig ng Antikristo sa mga Kristiyano:

Apoc. 13:7; Dan. 7:21; Dan. 7:25; Dan. 8:24; Dan. 11:33; Dan. 11:35; Dan. 12:7b

Bakit Pinapahintulutan tayo ng Diyos na Magdusa sa Kapighatian: Dan. 11:35; Dan. 12:10; Isa. 48:1

Kinabukasan Makalangit na Gantimpala para sa Matagal na Kapighatian: Apoc. 7:9, 13-17; Apoc. 20:4

Ang mga Kristiyano ay Nagtagumpay at Nakaligtas Sa kabila ng Pag-uusig: Apoc. 12:11; Dan. 11:32b; Rom. 8:35-37; 1 Cor. 15:51, 52; 1 Tes. 4:16, 1 Proteksyon at Probisyon sa

Panahon ng Kapighatian: Apoc. 9:3, 4; Apoc. 11:3, 5-7; Apoc. 12:6; Apoc. 12:14

Pagsaksi sa panahon ng Kapighatian: Dan. 11:33a

Haba ng Dakilang Kapighatian: Dan. 7:25; 12:7; Rev. 12:14; Rev. 11:2; 13:5; Rev. 11:3; 12:6

Ang Ikalawang Pagdating ni Hesukristo

Pagkatapos ng Malaking Kapighatian (Ngunit Bago ang Poot): Mat. 24:29-30; 2 Thes. 2:1-3 Ang Pagdating ni Jesus ay hindi magiging lihim na Pangyayari: 1 Tes. 5:1-4; Mat. 24:38, 39; Mat. 24:23-26; Mat. 24:30; Gawa 1:9-11; Apoc. 1:7

Ang Napakalaking Tanda ng Kanyang Pagdating: Mat.24:27;
Mat.24:29; 1Thes.4:161:7

Ang Muling Pagkabuhay at Pag-agaw

Ang Mga Buhay ay Naagaw, Ang Mga Patay ay Muling Nabuhay:

1Thes.4:14; Isa.26:19; 1Thes.4:15,16; 1Thes.4:17; Mat.24:31; 1Cor.15:51; 1Cor.15:52; Job19:25-27; Rev.20:6a;- 1Cor.15:53,54; 2Cor.5:1-4)

Ang Ating Makapangyarihan, Walang-kamatayang Pagkabuhay na Katawan:

Lk.20:36; Fi.3:20,21; 1Jn.3:2; Lk.24:36-40; Jn.20:19,26; Lk.24:30,31; Lk.24:42, 43; Gawa10:40,41; 1Cor.6:14;- 1Cor.15:19-55

Ang Hapunan ng Banal na Kordero

Dan.12:2-3; Rev.7:9,13-17; Rev.19:1,6-9; Rom.7:4; Hos.2:19,20; 2Cor.5:10; 2Cor. 11:2

Ang Paghuhukom ni Kristo

Ang mga Kristiyanong ay Gagantipalaan o Parurusahan sa Kanilang mga Gawain: Rom.14:10-12; 2Cor.5:10; Apoc.22:12 Pinupuri at Ginagantimpalaan ni Jesus ang Ilang... Ikinahihiya ang Iba: Dan.12:3; Mat.25:21;- 1Cor.3:11-14; 1Cor.3:15; Mk.8:38; Dan.12:2 Ang Korona ng Buhay ~ Isang Gantimpala para sa Tapat na Paglilingkod: Rev.2:10b; Jam.1:12; 2 Tim.4:7, 8

Ang Poot ng Diyos sa Lupa

Poot ng Diyos sa Natitirang Hindi Naligtas: Isa.26:19-21; Isa.13:9-11; Apoc.14:9,10; Apoc.16:1-21

Ang Lubos na Pagkawasak ng Babilonya sa Pamamagitan ng Apoy: Apoc.17:1,5,18; Apoc.18:2,3,11; Apoc.18:8; Apoc.18:17; Apoc.17:16

Ang Labanan ng Armagedon

Ang Antikristo, Kanyang mga Kaalyado at Silangang mga Hari ay Nagtitipon Upang Makipag-away: Apoc.16:12; Apoc.16:13,14; Apoc.16:16; Apoc.19:19; Ezk.38:1-9

Winasak ng Panginoon at ng Kanyang mga Hukbo ang mga Puwersa ng Antikristo: Deut.32:41-43; 2Thes.1:7-9; Jude 14,15; Rev.19:11; Rev.19:14,15; Rev.19:19,21; Isa.11:4; Apoc.19:20

Ang Paglilinis Pagkatapos ng Labanan: Isa.66:15,16; Apoc.19:17,18; Ezk.39:17-20; Ezk.39:11,12

Ang Milenyo

Isang Libong Taon ng Kapayapaan: Apoc.20:1-3

Ang mga Banal ay Namumuno kasama ni Jesus sa buong Lupa: Dan.2:44; Dan.7:13,14; Dan.7:18,22,27; Apoc.20:4,6; Apoc.2:26; Apoc.2:27; Apoc.5:10; 2Tim.2:12a; 1Cor.6:2; 15:24,25; Psa.22:27,28; 47:2,3,7,8; 72:6-8,11,19

Ang Kanyang Pamamahala ay Magiging Makatarungang Matuwid: Awit 67:4; Awit 72:3,4; Awit 98:8,9; Awit 45:6; Isa.14:5,7 Makalangit na Kondisyon ng Milenyo: Isa.11:6-8; Isa.11:9; Isa.65:25; Hos.2:18

Ang mga tao ay mabubuhay sa loob ng maraming siglo, tulad ng bago ang Baha: Isa.65:20 Kapayapaan sa Lupa: Isa.14:5-7; Isa.2:4; Aw 46:9

Ang lahat ng tao sa Lupa ay malalaman ang tungkol sa Panginoon: Isa.2:2,3; Jer.31:34; Hab.2:14; Psa.22:27 Ang ilan ay Susuway at parurusahan: Zac.14:16, 17; Psa.2:8-10; Isa.26:10

Ang Labanan ng Gog at Magog

Awit 2:1-5; Apoc.20:7; Apoc.20:8,9a; Apoc.20:9b; 2Pet.3:10-13; Awit.78:69b; Isa.40:4

Dakilang Puting Trono na Paghuhukom: Apoc.20:10; Rev.20:11; Jn.5:29; Rev.20:5a; Rev.20:12,13;

Lk.12:47,48; Job34:10,11; Rev. 20:15,21:8

Bagong Langit at Bagong Lupa

Bumaba sa Lupa ang Makalangit na Siyudad: Apoc.21:1; Apoc.21:10; Apoc.21:2; Apoc.21:3

Deskripsyon ng Makalangit na Siyudad :Heb.11:10;Rev. 21:16;Rev.21:12,17;Rev.21:14,18-20;Rev.21:12,21;Rev.21:18;Rev.21: 21b;Apoc.21:23,25; Apoc.22:1; Apoc.22:2; Jn.14:2-3

Tanging ang naligtas ang Maninirahan sa Syudad;Ang hindi naligtas na Bansa ay sa Labas:Rev.21:24,27;Rev.22:2;Heb.11:13-16

Buhay na Walang Htanggan at Kaligayahan sa Langit Magpakailanman: Apoc.21:5; Rev.22:3a; Rev.7:17; Rev.21:4; Rev.21:7; Psa.36:7-9; Heb.13:14

XVI. MGA TALATA SA BIBLIYA NA DAPAT SAULUHIN

Ano ang Bagong Tipan?

**Magpakailan mang pagligtas sa pamamagitan ng
ISANG Sakripisyo: si Hesus**

- | | | |
|------------|----------------|------------|
| *Juan 3:16 | *Juan 10:27-28 | *Juan 6:37 |
| *Juan 14:6 | *Gawa 4:12 | *Roma 3:23 |
| *Juan 3:3b | *Mateo 18:3 | *Juan 3:36 |
| *Juan 1:12 | *Gawa 16:31 | |

Pagpalit ng Biyaya sa Lumang Batas

- | | | |
|--------------|----------------|------------|
| *Efeso 2:8-9 | *Tito 3:5 | *Roma 8:2 |
| *Roma 6:23 | *Galacia 3:13a | *Juan 1:17 |

Ang bagong Pagkakakilanlan

- *2Corinto5:17 *Roma 10:9-10 *1Pedro 2:2

Kaloob ng Diyos sa mga Bagong Mananampalataya: Ang Espiritu Santo

**Ang Espiritu ng Katotohanan at ang Kapangyarihan
ng Diyos**

- | | |
|--------------|---------------|
| *Lucas 11:13 | *Gawa 4:31 |
| *Gawa 1:8 | *Galacia 5:22 |
| *Juan 14:26 | *Gawa 2:17-18 |
| *Juan 16:13 | |

Pagdinig sa Diyos

- | | | |
|------------|--------------------|--------------|
| *Amos 3:7 | *Isa 30:21 | *Jer 23:28 |
| *Awit 32:8 | *Kawikaan
1:23b | *Awit 73:24a |
| *Isa 42:9 | *Jer 1:9b | |

Ang Buhay na Salita ng Diyos

Si Hesus ang Salita ng Diyos—Ang Lumikha

- | | | |
|---------------|--------------|-------------|
| *Juan 1:14 | *2Tim 2:15 | *Juan 15:3 |
| *Mateo 4:4 | *Juan 6:63 | *2Pedro 1:4 |
| *Awit 119:11 | *Mateo 24:35 | *Josh 1:8 |
| *Awit 119:130 | *1Pedro 2:2 | *Heb 4:12 |
| *Awit 119:105 | *Awit 37:31 | |

Ang pagsunod ay ang Susi~hindi buhay ang Pananam- palataya na walang Gawa

- | | | |
|----------------------|---------------------|----------------|
| *Santiago
1:22-25 | *Juan 15:14 | *Santiago 4:17 |
| *Juan 13:17 | *1Sam 15:22-
23a | *Juan 14:15 |

Ang Pamumuhay na may Masiglang Relasyon sa Diyos ay ang Diwa ng Bagong Tipan

- | | | |
|-------------|---------------|----------------|
| *1Juan 4:19 | *2Tim 1:12b | *Awit 111:10a |
| *Jam 4:8a | *Roma 8:38-39 | *Awit 73:25-26 |

*Kawikaan *Roma 7:4 *Pahayag 3:20
8:17
*Mateo 11:28- *Juan 14:23
30

Pananampalataya, ang tanging paraan upang Masiyahan ang Diyos

*Roma 10:17 *Santiago 1:6-8 *2Tim 2:13
*Kawikaan *Heb 11:6 *1Juan 5:4
3:5-6
*2Corinto 5:7 *Santiago 2:26 *Roma 4:20-21
*Mateo 9:29b *Job 13:15a *Heb 10:35
*Heb 11:1 *Roma 14:23b

Ang mga mananampalataya ay binibigyan ng Buong Awtoridad ni Kristo

*Marcos 9:23
*Lucas 1:37

PANALANGIN: Ang Direktang Linya ng mga Mananampalataya Tungo sa Diyos

*Mateo 7:7-8 *Jer 33:3 *Mt 18:18
*Juan 15:7 *Mateo 18:19- *1Juan 5:14-15
20
*Marcos 11:24 *1Juan 3:22 *Isa 45:11b
*Juan 14:14 *1Tesalonica *Awit 66:18-19
5:16-18
*Jer 29:13 *Heb 4:16 *Roma 8:26

*Isa 65:24

Pagpupuri at Pagsamba sa Diyos

*Efeso 5:19-20 *Efeso 3:20 *Awit 35:28
 *Awit 34:1 *Awit 107:8 *Filipos 4:6,8

Ang Pagdidisipulo ay Nangangahulugan sa “Pagsasabuhay” sa Iyong Pananampalataya

Ano ang Kahulugan ng pagiging Kristiyanong Disipulo

*Lucas 14:33 *Mateo.6:24 *Mateo 9:37-38
 *Mateo 19:29 *Juan 13:35 *1Corinto 6:20
 *Lucas 9:23-24 *Juan 8:31b-32 *Mateo 10: 36-38
 *Mateo 22:14 *Juan 15:16 *Lucas 9:62
 *1Corinto 11:1 *Mateo 23:11 *Kawikaan 11:14
 *Heb 13:17 *Kawikaan 27:23

Ang Relasyon ng Kristiyano sa Mundo

*Jam 4:4 *Marcos 8:36-38 *Efeso 5:11
 *Juan 15:19 *Gal 5:1 *Roma 12:2
 *2Tim 2:4 *2Corinto 6:14 *Mateo 10:16
 *1Juan 2:15 *2Corinto 6:17

Ang pagpapalaki ng mga anak ay “Pagdidisiplina”

*Heb 12:6, 11	*Kawikaan 22:15	*Ecc 8:11
*Kawikaan 15:32	*Kawikaan 16:6	*Juan 10:11b
*Awit 127:3-5a	*Col 3:20	*Isa 54:13
*Kawikaan 22:6	*1Tim 4:12	

Ang Pagsuko Sa Buhay Na Hind Bukal Sa Ating Kalooban

*Juan 3:30	*Lucas 22:42
*Roma 12:1-2	*Roma 6:13a

Ang Pagpapayabong Ng Mga Kristiyano

*Juan 15:4-5	*Awit 1:3	*Heb 11:15-16
*Mateo 7:18, 20	*Juan 12:24	*Juan 15:8

Pagwawagi sa Digmaang Espirituwal

Paano Maging “Higit sa mga Mananakop”

*Santiago 4:7	*Efeso.4:27	*Efeso 6:16
*1Juan 4:4	*2Cor 10:4-5	*2Tim 4:18
*Isa 59:19b	*1Juan 3:8b	
*1Tim 6:12	*1Juan 2:14b	

Maging “Nakabantay”

*1Cor 10:13 *Santiago 1:12 *2Tim 2:3
 *Santiago 1:2-3 *Juan 15:2 *Lucas 22:31b-32
 *Isa 43:1b-2 *Awit 119:67 *1Pedro 5:8
 *Heb 12:1-2 *Awit 119:71 *Efeso 6:10-12
 *1Pedro 4:12-13 *Heb 5:8 *Roma 8:18
 *1Pedro 1:7 *Mateo 26:41

Malaya Kang Nakatanggap, Malayang Kang Magbibigay

Maaari Ka Ring Gumaling!

*Awit 34:19 *Mal 4:2a *Exo.15:26
 *Santiago 5:14-15 *Gawa 9:34a *1Juan 1:9
 *Isa 40:29 *Awit 107:20 *Isa 53:5
 *Awit 103:3 *2Kg 20:5b
 *Lucas 17:14b *Jer 30:17a

Awtoridad Na Mapagaling Ang May Sakit, Sugpuin Ang Demonyo, Buhayin Ang Patay, Linisin Ang Mga Ketongin

*Mateo 10:1
 *Marcos 16:17-18

Pagiging Relihiyoso Kumpara sa Pagiging Kristiyano

Pag-Uusig Para Kay Kristo

- | | | |
|----------------|-----------------|----------------|
| *2Tim 3:12 | *Mateo 10:23a | *Juan 16:2 |
| *Mateo 5:10-12 | *Lucas 21:17-19 | *Gawa 5:38b-39 |
| *Roma 8:31b | *Juan 15:20 | *Mateo 5:44 |
| *Lucas 21:15 | *Filipos 1:29 | |

Pagpapahayag Sa Iyong Pananampalataya

Ang Pagmamahal Ng Isang Kristiyano Sa Kanyang Mundo

- | | | |
|-----------------|-------------------|-------------|
| *1Cor 13:13 | *1Juan 4:7-8 | *1Cor 16:14 |
| *1Pt 4:8 | *Mateo 25:40b | *Gal 6:2 |
| *1Juan 3:16,18 | *1Corinto 13:4-8a | *Roma 13:8 |
| *Mateo 22:37-40 | *Juan 15:13 | *Mateo 7:12 |
| *Juan 13:34 | *Gal 5:14 | |

Ang Dakilang Utos

- | | | |
|----------------|-------------------------|-----------------|
| *Mk.16:15-18 | * K a w i k a a n 11:30 | *2Tim 4:2a |
| *Mateo 4:19 | *Dan 12:3 | *1Corinto 2:4-5 |
| *Gawa 5:42 | *Mateo 28:19-20 | *1Pedro 3:15b |
| *Mateo 5:14-15 | *Lucas 9:2 | *Eze 3:17-19 |
| *1Corinto 9:16 | *Juan 6:27 | *2Tim 2:2 |

Pagkakaisa ng mga Nananampalataya

* Kawikaan
14:26

Kapayapaan na Lumalampas sa Ating Pag-uunawa

*Isa 41:10	*1Juan 4:18	*Awit 56:3-4
*Isa 26:3	*Awit 34:4	*Deut 31:6
*2Tim 1:7	*Awit 46:1-2	*Kawikaan 29:25
*Juan 14:27	*Marcos 5:36b	* Kawikaan 1:33
*Awit 27:1	*Isa 12:2a	*Awit 119:165
*Awit 23:4	*Jer 1:8	

Nangako ang Diyos ng Kaginhawaan sa Kapighatian

*2Cor 1:4	*Awit 147:3	*Heb 13:5b
*Awit 119:50	*Juan 14:16-18	*Mateo 5:4

Iba pang mga Espesyal na Talata

*Roma 8:28	*Eze 34:23	*Gen 1:1
*Josh 23:14b	*2Chr 20:20b	*Kawikaan 28:13
*1Corinto 3:16	*Gawa 7:48a	*2Corinto 3:17

Mga Talata sa Katapusan ng Panahon sa mga Huling Araw

Hos 3:5	2Tim 3:1, 7	1Juan 2:18
---------	-------------	------------

Mga Kabanata at Sipi

((Upang Isaulo o Regular na Mabasa))

Awit 1	Awit 8	Awit 23
Awit 2	Awit 19	Awit 27
Awit 34	Awit 150	1Corinto 11:23-26
Awit 91	Mateo 6:9b-13	1Corinto 13
Awit 100	Mateo 24: 3-31	Efeso 6:10-18
Awit 121	Juan 1:1-14	Filipos 2:1-16
Awit 133	Juan 3:1-8, 16-21	Mga Hebreo 11
	Juan 15	Santiago 3

Halimbawa ng Sistema ng Pagsusuri

Ang sumusunod ay pangunahing plano kung paano mo masusuri ang iminungkahing talata ng pagsasaulo kasama sa aklat na ito sa loob ng 30-araw. Ang sistema ng pagsusuring ito ay iminumungkahi at maaaring sundin, baguhin, o palitan ng anumang sistemang gumagana para sa iyo.

<p>*Araw 1</p> <p>Magpakailanmang pagligtas sa pamamagitan ng ISANG Sakripisyo: si Hesus 1Corintos 11:23-26</p>	<p>Araw 2</p> <p>Pagpalit ng Biyaya sa Lumang Batas</p>	<p>Araw 3</p> <p>Ang baging pagkakakilanlan</p>
<p>*Araw 4</p> <p>Ang Espiritu ng Katotohanan at ang Kapangyarihan ng Diyos</p>	<p>*Araw 5</p> <p>Si Hesus ang Salita ng Diyos—Ang Lumikha awit 2</p>	<p>Araw 6</p> <p>Ang pagsunod ay ang Susi~hindi buhay ang Pananampalataya na walang Gawa</p>
<p>*Araw 7</p> <p>Pananampalataya—ang Tanging Daan para Palugdan ang Diyos Awit 1</p>	<p>*Araw 8</p> <p>Ang mga mananampalataya ay binibigyan ng Buong Awtoridad ni Kristo</p>	<p>*Araw 9</p> <p>PANALANGIN: Ang direktang linya ng mga mananampalataya tungo sa Diyos</p>

<p>*Araw 10</p> <p>Pagpupuri at Pag-samba sa Diyos Juan 3:1-8,16-21</p>	<p>*Araw 11</p> <p>Ano ang ibig sabihin ng pagiging Kristiyanong Disipulo Awit 91</p>	<p>*Araw 12</p> <p>Ang Relasyon ng Kristiyano sa Mundo Awit 121</p>
<p>*Araw 13</p> <p>Awit 100 Filipos 2:1-16</p>	<p>*Araw 14</p> <p>Ang Pagpapalaki sa mga Anak ay “Pagdidisipulo” Awit 34 Ang pagsuko sa buhay na hind bukal sa ating kalooban</p>	<p>*Araw 15</p> <p>Ang pagpapay-abong ng mga Kristiyano</p>
<p>*Araw 16</p> <p>Paano Maging “Higit pa sa mga Mananakop” Mag-ing “Nakabantay”</p>	<p>*Araw 17</p> <p>Maaari ka ring gumaling! 1 Corinto 13</p>	<p>*Araw 18</p> <p>Awtoridad na mapagaling ang may sakit, sugpuin ang demonyo, Buhayin ang Patay, Linisin ang mga Ketongin</p>
<p>*Araw 19</p> <p>Pag-uusig alang-alang kay Kristo</p>	<p>*Araw 20</p> <p>Ang Pag-ibig ng Kristiyano sa Mundo Awit 27</p>	<p>*Araw 21</p> <p>Ang Dakilang Utos Awit 8</p>
<p>*Araw 22</p> <p>Pagkakaisa ng mga Nananampalataya Mga Awit 133</p>	<p>*Araw 23</p> <p>Pagmamataas Iba pang Espesyal na Mga Talata Awit 23</p>	<p>*Araw 24</p> <p>Mga Biyayang Pinangako</p>

<p>*Araw 25 Pangangasiwa at Integridad Pagbibigay Ang Kapangyarihan ng Iyong mga Salita Kapaitan at Pagpapatawad</p>	<p>*Araw 26 Dumepende sa Kanyang Lakas at Kapangyarihan</p>	<p>*Araw 27 Angkinin ang Proteksyon ng Diyos Kapayapaan na lampas sa ating pag-uunawa Nangako ang Diyos ng Kaaliwan sa Kapighatian</p>
<p>*Araw 28 Juan 15 Mateo 24:3-31 Hebreo 11</p>		